***MAAARI <u>MONG</u> MAUNAWAAN ANG BIBLIYA!***

# *Paanong ang Lahat ng Ito ay Nagsimula*
# *Genesis 1-11*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLICAL INTERPRETATION)

*KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL*
*LUMANG TIPAN, VOL. 1A*

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL, MARSHALL, TEXAS
2011

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Maikling Pagpapaliwanag sa mga Ginamit na Teknikal na Pinanggagalingan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . i

Mga Maikling Pakahulugan ng Hebreong Anyo ng Pandiwa na may Epekto sa Exegesis . . . . . . . iii

Mga Daglat na Ginamit sa Komentaryong Ito. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . x

Isang Pananalita mula sa May-akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong ito Sa'yo? . . . . . xii

Isang Gabay Para sa Mabuting Pagbabasa ng Bibliya:

Isang Pansariling Paghahanap Para sa Mapatutunayang Katotohanan . . . . . . . . . . xv

Komentaryo:

Panimulang mga Pananalita sa Pag-aaral ng Genesis . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .1

Panimula sa Genesis . . . .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3

Genesis 1:1-2:3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 13

Genesis 2:4-25 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 44

Genesis 3:1-24 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 57

Genesis 4:1-26 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 79

Genesis 5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 89

Genesis 6:1-22 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 94

Genesis 7 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 109

Genesis 8:1-22 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 113

Genesis 9:1-29 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 118

Genesis 10:1-32 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 129

Genesis 11:1-32 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 139

Lumang Tipan bilang Kasaysayan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .146

Lumang Tipan mga Makasaysayang Salaysay. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 150

Lumang Tipan Istoriyograpiya Ikinumpara sa ANE na Kultura . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 153

Lumang Tipan Palatakdaan ng Panahon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 155

Dagdag na Dahon: Pangdoktrinang Pamamahayag. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 156

# TALAAN NG NILALAMAN PARA SA NATATANGING PAKSA


Ang Panahon at ang Pagbuo ng Mundo, Gen. 1, Panimulang Pananalita . . . . . . . . . . . . . 18

Araw (*Yom)*, Gen. 1:5 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 26

Natural na mga Kayamanan, Mga Kaunawaan Ayon sa Konteksto ng Gen. 1:24-2:3 . . . 33

Pagsamba, Gen. 2:3 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 40

Mga Pangalan sa Pagkadiyos, Gen. 2:4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 46

Bagong Tipan na Teolohikal na Pag-unlad sa Pagbagsak sa Kasalanan, Gen. 3 Panimula .59

Ang Ahas o Serpyente, Gen. 3:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 61

Personal na Kasamaan, Gen. 3:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .62

Antromorpikong mga Wika sa Paglalarawan sa Diyos, Gen. 3:8. . . . . . . . . . . . . . . . . . . 66

Bakit Binihisan ng Diyos sina Adan at Eba ng mga Balat ng Hayop, Gen. 3:21 . . . . . . . 73

*'Olam* (Magpakailanman), Gen. 3:22 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 74

Querubin, Gen. 3:24 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .76

"Kinilala," Gen. 4:1 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 81

"ang mga anak na lalake ng Diyos" sa Genesis 6, Gen. 6:2 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .95

Mga Terminong Ginamit para sa Matataas/Malalakas na Mandirigma o
Grupo ng mga Tao, Gen. 6:4 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .99

Katuwiran, Gen. 6:9 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .101

Tipan, Gen. 6:18 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .107

Alak at Malalakas na Inumin, Gen. 9:21 .. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .122

Kaopotang Panlahi, Gen. 9:25 . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 125

# MAIKLING MGA PAGPAPALIWANAG SA GINAMIT NA MGA TEKNIKAL NA PINANGGAGALINGAN SA "IYONG MAUUNAWAAN ANG BANAL NA KASULATAN" LUMANG TIPAN KOMENTARYONG SERYE

I. Leksiko

Mayroong ilang mga mahuhusay na mga leksiko na nakalaan para sa sinaunag Hebreo.

A. *Hebrew and English Lexicon of the Old Testament* ni Francis Brown, S. R. Driver, at Charles A. Briggs. Ito ay batay sa German leksiko ni Wilhelm Gesenius. **Ito ay kilala sa daglat na BDB.**

B. *The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* ni Ludwig Koehler at Walter Baumgartner, isinalin ni M. E. J. Richardson. **Ito ay kilala sa daglat na KB.**

C. *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* ni William L. Holladay at nakabatay sa itaas na German na leksiko.

D. Isang bagong limang bolyum ng teolohikal na salitang pag-aaral na pinamagatang *The New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, na inedit ni Willem A. Van Gemeren. **Ito ay kilala sa daglat na NIDOTTE.**

Kung saan mayroong mahalagang leksikal na pagkakaiba aking naipakita ang ilang mga Englis na salin (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB) mula sa parehong "salita-para-sa-salita" at "dinamikang katumbas" na mga salin (cf. Gordon Fee & Douglas Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 28-44).

II. Gramatikal

Ang gramatikal na pagkakakilanlan ay madalas nakabatay kay John Joseph Owens' *Analytical Key to the Old Testament* sa apat na tomo. Ito ay kasalungat na siniyasat kay Benjamin Davidson's *Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon of the Old Testament.*

Isa pang makatutulong na mapagkukunan para sa gramatikal at sintatikal na mga katangian na ginamit ng madalas sa mga OT na mga tomo ng "Iyong Muunawaan ang Bibliya" na mga Serye ay "The Helps for Translators Series" mula sao United Bible Societies. Sila ay pinamagatang "A Handbook on _____________."

III. Tekstwal

Ako ay nakapangako sa inspirasyon ng pangkatinig na Hebreong teksto (hindi ang masoterik na patinig na mga punto at komento). Gaya ng lahat ng kinopya ng kamay, ang mga sinaunang mga teksto ay mayroong ilang mga kaduda-dudang mga sipi. Ito ay madalas dahil sa

A. *hapax legomena* (mga salita na ginamit lamang ng isang beses sa Hebreo OT)

B. idyomatikong mga termino (mga salita at parirala na ang literal na mga kahulugan ay nawala)

C. walang katiyakang mga kasaysayan (ang ating kakulangan ng impormasyon patungkol sa sinaunang mundo)

D. ang poly-semitikong semantik na larangan ng limitadong bokabularyo ng Hebreo

E. ang problema nauugnay sa kalaunang mga eskriba sa pagkokopya sa kamay ng mga teksto ng Hebreo

F. ang mga Hebreong eskriba na sinanay sa Ehipto na malayang naramdaman ang pagpapanibago sa mga teksto na kanilang kinopya upang gawin itong kompleto at

kauna-unawa sa kanilang panahon (NIDOTTE pp. 52-54).

Mayroong ilang mga magpagkukunang mga Hebreong mga salita at teksto sa labas ng Masoretik tekstwal na tradisyon.

A. Ang Samaritan Pentateuch
B. Ang Dead Sea Scrolls
C. Ilang mga kalaunang mga barya, sulat, at mga ostraca (mga basag na piraso ng di-inapuyang mga palayok na ginamit para sa pagsusulat) Ngunit karamihan sa bahagi, walang manuskritong pamilya sa OT na gaya ng sa Griyegong NT na mga manuskrito. Para sa isang mabuting maikling artikulo sa tekstwal na pagkamapagkakatiwalaan ng Masoterik na Teksto (A.D. 900's) tignan "The Reliability of the Old Testament Text"ni Bruce K. Waltke sa NIDOTTE, vol. 1, pp. 51-67.

Ang Hebreong teksto na ginamit ay *Biblia Hebraica Stuttgartensia* mula sa German Bible Society, 1997, na nakabatay sa Leningrad Codex (A.D. 1009). Sa ibat-ibang mga panahon ang sinaunang mga bersyon (Greek Septuagint, Aramaic Targums, Syriac Peshitta, at Latin Vulgate) ay kinokonsulta kung ang Hebreo ay malabo o halatang nakakalito.

# MAIKLING MGA PAKAHULUGAN NG HEBREONG ANYO NG PANDIWA MAY EPEKTO SA EXEGESIS O PAG-IINTINDI SA TEKSO

I. Maikling Makasaysayang Pag-unlad ng Hebreo

Ang Hebreo ay bahagi ng Shemitic (Semitic) na pamilya ng timog-kanluran na wika ng Asya. Ang pangalan (ibinigay ng mga makabagong iskolars) ay nagmula sa anak ni Noah, si Shem (cf. Genesis 5:32; 6:10). Ang mga angkan ni Shem ay nakalista sa Genesis 10:21-31 bilang Arabs, Hebreo, Syrians, Arameans, at Assyrians. Sa realidad, ilang mga Semitic na mga wika ang ginamit ng mga bansa na inilista sa lahi ni Ham (cf. Genesis 10:6-14), Canaan, Phoenicia, at Ethiopia.

Ang Hebreo ay bahagi ng hilaga-kanlurang grupo ng mga Semitic na mga wika. Ang mga modernong mga iskolars ay mayroong mga sampol ng sinaunang wikang grupong ito mula sa:

A. Amorite (*Mari Tablets* mula sa 18th siglo B.C. in Akkadian)
B. Canaanite (*Ras Shamra Tablets* mula sa 15th siglo B.C. sa Ugaritic)
C. Canaanite (*Amarna Letters* mula sa 14th siglo B.C. sa Canaanite Akkadian)
D. Phoenician (Hebreo ay gumagamit ng Phoenician alpabeto)
E. Moabite (Mesha na bato, 840 B.C.)
F. Aramaic (opisyal na wika ng Persian Empire ginamit sa Genesis 31:47 [2 mga salita]; Jeremias 10:11; Daniel 2:4b-6; 7:28; Ezra 4:8-6:18; 7:12-26 at sinalita ng mga Hudyo sa unang siglo A.D. sa Palestina)

Ang Hebreong wika at tinawag na "ang labi ng Canaan" sa Isaias 19:18. Ito ay unang tinawag na "Hebreo" sa paunang salita ni Ecclesiasticus (Wisdom ng Ben Sirach) noong 180 B.C. (at ilang ibang naunang mga lugar, cf. *Anchor Bible Dictionary*, vol. 4, pp. 205ff). Ito ay higit na malapit sa Moabite at ang wikang ginamit sa Ugarit. Mga halimbawa ng sinaunang Hebreo na natagpuan sa labas ng Bible ay

1. ang Gezer na kalendaryo, 925 B.C. (isang kasulatan ng batang mag-aaral)
2. Ang Siloam Inscription, 705 B.C. (mga kasulatan sa)
3. Samaritan Ostraca, 770 B.C. (mga tala ng buwis sa basag na palayok)
4. Lachish na mga sulat, 587 B.C. (mga pandigmaang komunikasyon)
5. Maccabean mga barya at selyo
6. Ilang mga teksto ng Dead Sea Scroll
7. Ilang mag bilang ng mga inskripsyon (cf. "Mga wika [Hebreo]," ABD 4:203ff) Ito, ay gaya ng lahat ng Semitic na mga wika, ito ay kinakikitaan ng mga salita na binubuo ng tatlong mga katinig (tatluhang-katinig na ugat). Ito ay isang nababaluktot na lengguwahe. Ang tatlong-ugat na mga katinig ay nagdadala ng pangunahing mga kahulugan ng salita, habang unalpi, hulapi, o panloob na mga karagdagan ay nagpapakita ng sintaktikal na tungkulin (ang mga patinig ay idinagdag sa kalaunan, cf. Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebreo*, pp. 46-49).

Ang Hebreong bokabularyo ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng prosa at tula. Ang mga salitang kahulugan ay konektado sa pambayan na etimolohiya (hindi pangwika na mga pinagmulan). Ang mga salitang paglalaro at tunog na paglalaroo ay medyo karaniwan (*paronomasia*).

II. Mga Aspeto ng Predikasyon

A. MGA PANDIWA

Ang normal na inaasahang pagkakayos ng salita ay PANDIWA, PANGHALIP, SIMUNO (may kasamang panuri), LAYON (may kasamang panuri). Ang pangunahing walang lambot na PANDIWA ay ang *Qal,* GANAP, PANLALAKE, PANG-ISAHAN na anyo. Ito ang paraan ng Hebreo at Aramaic na mga leksiko ay inayos. Ang mga PANDIWA ay binago ang tono upang ipakita

1. bilang—Pang-isahan, pangmaramihan, dalawahan
1. kasarian—Panlalake at pambabae (walang neutral)
2. panagano—indikatibo, pasakali, pautos (sa pamamagitan ng analohiya sa modernong kanluraning mga wika, ang relasyon sa aksyon ng realidad)
3. pamanahon (aspekto)

a. GANAP, na nagpapakita ng natapos, sa pakahulugan ng pasimula, nagpapatuloy, ay nagtatapos ng isang aksyon, Madalas ang anyong ito ay ginamit sa nakalipas na aksyon, ang isang bagay na nangyari. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagsasabi "Ang nag-iisang kabuuan ay inilarawan ng isang GANAP ay itinuturing ring tiyak. Ang DI-GANAP ay maaring maglarawan g isang estado bilang posible o ninais, o inaasahan, ngunit ang GANAP ay tinitgina ito bilang aktwal, tunay,a t tiyak" (p. 36).

S. R. Driver, *A Treatise on the Use of the Tenses in Hebrew*, ay inilarawan ito bilang: "Ang GANAP ay ginagamit upang tukuyin ang mga aksyon sa pagkakamit ng yaong mga nakalatag sa hinaharap, ngunit itinuturing bilang nakadepende sa di-nababagong detereminasyon ng kagustuhan na maaring sabihin na aktwal na nangyari na: kaya ang resolusyon, o kautusan, lalo na ang sa Isang Banal, ay madalas na inihayag sa GANAP na pamanahon" (p. 17, e.g.,, ang makapropetang GANAP).

Si Robert B. Chisholm, Jr. Mula sa Exegesis to Exposition, ipinaliwanag ang pandiwang ito sa ganitong paraan:

> ". . .tinitignan ang sitwasyon mula sa labas, bilang kabuuan. Bilang ganyan ito ay nagpapahayag ng isang simpleng katotohanan, maging ito man ay isang aksyon o estado (kasama na ang estado ng pagkatao o isipan). Kapag ginamit bilang mga aksyon, madalas na tinitignan nito ang aksyon bilang kompleto mula sa retorikal na punto ng nagsasalita o nagsasalaysay (maging ito o ito ay hindi kompleto sa katotohanan o realidad ay hindi ang punto). Ang GANAP ay maaring tumukoy sa isang aksyon/estado ng nakalipas, pangkasalukutan o panghinaharap. Bilang pagpuna sa itaas, panahong saklaw, na nakakaimpluwesnya kung paano ang isa ay isinasalin ang GANAP patungo sa pamanahong-naaangkop na wika gaya ng Englis, ay dapat na madetermina mula sa konteksto" (p. 86).

b. DI-GANAP, na nagpapakita ng isang aksyon na nasa progreso (di-kompleto, paulit-ulit, nagpapatuloy, o walang-katiyakan), madalas ay paggalaw tungo sa isang tunguhin. Madalas ang anyong ito ay ginamit sa Pangkasalukuyan at Panghinaharap na aksyon. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebreo Old Testament*, says "Lahat ng DI-GANAP ay kumakatawan sa di-kompletong mga estado. Sila ay alinmang paulit-ulit o nagbabago o walang katiyakan. Sa ibang salita, o bahaging nahubog, o bahagyang may katiyakan. Sa lahat ng mga kaso silay ay bahagya sa ilang pakahulugan, i.e., di-kompleto" (p. 55).

Si Robert B. Chisholm, Jr. *From Exegesis to Exposition*, ay nagsasabi na

"Napakahirap na bawasan ang esensya ng DI-GANAP tungo sa nag-iisang konsepto, dahil ito ay pumapalibot sa parehong aspeto at moda. Minsan ang DI-GANAP ay ginamit sa indikatibong pamamaraan at ginagawa ang obehektibong pananalita. Sa ibang pagkakataon ito ay tumitingin sa aksyon ng mas higit na subyektibeismo, bilang nagpapalagay, walang katiyakanm posible at higit pa" (p. 89).

b. Ang idinagdag na *waw*, na nagdurugtong sa PANDIWA sa aksyon ng naunang mga PANDIWA(s).

c. PAUTOS, na nakabatay sa bolisyon ng nagsasalita at potensyal na aksyon ng tagapakinig.

d. Sa sinaunang Hebreo tangin ang mas malaking konteksto ang makakadeterminoina ng pangmaykada-na intensyong panahon ng mga oryentasyon.

B. Ang pitong pangunahong binagong tono na mga anyo at kanilang pangunahing mga kahulogan. Sa realidad ang mga anyo na ito ay gumagawa ng magkaugnay sa bawat isa sa konteksto at dapat na hindi ihiwalay.

1. *Qal* (*Kal*), ang pinaka-karaniwan at pangunahin sa lahat ng mga anyo. Ito ay nagpapakita ng simpleng aksyon o estado ng kalagayan. Walang dahilan o espisipikasyon ang ipinahiwatig.
2. *Niphal*, ang ikalawang pinaka-karaniwang anyo. Ito ay madalas BALINTIYAK, ngunit ang anyong ito ay gumaganap rin bilang katugon at pasarili. Ito rin ay walang pandahilanan o espisipikasyon na ipinahiwatig.
3. *Piel*, ang anyong ito ay aktibo at nagpapahayag ng pagdadala patungkol sa isang aksyon tungo sa estado ng kalagayan. Ang pangunahing kahulugan ng Qal na tangkay ay nahubog o pinahaba tungo sa estado ng kalagayan.
4. *Pual*, ito ang BALINTIYAK na katapat ng *Piel*. Ito ay madalas na ipinahayag ng isang PANDIWARI.
5. *Hithpael*, na isang panarili o katugon na tangkay. Ito ay nagpapahayag ng umuulit o nagaganap na aksyon sa *Piel* na tangkay. Ang madalang na BALINTIYAK anyo ay tinawag na *Hothpael*.
6. *Hiphil*, ang aktibong anyo ng pandahilang tangkay na salungat sa *Piel*. Ito ay maaring may permisong aspeto, ngunit madalas ito ay tumutukoy sa sanhi ng isang pangyayari. Si Ernst Jenni, isang German Hebreong dalubhasa sa gramatika, ay naniniwala na ang *Piel* ay nagpapakita ng isang bagay na paparating tungo sa isang estado ng kalagayan, habang ang *Hiphil* ay nagpakita kung paano ito nangyari.
7. *Hophal,* ang BALINTIYAK na katapat sa *Hiphil*. Ang huling dalawang mga tangkay na ito ay ang pinakamadalang na gamitin sa pitong mga tangkay.

Madami sa impormasyong ito ay nagmumula sa *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, ni Bruce K. Waltke at M. O'Connor, pp. 343-452.

Ang ahensya at pagsasagawang tsart. Isang susi sa pag-uunawa sa Hebreong PANDIWA sistema ay tignan ito bilang tularan ng TINIG na relasyon. Ilang mga tangkay ay kasalungat sa ibang mga tangkay sa ibang mga tangkay (i.e., *Qal* - *Niphal; Piel - Hiphil)*

Ang tsart sa ibaba ay nagsusubok na ipakita ang pangunahing tungkulin ng PANDIWA mga tangkay bilang ang pagsasagawa.

| TINIG O SIMUNO | **Walang Sekondaryang Ahensya** | **Isang Aktibong Sekondaryang Ahensya** | **Isang BALINTIYAK Sekondaryang Ahensya** |
|---|---|---|---|
| AKTIBO | *Qal* | *Hiphil* | *Piel* |
| PANGGITNA BALINTIYAK | *Niphal* | *Hophal* | *Pual* |
| PANARILI/KATUGON | *Niphal* | *Hiphil* | *Hithpael* |

Ang tsart na ito ay kinuha mula sa napakahusay na talakayan ng PANDIWANG sistema ayon sa bagong pananaliksik sa Akkadian (cf. Bruce K. Waltke, M. O'Connor, *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, pp.354-359).

R. H. Kennett, *A Short Account of the Hebrew Tenses*, ay naglaaan ng kinakailangang babala. "Karaniwan kong natatagpuan sa katuruan, na ang pangunahing kahirapan ng mga mag-aaral sa Hebreong pandiwa ay masunggab ang kahulugan na nagpaparating sa mga isipan ng mga mismong sarili ng mga Hebreo; ibig sabihin, mayroong pagkahilig na itakda bilang mga katumbas sa bawat ng Hebreong Pamanahon ng ilang bilang ng Latin o Englis na mga anyo na kung saan ang isang partikular na Pamanahon na karaniwang isinalin. Ang resulta ay isang kabiguan na maunawaan ng marami sa mga mapipinong tabing ng kahulugan, na nagbibigay ng buhay at kalusugan sa wika ng Lumang Tipan.

Ang kahirapan sa paggamit ng Hebreong Pandiwa ay nakasalalay lamang sa puntong pananaw, kaya sukdulang magkaiba mula sa ating sarili, kung saan ang mga Hebreo ay itinuturing na isang aksyon; ang *panahon*, na sa atin ay unang konsiderasyon, na gaya ng pinakasalitang, 'pamanahon' na ipinapakita, na para sa kanila ay sekondaryang kahalagahan. Kaya ito, samakatuwid, ay esensyal na ang isang estudyante ay dapat na malinaw na mahawakan, hindi higit sa Latin o Englis na mga anyo na maaring ginamit sa pagsasalin ng bawat Hebreong Pamanahon, ngunit sa halip ay ang aspeto ng bawat aksyon, gaya ng pagpresinta nito sa sarili sa kaisipan ng mga Hebreo.

Ang pangalang 'pamanahon' habang ipinaparatang sa Hebreong Pandiwa ay nagpapaligaw. Ang tinatawag na Hebreong 'pamanahon' ay hindi nagpapahayag ng *panahon* ngunit parang *estado* ng isang aksyon. Kaya hindi kung hindi dahil sa kalituhan na maaring lumitaw sa paggamit ng termino 'estado' sa parehong mga pangalan at pandiwa, 'ang mga estado' ay mas higit na mainam na designasyon kaysa sa 'pamanahon.' Dapat na laging nananitili sa isipan na imposible na maisalin ang Hebreong Pandiwa tungo sa Englis ng walang ibinibigay na limitasyon (viz. ng oras) na lubusang wala sa Hebreo. Ang sinaunang mga Hebreos ay kailanman hindi nagisip ng isang aksyon bilang nakalipas, pangkasalukuyan, o panghinaharap, simple bilang isang GANAP, i.e., kompleto, o DI-GANAP, i.e., gaya ng sa pagtakbo ng pag-unlad. Kapag sinabi natin na isang tiyak Hebreong pamanahon umaayon sa isang GANAP, pluperfect, o Panghinaharap sa Englis, hindi natin ibig sabihin na ang mga Hebreos ay iniisip ito na GANAP, Pluperfect, o Panghinaharap, ngunit ito lamang ay dapat sa pagsalin sa English. Ang *panahon* ng isang aksyon ang mga Hebreo ay hindi tinangka na ipahayag sa anumang pangpandiwang anyo" (paunang salita at p. 1).

Para sa ikalawang mabuting babala, Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebreo*, ay nagpaalala sa atin, "Walang paraan upang malaman kung ang muling pagtatayo ng mga makabagong iskolar ng semantikong larangan at pakahulugang relasyon sa sinaunang mga patay na wika ay basta lamang isang repleksyon ng kanilang intuwisyon, o kanilang katutubong wika, o maging ang mga larangan na iyon ay umiral sa klasikal na Hebreo" (p. 128).

C. Mga Panagano (na ang tanging analohiya ay kinuha mula sa modernong kanluraning mga wika)
   1. Ito ay nangyari na, ay nangyayari (INDIKATIBO), madalas gumagamit ng GANAP na pamanahon o mga PANDIWARI (lahat ng mga PANDIWARI ay INDIKATIBO).
   2. Ito ay mangyayari, maaring mangyari (PANAKALI)
      a. Gumagamit ng minarkahang DI-GANAP na pamanahon
         (1) COHORTATIVE (dinagdagang h), unang panauhang DI-GANAP na anyo na normal na nagpapahayag ng isang nais, isang hiling, pagpapalakas sa sarili (i.e., mga kagustuhang mga aksyon ng tagapagsalita)
         (2) JUSSIVE (panloob na mga pagbabago), ikatlong panauhang DI-GANAP (maaring ikalawang panauhan sa negatibong mga pangungusap) na normal na nagpapakita ng isang hiling, isang permiso, o pagpapaalala, o isang tagubilin
      b. Gumagamit ng isang GANAP na pamanahon na may kasamang *lu* o *lule*
         Ang mga konstruksyon na ito ay kapareho ng IKALAWANG KLASE KONDISYONAL na mga pangungusap sa Koine Griyego. Isang huwad na pananalita (protasis) na nagreresulta sa huwad na konklusyon (apodosis).
      c. Gumagamit ng isang DI- GANAP na pamanahon at *lu*
         Ang konteksto at *lu*, gayundin ang panghinaharap na oryentasyon, ay minarkahan itong PANAKALI pagkakagamit. Ilang mga halimbawa mula kay J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament* ay mga Genesis 13:16; Deutronomio 1:12; I Hari. 13:8; Awit. 24:3; Isaias 1:18 (cf. pp. 76-77).

D. *Waw* - Konbersibo/magkakasunod/pamanggit. Ang naiibang Hebreong ito (Canaanite) sintaktikal na katangian ay nagdulot ng matinding pagkalito ng maraming taon. Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga paraan madalas ay batay sa dyanra. Ang dahilan para sa pagkalito ay dahil ang mga naunang mga iskolars ay mga Europeyo at sinubukang magbigay kahulugan ayon sa kanilang katutubong mga wika. Nang ito ay napatunayang mahirap sinisi nila ang problema sa Hebreo na "dapat" sinauna, lipas na wika. Ang mga Europeyong mga wika ay mga PAMANAHON (oras) na nakabatay na PANDIWA. Ilan sa mga uri at gramatikal na mga implikasyon ay tiniyak sa pamamagitan ng titik na WAW na idinagdag sa GANAP o DI-GANAP na mga PANDIWANG tangkay. Nabago nito ang paraan na ang aksyon ay tinignan.
   1. Sa makasaysayang salaysay ang PANDIWA ay idinugtong ng magkasama sa isang tanikala na may pamantayang tularan.
   2. Ang waw na unlapi ay nagpakita ng isang partikular na relasyon sa naunang mga PANDIWA(s).
   3. Ang mas malaking konteksto ay laging susi sa pag-uunawa ng PANDIWA tanikala. Ang Semitic na PANDIWA ay hindi pwedeng ianalisa ng nag-iisa.

   J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagpuna ng kakaibang sa Hebreo sa paggamit nito ng waw bago ang mga GANAP at DI-GANAP (pp. 52-53). Habang ang pangunahing ideya ng GANAP ay nakalipas, Ang pagdagdag ng *waw* ay madalas nagpapanukala nito tungo sa panghinaharap na panahong aspeto. Ito rin ay totoo sa DI-GANAP na ang pangunahing ideya ay pangkasalukuyan o panghinaharap; ang pagdagdag ng waw ay

naglalagay nito sa nakalipas. Ang di karaniwan na panahon na ito ang naglilipat at nagpapaliwanag sa pagdagdag ng *waw*, hindi pagbabago sa pangunahing kahulugan ng mismong pamanahon. Ang *waw* na mga GANAP ay gumagawa ng mainanam sa propesiya, habang ang mga waw DI-GANAP ay gumagawa ng mainam sa mga salaysay (pp. 54, 68). Si Watts ay nagpatuloy sa kanyang depinisyon,

> "Bilang isang napakahalagang pagkakaiba sa pagitan ng *waw* na kondyanktibo at waw konsekwetibo, ang sumusunod na mga interpretasyon ang ibinibigay:
> 1. *Waw* na kondyanktibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang paghahanay.
> 2. *Waw* na konsekyutibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang pagkakasunod-sunod. Ito lamang ang tanging anyo ng *waw* na ginamit na may konsekyutibong DI-GANAP. Ang relasyon sa pagitan ng DI-GANAP ay idinugtong ito ng maaring temporal na pagkakasunod-sunod, lohikal na konsekwensiya, lohikal na dahilan, o lohikal na pagkakasalungat. Sa lahat ng kaso mayroong pagkakasunod-sunod" (p. 103).

E. PAWATAS - Mayroong dalawang mga uri ng PAWATAS

1. PAWATAS SUKDULAN, na isang "malakas, nagsasarili, kapansin-pansin na mag ekspresyon na ginamit para sa madramang epekto. . .bilang sa SIMUNO, ito ay madalas ay walang nakasulat na Pandiwa, ang Pandiwa 'maging' na syempre ay nauunawaan, ngunit ang salitang pagkakatayo ay madramang nag-iisa," (J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament,*" p. 92).
2. PAWATAS BANGHAY, na "magkaugnay ng gramatikal sa pangungusap sa pamamagitan ng mga preposisyon, nag-aangkin na mga PANGHALIP, at ang BANGHAY na relasyon" (p. 91).

   J. Weingreen, *A Practical Grammar for Classical Hebreo*, inilarawan ang estado ng BANGHAY: "Kapag ang dalawa (o higit pa) na mga salita ay malapit na pinagsama sila ay bumubuo ng isang tambalang ideya, ang nakadependeng salita (o mga salita) ay (ay mga) sinasabi na nasa BANGHAY estado" (p. 44).

F. INTEROGATIBO

1. Sila ay lumilitaw ng una sa pangungusap.
2. Nagbibigay kahulugan na kahalagahan
   a. *ha* – hindi umaasan ng isang pagtugon
   b. *halo'* – ang may-akda ay umaasa ng "oo" na sagot

G. NEGATIBO

1. Sila ay laging lumilitaw bago abg mga salita na kanilang inenegatibo.
2. Pina karaniwang pagnenegatibo ay *lo'*.
3. Ang terminong *'al* ay mayroong walang katiyakang konotasyon at ginamit na may kasamang mga COHORTATIVES at JUSSIVES.
4. Ang terminong *lebhilti*, ibig sabihin "upang ang. . .hindi ang," ay ginamit na may kasamang mga PAWATAS.
5. Ang terminong *'en* ay ginamit na may kasamang mga PANDIWARI.

H. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

3. Mayroong apat na mga uri ng kondisyonal na mga pangungusap na pangunahing kahanay sa Koine Griyego.
   a. isang bagay na ipinagpalagay na nangyayari o isipin ng isang katuparan (UNANG KLASE sa Griyego)
   b. isang bagay kasalungat sa katotohanan na ang katuparan ay imposible (IKALAWANG KLASE)

c. isang bagay na isang posible o maaring malamang (IKATLONG KLASE)
d. isang bagay na mas hindi malamang, samakatuwid, ang katuparan ay kahina-hinala (IKAAPAT NA KLASE)

4. GRAMATIKAL NA MGA PANANDA
   a. Ang ipinagpalagay na totoo o tunay na kondisyon ay laging gumagamit ng isang INDIKATIBONG GANAP o PANDIWARI at madalas ang protasis ay ipinakilala sa pamamagitan ng
      (1) *'im*
      (2) *ki* (o *'asher*)
      (3) *hin* o *hinneh*
   b. ang kasalungat sa katotohanang kondisyon ay laging gumagamit ng isang GANAP na aspeto ng PANDIWA o isang PANDIWARI na may ipinapakilalang KATAGA *lu* o *lule*
   c. ang mas malamang na kondisyon ay laging gumagamit ng DI-GANAP PANDIWA o mga PANDIWARI sa protasis, madalas *'im* o *ki* ang ginamit bilang pampakilala sa mga KATAGA
   d. ang mas hindi malamang na kondisyon ay gumagamit ng DI- GANAP na mga PANAKALI sa protasis at laging gumagamit ng *'im* bilang pagpapakilala sa KATAGA

# MGA DAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

| | |
|---|---|
| AB | *Anchor Bible Commentaries*, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman |
| ABD | *Anchor Bible Dictionary* (6 vols.), ed. David Noel Freedman |
| AKOT | *Analytical Key to the Old Testament* ni John Joseph Owens |
| ANET | *Ancient Near Eastern Texts*, James B. Pritchard |
| BDB | *A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament* ni F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs |
| IDB | The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A. Buttrick |
| ISBE | *International Standard Bible Encyclopedia* (5 vols.), ed. James Orr |
| JB | Jerusalem Bible |
| JPSOA | *The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation* (The Jewish Publication Society of America) |
| KB | *The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* niLudwig Koehler at Walter Baumgartner |
| LAM | *The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts* (the Peshitta) niGeorge M. Lamsa |
| LXX | Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970 |
| MOF | *A New Translation of the Bible* ni James Moffatt |
| MT | Masoretic Hebrew Text |
| NAB | New American Bible Text |
| NASB | New American Standard Bible |
| NEB | New English Bible |
| NET | NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition |
| NRSV | New Revised Standard Bible |
| NIDOTTE | *New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis* (5 vols.), ed. Willem A. VanGemeren |
| NIV | New International Version |

| | |
|---|---|
| NJB | New Jerusalem Bible |
| OTPG | *Old Testament Passing Guide* ninaTodd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith |
| REB | Revised English Bible |
| RSV | Revised Standard Version |
| SEPT | The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970 |
| TEV | Today's English Version from United Bible Societies |
| YLT | *Young's Literal Translation of the Holy Bible* ni Robert Young |
| ZPBE | *Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia* (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney |

## ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay

itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.

2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.

3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.

4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS$^4$ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.

5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.

6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

## ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa

pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

## I. Mga Pagpapalagay

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:

1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan

ng labis na  pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.


B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe.  Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita.  Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap.  Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon  ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

## III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
   a. tagpuang pangkasaysayan
   b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
   a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
   b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
   c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
   a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
   b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa

1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin

   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.

3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.

4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan

   a. Lumang Tipan
      (1) salaysay na Hebreo
      (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
      (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
      (4) Mga pamkautusan na koda
   b. Bagong Tipan
      (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
      (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
      (3) Mga liham/epistulo
      (4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa

1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.

2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.

3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa

1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.

2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya

   a. ang may-akda
   b. ang petsa
   c. ang mga tagatanggap
   d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
   e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay

sa layon ng pagsulat

f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan

3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.

4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa

1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin

   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)

2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika

   a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
   b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
   c. magkakatambis na mga konsepto

3. Ilista ang mga sumusunod na bagay

   a. mga mahahalagang salita
   b. mga di-karaniwang salita
   c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
   d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap

4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay

   a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
      (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
      (2) mga sangguniang Bibliya
      (3) mga pagkakatugma
   b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
   c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.

5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon

   a. mga pag-aaral ng Bibliya

b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
c. mga paunang salita ng Bibliya
d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

## IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay <u>hindi</u> inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan―hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).

B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).

C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).

D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.

E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

> "Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75:

> Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19:

> "Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

## VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:

1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS$^4$)
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:

1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:

1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."

2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.

3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.

4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:

1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito

2. mga pamalit na kahulugan ng salita

3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika

4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULANG MGA PANANALITA SA PAG-AARAL NG GENESIS 1-11

A. Paano ang Genesis 1-11 ay nauugnay sa makabagong kanluraning siyensya?
   1. Ganap na antagoniko
   2. Ganap na pagkakasundo
   3. Mga punto ng pagkakapareho
   4. Ang siyensya ay isang pananaliksik na pamamaraan. Ito ay isang makabagong penomena ngunit laging nagbabago ayon sa bagong kaaalaman. Ang Diyos bilang manlilikha at ang Diyos bilang tagapagligtas ay hinawakan ng magkasama ng "dalawang mga aklat," kalikasan (natural na kapahayagan, cf. Awit 19:1-6) at Kasulatan (natatanging kapahayagan, cf. Awit 19:7-11). Ang Diyos ang nagsulat ng pareho! Hindi sila nagkakasalungat!

B. Paano ang Genesis 1-11 ay naguugnay sa makabagong kasaysayan?
   1. Silanganin at kanluranin pampanitikang dyanra ay magkaiba. Hindi totoo o huwad, hindi tama o mali, ngunit magkaiba. Ang Genesis 1-11 ay bago pa ang kasaysayan. Ito ay krusyal na panteolohiya, ngunit ano pa man ay may talukbong (makling pampanitikang tularan). Tinalukbungan ng pampanitikang dyanra, tinalukbungan sa maksaysayang drama, tinalukbungan sa katapusan ng kasaysayan (i.e. Pahayag).
   2. Krisyanismo, gaya ng Judaismo, ay isang batay sa kasaysayang relihiyon. Ito ay tumatayo o bumabagsak sa makasaysayang mga pagyayari. Gayunpaman, ilang mga pangyayari(i.e. Genesis 1-11) ay hindi abot sa ating pang-unawa, kaya sila ay ipinararating sa mga paraan na ang mga tao ay makakaunawa (i.e. akomodasyon). Hindi ito sa anumang paraan ay itanggi ang kanilang pagkakatiwalaan, ngunit upang magbigay diin sa kanilang teolohikal na layunin. Ang Bibliya ay pinili na magpokus hindi sa paglikha, ngunit sa muling-paglilikha (pagtutubos).
   3. Ang Genesis ay itinakda sa loob ng "makasaysayan" balangkas ng reperensiya. Ating madodokumento ang halatang mga dugtong sa sekular na kasaysayan sa pasimula ng kabanata 12 (i.e. Nuzi at Mari na mga Tableta). Gayunpaman, ang kabanata 1-3 ay hindi aabot sa makasaysayang pagkokompirma at dyra na pagkakakilanlan.

C. Paano ang Genesis 1-11 ay nauugnay sa panitikan?
   1. Mayroong mga pagkakahilera ng mga kabanata 1-2, 3, at 6-9 mula sa Mesopotamiang pinagkuhanan. Madalas ang terminolohiya, mga detalye, at kasaysayang linya ay magkapareho. Gayunpaman, ang monoteismo ng Bibliya at ang dignidad ng sangkatauhan ay natatangi.
   2. Mayroong dalawang mga panganib sa paglapit sa Bibliya bilang panitikan.
      a. Bilang panitikan ito ay maka-alamat, ganap na hindi-makaysayan.
      b. Bilang panitikan ito ay literal, hindi matalinghaga na lengguwahe, walang silanganin mga dyanra, walang madrama, paparabolang mga pangyayari.

      Ang Diyos ay ipinahayag ang Kanyang Sarili sa isang partikular na panahon at kultura na gumagamit ng pantaong wika (i.e.mga talinghaga, mga analohiya, at mga negatibo). Ito ay tunay at mapagkakatiwalaan, hindi nakakapagod.
   3. Ang paglikha ay isang progresibong kapahayagan ng katotohanan. Ang Genesis 1-2 ay pangpundasyon, ngunit ang Awit at NT ay krusyal din para sa isang nararapat na perspektibo. Bawat isa sa tatlong mga pinagkuhaan ay nagdadagdag sa isang teolohikal na pagkakaunawa sa paraan at layunun ng paglikha.

D. Paano natin bibigyan kahulugan ang Genesis 1-11?

1. Paano ito lahat nagsimula at paano ito lahat magwawakas ay may talukbong (Genesis 1-11 at Pahayag, i.e. nakikita natin ito sa pamamagitan ng isang madilim na salamin).
2. Nasa atin ang lahat ng mga katotohanan na kinakailangan upang tumugon sa Diyos at upang maunawaan ang Bibliya. Ngunit, hindi wala tayo ng lubos, literal, kompletong mga katotohanan. Ating teolohikal na pinili at binigyan kahulugan ang mga pangyayari.
3. Dapat nating tignan ang Genesis 1-11 sa pamamagitan ng
   a. Pampanitikang dyanra
   b. Teolohikal na pagdidiin
   c. Makasaysayang pangyayari
   d. makabagong kanluranin siyensiya/kultura/mga pagkiling
4. Lahat ng mga makasalanang tao ay tatayo sa harap ng Bibliya (i.e. kapahayagan ng Diyos) at hahatulan nito. Hindi ito saklaw ng ating mentala na mga kakayahan, ngunit dapat nating maunawaan ito upang makatugon tayo ng nararapat. Ang mga mananampalataya ay binigyan ito ng kahulugan ng magkaiba (ang ilang ay hindi maganda), ngunit lahat ay responsible sa mga katotohanan na kanilang naunawaan. Ito ay nagpapahayag sa Diyos; ito ay nagpapahayag ng rebelyon ng tao; ito ay nagpapahayag ng banal na pagtutubos. Ang ating kawalang hanggan at nakaugnay sa mga katotohanan na ito, hindi paano at kailan ang paglikha at ang mga pangyayari sa Genesis 1-11. Sila sa unang-una ay ang Sino at bakit, na napakakrusyal.

   Ang Diyos ay magkaroon nawa ng awa sa ating lahat (at Siya ay mayroon nga)!

# PANIMULA SA GENESIS

I. PANGALAN NG AKLAT

A. Sa Hebreo (i.e. ang Masoretik na Teksto) ito ang unang salita ng aklat, *bereshith*, "sa pasimula" o "sa paraan ng pasimula."

B. Mula sa Griyegong Bibliya (i.e. Septuagint na salin), ito ay ang *Genesis*, na nangangahulugang "pasimula" o "pinagmulan," na kinuha mula sa Genesis 2:4a. Ito marahil ang susi ng may-akda "balangkas-parirala" o kolopon upang idugtong ang magkaibang mga teolohikal na biograpiya ng magkasama na gaya ng ginawa sa Babyloniang kyuniporm na mga manunulat. Ang susing balangkas na parirala ay gumaganap bilang pagbubuo, hindi isang panimula.

II. KANONISASYON

A. Ito ang unang aklat ng unang seksyon ng Hebreong kanon na tinawag na "Ang Torah" o "mga katuruan" o "Kautusan."

B. Ang seksyon na ito sa Septuagint ay kilala bilang ang Pentateuch (i.e. limang mga balumbon).

C. Minsan ito ay tinawag na "Ang Limang mga Aklat ni Moises" sa Ingles.

D. Genesis-Deutronomio ay ang nagpapatuloy na talaan ni (o pinamatnugot ni) Moises patungkol sa paglikha sa buong buhay ni Moises.

III. DYANRA - Ang aklat ng Genesis ay pangunahing teolohikal, historikal na pagsasalaysay ngunit ito ay naglalaman din ibang mga tipo ng pangliteraturang dyanra:

A. Makasayang drama - mga halimbawa: 1:1- 2:3

B. Mga tula - mga halimbawa: 2:23; 4:2; 8:22

C. Propesiya - mga halimbawa: 3:15; 49:1ff (patula rin)

IV. PAGKA MAY-AKDA

A. Ang Bibliya mismo ay hindi pinangalanan ang may-akda (na totoo rin sa maraming mga aklat ng OT). Ang Genesis ay walang "Ako" na mga seksyon na gaya ng Ezra, Nehemias, o "kami" na mga seksyon na gaya ng sa Gawa. Sa sukdulan ang may-akda ay ang Diyos!

B. Hudyong tradisyon:

1. Ang mga sinaunang mga Hudyo manunulat ay nagsasabi na si Moises ang nagsulat:

a. Ben Sirah na *Ecclesiasticus*, 24:23, isinulat mahigit 185 B.C.

b. Ang *Baba Bathra* 14b, isang bahagi ng Talmud

c. Si Philo ng Alexandria, Ehipto, isang Hudyo pilosopo, nabubuhay noong 20 B.C. hanggang A.D. 42

d. Si Flavius Josephus, isang Hudyong mananalaysay, nabuhay noong A.D. 37-100

2. Ito ay isang kapahayagan kay Moises
   a. Si Moises ay sinasabing nagsulat para sa mga tao:
      (1) Exodo 17:14
      (2) Exodo 24:4, 7
      (3) Exodo 34:27, 28
      (4) Bilang 33:2
      (5) Deutronomio 31:9, 22, 24-26
   b. Ang Diyos ay sinasabing nagsalita sa pamamagitan ni Moises para sa tao:
      (1) Deutronomio 5:4-5, 22
      (2) Deutronomio 6:1
      (3) Deutronomio 10:1
   c. Si Moises ay sinasabing nagpahayag ng mga salita ng Torah sa mga tao:
      (1) Deutronomio 1:1, 3
      (2) Deutronomio 5:1
      (3) Deutronomio 27:1
      (4) Deutronomio 29:2
      (5) Deutronomio 31:1, 30
      (6) Deutronomio 32:44
      (7) Deutronomio 33:1
3. Ang mga OT may-akda ay ipinaparatang ito kay Moises:
   a. Josue 8:31
   b. II Hari 14:6
   c. Ezra 6:18
   d. Nehemias 8:1; 13:1-2
   e. II Cronico 25:4; 34:12; 35:12
   f. Daniel 9:11
   g. Malakias 4:4

C. Kristyanong tradisyon
   1. Si Hesus ay ipinaparang ang mga sipi mula sa Torah kay Moises:
      a. Mateo 8:4; 19:8
      b. Marcos 1:44; 7:10; 10:5; 12:26
      c. Lucas 5:14; 16:31; 20:37; 24:27, 44
      d. Juan 5:46-47; 7:19, 23
   2. Ang ibang mga N.T. mga may-akda ay ipinaparatang ang mga sipi mula sa Torah kay Moises:
      a. Lucas 2:22
      b. Gawa 3:22; 13:39; 15:1, 15-21; 26:22; 28:23
      c. Roma 10:5, 19
      d. I Corinto 9:9
      e. II Corinto 3:15
      f. Hebreos 10:28
      g. Pahayag 15:3
   3. Karamihan sa unang mga Ama ng Iglesya ay tinanggap ang Mosaik na pagkamay-akda. Gayunpaman, sina Ireneaus, Clement ng Alexandria, Origen at Tertullian lahat ay may mga katanungan patungkol sa relasyon ni Moises sa pangkasalukuyang kanonikal na anyo ng Genesis (cf. D. 2. sa pahina 5).

D. Makabagong Pag-aaral

1. Mayroong ilang mga halatang mga pamatnugot na pagdagdag sa Torah (para bagang, upang gawin ang sinauang gawa na mas kauna-unawa sa napapanahong mga mambabasa, na isa namang katangian ng mga Ehiptong eskriba):
   a. Genesis 12:6; 13:7; 14:14; 21:34; 32:32; 36:31; 47:11
   b. Exodo 11:3; 16:36
   c. Bilang 12:3; 13:22; 15:22-23; 21:14-15; 32:33ff
   d. Deutronomio 3:14; 34:6
   e. Ang mga sinaunang mga eskriba ay mahusay na sinanay at tinuruan. Ang kanilang mga pamamaraan, gayunpaman, ay nagkakaiba-iba sa bansa sa bansa:
      (1) Sa Mesopotamia, sila ay nag-iingat na hindi mabago ang anuman, at sinusuri ang kanilang mga gawa para sa ikatutumpak. Narito ang isang sinaunang Sumerian pangeskribang talababa: "ang gawa ay kumpleto mula sa simula hanggang sa wakas, nakopya, nawasto, naikumpara, at naberipika ng tanda sa tanda" mula sa mahigit 1400 B B.C.
      (2) Sa Ehipto sila ay malayang nagwasto ng sinaunag mga mga teksto upang mapabago ang mga ito para sa napapanahong mga mambabasa. Ang mga eskriba sa Qumran (i.e. Dead Sea Scrolls) ay sinusunod ang paraan na ito.
2. Ang mga mangangaral ng 19th siglo ay nagteorya na ang Torah ay pinagsama-samang dokumento mula sa ibat-ibang mga pinanggalingan sa mas higit na pinahabang periyod ng panahon (Graff-Wellhausen). Ang teoryang ito ay batay sa:
   a. ang magkakaibang mga pangalan ng Diyos
   b. ang madaling mapansin ng dalawahan sa teksto
   c. ang literaturang anyo ng mga tala
   d. ang teolohiya ng mga tala
3. Ang mga dapat na pinangmula at mga petsa:
   a. J na pinagkunan (paggamit ng YHWH mula sa katimugang Israel) - 950 B.C.
   b. E na pinagkunan (paggamit ng Elohim mula sa hilagang Israel) - 850 B.C.
   c. JE pinagsama - 750 B.C.
   d. D na pinagkunan ("Ang Aklat ng Kautusan," II Kgs. 22:8, natuklasan sa panahon ng reporma ni Josiah habang ipinapaayos ang Templo na dapat na aklat ng Deutronomio, isinulat ng di-kilalang saserdote sa panahon ni Josiah upang susugan ang kanyang reporma.) - 621 B.C.
   e. P na pinagkunan (malasaserdote na muling pagsusulat ng OT, lalo na ang ritwal at kaparanan) - 400 B.C.
   f. Mayroong naging halatang pamatnugot na mga pagdaragdag sa Torah. Ang mga Hudyo ay nagsasabing ito ay ang
      (1) Ang Dakilang Saserdote (o isa sa kanyang pamilya) sa panahon ng pagsusulat
      (2) Si Jeremias ang Propetea
      (3) Si Ezra ang Eskriba - IV Si Esdras ay nagsasabi na siya ay muling isinulat ito sapagkat ang mga orihinal ay nawasak sa pagpabagsak ng Jerusalem noong 586 B.C.
   g. Gayunpaman, ang J. E. D. P. na teorya ay nagsasabi ng higit pa patungkol sa ating makabagong literaturang mga teorya at mga kategorya kaysa sa ebidensya mula sa Torah (cf. R. K. Harrison, *Introduction to the Old Testament,* pp. 495-541 at *Tyndale's Commentaries,* "Leviticus" pp. 15-25).
   h. Mga katangian ng Hebreong Literatura
      (1) Ang mga Duplikadp, gaya ng Genesis 1 & 2, ay karaniwan sa Hebreo. Madalas isang pangkalahatang paglalarawan ang ibinigay, na sinusundan ng partikular na tala (i.e. ang Sampung Kautusan at ang Kodigo ng Kabanalan). Ito marahil ang naging paraan upang bigyan diin ang mga katotohanan, o

tulungan sa pasalitang memorya.

(2) Ang sinaunang mga rabi ay nagsabi na ang dalawang pinakakaraniwang mga pangalan para sa Diyos ay may dalawang teolohikal na kahalagahan:

(a) YHWH – ang Tipanang pangalan para sa pagkaDiyos habang siya ay nakikipagugnayan sa Israel bilang Tagapagligtas at Manunubos (cf. Awit 19:7-14; 103).

(b) *Elohim* – diyos bilang Manlilikha, Tagapagtustos, at Tagapagtukod ng lahat ng buhay sa daigdig (cf.Awit 19:1-6; 104).

(c) *Ibang* sinauang Silanganing mga teksto ay gumamit ng ilang mga pangalan upang ilarawan ang kanilang mataas na Diyos (cf. *Encyclopedia of Bible Difficulties* ni Gleason L. Archer, p. 68).

(3) Karaniwan sa hindi-biblikal na silanganing literatura para sa isang sari-saring mga istilo at bokabularyo na lumitaw sa pinagsamang pampanitikang mga gawa (cf. *Introduction to the Old Testament*, R. K. Harrison, pp. 522-526).

E. Ang ebidensya mula sa sinaunang malapit sa silanganing literatura ay nagpapahiwatig na si Moises ay gumamit ng isinulat na kyuniporm na mga dokumento o Mesopotamiang istilo (patriyarkal) pasalitang mga tradisyon upang isulat ang Genesis. Hindi ito isang paraan ng pangangahulugan na nagpapahiwatig ng pagbabawas ng inspirasyon ngunit isang pagtatangka na ipaliwanag ang panitikang penomena ng aklat ng Genesis (cf. P. J. Wiseman's *New Discoveries in Babylonia about Genesis).* Simula sa Genesis 37, isang tinandaang Ehiptong impluwensya, anyo at bokabularyo ay waring nagpapakita na si Moises ay gumamit ng alinman sa literaturang produksyon o pasalitang mga tradisyon mula sa panahon ng mga Israelita sa parehong Ehipto at Mesopotamia. Ang pormal na edukasyon ni Moises ay halos sa Ehipto! Ang wastong panitikang pagkaayos ng Pentateuch ay di-tiyak. Ako ay naniniwala na si Moises ay ang tagatala at ang may-akda ng halos malawak ng karamihan sa, bagamat siya ay maaring gumamit ng mga eskriba at/o naisulat o pasalita (patriyarkal) na mga tradisyon. Ang kanyang mga kasulatan ay pinabago ng kalaunay mga eskriba. Ang pagkamakaysayan at pagkamapagkakatiwalaan ng mga ilang mga naunang mga aklat ng OT ay ipinakita ng modernong arkeolohiya.

F. Mayroong isang papasibol na teorya na mayroong mga eskriba (sa ibat-ibang mga bahagi ng Israel) ay gumagawa sa ibat-ibang mga bahagi ng Pentateuch ng magkakasabay sa ilalim ng direksyon ni Samuel (cf. I Samuel 10:25). Ang teoryang ito ay unang isinulong ni E. Robertson's *The Old Testament Problem*.

## V. PETSA

A. Ang Genesis ay sumasaklaw sa periyod mula sa paglikha ng kosmos hanggang sa pamilya ni Abraham. Posible na petsahan ang buhay ni Abraham mula sa sekular na literatura ng periyod. Ang humigit kumulang na petsa ay 2000 B.C., ang ikalawang milenyong B.C. Ang basihan para dito ay ang

1. ama ay umaakto na saserdote sa pamilya (gaya ni Job)
2. ang buhay ay lagalag na sumusunod sa pagpapastol at mga alagang hayop
3. pandarayuhan ng mga Semitik na mga tao sa panahon ng periyod na ito

B. Ang unang mga pangyayari ng Genesis 1-11 ay totoo at historikal na mga pangyayari (posibleng makasaysayang drama) ngunit hindi mapetsahan ng kasalukuyang nakalaang karunungan.

1. Ako ay dumating sa personal na pagtanggap na ang edad ng daigidg ay ilang bilyong taon (i.e. 14.6 bilyon para sa santinakpan at 4.6 bilyon para sa mundo, cf. Hugh Ross' *The Genesis Question* at *Creation and Time*).
2. Gayunpaman, Ako rin ay naniniwala sa espesyal na paglikha kina Adan at Eba sa mas kinalaunang periyod. Wari sa akin na ang Genesis ay ipinakita sa ilang tipo ng

"makasaysayang" balangkas, ngunit ang makasasyang aspeto ay malabo sa pasimula (i.e. Genesis 1-3). Ang mga anak nina Adan at Eba ay nagsimula ng kabihasnan sa Mesopotamia (i.e. kabanata 4). Kung ang balangkas na ito ay dapat na panatilihin magkagayon si Adan ay moderno (*Homo sapien*) at hindi isang mas primitibong *Homo erectus*. Kung ito ay totoo magkagayon mayroon dapat is ebolusyonaryong paghuhubog sa mga hominids (cf. *Tyndale O T Commentaries*, "Genesis" ni Kidner at *Who Was Adam?*ni Fazale Rana at Hugh Ross) gaya ng sa espesyal na paglikha ngg Diyos sa mas higit na huling punto ng panahon. Hindi ako lubusang komportable dito, ngunit ito ang pinakamainam na magagawa ko sa aking pangkasalukuyang paguunawa sa Bibliya at siyensya.

C. Dapat na tandaan na kapag nag-aaral ng Genesis na ang makasaysayang mga pangyayari ay itinala ni Moises na nanguna sa bayan ng Diyos palabas ng Ehipto sa alinmang (1) 1445 B.C., batay sa I Hari 6:1; o (2) 1290 B.C., batay sa ebidensya mula sa modernong arkeolohiya. Samaktuwid, alinman sa pasalitang tradisyon, mga di-kilalang isinulat na pinagkunan, o direktang banal na kapahayagan, si Moises ay nagtatala "paano ang lahat ng mga ito ay nagsimula" na nakatuon sa "sino" at "paano," hindi "paano" at "kailan"!

D. Ang komentaryong ito (Genesis 1-11) ay orihinal na naisulat noong 2001. Ako ay nakikibaka ng labis sa kaugnayan sa pagitan ng Genesis 1 at aking modernong kanluraning tagpuan. Isang bagong aklat ni John H. Walton, *The Lost World of Genesis One*, IVP (2009) ang nakatulong sa akin na makita kung paano ako naimpluwensyahan ng aking sariling eksistensyal na tagpuan. Ako ay naniniwala na ang nararapat na hermenyutik ay nagsisimula sa orihinal na intensyon ng may-akda ngunit halata para sa akin na ang hermenyutikal na teorya ay mas mainam kaysa sa aking pagsasagawa. Ang aklat na ito ni Walton ay isang paradaym na paglipat sa pag-iisip patungkol sa Genesis 1 sa pag-uugnay sa pinagmulan ng tungkulin, hindi ang materyal na pinagmulan ng sandaigdigan. Ito ay tunay na nakapagbubukas ng mata. Ito ay nakakumbinsi sa akin sa isang bagong paraan ng pagtingin sa krusyal na tekstong ito na lumalagpas sa debate patungkol sa siyensya at pananampalataya, matandang mundo laban sa batang mundo, ebolusyon laban sa paglikha ng mga uri ng nilalang. Aking higit na nirerekomenda ang aklat sa iyo!

## VI. MGA PINAGKUNAN PARA SA PAGPAPATUNAY SA MAKASAYSAYANG TAGPUAN

A. Ibang mga Biblikal na mga Aklat
   1. Paglikha - Awit 8; 19; 33; 50; 104; 148 and the NT (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2)
   2. Sa panahon ni Abraham - Job

B. Mga Arkeolohikal na mga pinagkunan
   1. Pinakamaagang nalalamang literaturang kahanay ng kulturang tagpuan ng Genesis 1-11 ay ang Ebla kyuniporm mga tableta mula sa hilagang Syria na may petsa na 2500 B.C., isinulat sa Akkadian.
   2. Paglikha
      a. Ang pinakamalapit na Mesopotamiang tala na tumatalakay sa paglikha, *Enuma Elish*, mula sa petsa ng mahigit NIV Study Bible, 1900-1700 B.C. o (2) John H. Walton's *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Context*, p. 21, mahigit 1000 B.C. Ito ay natagpuan sa silid aklatan ng Ashurbanipal sa Nineveh at ibang mga kopya ay natagpuan sa ilang mga lugar. Mayroong pitong kyuniporm na mga tableta na naisulat sa Akkadian na naglalarawan sa paglikha ni Marduk.

(1) Ang mga diyos, *Apsu* (tubig tabang—lalake) at *Tiamat* (tubig alat—babae) ay may di-masupil, maingay na mga anak. Ang dalawang mga diyos na ito ay sinubukan na patahimikin ang mas nakababatang mga diyos.
(2) Isa sa mga anak nina *Ea* at *Damkina*, na si *Marduk* (ang pinunong diyos ng papasibol na bayan ng Babylonia), ay tinalo si *Tiamat*. Binuo niya ang mundo at kaulapan mula sa kanyang katawan.
(3) Si *Ea* ay binuo ang sangkatauhan mula sa iba pang tinalong diyos, *Kingu*, na siyang lalakeng konsorte ni *Tiamat* pagkatapos ng kamatayan ni *Apsu*. Ang sangkatauhan ay nagmula sa dugo ni *Kingu*.
(4) Si *Marduk* ay ginawang pinuno ng panteon ng Babylonia.

b. "Ang selyong paglikha" ay isang kyuniporm tableta na larawan ng lalake at babae na nakahubad sa tabi ng punong kahoy na may ahas na nakapulupot sa puno na nakaposisyon sa may balikat ng babae na waring nakikipag usap sa kanya.

Ang konserbatinong Profesor ng Arkeolohiya sa Wheaton College na si, Alfred J. Hoerth, ay nagsasabi na ang selyo ay binibigyan kahulugan ngayon na tumutukoy sa prostitusyon. Ito ay isang magandang halimbawa kung paano ang mga artepakto mula sa nakaraan ay binigyan kahulugan ng ibat-iba ng mga indibidwal sa paglipas ng panahon. Ang partikular na bagay ng ebidensya na ito ay dapat na muling matasa.

3. Paglikha at Pagbaha - *The Atrahasis Epic* ay nagtatatala ng rebelyon ng mas mababang diyos dahil sa labis na paggawa at sa paglikha ng pitong pares ng tao (mula sa putik, dugo, at laway) upang magsagawa ng mga tungkulin ng mga mas mababang diyos na ito. Ang mga tao ay winasak dahil sa: (1) labis na papolasyon at (2) ingay. Ang mga taong nilalang ay binawasan ang bilang sa pamamagitan ng salot, dalawang taggutom at sa kahulihan ay baha, na plinano ni *Enlil*. Si *Atrahasis* ay gumawa ng barko at dinala ang mga hayop upang mailigtas sila mula sa tubig. Ang pangunahing mga pangyayarin na ito ay makikita ng kaparehong pagkakaksunod sa Genesis 1-8. Ang kyuniporm na komposisyon ay may petsa mula pa sa panahon nina *Enuma Elish* at sa *Gilgamesh Epic*, mahigit1900-1700 B.C. Lahat ay nasa Akkadian.

4. Ang pagbaha sa panahon ni Noah

a. Isang Sumerian na tableta mula sa Nippur, tinawag na *Eridu Genesis*, na may petsa mula sa mahigit 1600 B.C., ay nagkwekwento patungkol sa *Ziusudra* at sa paparating na pagbaha.
(1) Si *Enka*, ang diyos ng tubig, ay binalalaan ang *Ziusudra* para sa paparating na pagbaha.
(2) Si *Ziusudra*, isang haring-saserdote, ay naniwala sa kapahayagan na ito at nagtayo ng isang malaking parisukat na barko at nilagyan ito ng lahat ng uri ng buto ng bunga.
(3) Ang baha at tumagal ng pitong araw.
(4) Si *Ziusudra* ay binuksan ang bintana ng barko at pinakawalan ang ilang mga ibon upang tignan kung may tuyong lupa na lumitaw.
(5) Siya rin ay nag-alay ng sakripisyong baka at tupa ng siya ay lumisan sa barko.

b. Isang pinaghalong tala ng Babyloniang pagbaha mula sa apat na Sumeriang mga tableta, kilala bilang *Gilgamesh Epic* na orihinal na may petsa mula sa mahigit 2500-2400 B.C., bagamat ang nakasulat na pinaghalong anyo sa kyuniporm Akkadian, ay higit na mas huli (ca. 1900-1700 B.C.). Ito ay nagsasaad ng patungkol sa mga nakaligtas sa baha, si *Utnapishtim*, na nagsabi kay *Gilgamesh*, ang hari ng *Uruk*, kung paano siya nakaligtas sa matinding baha at binigyan ng buhay na walang hanggan.
(1) Si *Ea*, ang diyos ng tubig, ay nagbabala sa paparating na baha at nagkwento kaw *Utnapishtim* (Babyloniann anyo ng *Ziusudra*) upang gumawa ng barko.
(2) Si *Utnapishtim* at kanyang pamilya, kasama ng ilang piling nagpapagaling na

mga halaman, ay nakaligtas sa pagbaha.
(3) Ang baha ay tumagal ng pitong araw.
(4) Angbarko ay tumigil sa hilagang bahagi ng Persia, sa Bundok Nisir.
(5) Siya ay nagpadala ng 3 magkakaibang mga ibon upang tignan kung ang tuyong lupa ay lumitaw na.

5. Ang Mesopotamiang literatura na naglalarawan ng sinaunang pagbaha ay pawang lahat na kumuha sa kaparehong pinagkunan. Ang mga pangalan ay madalas na nagkakaiba-iba, ngunit ang balangkas ay kapareho. Isang halimbawa ay ang *Zivusudra*, *Atrahasis* at *Utnapishtim* lahat ay kumakatawan sa parehong taong hari.
6. Ang mga makasaysayang kahanay ng unang mga pangyayari sa Genesis ay maaring maipaliwanag ayon sa bago pa mang pagpapakalat ng sangkatauhan (Genesis 1-11) kaalaman at karanasan ng Diyos. Ang mga tunay na makasaysayang ng kaibuturang mga memoryang ito ay pinalawig at pinaalamat tungo sa mga tala ng pagbaha na karaniwan sa buong mundo. Ang kapareho ay maari ring sabihin hindi lamang sa paglikha (Genesis1,2) at ang Pagbaha (Genesis 6-9) ngunit gayon din sa tao at malaanghel na pagsasama (Genesis 6).
7. Araw ng Patriyarka (Panggitnang Bronse)
   a. Mari na mga tableta – legal na kyuniporm (Ammonite na kultura) at personal na mga teksto sa Akkadian mula sa mahigit 1700 B.C.
   b. Nuzi na mga tableta – arkibos ng mga kyuniporm ng ilang mga pamilya (Horite o Hurrian kultura) isinulat sa Akkadian mula sa mahigit 100 milya Timog Silangan ng Nineveh noong 1500-1300 B.C. Sila ay nagtala ng pamilya at kaparaanan ng negosyo. Para sa mas higit na partikular na mga halimbawa, tignan John H. Walton's *Ancient Israelite Literature in its Cultural Context*, pp. 52-58
   c. Alalak na mga tableta - kyuniporm na mga teksto ng Hilagang Syria mula mahigit 2000 B.C.
   d. Ilan sa mga pangalan ay matatagpuan sa Genesis ay itinala nilang pangalan ng lugar sa Mari na mga Tableta: Serug, Peleg, Terah, at Nahor. Ibang mga biblikal na mga pangalan ay karaniwan din: Abraham, Isaac, Jacob, Laban, at Jose. Ito ay nagpapakita ng biblikal na mga pangalan na tumutugma sa panahon at lugar na ito.
8. "Ang pagkukumparang makasaysayang mga pag-aaral ay nagpapakita na, kasama ng mga Hittites, ang sinaunang Hebreos ang pinakawasto, obhektibo at responsableng tagatala ng malapit sa silanganing kasaysayan." R. K Harrison, *Biblical Criticism*, p 5.
9. Ang arkeolohiya ay napatunayang malaking tulong sa pagtatatag ng pagkamakaysayan ng Bibliya. Gayunpaman, isang salita ng pag-iingat ang kinakailangan. Ang arkeolohiya ay hindi lubusang mapagkakatiwalaan gabay dahil sa
   a. Mahinang kaparaanan ng unang paghuhukay
   b. Ilang mga, napakasubyektib na pagbibigay kahulugan ng artepakto na nadiskobre
   c. Walang napagkasunduan kronolohiya ng sinaunang Malapit sa Silangan (bagamat ang isa ay hinuhubog mula sa tatlong mga singsing at palayok).

C. Ehiptong talang paglikha ay matatagpuan sa John H. Walton's, *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Context* (Grand Rapids, MI: Zondervan, 1990) pp. 23-24, 32-34.
   1. Sa panitikan ng Ehipto, ang paglikha ay nagsimula sa walang istrukutra, magulo, at unang panahon na tubig.
   2. Sa panitikan ng Ehipto mula sa Memphis, ang paglikha ay nangyari sa pamamagitan ng binanggit na salita ni Ptah.
   3. Bawat pangunahing bayan ng Ehipto ay may hiwalay na mga tradisyon na nagbibigay diin sa kanilang patron na diyos.

D. Isang bagong aklat ni John H. Walton, *The Lost World of Genesis One*, IVP, 2009, ay

nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga paniniwalang ANE patungkol sa banal at ang kosmos sa bagong liwanag. Siya ay nagpapahayag (at ako ay sumasangayon) na hindi higit sa kung sino ang kumopya ngunit ang pangkalahatang kultural na pinagkasunduan ng kabuuang ANE patungkol sa pagkakaisa ng “natural” at “supernatural.” Lahat ng mga kultura ay nakikibahagi sa pangkalahatang perspektibo na ito. Ang Israel ay natatanging monoteistik ngunit nakikibahagi rin sa kultural na mga perspektibo.

## VII. MGA PAMPANITIKANG YUNIT (KONTEKSTO)

A. Guhit balangkas batay sa paggamit ni Moises ng pariralang “ang mga angkan ng” (*toledoth*):
   1. pinagmulan ng langit at lupa, 1:1-2:3
   2. pinagmulan ng ng sangkatauhan, 2:4-4:26
   3. mga angkan ni Adan, 5:1-6:8
   4. mga angkan ni Noah, 6:9-9:17
   5. mga angkan ng mga anak ni Noah, 10:1-11:9
   6. mga angkan ni Shem, 11:10-26
   7. mga angkan ni Terah (Abraham), 11:27-25:11
   8. mga angkan ni Ishmael, 25:12-18
   9. mga angkan ni Isaac, 25:19-35:29
   10. mga angkan ni Esau, 36:1-8
   11. mga angkan ng mga anak ni Esau, 36:9-43
   12. mga angkan ni Jacob, 37:1-50:26 (#1-11 ay may Mesopotamiang pampanitikang kinaligiran ngunit ang #12 ay may Ehiptong literaturang panlasa.)

B. Teolohikal na guhit balangkas:
   1. Paglikha para sa sangkatauhan at sa sangkatauhan, 1-2
   2. Sangkatauhan at pagbagsak ng nilikha, 3
   3. Mga resulta ng Pagbagsak, 4-11
      a. ang kasamaan ay nakaapekto kay Cain at sa kanyang pamilya
      b. ang kasamaan ay nakaapekto kay Seth at sa kanyang pamilya
      c. ang kasamaan ay nakaapekto sa sinoman
      d. matinding pagbaha
      e. ang kasamaan ay nananatili pa rin sa pamilya ni Noah
      f. ang sangkatauhan ay nasa rebelyon parin, ang tore ng Babel
      g. ang pagpapakalat ng Diyos
   4. Isang tao para sa lahat ng sangkatauhan (3:15), 12-50 (Roma 5:12-21)
      a. Abraham (12:1-3), 11:27-23:20
      b. Isaac, 24:1-26:35
      c. Jacob, 27:1-36:4
         (1) Judah (ang lahi ng Mesyas)
         (2) Jose (dobleng lupang pamana), 37:1-50:26

## VIII. PINAKAMAHALAGANG KATOTOHANAN

A. Paano ito lahat nagsimula?
   1. Ito ay nagsimula sa Diyos (Genesis 1-2). Ang pananaw sa mundo ng Bibliya ay hindi politeismo ngunit monoteismo. Hindi ito nakapokus sa “paano” ng paglikha ngunit sa “sino.” Ito ay maikli, ngunit makapangyarihan sa kanyang presentasyon. Ang teolohiya ng Bibliya ay lahatang natatangi sa kanyang panahon bagamat ilang mga salita, tularan ng mga aktibidad, ang mga paksa ay matatagpuan sa ibang mga literaturang Mesopotamian.

2. Nais ng Diyos ng pakikisama. Ang sangnilikha ay entablado lamang para sa pakikisama ng Diyos sa tao. Ito ay "hinipong planeta" (cf. C. S. Lewis).
3. Walang posibilidad ng paguunawa sa natitirang Bibliya kung wala ang Genesis 1,2-4 at 11-12.
4. Ang mga tao ay dapat na tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya batay sa kung ano ang naunawaan nila sa kalooban ng Diyos (Genesis 15:6 at Roma 4).

B. Bakit ang mundo ay nakapasama ay di-patas? Ito ay "napakainam" (1:31),ngunit si Adan at Eba ay nagkasala (cf. Genesis 3; Roma 3:9-18,23; 5:17-21). Ang teribleng mga resulta ay halata:
   1. si Cain ay pinatay si Abel (chap. 4)
   2. paghihiganti ni Lamech (4:23-24)
   3. di ayon sa batas na pagsasama (6:1-4)
   4. kasamaan ng tao (6:5,11-12; 8:21)
   5. pagkalasenggo ni Noah (9)
   6. ang Tore ng Babel (11)
   7. ang poleteismo ng Ur (11)

C. Paano ito aayusin ng Diyos?
   1. Ang Mesyas ay darating para sa <u>lahat</u> ng mga tao (3:15)
   2. Tinawag ng Diyos ang isa upang tawagin ang <u>lahat</u>(Genesis 12:1-3 at Exodo 19:5-6, cf. Roma 5:12-21)
   3. Ang Diyos ay payag na gumawa para sa bumagsak na sangkatauhan (Adam, Eve, Cain, Noah, Abraham, ang mga Hudyo at Hentil) at sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na nagtutustos
   4. a. Mga Pangako
      b. Mga tipanan (walang kondisyon at may kondisyon)
      c. Sakripisyo
      d. Pagsamba

**UNANG TAPUSANG PAGBASA (tignan p. vi)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga sentral na paksa ayon sa iyong sariling mga salita.

1. Tema ng buong aklat

2. Tipo ng panitikan (dyanra)

**TAPUSANG PAGBASA IKALAWA (tignan pp. vi-vii.)**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa

liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan ng dalawang beses. Gumawa ng guhit balangkas sa pinkamahalagang mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng ikalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng ikatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng ikaapat na pampanitikang yunit

5. Atbp.

# GENESIS 1:1-2:3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS4 | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paglikha<br>(1:1-2:3) | Ang Kasaysayan ng Paglikha<br>(1:2-2:7) | Ang Salaysay ng Paglikha<br>(1:1-2:4a) | Ang Salaysay ng Paglikha<br>(1:1-2:4a) | Ang Paglikha ng Mundo<br>(1:1-2:3) |
| 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-2 |
| | | | | 1:3-5 |
| 1:6-8 | 1:6-8 | 1:6-8 | 1:6-8 | 1:6-8 |
| 1:9-13 | 1:9-13 | 1:9-13 | 1:9-13 | 1:9-10 |
| | | | | 1:11-13 |
| 1:14-19 | 1:14-19 | 1:14-19 | 1:20-23 | 1:14-19 |
| 1:20-23 | 1:20-23 | 1:20-23 | 1:24-25 | 1:20-23 |
| 1:24-25 | 1:24-25 | 1:24-25 | 1:26-31 | 1:24-25 |
| 1:26-31 | 1:26-28 | 1:26-31 | 1:26-2:4a | 1:26-28 |
| | (27) | | | 1:26-27 |
| Ang Paglikha ng Babae at Lalake | 1:29-31 | | | |
| 2:1-3 | | | | |
| | 2:1-3 | 2:1-3 | | 2:1-3 |
| | 2:4-7 | 2:4a | | 2:4a |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

---

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa or kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa ,Tatlo at Apat**

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

3. Atbpa

## PANIMULANG MGA PANANALITA

A. Ang pag-aaral ng Geneses 1-11 ay lubhang napakahirap sapagkat:
   1. tayong lahat ay apektado ng ating sariling mga kultura at denominasyonal na pagsasanay
   2. sa ngayon ilang mga panggigipit nalalaman at di-nalalaman ang nakakaapekto sa ating pananaw sa “ ang mga pasimula”
      a. modernong arkeolohiya (Mesopotamiang mga kahanay)
      b. modernong agham (kasalukuyang mga teorya)
      c. ang kasaysayan ng interpretasyon
         (1) Judaismo
         (2) sinaunang iglesya

      ang pambukas na literaturang yunit ng Bibliya na ipinakita ng kasaysayan, ngunit ilang mga bagay ang nagpabigla sa interpreter
      d. Mesopotamiang mga kahanay
      e. silanganing literaturang mga kaparaanan (dalawang tila mga tala ng paglikha)
      f. di-pangkaraniwang mga pangyayari
         (1) ang babae ay nilikha mula sa “tadyang”
         (2) ang nagsasalitang ahas
         (3) isang malaking bangka na may dalawa ng lahat ng mga hayop na nakasakay sa loob ng isang taon
         (4) paghahalo ng mga anghel at mga tao
         (5) mahabang buhay ng mga tao
      g. ilang mga paglalaro ng salita sa mga pangalan ng pangunahing mga karakter (cf. K. 3)
   3. Mga Kristyano ay kailangan na paalahanan kung paano ang NT ay muling nagbigay kahulugan sa Genesis 1 at 2 ayon sa liwanag kay Kristo. Siya ang kinatawan ng Ama sa paglikha (cf. Juan 1:3,10; I Corinto 8:6; Hebreo 1:2), ng parehong nakikita at di-nakikitang kaharian (cf. Colosas 1:16). Ang panibagong kapahayagan na ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng pag-iingat sa pagiging literal ng Genesis 1-3. Ang Trinidad ay kasangkot sa paglikha.
      1. Diyos Ama sa Genesis 1:1
      2. Diyos Espiritu sa Genesis 1:2
   3. Diyos Anak sa NT sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan. Ito ay maaring magpaliwanag sa mga PANGMARAMIHAN sa Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6

B. Ang Genesis 1-11 ay hindi isang siyentipikong dokumento, ngunit sa ilang mga paraan ang modernong siyensya ay inihanay ang presentasyon nito (pagkakasunod ng paglikha at heolohikal na mga antas). Hindi ito kontra-siyentipiko ngunit pre-siyentipiko. Ito ay nagpapakita ng katotohanan:

1. mula sa perspektibo ng mundo (isang tao na tagaobserba sa planetang ito)
2. mula sa isang penomolohikal na perspektibo (i.e. ang limang mga pandama; ang mga bagay sa paningin ng taong tagaobserba) Ito ay gumanap bilang tagapahayag ng katotohahan para sa maraming mga kultura sa loob ng maraming mga taon. Ito ay nagprepresenta ng katotohanan sa isang modernong siyentipikong kultura na walang partikular na pagpapaliwanag ng mga tagpuan.

C. Ito ay nakamamanghang maikli at malinaw, masining at napakagandang inilarawan.
1. mga bagay na hinati
2. mga bagay na hinubog
3. Mula sa magulo tungo sa pisikal na planetang hitik ng buhay

D. Ang mga sa paguunawa nito ay matatagpuan sa
1. kanyang dyanra
2. relasyon nito sa kanyang sariling panahon nito (tignan John H. Walton, *The Lost World*
3. istruktura nito
4. monoteismo nito
5. Teolohikal na layunin nito

Ang interpretasyon ay dapat na balanse:
1. ang pagintindi ng mga talata
2. ang sistematikong paguunawa ng lahat ng Kasulatan
3. dyanrang partikularidad

Ito ay nagpapakita ng pinagmulan ng pisikal na mga bagay ("at ito ay mabuti," cf. 1:31) at ang kasamaan ng mga bagay na ito (cf. Kabanata 3). Sa maraming mga paraan ang pangyayari kay Kristo ay isang baong paglikha at si Hesus ay ang panibagong Adan (cf. Roma 5:12-21). Ang panibagong panahon maaaring sukdulan isang pagpapanumbalik ng hardin ng Eden at ang matalik na pakikisama sa Diyos at sa mga hayop (ikumpara Genesis 1-2 sa Kapahayagan 21-22).

E. Ang dakilang katotohanan ng kabanatang ito ay hindi sa kung paano o kailan, ngunit ang <u>sino</u> at <u>paano</u>!

F. Ang Genesis ay nagpapakita ng tunay ng karunungan ngunit hindi lubusang karunungan. Ito ay ibinigay sa atin sa sinaunang (Mesopotamian) kaasipang mga anyo, ngunit ito ay walang pagkakamaling teolohikal na katotohanan. Ito ay may kaugnayan sa panahon nito, ngunit ito ay pangkalahatang natatangi. Ito ay nagsasalita ng di-maipapahayag, ngunit ito ay tunay na nagsasalita. Pangkaraniwan ito ay pananaw sa mundo (sino at bakit), hindi isang larawan ng mundo (paano at kailan).

G. Kung wala ang Genesis 1-3 ang Bibliya ay di-malirip. Pansinin kung paano mabilis gumalaw ang kuwento mula sa (1) kasalanan tungo sa pagtutubos at (2) sangakatauhan tungo sa Israel. Ang paglikha ay nagbubuo ng isang pangkalahatan ngunit lumilipas na piraso ng tala ng pagpili ng Diyos sa Israel para sa layunin ng sandaigdigang pagtutubos (cf. Genesis 3:15; 12:3; 22:18; Exodo 19:5-6 at Juan 3:16; Gawa 3:25; Galacia 3:8; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).

H. Ang iyong sagot sa katanungang, "Ano ang layunin ng Inspirasyon at Kapahayagan?" ay makakaapekto sa paraan ng iyong pagtingin sa Genesis 1. Kung nakikita mo ang layunin bilang pagbibigay ng mga katotohanan patungkol sa paglikha, makikita mo ito ng isang direksyon (i.e. proposisyonal na mga katotohanan). Kung nakikita mo ito bilang pagdadala ng pangkalahatang mga katotohanan patungkol sa Diyos , sangkatauhan, at kasalanan, magkagayon posible na makikita mo ito sa teolohikal (i.e. paradigmatiko). Kung, gayunpaman, nakikiya mo ang karaniwang layunin bilang pagtatatag ng relasyon sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, posibleng iba naman (i.e. eksistensyal).

I. Ang seksyong ito ng Genesis ay siguradong teolohikal. Gaya ng mga salot sa Exodus ay nagpakita ng kapangyarihan ni YHWH sa kalikasan laban sa mga diyos ng Ehipto, Genesis 1,2 ay maaaring

magpakita ng kapangyarihan ni YHWH laban sa astral na mga diyos ng Mesopotamia. Ang pangunahing paksa ay ang Diyos. Ang Diyos lamang ang gumawa nito para sa Kanyang sariling mga layunin.

J. Ako ay namangha sa aking sariling kamangmangan! Ako ay nangilabot sa aking sariling historikal, kulural, at denominasyonal na pagkokondisyon! Anong makapangyarihang Diyos ang ating pinaglilingkuran! Anong kamangha-manghang Diyos ang umabot sa atin (maging sa ating rebelyon)! Ang Bibliya ay ang balanseng pag-ibig at kapangyarihan; biyaya at katarungan! Mas higit tayong nakakaunawa mas lalong marami tayong di-nalalaman!

K. Narito ang mga pangunahing mga paglapit sa ilang mga makatutulong na mga aklat:
1. Genesis 1-2 ay binigyan kahulugan kasama sa mga linya ng modernong siyensiya:
   a. Bernard Ramm's *The Christian View of Science and Scripture* (mabuting siyentipiko at teolohikal)
   b. Hugh Ross' *Creation and Time* and *The Genesis Question* (mabuting siyentipiko ngunit mahina sa teolohikal)
   c. Harry Peo and Jimmy Davis' *Science and Faith: An Evangelical Dialog* (labis na makakatulong)
   d. Darrel R. Falk, *Coming to Peace with Science: Bridging the Worlds Between Faith and Biology* (ebanghelikal na paglapit sa may-diyos na ebolusyon)
   e. Francis S. Collins, *The Language of God*
   f. Fazale Rana at Hugh Ross, *WhoWas Adan?*
2. Genesis 1-2 binigyan kahulugan ayon sa sinauang Near Eastern na mga kahanay
   a. R. K. Harrison's *Introduction to the Old Testament* and *New Testament Times*
   b. John H. Walton's *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Konteksto*
   c. K. A. Kitchen's *Ancient Orient and Old Testament*
   d. Edwin M. Yamauchi's *The Stones and the Scriptures*
3. Genesis 1-2 binigyan kahulugan kaalinsunod sa teolohiya mula sa LaSor, Hubbard at Bush na *Old Testament Survey*
   a. "Ang literaturang kagamitan ay matatagpuan rin sa mga pangalan na ginamit. Ang pagsusulatan ng mga pangalan na may kasamang mga katungkulan ng tao o gawain ay kapansin-pansin sa ilang mga kalagayan. Ang Adan nangangahulugang "sangkatauhan" at ang Eba ay "(siya na nagbibigay ng) buhay." Siguradong, kapag ang may-akda ng kuwento ay nagpangalan sa prinsipal na mga karakter Sangkatauhan at Buhay, isang bagay ang ipinararating patungkol sa antas ng pagiging literal na ninais! Gaya rin ng Cain ay nangangahulugang "manghuhuwad (ng mga metal)"; Si Enoch ay ikinonekta sa "dedikasyon, konsekrasyon" (4:17; 5:18); Si Jubal ay may tambuli at trumpeta (4:21); habang si Cain, kinondena na maging nad, isang "taong gala," lumisan at namuhay sa lupain ng *Nod*, isang pangalan na malinaw na nagmula sa kaparehong Hebreong ugat, sa gayon ay lupain ng mga gumagala! Ito ay nagsusuhestyon na ang may-akda ay sumusulat bilang isang masining, isang mananalaysay, na gumagamit ng literaturang kagamitan at pakana. Dapat na pagsumikapan ng isa na alamin kung ano ang kanyang ninais na ituro mula sa literaturang mga kaparaanang ibinigay" p. 72.
   b. ang teolohikal implikasyon ng Genesis 1-11:
      "*Implikasyon para sa Genesis 1-11*. Nakikilala ang literaturang kaparaanan at anyo at napapansin ang literaturang kinaligiran ng kab. 1-11 ay hindi bumubuo ng isang paghamon sa realidad, ang "kinalalabasan ,"ng mga katotohanan ang ipinapakita. Ang isa ay kinakaalingang hindi ituring ang talang ito na isang gawa-gawa; gayunpaman, hindi ito "kasaysayan" sa modernong pakahulugan ng mga saksi, obhektibong pag-uulat. Manapa, ito ay nagdadala ng teolohikal na mga katotohanan patungkol sa mga

pangyayari, na inilarawan sa mas malakaking simbolikong, panlarawang literaturang dyanra. Ito ay hindi pagsasabi na ang Genesis 1-11 ay nagdadala ng historikal na kasinungalingan. Na ang konklusyon ay susunod lamang kung ito ay nagtatangka na maglaman ng obhektibong mga paglalarawan. Ang malinaw na ebidensya na nasuri na ay nagpapakita na yaon ay ang hindi tiyak na intensyon. Sa kabilang dako, ang pagnanaw na ang mga katotohanan ay itunuro sa mga kabanatang ito ay walang obehktibong basehan ay isang kamalian. Sila ay sumasangayon sa mga pangunahing katotohanan: ang paglikha sa lahat ng bagay ng Diyos; espesyal na banal na pamamagitan sa pagbubuo ng unang lalake at babae; pagkakakisa ng sansinukob; makasaserdoteng kabutihan ng nilikhang mundo, kasama na ang sangkatauhan; pagpasok ng kasalanan sa pamamagitan ng pagsuway ng unang pares; kabuktutan at palasak na kasalanan pagkatapos ng Pagbagsak. Lahat ng mga katotohanang ito ay pawang mga totoo, at ang kanilang katiyakan ay nagpapahiwatig ng realidad ng mga katotohanan. Kung ilalagay sa ibang paraan, ang biblikal na may-akda ay gumagamit ng tiyak literaturang mga tradisyon upang ilarawan ang natatanging unang panahong mga pangyayari na walang pagkokondisyon ng panahon, pagkondisyon ng tao, nakabatay sa karanasang historikal na analohiya at magkagayon ay inilarawan lamang sa pamamagitan ng simbolo. Ang kaparehong problema ay lumilitaw sa sa katapusan: ang biblikal na may-akda naroon, sa aklat ng Pahayag, kumupkop ng esoterikong imahe at nagsangkot ng literaturang pakana ng apokaliptiko" p. 74.

c. Kung ito ay totoo na ang isang wika ay sinalita sa Genesis 1-10 (cf. Samuel Noah Kramer, *The Babel of Tongues: A Sumerian Version*, "Journal of the American Oriental Society, 88:108-11), samakatuwid ito ay nangangailangan ng malinaw na pagsasaad na hindi ito Hebreo. Samakatuwid, lahat ng mga Hebreong salita na paglalaro ay mula sa panahon ni Moses o sa patriyarkal na pasalitang mga tradisyon. Ito ang nagbeberepika sa panitikang kalikasan ng Genesis 1-11.

4. Nais ko na gumawa ng personal na komento. Mahal ko at ikinalulugod ko yaong mahal at ikinalulugod ang Bibliya. Ako ay labis na nagpapasalamat sa mga tao na kinuha ang mensahe nito bilang kinasihan, awtoratibong mensahe mula sa Iisang tunay na Diyos. Lahat tayo na nag-aaral ng Kasulatan ay nagtatangka na sumamba at magbigay lugod sa Diyos sa ating mga isipan (cf. Mateo 22:37). Ang katotohanan na tayo bilang indibidwal na mga mananampalataya lumalapit sa Bibliya na magkakaiba ay hindi isang aspeto ng kawalan paniniwala o rebelyon ngunit isang akto ng matapat na debosyon at isang pagtatangka na maunawaan upang maisama ang katotohanan ng Diyos sa ating mga buhay. Habang mas higit kong pinag-aaralan ang Genesis 1-11 at para sa bagay na iyan ang aklat ng Pahayag, akin ito nauunawaan na totoo ngunit literatura, at hindi literal. Ang susi sa pagbibigay kahulugan sa Bibliya ay hindi sa aking paglalapat ng personal na pilosopikal o hermenyutikal na grid sa teksto ngunit pagpapahintulot sa intensyon ng kinasihang orihinal na mga may-akda na lubusang maipahayag nila ang kanilang mga sarili. Ang tanggapin ang literatura pasahe at maghangad na ito ay maging literal habang ang teksto mismo ay nagbibigay ng palatandaan sa simboliko at matalainghagang kalikasan ay nagpapapataw sa aking pagkiling sa banal na mensahe. Ang Dyanra (tipo ng literatura) ay ang susi sa teolohikal na pag-uunawa ng "paano ang lahat ng ito ay nagsimula" at "paano ito ay magtatapos." Ikinalulugod ko ang sinsiredad at pagtupad sa pangako ng iilan, sa anumang kadahilanan, madalas ay personalidad na katangian o propesyonal na pagsasanay, ay binigyan kahulugan ang Bibliya sa moderno, literal, kanluraning mga kategorya, na sa katunayan ito ay isang sinaunang silanganing aklat. Sinasabi ko ang lahat ng ito na ako ay nagpapasalamat sa Diyos para doon sa lumalapit sa Genesis 1-11 na may kasamang presuposisyon na hindi ko personal na kinababahagian, dahil sa alam ko na sila ay makatutulong, nagpapalakas ng loob at umaabot sa mga tao na may

kaparehong personalidad at mga prespektibo na magmahal, magtiwala at gamitin ang Aklat ng Diyos sa kanilang mga buhay! Gayunpaman, hindi ako sumasang-ayon na ang Genesis 1-11 o ang aklat ng Pahayag ay dapat na lapitan ng literal, maging ito man ay ang Paglikha Research Society (i.e. batang mundo) o Hugh Ross na Reasons to Believe (i.e. matandang mundo). Para sa akin ang seksyong ito ng Bibliya na nagbibigay diin sa "Sino" at "bakit" hindi ang "paano" at "kailan" ng paglikha. Aking tinatanggap ang sinsiredad ng moderno siyensiya sa pag-aaral ng mga pisikal na aspeto ng paglikha. Aking itinatakwill ang "naturalismo" (i.e. lahat ng buhay ay isang pagkakataon ng paghubog ng natural na mga proseso), ngunit tiyak na nakikita ang proseso bilang isang balido at naipapakitang aspeto ng ating mundo at sandaigdigan. Naisip ko na ang Diyos ang nag-utos at gumamit ng proseso. Ngunit ang natural na mga proseso ay hindi naipaliwanag ang pagkakaiba at kaguluhan ng buhay, kasulukuyan at nakalipas. Upang tunay na maunawaan ang pangkasalukuyang realidad kinakailangan ko ang parehong teoretikal na mga modelo ng modernong siyensiya at ang teolohikal na mga modelo ng Genesis 1-11. Ang Genesis 1-11 ay isang teolohikal na pangangailangan pata sa pag-uunawa ng nalalabi ng Bibliya ngunit ito ay isang sinaunang, literatura, maikli at malinaw, masining, silanganing presentasyon, hindi isang literal, modernong, kanluraning presentasyon.

Bahagi ng Bibliya ay siguradong historikal na pagsasalaysay. Mayroong lugar para sa literal na pagbibigay kahulugan sa Kasulatan: mayroong pagkakatawag kay Abraham, ang Exodo, ang birheng kapanganakan, ang Kalbaryo, ang muling pagkabuhay; mayroong ikalawang pagdating at walang hanggang kaharian. Ang katanungan ay sa isang dyanra, hindi realidad, ng intensyon ng may-akda, hindi personal na mga pagtatangi sa interpretasyon. Hayaaan ang lahat ng tao ay sinungaling--at ang Diyos ang maging totoo (cf. Roma 3:4)!!!

## NATATANGING PAKSA: ANG PANAHON AT ANG PAGBUO NG MUNDO

I. Ang lugar na ito ng pag-aaral ay may pagkiling dahil sa mga palagay na dapat gawin upang tugisin ang pag-iisip ng rasyonal patungkol sa paksa. Ang mga palagay ay dapat na nakapokus sa pagtatasa ng magkakaibang mga opinyon na ipinahayag ng mga kosmolohiyo, heolohiyo at magkaugnay na mga siyensiya kumpara sa teolohikal pagkakaunawa at mga interpretasyon.

II. Para sa siyensiya ang tila mga palagay ay:
   A. ang tulin ng pagbabago (i.e. pisikal, kemikal at biolohikal) na naitala at nasukat sa mundo ngayon ay di-nagbabago sa nakalipas (i.e. unipormitarianismo, "ang kasalukuyan ang susi sa nakalipas")
   B. radyometrikong pagbibigay edad (tinawag na lubusang pagbibigay edad), na siyang kronolohikal na susi sa pagbibigay edad sa mundo at kosmikong mga pangyayari, ay tinataranta ng ilang mga palagay:
      1. ang orihinal komposisyon ng mga bato (i.e. na may kaugnayan sa magulang at anak na mga elemento ng di-matatag na atomikong mga elemento)
      2. ang eksaktong kalahating-buhay ng mga elementong ito
      3. ang temperatura ay nakakaapekto rin sa magulang at anak na mga porsyento sa isang sampol (i.e. panahon ng pagbuo at/o bulkanikong magma na mga bahagdan)
      4. Ang orihinal na pinagmulan at oras ng paglikha ng radyoaktib na mga elemento ay hindi tiyak. Ang mga kasalukuyang teorya ay nagsasaad na ang mas mabigat na mga elemento ay nilikha sa pamamagitan ng thermonuclear na mga reaksyon sa ikalawa at ikatlong henerasyon at ikinalat ng mga supernova.
   C. na ang anim na ipinalagay na pagkakasunod na mga prinsipyo ng heolohiya (tinawag na kaugnay na pagbibigay edad) ay nakaapekto sa paleontolohiya:

1. ang batas ng superposisyon - sa hindi ginambala pagkakasunod-sunod ng sedimentrayong mga bato, ang hanay ng patong patong sa itaas ay mas bata at ang bembe na patong patong sa ibaba ay mas matanda
2. ang prinsipyo ng orihinal pagkakahalang–patong ng mga rudimentaryang bato ay naimbak sa isang halos pahalang na talampas
3. ang prinsipyo ng krus-na pagputol na relasyon- kapag ang mba bato ay naputol o nawala sa ayos dahil sa pagkabiyak, sila ay dapat na mas matanda kaysa sa pagkabiyak.
4. ang prinsipyo ng paglalakip- ang mga masa ng bato na katabi ng bawat isa, ang isa ay madalas na may mga piraso ng mas mababa na nakalagay sa ibabaw na patong na nagkokompirma ng palagay bilang #1
5. ang prinsipyo ng pagkakalapit- ang mga bato ng magkaparehong katangian ngunit mula sa magkaibang mga lugar ay dapat na pareho, kapag ito ay hindi maisagawa magkagayon ang magkaparehong mga fossils ang ginamit upang ipakita ang magkaparehong mga petsa ng pagbuo
6. ang prinsipyo ng pagkakasunod ng fossils- ang mga organismo ng fossils ay sumusunod sa bawat isa sa isang tiyak at nalalamamang mga sekwensya:
   a. kalat na kalat na mga fossils
   b. limitado sa isang maikling heolohikal na panahon

III. Ilang mga komento ng mga siyentipiko

A. Karamihan ng mga siyentipiko ay napagtanto na nag tunay na siyensiya ay isang pag-aaral na kaparaanan na naghahangad na mailapit ang lahat ng nalalamang mga katotohanan at anomalya tungo sa isang masusulit na teorya. Ilang mga bagay sa pamamagitan ng kanilangpinakakatangian ay hindi masusuri.

B. Ilang mga komento mula sa mga siyentipiko patungkol sa mga siyentipikong palagay sa lugar na ito

1. “Ang doktrina (i.e. unipormitarianismo) ay hindi dapat kunin ng napakaliteral. Ang sabihin na ang heolohikal na mga proseso sa nakalipas ay pareho na gaya ng nangyari sa ngayon ay hindi pagmumungkahi na sila ay laging mayroong magkaparehong magkaugnay na kahalagahan at gumagalaw sa tumpak na magkaparehong tulin” (Tarbuck at Lutgens, *Earth Science*, 6th ed. p. 262).
2. “Napakahalagang maunawaan na ang tumpak na tumpak na radyometrikong pagbibigay edad ay makakamit lamang kung ang mineral ay nananattiling sa isang saradong sistema panahon ng periyod ng pagbuo nito; yan ay, isang wastong petsa ay hindi posible maliban na wala alinmang pagdaragdag o pagkawala ng magulang o anak na mga isotopes” (*Earth Science*, 6th ed. p. 276).
3. “Tayo ay madaling nagbibigay diin na ang unipormidad na ito ay isang pagpapalagay na ginagawa natin patungkol sa kalikasan, gaya rin sa isang doktrina sa halip na sa isang lohikal na napatunayang batas” (Dott at Balten, *Evolution of the Earth*, 4th ed. p. 44).
4. “Ang pagkabulok na mga konstant na kumikilalal sa radyoaktib na mga tulin, at namamahala sa relasyon sa pagitan ng isotopik na datus at ang kanilang karampatang radyo isotopik na mga edad ay di-eksaktong malalaman. Sa konsekuwensya, ang katumpakan ng ilang pinakawastong pagbibigay edad na mga paraan, gaya ng $^{40}Ar/^{39}Ar$ kaparaanan, ay maaring sa pagkakasunod ng kalakhan o mas higit na masama kaysa sa kanila presisyon (“Progress and challenges in geochronology” ni Renne, Ludwig at Karner sa *Science Progress* (2000), 83 (1), 107).
5. “Ang mga taong walang pagsasanay sa siyensiya ay maaring hindi makaunawa sa anumang radyometrikong pagbibigay edad na kaparaanan na maari lamang mapagtiwalaan para sa mga sampol na may mga edad na malapit sa kalahating-buhay ng

elementong tinatanong (Hugh Ross, *Reasons to Believe* newsletter).

IV. Ang mga palagay ay hindi natatangi sa siyentipikong komunidad ngunit halatang umiiral din sa relihoyosong komunidad

A. Ang mga tao ay naakit sa nagkakaisang prinsipyo o modelo na nagpapalapit sa kanilang pandamang karanasan at nagtutustos ng emosyonal na katatagan. Sa siyensiya ang nagpapapaisang prinsipyong ito ay naging "ebolusyon"

1. Theodosius Dobzhansky, "Changing man," *Science*, 155, 409-415, "Ebolusyon ay isang proseso na ang buhay ay nabuo mula sa walang buhay, na nagdala sa mga tao mula sa mga hayop, at maaring mahihinuhang magpapatuloy na gagawa ng kamangha-manghang bagay sa hinaharap."
2. Brian J. Alters and Sandra M. Alters, *Defining Evolution*, p. 104, "Ang Ebolusyon ay isang pangunahing konteksto ng lahat ng biolohikal na mga siyensiya...ang ebolusyon ay ang nagpapaliwanag na balangkas, ang nagpapaisang teorya. Ito ay hindi mawawalang sa pag-aaral ng biology, gaya ng sa atomik na teorya ay di mawawala sa pag-aaral ng chemistry."

B. Para sa maraming mga konserbatibong mga Kristyano ang nagpapaisang teorya (i.e. interpretasyon) ay naging ang literal na interpretasyon ng Genesis 1-3. Ito ay totoo sa batang mundo na literalista(*Creation Research Society* ay nagpepetsa sa mundo na mahigit 10,000 taon) at ang matandang mundong literalista(Reasons to Believe ay nagpepetsa sa mundo ayon sa modernong heolohiya na 4.6 bilyong taon). Ang interpretasyon ng isa sa Kasulatan ay nagiging lente na kung saan ang lahat titingin at maghuhusga. Hindi maaring mahahanapan ng kamalian ang pansariling pagpapalagay, dahil sa ang lahat na makataong kaalaman sa isang antas ay paunang-suposisyonal. Gayunpaman, ang paghuhusga sa isang presuposisyon ay krusyal para sa isang nararapat na paghuhusga ng kanilang mga "katotohanan"mga pahayag.

C. Ang pangunahing Kristyanismo ay sumusubok na bihisan ang kanyang sarili sa "siyentipikong" argumento kapag ang sentral na isyu ay ang hermenyutikal metodolohiya. Hindi ito pagpapahiwatig na ang "moderno ebolusyonaryong siyensiya" ay hindi pre-suposisyonal o na ang konklusyon nito ay hindi nahubog ng prioring pananaw sa mundo. Dapat tayong mag-ingat at analitikal ng pareho. Mayroon waring ebidensya sa parehong panig. Dapat kong tanungin ang aking sarili sa kung anong pagtingin ako ay natural, emosyonal o edukasyonal na naaakit (i.e. sariling-pagtupad na palagay)?

IV. Personal na konklusyon

A. Dahil sa ako ay teolohiyo, hindi siyentipiko, krusyal sa akin na basahin at intindihin ng higit sa aking makakaya mula sa modernong unipormitariyang siyensiya. Hindi ako personal na naiinis ng "Ebolusyon"ngunit ng "naturalismo" (isang depinisyong ginawang popular ni Carl Sagan ay, "ang daigdig ay ang lahat ng yaon, ang lahat na yaon ang magiging lahat ng yaon"). Aking napagtanto na ito ay pagkiling ngunit ang aking nagpapaisang teorya ay supernaturalismo at espesyal na paglikha ngunit hindi ko itinatanggi o nakadadama ng pagbabanta ng ebolusyon. Ang aking pangunahing pananaw ay may mayroong personal na Diyos na nagpasimula at nagdederekta sa proseso para sa isang layunin! Para sa akin "intelihenteng disenyo" ang nagiging mas resonableng teorya (cf. M. J. Behe, *Darwin's Black Box* at William A. Demski, ed. *Mere Creation: Science, Faith and Intelligent Design*). Ang "pagkawalang tiyak na layunin" ng Ebolusyon at ang "walang ahenteng" ng naturalismo ang nagdulot sa aking ng sakit at pagkalito. Ang proseso ayhalatang bahagi ng buhay. Dapat akong maging tiyak na hindi ko niyayakap ang anumang komportable ng walang paghuhusga. Sinubukan kong alamin ang aking mga palagay:

1. Genesis 1-3 (at para sa bagay na iyan, marami sa aklat ng Pahayag), ay hindi ninais

sa pamamagitan ng orihinal na kinasihang may-akda na kunin ito ng literal. "Paano ang lahat ay nagsimula" at "paano ang lahat ng ito ay magwawakas" ay tinakluban (at dapat para sa makasalanang sangkatauhan) sa literatura dyanra.

2. Ebolusyon ay halata sa ilang mga antas ("pahalang na Ebolusyon," "mikro-Ebolusyon," Ebolusyon sa loob ng mga uri ng hayop) ngunit hindi lamang ang natatanging nagpapapisang sangkap para sa buhay sa planetang ito o maging paghuhubog ng sandaigdigan. Mayroong misteryo rito! Komportable ang pakiramdam ko sa Bibliya (i.e. epesyal na kapahayagan) na nagsasabi sa akin ng "Sino" at ang "bakit" at ang kalikasan (i.e. natural na kapahayagan), na ang, moderno siyentipikong pagsasaliksik, ang nagsasabi sa akin ng "paano" at ang "kailan" batay sa umuunlad na mga modelo at mga
3. Maging ang sukdulang realidad ng "theistic na Ebolusyon" ay hindi magdudulot sa akin na itakwil ang alinman sa aking mga pananampalatayang pala. Tignan Darrel R. Falk, *Coming to Peace with Science: Bridging the World's Between Faith and Biology* at Francis S. Collins, *The Language of God*. Mayroon din akong mga pananampalatayang palagay (na gaya rin ninyo)! Ang aking pananaw sa mundo ay biblikal na Kristyanismo. Ang aking larawan ng mundo ay lumalaki at nagbabagong kaunawaan.

V. Ang "tunay" edad ng mundo ay hindi ang isyu sa aking teolohiya maliban sa:

1. Ang tila "Big Bang" na konsepto ng universal organisasyon ng bagay na nagsasaad ng isang pasimula sa sandaigdigan ay wari naglilimita sa mga posibilidad ng walang limitasyong oras para sa Ebolusyonaryong paghubog (i.e. naturalismo).
2. Ang pagsisimula at ang pagtigil sa mga talaan ng fossil ay maaring magpahiwatig ng "ginambalang balanse" na nagsasaad na ang ebolusyonaryong pagkakataon ay lumitaw ng pabigla (posibleng nagpapatuloy na mga akto ng paglikga ng Diyos) at hindi kinakailangan lamang ng paunti-unitng pagbabago sa paglipas ng panahon.
3. Ang matandang mundo at ang kasalukuyang espesyal na paglikha ng sangkatauhan ay isang pre-suposisyonal na modelo.
   Pinili ko na yakapin hanggang sa aking maunawaanng higit mula sa aking pag-aaral ng Bibliya, arkeolohiya at modernong siyensiya. Ang pagkakasunod ng mga ito ay nagpapakita ng aking pagkiling (ngunit lahat tayo ay meron nila)!
4. Ang siyensiya ay hindi isang kaaway sa akin, o isang tagapagligtas! Napakasayang mabuhay sa panahon na ito ng lumalagong kaalaman! Nakakaginhawa na maging isang maalam na mananampalataya sa hermenyutik! Ang pagsasama ng pananampalataya at kaisipan, o ang Bibliya at Siyensiya, na may kredibilidad, ay isang kahanga-hangang posibilidad.

VI. Pangkasalukuyang mga palagay patungkol sa edad ng mundo

A. Ang radyometrikong pagbibigay edad ng mga bato sa buwan at mga bulalakaw ay hindi nagbabago sa loob ng 4.6 bilyong mga taon. Sila ay naglalaman ng kaparehong mga elemento na gaya ng mga planeta sa solar system kaya ang interperensiya ay ang ating araw at ang mga kasamang mga planeta nito, mga kometa at mga asteroid ay nabuo sa panahon na ito. Ang pinakamatandang mga bato sa mundo ay nabigyan ng edad sa pamamagitan ng radyometriko ng mahigit 3.8 bilyong mga taon.
B. Ang petsa para sa supernatural na paglikha ng unang pares ng (Homo sapiens) ay mas higit na mahirap na isyu ngunit ito ay nasa sampung libong grado na lawak, posibleng 40,000. Tignan Fazale Rana at Hugh Ross, *Who was Adam?*.

   Ang panahon ay ang tanging isyu para sa ating mga nilikha sa kronolohikal na banghay ng oras. Ang Diyos ay hindi apektado ng paglipas ng oras. Ako ay naniniwala na ang mundo at ang kapaligiran nito ay nilikha sa paglipas ng panahon para sa partikular na layunin ng pagbibigay ng isang "lugar" para sa Diyos upang makisama sa Kanyang

pinakamataas na nilikha, na nilalang Niya ayon sa Kanyang wangis. Ang tanging pinagkunan para sa mga paniniwalang ito ay ang kinasihang Bibliya. Ako ay kumakapit dito at pinahihintulutan ang modernong siyensiya na magparami sa aking pag-uunawa ng mga pisikal na aspeto ng malikhaing aktibidad ng Diyos!

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-5

**[1]Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa. [2]At ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman; at ang Espiritu ng Diyos ay sumasa ibabaw ng tubig [3]At sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag"; at nagkaroon ng liwanag. [4]At nakita ng Diyos ang liwanag na mabuti, at inihiwalay ng Diyos ang liwanag sa kadiliman. [5]At tinawag ng Diyos ang liwanag na Araw, at tinawag niya ang kadiliman na Gabi. At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw.**

**1:1 "Nang pasimula"** *Bereshith* (BDB 912) ay ang Hebreong titulo ng aklat. Nakuha natin ang *Genesis* mula sa Septuagint na salin. Ito ang pasimula ng kasaysayan ngunit hindi ang aktibidad ng Diyos (cf. Mateo 25:34; Juan 17:5,25; Efeso 1:4; Tito 1:2; II Timoteo 1:9; I Pedro 1:19-20; Kapahayagan 13:8). Si R. K. Harrison ay nagsasabi na dapat ito ay maisalin bilang "ang paraan ng pasimula" (*Introduction to the Old Testament*, p. 542 talababa 3). John H. Walton, *The Lost World of Genesis One* says it introduces a period of time (p. 45).

▣ **"Diyos"** *Elohim* (BDB 43) ay isang PANGMARAMIHAN na anyo ng pangkalahatang pangalan para sa Diyos sa sinaunang Near East, El (BDB 42). Kapag tumutukoy sa Diyos ng Israel ang PANDIWA ay madalas (6 eksepsyon) PANG-ISAHAN. Ang mga rabi ay nagsabi na ito ay nagsasalita sa Diyos bilang manlilikha, tagatustos at tagatukod ng lahat ng buhay sa planeta ng mundo (cf. Awit 19:1- 6; 104). Pansinin kung gaano kadalas na gamitin ang salitang ito sa Kabanata 1.

Ako ay naniniwala na ang talatang ito ay nagsasariling sugnay: Si Ibn Ezra ay nagsasabi na ito ay nagsasariling sugnay na may pagbibigay diin sa on v. 2 habang si Rashi ay nagsasabi na ang v. 2 ay isang panaklong at ang pagbibigay diin ay sa v. 3. Ang mga modernong dispensesyonal na mga komentarista ay nagsabi na ang v. 1 ay isang nagsasariling sugnay upang suportahan ang kanilang pananaw sa naunang pagbagsak (ang pagitang teorya). Pansinin na walang paliwanag sa pinagmulan ng Diyos. Hindi ito maramdaming nagsasaad ng ang Diyos ang naglikha ng bagay at hindi nagayos ng umiiral na bagay (Griyegong kosmolohiya). Sa Enuma Elish, (Babylonian paglikha tala), gaya ng Griyegong kaisipan, Espritu (na isang mabuti) at materyal (na masama) ay mga co-eternal. Ang Bibliya ay hindi nagtalakay o nagpahayag ng pinagmulan ng Diyos. Siya ay laging umiiral (cf. Awit 90:2). Mayroong tiyak na misteryo rito. Ang sangkatauhan ay hindi simpleng maarok ang kabuuan ng Diyos! Ang talakayang ito ng mga sugnay ay isang teolohikal na kahalagahan. Ang Jewish Publication Society of America ay isinalin ang Genesis 1:1 pansamantalang sugnay, "Kapag ang Diyos ay sinimulan likhain ang langit at ang mundo, ang mundo na walang anyo at walang laman . . ." Ang salin na ito ay maaring magbuod na ang Diyos at materyal ay parehong co-eternal gaya ng sa Griyegong kosmolohiya (cf. "Creation and Cosmology" sa *Encyclopedia Judaica*, vol. 5, p. 1059). Ang Sumerian tala ng paglikha, *Enuma Elish*, ay nagsisimula kasama ng "nang sa pasimula. . ." Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 2:4.

▣ **"nilikha"** *Bara* (cf. 1:1,21,27; 2:3,4) ay ang Hebreong PANDIWA (BDB 135, KB 153, *Qal* GANAP) ginamit ng eksklusibo para sa malikhaing aktibidad ng Diyos. Ang pangunahing kahulugan nito ay ang ayusin sa pamamagitan ng pagputol. Ginusto ng Diyos na lumitaw ang lahat ng bagay maliban sa Kanya. Awit 33:6,9; Hebreo 11:3 at II Pedro 3:5 ay nagpresenta ng paglikha (kosmolohiya)sa

pamamagitan ng binigkas na salita ng Diyos (*fiat*) mula sa wala (*ex nihilo*), bagamat ang tubig ay hindi kailanman sinabing na nilikha (cf. Genesis 1:2). Ang Griyego (gnostic) at Mesopotamian pilosopiya ay nagbibigay diin sa eternal dualismo sa pagitan ng "espiritu" at "materyal." Anoman ang ipinahihiwatig ng *bara* ito ay tumutugma sa aktibidad at layunin ng Diyos!

Ang Bibliya ay nagsasaad na ang paglikha ay punto ng pagsisimula. Ang dalawaput-isang siyensiya ay kinikilala ito bilang ang "big bang." Ang Naturalismo ay hindi makapagsasabi ngayon ng walang limitasyong regresyon pabalik sa panahon. Gayunpaman, posible na ang Genesis 1 tumutukoy ay tumutukoy sa gumaganang mundo, hindi materyal na pasimula ng mga bagay (John H. Walton, *The Lost World of Genesis One*).

▣ **"ang langit"** Ang salitang "kalangita" (BDB 1029) ay maaring gamitin sa ilang mga pakahulugan:

1. ito ay tumutukoy sa atmospera ng mundo gaya ng sa vv. 8 at 20;
2. ito ay maaring tumutukoy sa kabuuang kosmos (i.e. lahat ng umiiral na materya); o
3. ito ay maaring tumutukoy sa paglikha ng lahat na nakikita (materyall) at di-nakikita (mga anghel, ang langit bilang trono ng Diyos). Kung ang opsyon tatlo ay totoo samakatuwid isang kahanay ay maaring ang Colosas 1:16. Kung hindi, samakatuwid ang Genesis 1 ay nakapokus lamang sa paglikha ng planetang ito. Ang Bibliya ay nagbibigay diin sa geosentrik na perspektibo (i.e. paglikha na tinignan bilang isang tagapanuod sa planetang ito ay maaring naobserbahan ito). Ang ilan ay magsasabi na ang Genesis 1 ay tumatalakay sa paglikha ng daigdig (i.e. araw, buwan, mga bituin, at kalawakan), habang ang Genesis 2-3 ay nakapokus sa planetang ito at sa paglikha ng sangkatauhan. Ito ay siguradong posible sapagkat ang mga kabanata 2-4 ay bumubuo ng isang literatura yunit. Sa parehong (i.e. Genesis 1 at 2-4) paglikha is geosentrikoc (i.e. nakapokus sa mundo).

▣ **"ang lupa"** Ang termino (BDB 75) ay maaring tumutukoy sa isang partikular na lupain, bansa o buong planeta. Ang Genesis 1 ay inaaming geosentrik (cf. v. 15). Ito ay tumutugma sa teolohikal na layunin ng kabanata, hindi siyensiya. Tandaan na ang Bibliya ay isinulat sa wika ng paglalarawan para sa teolohikal na mga layunin. Hindi ito kontra-siyentipiko,ngunit pre-siyentipiko.

**1:2 "At ang lupa ay"** Ang PANDIWA (BDB 224, KB 243, Qal GANAP) ay maaring bihira lamang na maisalin na "naging." Sa gramatikal at kontekstwal "ay" ay mas pinipili. Huwag mo hayaan ang iyong (i.e dispensesyonal premillennial) pre-suposisyonal na teolohiya ng dalawa ay bumagsak (ang pagitang teorya) at makaapekto sa pagiintindi sa teksto.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"walang anyo at walang laman"** |
| **NKJV** | **"walang anyo, at laman"** |
| **NRSV, NJB** | **"isang walang anyo't laman"** |
| **TEV** | **"walang anyo at mapanglaw" NIV** |
| | **"walang hubog at walang laman"** |
| **REB** | **"isang napakalawak na tira-tira"** |
| **SEPT** | **"di-nakikitata at walang kagamitan"** |
| **JPSOA** | **"di-buo at walang laman"** |

Ang dalawang ito na mga termino ay matatagpuan sa BDB 1062, KB 1688-1690 at BDB 96, KB 111. Ito ba ay nagpapahiwatig ng tubig lamang? Ang mundo ay nagbabagong anyo (i.e. tectonic na mga gulod) nagpapatuloy (i.e. isang orihinal na kontinente na tinawag na Pangea ay naging ilang mga kontinente). Ang katanungan muli ay ang edad ng mundo. Ang mga salitang ito ay lumitaw ng magkasama sa Jeremias 4:23. Sila ay ginamit sa Sumerian at Babylonian mga tala ng paglikha ngunit

sa alamat na pakahulugan. Ang estadong ito ng paglikha ay nagpapakita na ang Diyos ay ginamit ang progresibong proseso sa isang di-natitirhang mundo (cf. Isaias 45:18). Ang dalawang mga salita ito ay naglalarawan, hindi sa pasimula ng bagay o materyal, ngunit sa estado ng di-nahubog hindi-gumaganang sistema (John H. Walton, *The Lost World of Genesis One* p. 49). Hindi pa ito handa sa sangkatauhan!

▣ **"kadiliman"** Ang terminong ito(BDB 365) ay hindi kumakatawan sa kasamaan, ngunit sa orihinal na kaguluhan. Ang Diyos ay pinangalanan ang kadiliman sa v. 5 gaya ng ginawa niya sa Liwanag. Ang dalawang mga terminong ito, bagamat madalas na ginamit sa Bibliya upang magpakita ng espiritwal na mga realidad, dito ay kumakatawang mga orihinal pisikal na mga kondisyon.

▣ **"ang kalaliman"** Ang Hebreong termino ay *tehom* (BDB 1062 #3, KB 1690-91). Isang kahawig, ngunit magkaiba, Semitic na ugat ay binigyan katauhan bilang *Tiamat* sa Sumerian at Babylonian paglikha mga katha-katha bilang ang dambuhala ng kaguluhan at ang ina ng mga diyos, asawa ni Apsu. Sinubukan niyang patayin ang mas mababang diyos na nagmula sa kanya. Si Marduk ay pinatay siya. Mula sa kanyang katawan si Marduk ay ginawa ang langit at ang mundo sa Babylonian Genesis na tinawag na *Enuma Elish*. Ang mga Hebreo ay naniniwala na ang tubig ang pasimulang elemento ng paglikha (cf. Awit 24:1-2; 104:6; II Pedro 3:5). Hindi ito kailanman na sinabing nilikha. Gayunpaman, ang Hebreong termino ay panglalake, hindi pambabae at ito walang kinalaman ng etimolohikal sa Tiamat.

May mga sipi sa OT na naglalarawan kay YHWH na may alitan sa binigyan katauhan ng matubig na kaguluhan (cf. Awit 74:13-14; 89:9-10; 104:6-7; Isaias 51:9-10). Gayunpaman, ang mga ito ay laging sa patulam metaporikal na mga sipi. Ang tubig ay isang krusyal na aspeto ng paglikha (cf. 1:2b,6-7).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV,** | |
| **TEV, NIV** | **"ang Espiritu ng Diyos"** |
| **NRSV, JPSOA** | **"isang hangin mula sa Diyos"** |
| **NJB** | **"isang banal na hanging"** |
| **REB** | **"ang espiritu ng Diyos"** |
| **SEPT** | **"isang hininga ng Diyos"** |

Ang Hebreong termino *ruach* (BDB 924) at ang Griyegong termino *pneuma* (cf. Juan 3:5,8) ay maaring mangahulugan na "espiritu," "hininga " o "hangin" (cf. Juan 3:5,8). Ang Espiritu ay madalas na isinasama sa paglikha (cf. Genesis 1:2; Job 26:13; Awit 104:29-30; 147:14-18). Ang OT ay hindi malinaw na nagpaliwanag sa kaugnayan sa pagitan ng Diyos at sa Espiritu. Sa Job 28:26-28; Awit 104:24 at Kawikaan 3:19; 8:22-23 ang Diyos ay gumamit ng karunungan (isang pambababe na pangalan) upang maglika ng lahat ng bagay. Sa NT si Hesus ay sinasabing ang ajente ng Diyos sa paglikha (cf. Juan 1:1-3; I Corinto 8:6; Colosas 1:15-17; Hebreo 1:2-3). Gaya ng sa pagtutubos, gayundin sa, paglikha, lahat ng tatlong persona ng pagkaDiyos ay kasangkot. Ang Genesis 1 mismo ay hindi binigyan diin ang ikalawang kadahilanan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, TEV** | **"suamasaibabaw"** |
| **NKJV, NIV** | **"umaaligid"** |
| **NRSV** | **"tinangay"** |
| **NJB** | **"tumatangay"** |

Ang terminong ito (BDB 934, KB 1219, *Piel* PANDIWARI) ay hinubog ang konotasyon ng

“halimhim” o “aktibong pagaaligid” (cf. JB). Ito ay isang inang ibon na salita (cf. Exodo 19:4; Deutronomio 32:11; Isaias 31:5; 40:31; Hosea 3; 11:4). Wala itong kinalaman sa Phoenician kosmolohiya na nagsasaad na ang mundo ay nagmula sa isang itlog, ngunit isang pambabaeng talinghaga para sa aktibong magulang na pag-aaruga ng Diyos, gaya na rin sa paguhubog ng Kanyang paglikha sa maagang yugtong ito!

**1:3 “sinabi ng Diyos**” Ito ay ang teolohikal na konsepto ng paglikha ng binigkas na salita, na gumagamit ng Latin na salita *fiat* (cf. 9,14,20,24,29; Awit 33:6; 148:5; II Corinto 4:6; Hebreo 11:3). Ito ay madalas na inilarawan bilang “mula sa wala ang bagay ay lumitaw gamit ang,” sa pamamagitan ng utos ng Diyos, na ginagamit ang pariralang Latin *ex nihilo* (cf. II Macc. 7:28). Gayunpaman, posibleng ang Genesis 1 ay hindi patungkol sa orihinal paglikha ng materyal ngunit sa pagsasaayos ng umiiral na mga materyal (cf. John H. Walton, *The Lost World of Genesis One*, p. 54ff).

Ang kapangyarihan ng binigkas na salita ay makikita rin sa:

1. ang patriyarkal na pagpapala
2. ang sariling pagtupad Diyos sa pagtutubos na salita, Isaias 55:6-13, lalo na v. 11
3. si Hesus bilang ang Salita sa Juan 1:1 at
4. si Hesus na bumabalik na may dalawang-talim na mga salita sa Kanyang bibig (cf. II Tesalonica 2:8; Hebreo 4:12; Kapahayagan 1:6; 2:12,16; 19:15,21). Ito ay isang idyomatikong paraan ng paglikha sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos gamit ang kaisipan at salita. Ano man ang nais ng Diyos, ay nangyayari!

▣ **“Magkaroon ng”** Ang mga ito ay JUSSIVES (cf. vv. 3, 6[dalawang beses], 9[dalawang beses sa kahulugan, hindi anyo], 11, 14, 20[dalawang beses sa kahulugan hindi sa anyo], 22, 24, 26[sa kahuluhan hindi sa anyo]).

**1:4 “nakita ng Diyos ang liwanag na mabuti”** (vv. 4,10,12,18,21,25,31) Lahat ng nilikha ay mabuti (cf. 1:31). Ang kasamaan ay hindi bahagi sa orihinal na paglikha ng Diyos, ngunit isang pagbaluktot ng kabutihan. “Mabuti” dito ay posibleng nangangahulugang “tugma sa kanyang layunin” (cf. Isaias 41:7) o “likas na walang kamalian” (BDB 373).

▣ **“inihiwalay ng Diyos”** Ang PANDIWA (BDB 95, KB 110, *Hiphil* DI-GANAP) ay katangian ng kung paan ang Diyos ang naghubog sa Kanyang nilikha. Hinati Niya (KJV) at nagsimula ng mga panibagong mga bagay (cf. vv. 4,6,7,14,18).

▣ **“ang liwanag liwanag”** Tandaan na wala pang araw muna. Maging maingat na hindi maging dogmatiko patungkol sa pagkakasunod ng 24 na oras para sa mundo na umikot na hindi pa naging palagian sa kabuuan ng kasaysayan ng mundo). Ang liwanag (BDB 21) ay isang biblikal na simbolo ng buhay, kalinisan, at katotohanan (cf. Job 33:30; Awit 56:13; 112:4; Isaias 58:8,10; 59:9; 60:1-3; Juan 1:5-9; II Corinto 4:6). Sa Pahayag 22:5 mayroong liwanag na walang araw. Pansinin rin na ang kadiliman ay nilikha (cf. Isaias 45:7) at pinangalanan ng Diyos (cf. v. 5) na nagpapakita ng Kanyang pagkontrol (cf. Awit 74:16; 104:20-23; 139:12). Si John H. Walton, *The Lost World of Genesis One* (p. 55ff), ay ibinatay ang mga talata 4 at 5,ay nagsasaad na ito nangangahulugang “isang periyod ng liwanag,” hindi ang pinagmulan ng araw.

**1:5 “tinawag ng Diyos”** (vv. 8,10) Ang pagpapangalan na ito ay nagpapakita ng pagmamay-ari at pagkokontrol ng Diyos.

▣ **“At nagkahapon at nagkaumaga ang unang araw”** Ang pagkakasunod na ito ay nagpapakita ng

pag-iral ng kadiliman bago pa ang paglikha ng liwanag. Ang mga rabi ay binigyan kahulugan ito bilang araw na isang yunit ng oras na nagsisimula sa gabi. Mayroong kadiliman at nagkaroon ng liwanag. Ito rin ay ipinakita sa panhon ni Hesus na kung saan ang bagong araw ay nagsimula sa takipsilim, sa gabi.

▣ **"araw"** Ang Hebreong termino *yom* (BDB 398) ay maaring tumutukoy sa periyod ng oras (cf. 2:4; 5:2; Ruth 1:1; Awit 50:15; 90:4; Eccl. 7:14; Isaias 4:2; 11:2; Zacarias 4:10) ngunit madalas ito ay tumutukoy sa 24-oras na araw (i.e. Exodo 20:9- 10).

## NATATANGING PAKSA: *YOM*

Ang mga teorya ng kahulugan ng *yom* (araw) ay kinuha at hinalaw mula kay Dr. John Harris' (Dekano ng School of Christian Studies at Propesor ng OT sa East Texas Baptist University) ng OT Survey I Notebook:

1. Ang Literal na Dalawamput-Apat na Oras na Teorya
   Ito ay isang tapatang paglapit (cf. Exodo 20:9-11). Maraming mga katanungan ang lumabas mula sa paglapit na ito:
   a. Paanong nagkaroon ng ilaw sa unag araw kung ang araw ay nilikha sa ikaapat na araw?
   b. Paanong ang mga hayop (lalo na yaong orihinal na galing sa ibang mga bahagi ng mundo) ay napangalanan ng mas mababa sa isang araw? (cf. Genesis 2:19-20)?
2. Ang Araw-Panahon na Teorya
   Ang teoryang ito ay nagtatangka na pagkasunduin ang agham(partikular ang heolohiya) sa kasulatan. Ang teoryang ito ay nagsasaad na ang "mga araw" ay mga "heolohikal na mga panahon" sa haba. Ang kanilang haba ay hindi magkakapareho, at sila ay aproksimasyon ng ilang mga patong na inilarawan sa magkakatulad na heolohiya. Ang mga siyentipiko ay may pagkahilig na sumang-ayon sa pangkalahatang paghuhubog ng Genesis 1: ang halipawpay at ang matubig na masa ay nauna sa paghihiwalay ng lupa at dagat bago pa ang paglitaw ng buhay. Ang mga halamang buhay ay dumating bago pa ang mga buhay ng hayop, at ang sangkatauhan at kumakatawan sa pinakabago at pinakakomplikadong anyo ng buhay. Ang mga katanungan na sumibol mula sa paglapit na ito ay:
   a. Paanong ang mga halaman ay nabuhay sa "mga panahon" ng walang araw?
   b. Paanong ang polinasyon ay nangyari sa mga halaman kung ang mga insekto at mga ibon ay hindi nagawa hanggang sa "mga panahon" kinamamayaan?
3. Ang Alternatibo Araw-Panahon na Teorya
   Ang mga araw sa katotohanan ay dalawamput-apat na oras na mga periyod, ngunit ang bawat araw ay pinaghiwalay ng mga panahon na kung saan ang nilikha ay nahubog. Ang mga katanungan na lumitaw mula sa paglapit na ito ay mga.
   a. Ang parehong problema na sumibol gaya ng sa Araw-Panahon na Teorya.
   b. Ang teksto ba ay nagpapakita ng "araw" na parehong ginamit ang dalawamput-apat na oras ng gaya ng sa kapanahunan?
4. Ang Progresibong Paglikha-Sakuna na Teorya
   Ang teoryang ito ay tumatakbo ng sa sumusunod: sa pagitan ng Genesis 1:1 at 1:2, mayroong hindi tiyak na periyod ng panahon na ang heolohikal na panahon ay naganap; sa panahon ng periyod na ito, ang nauna sa kasaysayan na mga nilalang ayon sa pagkakasunod-sunod na ipinahihiwatig ng mga fossils ay nilikha; humigit kumulang sa 200,000 nakalipas na taon, isang supernatural na sakuna ang nangyari at nasira ang halos lahat ng buhay sa planetang ito at ginawa ang maraming mga hayop na mawala; pagkatapos ang mga araw sa Genesis 1 ay nangyari. Ang mga araw na ito ay tumutukoy sa isang muling-paglilikha, kaysa sa isang

orihinal na paglilikha.

5. Ang Eden-Lamang na Teorya
   Ang tala ng paglikha ay tumutukoy lamang sa mga nilikha at sa mga pisikal na aspeto ng Harden ng Eden.
6. Ang Pagitan na Teorya
   Batay sa Genesis 1:1, ang Diyos ay nilika ang isang perpektong mundo. Batay sa Genesis 1:2, Si Lucifer (Satanas) ay inilagay na tagapamahala ng mundo at nagrebelde. Ang Diyos magkagayon ay hinatulan si Lucifer at ang mundo sa pamamagitan ng pagwasak. Sa loob ng milyong mga taon, ang mundo ay iniwang mag-isa at ang heolohikal na mga panahon ay lumipas. Batay sa Genesis 1:3-2:3, sa 4004 B.C.E.., ang anim na literal na dalamput-apat na mga araw ng muling-paglilikha ay nangyari. Bishop Ussher (A.D.1654) ay ginamit ang talaangkanan ng Genesis 5 at 11 upang kalkulahin at petsahan ang paglikha ng sangkatauhan ca.4004 B.C.E. Gayunpaman, ang mga talaangkanan ay hindi kumakatawan sa kumpletong kronolohikal na mga kumbinasyon.
7. Ang Sagradong Linggo na Teorya
   Ang manunulat ng aklat ng Genesis ay ginamit ang konsepto ng mga araw at isang linggo bilang isang panitikang kasangkapan upang ilatag ng malinaw ang banal na mensahe ng Diyos sa paglikha. Isang istruktura na nagpapakita ng kagandahan at mahusay na proporsyon ng gawang paglilikha ng Diyos.
8. Ang Kosmikong Templong Pagpapasinaya
   Ito ang kasalukuyang pananaw ni John H. Walton, The Lost World of Genesis One, IVP. 2009, na tumitingin sa anim na araw bilang ang "gumaganap na ontolohiya, hindi materyal na ontolohiya. Sila ay naglalarawan sa pagsasayos ng Diyos o pagtatakda ng isang gumaganap na sandaigdigan [ara sa ikabubuti ng mga tao. Ito ay tugma sa ibang mga sinaunang mga kosmolohiya. Para sa halimbawa, ang unang tatlong araw ay maaring kumatawan sa pagtutstos ng Diyos sa "mga kapanahunan (i.e. oras)," "klima (i.e. para sa mga ani)" at pagkain. Ang paulit-ulit na parirala "ito ay mabuti" ay maaring mangahulugan ng pagkakagamit.
   Ang ikapitong araw ay maaring maglarawan sa Diyos sa Kanyang lubusang gumaganan at natitirhang "kosmiko templo" bilang sariling Kanya, nagkokontrol at direktor. Ang Genesis 1 ay walang kinalaman sa paglikha ng mga nateryal ngunit sa pagsasa-ayos para sa isang gumaganang lugar para sa Diyos at sa mga tao tungo sa pakikisama. Ang mga "araw" ay naging literaturang kagamitan para ipgabigay alam ang pangkalahtang konsensus ng ANE na:
   1. Walang distinksyon sa pagitan ng "natural" at sa "supernatural"
   2. Ang Diyos ay kasangkot sa bawat aspeto ng buhay. Ang pagiging iba ng Israel ay hindi pangkalahatang pananaw sa mundo ngunit sumusunod sa
      a. kanyang monoteismo
      b. paglikha ay para sa mga tao, hindi para sa mga diyos
      c. walang alitan sa pagitan ng mga diyos o maging sa mga diyos o sa mga diyos at sa sangkatauhan sa tala ng Israel.

Siya ay hindi nanghiram ng kanyang talang paglikha mula sa iba ngunit nakibahagi sa kanilang pangkalahatang pananaw sa mundo

## TALATA SA NASB (BINAGO):1:6-8

**[6]At sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapuwa tubig." [7]At ginawa ng Diyos ang kalawakan, at inihiwalay ang tubig na nasa ilalim ng kalawakan, sa tubig na nasa itaas ng kalawakan: at nagkagayon. [8]At tinawag ng Diyos ang kalawakan na Langit. At nagkahapon at nagkaumaga ang ikalawang araw**

**1:6** Ang talatang ito ay may dalawang *Qal* JUSSIVES ("Magkaroon...) Mula sa PANDIWA "maging"

(BDB 224, KB 243). Ang kaparehong konstruksyon ay nasa mga talata 14 at 22.

▣
**NASB, NET**
**JPSOA "kalawakan"**
**NKJV "papawirin"**
**NRSV, TEV "kupola"**
**NJB "kisame"**

Ang terminong ito (BDB 956, KB 1290) ay maaring mangahulugan na "pukpukin palabas" o "iunat ng maayos" gaya ng sa Isaias 42:5. Ito ay tumutukoy sa atmospera ng mundo (cf. 1:20) inilarawan ng patalinghaga bilang hangin ng nakaarkong bubungan o nakabaliktad na mangkok sa itaas ng ibabaw ng mundo (cf. Isaias 40:22).

▣ **"mga tubig"** Tubig tabang at tubig alat ay mahahalagang elemento sa dagdag -biblikal na paglikhang mga tala, ngunit sa Bibliya ang mga ito ay kontrolado ng Diyos. Walang pagkakaiba na ginawa sa Genesis 1 sa pagitan ng tubig alat at tubig tabang. Ang tubig sa atmospera ay hinati mula sa tubig ng mundo. Ang pag-aaral ng Genesis 1 ay nagpapakita na ang Diyos ay pinaghiwalay ang ilang mga bagay bilang proseso sa di-natitirhang mundo (liwanag mula sa kadiliman, tubig sa itaas mula sa tubig sa ibaba, tubig sa ibaba mula sa tuyong lupain, oras ng araw mula sa oras ng buwan).

**1:7 "inihiwalay ang tubig"** Ang Diyos ay may kontrol ng matubig na kaguluhan (BDB 95, KB 110, *Hiphil* PANDIWARI). Siya ang nagtakda ng kanilang mga hangganan (cf. Job 38:8-11; Awit 33:6-7; Isaias 40:12).

▣ **"at nagkagayon"** Anoman ang ginusto ng Diyos na lumitaw ay lilitaw (cf. 1:9,11,15,24,30).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:9-13

**[9]At sinabi ng Diyos, " Mapisan ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako, at lumitaw**
**ang katuyuan"; at nagkagayon. [10]At tinawag ng Diyos ang katuyuan na Lupa, at ang kapisanan**
**ng tubig ay tinawag niyang mga Dagat: at nakita ng Diyos na mabuti. [11]At sinabi ng Diyos,**
**"Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punong kahoy na namumunga ayon**
**sa kaniyang pagkakahoy, na taglay ang kaniyang binhi sa ibabaw ng lupa"; at nagkagayon. [12]At**
**ang lupa ay sinibulan ng damo, pananim na nagkakabinhi, ayon sa kaniyang pagkapananim, at**
**ng punong kahoy na namumunga, na taglay ang kaniyang binhi, ayon sa kaniyang pagkakahoy,**
**at nakita ng Diyos na mabuti. [13]At nagkahapon at nagkaumaga ang ikatlong araw.**

**1:9-10** Ang paunang dalawang mga PANDIWA (BDB 876, KB 1082 at BDB 906, KB 1157) ay parehong *Niphal* PAUTOS na ginamit bilang JUSSIVES. Ito ba ay nagpahiwatig ng iisang kontinente (i.e. Pangaea)? Ang mundo ay nagbabagong anyong (i.e. tectonic na mga gulod) nagpapatuloy. Ang katanungang namang muli ay ang edad ng mundo. Pansinin rin na Diyos ang nagkokontrol sa lahat ng natural penomena. Walang mga diyos ng kalikasan!

**1:9 "at lumitaw ang katuyuan"** Ito ay kahawig sa orihinal na banal na burol ng Ehiptong kosmolohiya. Isa pang halimbawa ng pagbabahagi ng karaniwang pananaw sa mundong ito sa kabuuan ng ANE ay maaring ang mga tao ay nilalang mula sa putik. Ito ay karaniwan sa mga tala ng paglikha ng Mesopotamia, Ehipto at Israel.

**1:11-12** Hindit ito pagnanais na maging teknikal na paglalarawan para sa pinagmulan ng lahat ng buhay ng halaman. Ito ay parang tumutukoy sa tatlong tipo ng mga halaman: mga damo, mga butil,

at bunga. Ang mga hayop ay kakainin ang una at ikalawa; ang mga tao ay kakainin ang ikalawa at ikatlo. Ang Diyos ay inihahanda ang mundo ng bai-baitang gaya ng yugot o entablado na kung saan ang pakikisama at nagtataguyod sa Kanyang pinakamataas na nilikha, ang sangkatauhan.

Mayroong ilang mga modernong siyentipiko mga teorya patungkol sa pagkakasunod sunod ng paghuhubog ng buhay halaman. Ilang mga siyentipiko ay nagsasabi ng pinakaayos nito. Ngunit dapat tayong maging maingat sapagkat ang mga siyentipiko toerya ay nagbabago. Ang mga Kristyano a ayaw maniwala sa Bibliya sapagkat ang siyensiya atarkeolohiya ay nagkompirma sa isang bagay. Tayo ay dapat na maniwala dahil sa kapayapaan na ating natagpuan kay Kristo at ang sariling pahayag ng Bibliya ng inspirasyon.

**1:11 "Sibulan ang lupa ng damo"** Ito ay isang *Hiphel* JUSSIVE ng PANDIWA "sumibol" (BDB 205, KB 233).

▣ **"ayon sa kaniyang pagkakahoy"** Ang paglikha ay maayos (cf. vv. 12,21,24,25; 6:20; 7:14) upang matapos ang paglikha, ang mga hayop at mga tao ay maaring magparami at makibagay sa kanila at sa bawat isa. Nilikha ng Diyos ang buhay upang makibagay. Sa antas na ito, ang ebolusyon sa magkakaibang mga kondisyon ay nangyari sa paglipas ng panahon (mikro-ebolusyon o pahalang na ebolusyon).

Mayroong lumalaging kalakaran ngayon sa teolohiya patungo sa konsepto ng progresibong paglikha na nagpapahiwatig na ang Diyos na maaring nilikha ang sangkatauhan (1) sa mga yugto o (2) Adan at Eba ay nilikha sa huling yugto, lubusang nahubog (cf. mga kasulatan ni Bernard Ramm at Hugh Ross).

Sa kasalungat ng sinaunang Near East kung saan ang pagkamayabong ay sinasamba bilang mga kambal ng mga diyos, ito ay nagpapakita ng pinagkuhaan ng buhay bilang ang Diyos, hindi isang sekswal na akto. Sa maraming mga paraan ang tala ng paglikhang ito ay nakakababawas sa mga diyos ng sinaunang Near East (tubig; liwanag/kadiliman; makalangit na kinatawan; puwersa ng kalikasan; at pagkamayabong ng mga diyos) gaya ng mga salot sa Exodus ay nakapagpababababa sa mga diyso ng Ehipto. Ang nag-iisang nagpapasimula ay ang iisa at tanging Diyos!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:14-19

**14At sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon; 15At maging pinakatanglaw sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa 16At nilikha ng Diyos ang dalawang malaking tanglaw; ang malaking tanglaw ay upang magpuno sa araw, at ang maliit na tanglaw ay upang magpuno sa gabi: nilikha rin niya ang mga bituin. 17At mga inilagay ng Diyos sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa, 18at upang magpuno sa araw at sa gabi, at upang maghiwalay ng liwanag sa kadiliman: at nakita ng Diyos na mabuti. 19At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaapat na araw.**

**1:14 "at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon"** Ang mga makalangit na mga liwanag ay tanda ng mga araw ng kapistahan (cf. 18:14; Levitico 23; Deutronomio 31:10) at mga siklo ng kapahingahan, paggawa, at pagsamba (cf. Awit 104:19-23). Ang araw ay nilikha upang hatiin ang kalendaryo at bawat araw sa ilang mga bahagi ng oras upang tulungan ang mga tao na tupdin ang lahat ng kanilang mga responsibilidad (i.e. pisikal at espiritwal).

**1:16 "ang dalawang malaking tanglaw. . . : *nilikha rin Niya ang mga bituin*"** Ang Diyos ay manlilikha ng makalangit na mga nilikha (cf. Isaias 40:26). Hindi sila mga diyos na dapat sambahin (Mesopotamian astral na pagsamba, cf. Deutronomio 4:19; Ezekiel 8:16) ngunit pisikal na mga

tagapaglingkod (cf. Awit 19:1-6). Ito ay isang teolohikal na pananalita!

**1:17-18** Ang kahanay na istruktura ng Hebreo ay nagpapahiwatig ng tatlong mga layunin karagdagan sa v. 14.

## TALATA SA NASB (BINAGO):1:20-23

**[20]At sinabi ng Diyos, "Bukalan ng sagana ang tubig ng mga gumagalaw na kinapal na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa itaas ng lupa sa luwal na kalawakan ng himpapawid." [21]At nilikha ng Diyos ang malalaking hayop sa dagat, at ang bawa't may buhay na kinapal na gumagalaw, na ibinukal na sagana ng tubig, ayon sa kanikaniyang uri at ang lahat na may pakpak na ibon, ayon sa kanikaniyang uri: at nakita ng Diyos na mabuti. [22]At mga binasbasan ng Diyos, na sinabi, "Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at inyong punuin ang tubig sa mga dagat, at magpakarami ang mga ibon sa lupa." [23]At nagkahapon at nagkaumaga ang ikalimang araw.**

**1:20-23** Ang mga invertebrates ay lumitaw sa periyod ng Cambrian ng biglaan at sa napakarami mga anyo. Walang pisikal na patunay sa unti-unting pagbabago.

Ang mga PANDIWA "kumulupon" (BDB 1056, KB 1655) at "lumipad" (BDB 733, KB 800) ay ginamit sa talata 20 ay parehong mga DI-GANAP na ginamit bilang mga JUSSIVES.

**1:20 "gumagalaw na kinapal na may buhay"** Ang kaparehong salita na ito, *nephesh* (BDB 659), ay ginamit sa mga tao (cf. 2:7) at mga hayop (cf. 2:19; Levitico 11:46; 24:18). Ito ay kumakatawan sa puwersa ng buhay (cf. Ezekiel 18:4) na may kaugnayan at nakadepende sa planeta na ito.

▣ **"mga ibon"** Sa literal ito ay ang "lumilipad na mga bagay" (BDB 733) sapagkat sa Deutronomio 14:19-20 ito rin ay maaring tumutukoy sa mga insekto.

**1:21 "nilalang"** Ito ang terminong *bara* (BDB 135, KB 153, *Qal* DI-GANAP) gaya ng sa Genesis 1:1. Ito ay nagpapahiwatig ng banal na paglikha. "Mga tao at hayop" ay "ginawa" sa 1:24-25 na nagpapahiwatig ng naunang umiiral na materyal (i.e. putik). Gayunpaman ang *bara* ay ginamit para sa "tao" sa 1:27 (tatlong beses).

Ang espesyal na terminong ito ay ginamit sa (1) sandaigdigan (o mundo) sa 1:1; (2) sa nilalang sa dagat sa 1:21; at sa sangkatauhan ng 1:27.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV,** | |
| **TEV, NJB** | **"ang malalaking hayop sa dagat"** |
| **NKJV, NIV** | **"malalaking nilalang sa dagat"** |
| **LXX, KJV,** | **"malalaking mga balyena"** |
| **JB** | **"malalaking serpyente sa dagat"** |

Ito ay maaring tumutukoy sa *leviathan* (BDB 1072, cf. Awit 104:26; 148:7; Job 41:1ff). Minsan ang salita ay inuugnay sa mga kaaway ng Israel: (1) Ehipto, Isaias 51:9; Ezekiel 29:3; 32:2 (minsan ay tumukoy kay "Rahab" cf. Awit 89:10; Isaias 51:9) at sa (2) Babylon, Jeremias 51:34. Madalas ito ay inuugnay sa kosmiko/esperitwal na mga kaaway, Job. 7:12; Awit 74:13; Isaias 27:1. Ang Canaanite na tala ng paglikha ay ginawa ito na ang Diyos na nakikipagtunggali laban kay Baal ngunit sa Bibliya ito ay isang mabuting paglikha ng iisa at tunay na Diyos.

▣ **"bawat may pakpak na ibon"** Ito ay naglalaman ng lahat ng bagay na lumilipad, mga ibon at mga insekto (cf. Deutronomio 14:19-20).

**1:22** Habang ang mga halaman ay dumarami, gayundin, ang mga hayop. Nais ng Diyos na ang Kanyang planeta ay mapuno ng buhay (serye ng *Qal* mga PAUTOS [at isang JUSSIVE], cf. 1:28; 9:1,7). Ito ang isa sa rebelyong mga isyu ng di-pagpayag na paghiwalayin at punuin at planeta) ng Tore ng Babel (cf. Genesis 10-11).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano ang siyensiya ay maiuugnay sa Bibliya?
2. Ang tunay na mga katanungan ay ang sino at bakit ng paglikha,hindi paano at kailan. Kung ito ay totoo, paano ngayon natin ito bibigyan kahulugan ang Genesis 1-2?
3. Paano nilikha ng Diyos ang pisikal na mundo? Dapat ba natin ipilit ang fiat, ex nihilo kung ito ay patula?
4. Anu ang pangunahing malakas na puwersa ng Genesis 1?
5. Paano nagugustuhan/di-nagugustuhan ng Bibliya ang ibang mga tala ng paglikha?

## ILANG MGA MAKAKATULONG NA PINAGKUNAN

A. *Objections Sustained* ni Phillip Johnson

B. *Darwin on Trial* ni Phillip Johnson

C. *Creation and Time* ni Hugh Ross

D. *The Creator and the Cosmos* ni Hugh Ross

E. *The Genesis Question* ni Hugh Ross

F. *The Christian View of Science and Scripture* ni Bernard Ramm

G. *The Scientific Enterprise and Christian Faith* ni Malcolm A. Jeeves

H. *Coming to Peace with Science* ni Darrel R. Falk

I. *The Language of God* ni Francis S. Collins

J. *Who was Adam?* ni Fazale Rana at Hugh Ross

K. *The Lost World of Genesis One*, IVP (2009) ni John H. Walton

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO GENESIS 1:24-2:3

## PANIMULA

A. Sa nakalipas na dalawang siglo, ang mga OT iskolar ay madalas na nagpipilit na ang ang Genesis ay nagtala ng paglikhang mga tala ng magkaibang mga may-akda, na gumagamit ng magkaibang mga pangalan para sa Diyos. Gayunpaman:
   1. Ito ay maaring tipikal sa silangaing literaturang anyo sa pangkalahatang tala na sinundan ng mas partikular na pagtala
   2. Ang Genesis 1:1-2:3 ay maaring buod ng tala ng paglikha ng planetang ito at ang Genesis 2:4-25 hanggang sa paglikha ng unang mag-asawa.
   3. Ito ay maaring magpakita ng magkaibang mg aspeto ng karakter ng Diyos (i.e. rabinikal)
      a. *Elohim* - manlilikha, tagatustos at tagataguyod ng lahat ng buhay
      b. *YHWH* - tagapagligtas, manunubos at tipanang Diyos ng Israel

B. Tila mayroong pagkakaiba na ginawa sa pagitan ng paglikha ng Diyos galing sa wala at sa mga kinahinatnan ng mga nilikhang mga bagay. Halimbawa: ang Diyos ay naglikga sa v. 21 ngunit sa v. 20 ang tubig ay naggagawa; sa v. 25 ang Diyos ay gumawa ngunit sa v. 24 ang mundo ay nakagawa. Si Augustine ay napansin ang pagkakaibang ito at naghaka-haka ng dalawang aksyon ng paglikha: (1) ang materyal at espiritwal na mga nilalang at (2) ang kanilang pag-sasaayos at pagsasaring-uri.

C. Ang siping ito ay malinaw na nagtuturo na ang mga tao ay gaya rin ng mga mas matataas na mga hayop sa lupa: (1) pareho ay may *nephesh*, 1:24 at 2:7; (2) kapwa ay nilikha sa ikaanim na araw, 1:31; (3) pareho ay nilikha mula sa lupa, 2:19; (4) kapwa ay kumakain ng mga halaman bilang pagkain, 1:29-30; (5) pareho nagpaparami. Gayunpaman, ang mga tao ay gaya rin ng Diyos: (1) natatanging paglikha, 1:26; 2:7; (2) ginawa ayon sa wangis at imahe ng Diyos, 1:26; at (3) mayroong dominyon, 1:26,28.

D. Genesis 1:26 "Gawin natin . . . " (cf. 1:26; 3:22; 11:7; Isaias 6:8) ay matinding pinagusapan. Ilang mga teorya ang nagsibulan:
   1. Ang PANGMARAMIHAN ng maharlika (ngunit walang mga nauang mgahalimbawa sa Bibliya o sa rabinikong panitikan)
   2. Ang Diyos na kinakausap ang Kanyang Sarili at ang makalangit na korte ng mga angehl, I Hari 22:19
   3. Tumuturo patungo sa PANGMARAMIHAN ng Diyos, at samakatuwid, nanghuhula nagbabadya sa Trinidad, 3:22;11:7; Isaias 6:8; 61:14. Dapat na pansinin na ang (a) Elohim ay PANGMARAMIHAN at (b) mga banal na mga persona ang binanggit sa Awit 2:2; 110:1,4: Zacarias 3:8-11.

E. Ang mga teorya patungkol sa kahulugan ng imahe at wangis:
   1. Irenaeus at Tertullian:
      a. Imahe—pisikal na mga aspeto ng sangkatauhan
      b. Wangis—espiritwal na mga aspeto ng sangkatauhan

   2. Clement ng Alexandria, Origen, Athanasius, Hilary, Ambrose, Augustine, at Juan ng

Damascus

a. Imahe – di-pisikal na mga katangian ng tao

b. Wangis – na mga aspeto ng tao na maaring mahubog gaya n g kabanalan o moralidad, at kung hindi mahuhubog magkagayon ay mawawala.

3. Ang mga Scholastics (Thomas Aquinas)

   a. Imahe—ang rasyonal na abilidad at kalayaan ng tao (natural)

   b. Wangis—ang orihinal na katuwiran at supernatural na mga kaloob na nawala sa pagbagsak.

4. Ang mga Reformers

   a. Lahat ay pangunahing itinatanggi ang anumang pagkakaiba sa pagitan ng mga termino (Genesis 5:1; 9:6).

   b. Luther at Calvin ay parehong ipinahayag ang konseptong ito sa magkaibang mga mga termino, ngunit pangunahing ipinahayag ang kaparehong katotohanan.

5. Sa aking palagay sila ay tumutukoy sa (1) personalidad; (2) kamalayan; (3) wikang kasanayan; (4)bolisyon; at/o (5) moralidad.

F. NATATANGING PAKSA: Natural na mga Kayamanan

## NATATANGING PAKSA: NATURAL NA MGA KAYAMANAN

I. Panimula

A. Lahat ng paglikha ay ang senaryo o pandula ng pakikipag-ibigan ng Diyos sa mga tao.

B. Ito ay nakikibahagi sa pagbagsak sa kasalanan(cf. Genesis 3:17; 6:1ff; Roma 8:18-20). At saka, ito ay makikibahagi sa ekastolohikal pagtutubos (cf. Isaias 11:6-9; Roma 8:20-22; Kapahayagan 21-22).

C. Makasalan, bumagsak sa kasalanan na mga tao ay niyurakan ang natural na kapaligiran na may makasariling pagabanduna.

Ang sumusunod ay isang sipi mula sa *The Canon of Westminster* ni Edward Carpenter.

> “. . .ang walang habas na pagsalakay, sa isang global na konteksto, sa daigdig na nakapalibot sa kanya—yan ay ang nilikha ng Diyos—isang pag-atake sa himpapawid na kanyang dinumihan; ang mga natural na mga daluyan ng tubig na kanyang pinabaho; ang mga lupa na kanyang nilason; ang mga kagubatan na kanyang kinalbo, walang pag-iintindi sa panghinaharap ay nakakaapekto sa walang pakundangan pagwasak na ito. Ang pag-atake na ito ay paunit-unit at walang koordinasyon. Katiting na pagsasaalang-alang ang ibinigay sa anumang pagbalanse sa kalikasan at dahil diyan maliit na pagpapahalagang ng responsibilidad ng kung anong pagkakautang ng henerasyon sa iba.”

D. Hindi lamang na inaani natin ang resulta ng polusyon at pagsasamantala ng ating planeta, ngunit ang ating inapo ay magaani ng mas higit, hindi mababaligtad na mga konsekuwensiya.

II. Biblikal na Materyal

A. Lumang Tipan

1. Genesis 1-3

   a. Ang paglikha ay isang natatanging lugar na nilikha ng Diyos para sa pakikisama sa mga tao (cf.Genesis 1:1-25).

   b. Paglikha ay mabuti good (cf. Genesis 1:4,10,12,18,21,25), oo, napakabuti (cf. Genesis 1:31). Ito ay ninais na maging isang saksi sa Diyos (cf. Awit

19:1-16).

c. Ang Sangkatauhan ay ang nakakarangal na layunin ng paglikha (cf Genesis 1:26-27).

d. Sangkatauhan ay ninasang magsagawa ng dominyon (Hebreo, "ang tapakan") bilang ang katiwala ng Diyos (cf. Genesis 1:28-30; Awit 8:3-8; Hebreo 2:6-8). Ang Diyos ay at mananatiling Tagapaglikha/Tagatustos/Manunubos/Panginoon ng nilikha (cf. Exodo 19:5; Job 37-41; Awit 24:1-2; 95:3-5; 102:25; 115:15; 121:2; 124:8; 134:3; 146:6; Isaias 37:16).

e. Ang pamamahal ng mga tao sa nilikha ay makikita sa Genesis 2:15, "na pagyabungin ito at panatilihin at protektahan ito" (cf. Levitico 25:23; I Cronico 29:14).

2. Mahal ng Diyos ang nilikha, lalo na ang mga hayop.
   a. Ang mga batas ng Mosaic para sa nararapat na pagtrato sa mga hayop mga hayop
   b. Si YHWH na nakikipaglaro sa Leviathan (cf. Awit 104:26)
   c. Ang pag-aaruga ng Diyos para sa mga hayop (cf. Jonah 4:11)
   d. Ekastolohikal na presensya ng kalikasan (cf. Isaias 11:6-9; Kapahayagan 21-22)
3. Ang kalikasan, sa ilang mga antas, nagbibigay lugod sa Diyos.
   a. Awit 19:1-6
   b. Awit 29:1-9
   c. Job 37-41
4. Kalikasan ay isang paraan kung saan ang Diyos ay nagpapakita ng Kanyang pag-ibig at katapatan sa tipanan.
   a. Deutronomio 27-28; I Hari 17
   b. Sa kabuuan ng mga propeta

B. Bagong Tipan
1. Ang Diyos ay nakita bilang manlilikha. Mayroon lamang natatanging isang Manlilikha, ang Triune na Diyos (Elohim, Genesis 1:1; ang Espiritu, Genesis 1:2; at si Hesus, ang NT). Lahat na ay nilikha.
   a. Gawa 17:24
   b. Hebreo 11:3
   c. Pahayag 4:11
2. Hesus ay ang ahente ng Diyos sa paglikha
   a. Juan 1:3,10
   b. I Corinto 8:6
   c. Colosas 1:16
   d. Hebreo 1:2
3. Si Hesus ay nagsasalita sa pag-aaruga ng Diyos para sa kalikasan sa isang hindi direktang paraan sa Kanyang mga pangaral
   a. Mateo 6:26,28-30, mga ibaon sa himpapawid at mga liryo sa parang
   b. Mateo 10:29, mga maya
4. Si Pablo ay nagsasaad na lahat ng mga tao ay responsible sa kanilang kaalaman sa Diyos sa paglikha
   (i.e natural na kapahayagan, cf. Roma 1:19-20; Pahayag 21-22).

III. Konklusyon

A. Tayo ay nakagapos sa natural na kalakaran na ito!

B. Ang mga makasalanang mga tao ay inabuso ang regalo na kalikasan ng Diyos gaya ng mayroon silang iba pang mga kaloob ng Diyos.

C. Ang natural na kalakaran na ito ay pansamantala. Ito ay mapaparam (II Pedro 3:7). Ang Diyos ay ginagawa ang ating mundo na maging bahagi ng kasaysayan. Ang kasalanan ay magpapatuloy sa kanyang paggalaw, ngunit ang ay naitakda ang hangganan nito. Ang nilikha ay matutubos (cf. Roma 8:18-25).

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 1:24-25

**24 At sinabi ng Diyos, "Bukalan ang lupa ng mga may buhay na kinapal, ayon sa kanikaniyang uri ng hayop at ng mga kinapal na umuusad, at ng mga ganid sa lupa, ayon sa kanikaniyang uri"; at nagkagayon. 25 At nilikha ng Diyos ang ganid sa lupa ayon sa kaniyang uri, at ang hayop ayon sa kaniyang uri, at ang bawa't umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikaniyang uri: at nakita ng Diyos na mabuti**

**1:24 "At sinabi ng Diyos,"** *Elohim* (BDB 43) ay ang sinaunang PANGMARAMIHAN pangalan para sa Diyos na nagdodomena sa Kabanata 1.

Ang etimolohiya ay di-tiyak. Ang mga rabi ay nagsabi na ito ay nagpapakita sa Diyos bilang ang manlilikha, tagatustos at tagapagtukod ng lahat ng buhay sa planetang mundo. Ang PANGMARAMIHAN ay tila isang teolohikal na kahalagahan kapag idinugtong kasama ng 1:26; 3:22; 11:7 at ang mga PANGMARAMIHAN ng salitang "isa" ay matatagpuan sa dakilang panalangin ng monoteismo(Shema), Deutronomio 6:4-6. Kapag ginamit sa Diyos ng Israel ang PANDIWA ay halos laging PANG-ISAHAN. Ang termino *elohim* sa OT ay maaring tumutukoy sa (1) mga anghel (cf. Awit 8:5); (2) makataong hukom (cf. Exodo 21:6; 22:8,9; Awit 82:1); o (3) ibang mga diyos (cf. Exodo 18:11; 20:3; I Samuel 4:8). Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Pangalan Para sa Pagkadiyos sa 2:4.

▣ **"Bukalan ang lupa ng mga may buhay na kinapal"** Ito (BDB 422, KB 425) ay isang *Hiphil* JUSSIVE. Mayroong pagkakaiban na ginawa sa Genesis 1 sa pagitan ng paglilikha ng Diyos sa pamamagita ng binanggit na salita mula sa wala at ng Kanyang nilikha, na gumagawa (i.e. adaptasyo). Ikumpara ang mga talata 20 at 21 at mga talata 24 at 25.

▣ **"ayon sa kanikaniyang uri ng hayop at ng"** ang mga talata 24-25 ay naglalarawan ng mga lupang mga hayop kapwa malalaki at maliliit, maamo at mabangis. Pansinin ang terminong "nabubuhay na mga nilalang"(BDB 659 at 311) ay batay sa terminong *nephesh* na siyang salita na ginamit para sa mga tao sa Genesis 2:7. Halata na ang pagkakaiba ng mga tao ay hindi matatagpuan sa terminong *nephesh*, madalas na isinalin sa Griyego bilang "kaluluwa."

▣ **"mga kinapal na umuusad"** Sa literal ito ay tumutukoy sa "glayding," o "pagdausdos" (BDB 943). Ito ay kaparehong salita na ginamit sa v. 21, "na mga gumagalaw." Ito ay tila tumutukoy sa lahat ng mga hayop na hindi lumalakad sa kanilang mga paa o sila ay mayroong mga maiikling mga na hindi na mahahalata.

▣ **"at nagkagayon"** Ang nais ng Diyos ay naging realidad! Tignan puna sa 1:7.

**1:25 "at nakita ng Diyos na mabuti"** Ang nilikha ng Diyos ay mabuti (BDB 373) at iprinoklama na

“napakabuti” sa 1:31. Ito ay maaring isang Hebreong idyoma na nangangahulugang sapat para sa nakatakdang layunin. Sa teolohikal ito ay maari ring nagsasabi sa pagkawala ng kasalanan mula sa orihinal na nilikha ng Diyos. Ang kasalanan ay resulta ng rebelyon, hindi paglikha.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:26-31

**26At sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at
magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa
mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa." 27At
nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya
nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. 28 At sila'y binasbasan ng Diyos, at sa kanila'y
sinabi ng Diyos, "Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong
supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa
himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa." 29Narito, ibinigay ko sa
inyo ang bawa't pananim na nagkakabinhi, na nasa ibabaw ng balat ng lupa, at ang bawa't
punong kahoy na may bunga ng punong kahoy na nagkakabinhi; sa inyo'y magiging pagkain;
30At sa bawa't hayop sa lupa, at sa bawa't ibon sa himpapawid; at sa bawa't nagsisiusad sa
ibabaw ng lupa na may buhay ay *ibinigay ko* ang lahat na pananim na sariwa na pinakapagkain
"; at nagkagayon. 31 At nakita ng Diyos ang lahat ng kaniyang nilikha, at, narito, napakabuti. At
nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw.**

**1:26 “Lalangin natin”** Ang anyo (BDB 793, KB 889) ay *Qal* DI-GANAP, ngunit ginamit sa COHORTATIVE na pakahulugan. Mayroong matinding talakayan patungkol sa PANGMARAMIHAN “natin.” Sina Philo at Eben Ezra sinabi na ito “ang PANGMARAMIHAN ng maharlika,” ngunit ang gramatikal na anyong ito ay hindi lumitaw hanggang sa mas huling kasasayan ng Hudyong literatura (NET Bibliya ay nagsasabi na ito ay hindi lumitaw na kasama ang PANDIWA, p. 5); Si Rashi ay nagsasabi na ito tumutukoy sa makalangit na korte (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6-12; 2:1-6; Isaias 6:8), ngunit hindi ito simpleng nagpahiwatig na ang mga anghel ay maaroong bahagi sa paglikha, o maging sila ay may banal imahe. Ang iba ay ipinapalagay na ito ay bagung-bago pang anyo ng konsepto ng Triune na Diyos.

Nakakawili na ang katotohanan na sa Mesopotamiang mga tala ng paglikha ang mga diyos (ay madalas na idinudugtong ang mga indibidwal na mga bayan) ay laging nakikipaglaban sa bawat isa ngunit dito hindi amang ang monoteismo ay halata ngunit maging ang ilang mga PANGMARAMIHAN na ekspresyon ay mayroong pagkakasundo at hindi kapritsong kayamutan.

▣ **“tao”** Ito ang Hebreong salita “Adan” (BDB 9), na halata na isang paglalaro sa Hebreo termino para sa lupa, *Adamah* (cf. v. 9). Ang termino ay maari ring magpahiwatig “kapulahan.” Maraming mga iskolar ay naniniwala na ito ay tumutukoy sa sangkatauhan na binuo mula sa pulang mga putik ng Tigris/Euphrates River na lambak (cf. 2:7). Tanging sa pambungad na mga kabanatang ito ng Genesis ang Hebreong termino “Adan” ay ginamit bilang pantanging pangalan. Ang Septuagint ay gumagamit ng salitang *anthropos* upang isalin ang terminong ito na panlahat na termino pantukoy sa lalake at/o babae (cf. 5:2; 6:1,5-7; 9:56). Ang mas higit na karaniwang Hebreong termino para sa lalake o asawang lalake ay ang ish (BDB 35, cf. 2:23 ang etimolohiya ay di-kilala) at ishah (BDB 61) para sa babae o asawang babae.

Sa puntong ito ang aking teolohikal pagkakaunawa ay napakahirap nito na maiugnay sa mga tala ng Bibliya patungkol sa paglikha ng orihinal na pares batay sa nalalabing mga fossil ng ilang mga tipong bi-pedal na *Homo erectus*. Ilan sa sinaunang lugar na libangang ito ay naglalaman ng panglibingang mga bagay na wari may koneksyon sa paniniwala sa kabilang buhay. Hindi ako nasasaktan ng ebolusyon sa loob ng mga kauri. Kung ito ay totoo, magkagayon si Adan at Eba ay mga primitobong mga tao at ang maksaysayang panahon-balangkas ng Genesis 1-11 ay dapat na

radikal na palawigin.

Posibleng ang Diyos nilalang si Adan at EBa Eve ng mas higit na periyod ng panahon (i.e. progresibong paglikha), na gumagawa sa kanila na "modernong" mga tao (Homo sapiens). Kung magkagayon, ang kanilang relasyon sa sibilsasyon ng Mesopotamia ay naghahangad ng isang natatanging paglikha ilang panahon na mas malapit sa pagsisimula ng kultura. Nais ko na bigyan diin na ito ay espekulasyon lamang sa puntong ito ng panahon. Mayroon labis na mga bago na hindi alam ang patungkol sa sinaunang nakalipas. Muli, sa teolohikal, ang "sino" at "bakit," hindi ang "paano" o "kailan" ang krusyal!

▣ **"sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis"** Ang terminong "wangis" ay matatagpuan rin sa 5:1,3; 9:6. Ito ay madalas na ginamit sa OT upang mangahulugan na mga diyus-diyosan (KB 1028 II). Ang pangunahing etimolohiya nito ay "na sibakin patungo sa isang tiyak na hubog." Mayroong labis na talakayan patungkol sa kasaysayan ng interpretasyon upang alamin ang eksaktong kahulugan ng wangis (BDB 853, KB 1028 #5) at imahe (BDB 198). Ang maikukumparang Griyegong mga termino ay matatagpuan sa NT upang maglarawan sa sangkatauhan (cf. I Corinto 11:7; Colosas 3:10; Efeso 4:24; Santiago. 3:9). Sa aking opinyon, sila ay magkasingkahulugan at naglalarawan ng bahagi ng sangkatauhan na may pambihirang may kakayanan makipagugnayan sa Diyos. Ang Pagkakatawang tao ni Hesus ay nagpapakita ng potensyal ng kung ano ang sangkatauhan mayroon kay Adan at balang araw ay magiging sa pamamagitan ni Hesukristo. Tignan *Sino si Adan?* ni Fazale Rana at Hugh Ross, p. 79.

▣ **"magkaroon sila ng kapangyarihan"** Ang literal nito ay "tapakan pababa" (BDB 853, KB 1190, Qal DI-GANAP ang ginamit sa JUSSIVE pakahulugan). Ito ay malakas na termino na nagsasalita patungkol sa dominyon ng mga tao sa kalikasan (cf. Awit 8:5-8). Ang kaparehong konseptong ito ay matatagpuan sa v. 28. Ang dalawang mga termino, "pamahalaan" sa vv. 26 at 28, at "supilin" sa v. 28 ay may kaparehong pangunahing etimolohiya na nangangahulugang "na lakaran" o "yapakan." Bagamat ang mga PANDIWA ito tila mabigat sila ay nagpapakita ng imahe ng paghahari ng Diyos. Ang mga tao ay may dominyon sa nilikhang mundo dahil sa kanyang relasyon sa Diyos. Sila ay dapat na mamuno/magdomina bilang Kanyang kinatawan, sa Kanyang karakter. Kapangyarihan ay hindi ang teolohikal isyu, ngunit ang paraan na ito ay isagawa (para sa sarili o para sa ikabubuti ng iba)!

Pansinin ang PANGMARAMIHAN, na nagpapahiwatig ng tugunang dominyon ng lalake at babae (cf. 5:2). At saka pansinin rin ang PANGMARAMIHAN PAUTOS ng v. 28. Ang pagpapasakop ng babae ay dumating lamang pagkatapos ng pagbagsak sa kasalanan sa Kabanata 3.Ang tunay na katangungan ay, "Ang pagpapasakop pa ay nanatili pagkatapos ng pagpapasinaya ng bagong panahon kay Kristo"?

**1:27 "nilalang ng Diyos"** Mayroong tatluhang gamit ang (*Qal* DI-GANAP na sinundan ng dalawang mga *Qal* GANAP) ng termino *bara* (BDB 127) sa talatang ito, na gumaganap bilang buod na pananalita gaya ng pagbibigay diin sa paglikha ng Diyos sa sangkatauhan bilang lalake at babae. Ito ay inilimbag bilang patula sa NRSV, NJB at kinilala sa NIV talababa. Ang terminong *bara* ay ginamit lamang sa OT para sa paglilikha ng Diyos.

▣ **"ayon sa Kaniyang sariling larawan"** Lubhang nakakaakit na ang PANGMARAMIHAN ng v. 26 ay ngayon ay PANG-ISAHAN. Ito ay sumasaklaw sa misteryo ng PAGKAPANGMARAMIHAN, ngunit pagkakaisa, ng Diyos. Ang imahe ng Diyos (BDB 853) ay kasinghalaga sa lalake at babae!

▣ **"nilalang Niya sila na lalake at babae"** Ang ating sekswal na aspeto ay nauugnay sa ating mga pangangailangan at kapaligiran sa planetang ito. Ang Diyos ay patuloy na naghihiwalay (tignan puna sa 1:4). Pansinin ang tugunan dito, sa 2:18 at 5:2. Ang ating banal na imahe ay nagpapahintulot sa

atin na natatanging nakaugnay sa Diyos.

**1:28 "sila'y binasbasan ng Diyos. . . Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami,"** Bahagi ng pagpapala ng Diyos (BDB 138, KB 159, *Piel* DI-GANAP) ay ang magparami (cf. Deutronomio 7:13). Ang pagpapalang ito ay pareho sa mga hayop (cf. v. 22) at sa tao (cf. v.28;9:1,7). Sa Mesopotamian mga tala ng paglikha ang ingay ng labis na populasyon ay ang dahilan sa pagwasak ng mga diyos sa sangkatauhan. Ang tala ng Genesis ay naguudyok na magparami ng populasyon. Nakakabigla na ang isa sa unang mga akto ng rebelyon (cf. Genesis 10-11) ay ang pag-aatubili ng mga tao na humiwalay at punuin ang mundo.

▣ **"nyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan"** Mayroong dalawang mga kautusan sa Hebreong teksto na kahanay sa "Maging mabunga at magpakarami" (serye ng tatlong *Qal* PAUTOS). Ito ang gumagawa sai pareho pantaong sekswalidad at pantaong pagkontrol sa kalooban ng Diyos.

Ang kapwa Hebreong mga PANDIWA, "supilin" (BDB 461, KB 460) at "pamahalaan" (BDB 921, KB 1190), ay maaring magkaroon ng negatibo (i.e. malupit na paglulupigu) konotasyon. Ang partikular na konteksto ay dapat na madetermina kung ang kahulugan ay banayad o agresibo.

**1:29** Ang kaharian ng mga halaman ay nahahati sa tatlong magkakaibang mga grupo. Ang kadena ng pagkain ay nagsisimula sa potosentisis sa mga halaman. Lahat ng buhay hayop sa mundo ay nakadepende sa milagro ng buhay halaman. Sa talata ito, ang mga tao ay binigyan ng mga butil ay mga bunga para sa kanyang pagkain (cf. 2:16; 6:21), habang ang ikatlong grupo, ang mga damo, ay ibinigay sa mga hayop. Hanggang sa pagkatapos ng baha ang mga tao ay pinahintulutan na kumain ng karne (cf. Genesis 9:3). Ito ay maaring maikokonekta sa katotohanan na walang posibleng maani sa taon na yaon. Hindi nararapat sa teolohikal na gumawa ng pangkalahatang pamantayan patungkol sa pagkain galing sa Genesis 1.

Posible rin na ang deskripsyon na ito ay kaugnay lamang sa Harden ng Eden. Ang kamatayan at mga kumakain ng karne pabalik sa pinakaunang mga fossils na nauugnay sa Cambrian patong noong 500,000 mga taon ang lumipas ay mga talang fossil ng pagsisimula ng buhay na may kasamang pananagana.

**1:30 "*binigay ko* sa inyo ang bawa't pananim na nagkakabinhi"** Ang malakas na puwersya ng pananalitang ito ay ang lahat ng buhay ay nakabase sa proseso ng potosentisis (i.e. ang tanikala ng pagkain).

**1:31 "napakabuti"** Ito ay labis na mahalagang konklusyon sa paglikha sapagkat sa nakalipas na gnostik Griyegong kaisipan, ang materyal ay masama at ang espiritu ay mabuti. Sa Griyegong sistema (gaya ng sa ilang Mesopotamiang mga teksto) kapawa ang materyal at espirtu ay magkasamang-eternal na nagsisilbi bilang kanilang paliwanag sa mga problema sa mundo. Ngunit ang Hebreong tala ay napakaiba. Tanging ang Diyos lamang ang eternal at ang materyal ay nilikha para sa Kanyang layunin. Walang kasamaan sa orihinal na nilikha ng Diyos, tanging "kalayaan"!

▣ **"At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw"** Napakahalagang punahin na, gaya ng ikatlong araw, ang ikaanim na araw ay may dalawang masining na mga akot, kaya mayroong mga walong malikhaing mga gawa sa anim na araw. Ang mga rabi ay sinimulan ang bagong araw sa takip-silim ay batay sa pariralang ito, "gabi at umaga."

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:1-3

**[1]At nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat na natatanaw sa mga iyon. [2]At nang ikapitong araw ay nayari ng Diyos ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga ng ikapitong araw sa**

**madlang gawa niyang ginawa.** [3] **At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka't siyang ipinagpahinga ng Diyos sa madlang gawang kaniyang nilikha at ginawa**

**2:1 "ang langit"** Dito ang terminong ito ay (BDB 1029) tumutukoy sa himpapawid sa itaas ng mundo. Sa ilang mga konteksto ito ay tumutukoy sa mabituing kalangitan na lagpas sa himpapawid.

▣ **"at ang lupa, at ang lahat na natatanaw sa mga iyon"** Ang pisikal na paglikha ng Diyos ay naabot ang pagkahinog (BDB 477, KB 476, *Pual* DI-GANAP, v. 1 at *Piel* DI-GANAP, v. 2). Ito ngayon ay handa na para sa pananahan ng mga tao. Bawat antas ng paglikha ay may nararapat na pananahan nito (i.e. "ang lahat" BDB 838). Ito ay hindi partikular na tumutukoy sa paglikha ng mga anghel (maliban na lamang 1:1 na ito ay sumasaklaw nito). Ang tekstong ito ay tumatalakay sa pisikal paglikha.

Ang Hebreong termino "ang lahat," sa ilang mga konteksto, ay tumutukoy sa (1) Mesopotamian idolatrya na konektado sa makalangit na mga liwanag (i.e. araw, buwan, mga planeta, mga kometa, konstelasyon, cf. Deutronomio 4:19) o (2) makaanghel na hukbo ni YHWH (cf. Josue 5:14), ngunit dito ito ay sa lahat na magkakaibang mga uri ng buhay nilikha.

**2:2 "At nang ikapitong araw ay nayari ng Diyos ang Kaniyang gawang ginawa"** Ito ay napaka antromorpiko ngunit hindi nagpapahiwatig ng na ang Diyos ay napagod o na Siya ay tumigil ng permanente mula sa Kanyang aktibong pakikialam sa paglikha at sa mga tao. Ito ang pangunahing tularan itinakda para sa mga tao na nangangailangan ng regular na pahinga at pagsamba.

▣ **"nagpahinga"** Ito ang kaparehong Hebreong ugat na gaya ng sa "Sabbath" (BDB 991, KB 1407, *Qal* DI-GANAP, cf. Exodo 20:11; 31:12-17). Deutronomio 5:15 ay nagbibigay ng isa pang dahilan para sa Sabbath para sa sosyolohikal na mga kadahilanan, hindi teolohikal na mga kadahilanan gaya ng sa Exodo 20:8-11.

Ang terminong ito ay ginamit sa ilang magkaibang mga paraan, partikular na sa NT aklat ng Hebreo 3:7-4:11 at ang interpretasyon nito ng Awit 95:7-11. Sa Hebreo ang terminong "pahinga" ay naaangkop pareho sa Sabbath na kapahingahan, ang Lupang Pangako, at ang pakikisama sa Diyos (langit). Diyos ay nagtatakda ng mga halimbawa para sa Kanyang natatanging paglikha, ang mga tao. Ang regular ng pakikisama sa pagitan ng Diyos at mga tao ay di-nabanggit, ngunit sa kontekstong sentral, ay ang layunin ng paglikha!

▣ **"ng ikapitong araw"** Ang mga araw 1-6 ay nagsimila sa gabi at nagsasara sa umaga (cf. 1:31), ngunit ang umaga ng ikapitong araw ay hindi binanggit. Samakatuwid, ang mga rabi at ang NT may-akda rin ng Hebreo (3:7-4:11) ay ginamit ito upang maghinuha na ang kapahingahan ng Diyos ay mayroon pa rin (cf. Awit 95:7-11).

**2:3 "At binasbasan ng Diyos ang ikapitong araw at Kaniyang ipinangilin"** Ang terminong "binasbasan" ay nangangahulugang "ginawang banal" (BDB 872, KB 1073, *Piel* DI-GANAP). Ang terminong ito ay ginamit sa pakahulugan ng pagtatakda ng ilang mga bagay ng hiwalay para sa partikular na paggamit ng Diyos. Napakaagang itinatag ngr Diyos ang isang natatanging, regular na araw para sa Kanyang sarili at sa sangkatauhan na magniig. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng araw ay hindi pag-aari ng Diyos, ngunit ang isa ay natatanging inihiwalay para sa pagsasama, pagsamba, pagpuri, at nakakapagpalakas na pahinga.

Ang pinagmulan ng pitong araw ng linggo ay nababalutan ng katandaan at misteryo. Makikita ng isa kung paano ang buwan ay may kaugnayan sa mga pagbabago ng hugis ng buan at kung paano ang taon ay maiuugnay sa pababago ng panahon, ngunit ang linggo ay walang halatang pinagkunan.

Gayunpaman, bawat sinaunang kultura na alam natin ay tila nalaman ang patungkol dito kapag ang kanilang naisulat na kasaysayan ay nasimulan.

.

## NATATANGING PAKSA: PAGSAMBA

I. Panimula
   A. Ilang mahahalagang mga katanungan
      1. Ano ang pagsamba?
      2. Kailan at paano ito nagsimula?
      3. Ano ang nilalaman nito?
      4. Sino ang nakikilahok dito?
      5. Saan at kailan ito ginawa?
   B. Ang mga katanungang ito ang maghuhubog ng magbabanghay para sa ating pag-aaral. Dapat na tandaan na walang depinitibong kasagutan sa mga katanungang ito, ngunit mayroong mga biblikal na mga implikasyon at makasaysayang mga pag-unlad.

II. Ano ang Pagsamba?
   A. Ang Englis na termino ay nagmula sa Saxon na termino, “weorthscipe,” na nagsasaad ng ilang tao at sino maibibigay ang karangalan at pagrespeto na nararapat.
   B. Ang higit na mahalagang OT mga termino ay mga:
      1. ‘*Abodah*, na nagmula sa Hebreong ugat na nangangahulugang “maglingkod” o “magtrabaho” (BDB 715).
      2. *Hishtahawah*, na nagmula sa isang Hebreong ugat na nangangahulugang “yumukod” o “idapa ang sarili” (BDB 1005, cf. Exodo 4:31).
   C. Ang Ang higit na mahalagang NT na mga termino ay sumunod sa Hebreong mga termino.
      1. Para sa ‘*abodah* mayroong *latreia*, na isang estado ng inupahang manggagawa o alipin.
      2. Para sa *hishtahawah* mayroong *proskuneo*, na nangangahulugang “idapa ang sarili,” “idambana,” o “sumamba.”
   D. Pansinin na mayroong dalawang lugar na kung saan ang pagsamba ay nakakaapekto.
      1. ating saloobin sa pagrespeto
      2. ating mga aksyon sa pamumuhay

      Ang dalawang ito ay dapat na magkasama at kung hindi isang malaking problema ang magreresulta (cf. Deutronomio 11:13).

III. Kailan at Paano ito Nagsimula?
   A. Ang OT ay hindi partikular na nagsabi ng mga pinagmulan ng pagsamba, ngunit mayroong mga ilang mga parinig sa Genesis.
      1. Ang pagiinstitusyon ng Diyos ng Sabbath sa Genesis 2:1-3 ay sa kalaunay nahubog sa mas mahalagang lingguhang araw ng pagsamba. Sa Genesis ito ay nagsasaad na ang Diyos ay nagtakda ng pamamarisan ng mga tao para sa pahinga at pagsamba sa pamamagitan ng Kanyang mga aksyon at mga saloobin patungkol sa bahagi ng lingguhang panahon.
      2. Ang pagpatay ng Diyos ng mga hayop upang itustos sa mag-asawang bumagsak sa sa kasalanan upang damitan at upang makapagtiis sa kanilang bagong makasalanang kapaligiran Genesis 3:21 ay tila nagtatakda ng yugto para sa paggamit ng mga hayop para sa pangangailangan ng mga tao, na nahubog patungo sa sakripisyal na sistema.
      3. Ang sakripisyo nina Cain at Abel sa Genesis 4:3ff ay tila ay naging regular na pangyayari, hindi isahang pangyayari. Hindi ito nanghahamak na sipi tungkol sa pagaalay ng gulay o isang preskripsyon para sa pagsasakripisyo ng hayop, ngunit isang

malinaw na halimbawa ng pangangailangan ng nararapat na ugali patungkol sa Diyos. Ito ay nagpakita na kung paano ang Diyos ipinagbigay alam ang Kanyang pagtanggi at pagtanggap.

4. Ang mabuting makamesyas na lahi ni Seth ay nabuo sa Genesis 4:25ff. Ito ay nagbabanggit ng tipanang pangalan ng Diyos, YHWH, sa v. 26 ay tila pagsamba tagpuan (ang siping ito ay dapat na ipagkasundo sa Exodo 6:3).
5. Si Noah ay nagsasaad ng pagkakaiba sa pagitan ng malinis at maruming mga hayop sa Genesis 7:2. Ito ay nagtatakda ng estado para sa kanyang mga sakripisyo sa Genesis 8:20-21. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga sakripisyo ay naitatag sa mas maagang pariyod.
6. Si Abraham ay lubos na nakakalam sa mga sakripsiyo, na halata mula sa Genesis 12:7,8; 13:18; 22:9. Ito ay bumuo sa kanyang pagtugon sa presensya at pangako ng Diyos. Tila ang kanyang mga inangkan ay nagpatuloy sa gawain na ito.
7. Ang aklat ng Job ay nasa patriyarkal na tagpuan (i.e. 2000 B.C.). Siya ay pamilyar sa mga sakripisyo na makikita sa Job 1:5.
8. Ang biblikal na materyal ay tila upang linawin na ang sakripisyo nahubog mula sa paghanga at pagrespeto ng mga tao para sa Diyos at sa ipinahayag na mga pamamaraan ng Diyos kung paano ito maipapakita itong.
   a. Sampung mga Kautusan at Kodigo ng Kabanalan
   b. Tabernakulong Cultus

IV. Ano ang Nilalaman nito?

A. Halata na ang saloobin ng mga tao ang susi sa sakripisyo (cf. Genesis 4:3ff). Ang personal na elementong ito ay lagi nang isang poste na ipinahayag ng biblikal na pananampalataya (cf. Deutronomio 6:4-9; 11:13; 30:6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-27; Roma 2:28-29; Galacia 6:15).

B. Gayunpaman, ang magalang na saloobin ng mga tao ay isinakodigo tungo sa ritwal ng napakaaga.
   1. ritwal ng pagpapadalisay (may kinalaman sa pakiramdam sa sin)
   2. ritwal ng pagseserbisyo (mga kapistahan, sakripisyo, mga kaloob, ibpa.)
   3. ritwal ng personal pagsamba (pampubliko at pribadong mga panalangin at pagpupuri)

C. Kapag tinalakay natin ang katanungan sa nilalaman mahalaga na ating pansinin ang tatlong pinagkuhanan ng kapahayagan (cf. Jeremias 18:18).
   1. Moses at ang mga cultus (saserdote)
   2. Ang maalam na Wisdom Literature
   3. Ang mga propeta

   Bawat isa sa mga ito ay naidagdag sa ating pagkakaunawa ng pagsamba. Bawat isa ay nakapokus sa di-nagbabago at importanteng aspeto ng pagsamba.
   1. anyo (Exodus - Bilang)
   2. pamumuhay (Awit 40:1ff; Mic. 6:6-8)
   3. motibo (I Samuel 15:22; Jeremias 7:22-26; Hosea 6:6)

D. Si Hesus ay sumusunod OT tularan ng pagsamba. Hindi Niya kailan man siniraan ang OT (cf. Mateo 5:17ff), ngunit itinakwil Niya ang Pasalitang Tradisyon habang ito ay nahubog ng unang siglo

E. Ang sinaunang iglesya ay nagpatuloy sa Judaismo sa isang periyod (i.e. hanggang sa rabinikal na pagpapanibagong buhay at reporma ng A.D. 90) at nagsimulang umunlad sa sariling nitong kaibahan, ngunit sa pangkalahatan ay sa sinagogang tularan. Ang sentralidad ni Hesus, Kanyang buhay, Kanyang mga katuruan, Kanyang krusipiksyon at muling pagkabuhay ay naganap sa lugar ng OT kultura. Pangangaral, bautismo, at ang Eukarista ay

naging pokal na mga akto. Ang Sabbath ay pinalitan ng Araw ng Panginoon.

V. Sino ang mga Nakikilahok?

A. Ang patriyarkal na kultura ng sinaunang near East ang nagtatakda ng yugot para sa pamumunong tungkulin ng lalake sa lahat ng lugar ng buhay, kasama na nag relihiyon.

B. Ang Patriyarka ay umaakto bilang saserdote sa kanyang pamilya sa parehong sakripisyo at relihiyososng instruksyon (Job 1:5).

C. Para sa Israel ang saserdote ay ipinapalagay ang relihiyososng tungkulin sa publiko, pangkalahatang pagsambang tagpuan, habang ang Ama pinanatili ang lugar na ito sa pribadong pagsambang mga tagpuan. Sa Babylonian Exile (586 B.C.) ang Sinagoga at ang mga rabi ay nahubog ito sa isang sentral na posisyon sa pagsasanay at pagsamba. Pagkatapos ng pagkawasak ng Templo noong A.D. 70, ang rabinikal Judaismo, ay nahubog mula sa Fareseo, ay naging duminante.

D. Sa iglesyang tagpuan ang patruyarkal na tularan ay pinanatili, ngunit may dagdag na pagbibigay diin sa kaloob at kahalagahan ng kababaihan (cf. I Corinto 11:5; Galacia 3:28; Gawa 21:9; Roma 16:1; II Timoteo 3:11). Ang pagkakapantay-pantay na ito ay makikita sa Genesis 1:26-27; 2:18. Ang pagkakapantay-pantay na ito ay sinira ng rebelyon sa Genesis 3, ngunit muling napanumbalik sa pamamagitan ni Kristo.

Ang mga bata ay laging ng isinasama sa pagsamba tagpuan sa pamamagitan ng kanilang mga magulang, Gayunpaman, ang Bibliya ay isang pangmatandang oriyenteng aklat.

VI. Saan at Kailan ang Pagsamba Ginawa?

A. Sa Genesis ang sangkatauhan ay iginagalang ang mga lugar kung saan sila ay nakatagpo ang Diyos. Ang mga lugar na ito ay naging mga altar. Pagkatapos ng pagtawid sa Jordan ilang mga lugar ang nahubog (Gilgal, Bethel, Shechem),ngunit ang Jerusalem ay pinili bilang ang natatanging pinanahanang lugar ng Diyos na konektado sa Arko ng Tipan (cf. Deutronomio).

B. Ang Agrikultural na mga panahon ang laging nagtatakda ng estado ng pasasalamat ng sangkatauhan sa Diyos para sa Kanyang probisyon. Ibang mga natatanging pakahulugan ng mga pangangailang , gaya ng kapatawaran, nahubog tungo sa natatanging kultik na mga araw (i.e. Levitico 16, Araw ng Pagbabayad Puri). Ang Judaismo nagbuo ng takdang mga araw ng kapistahan—Passover, Pentekoste, at ang mga Tabernakulo (cf. Levitico 23). Ito rin ay nagpapahintulot para sa mga natatanging pagkakataon para sa mga indibidwal (cf. Ezekiel 18).

C. Ang kaunlaran ng sinagoga ay nagtustos ng istruktura sa konsepto ng Sabbath na pagsamba. Ang iglesya ay binago ito sa Araw ng Panginoon (ang unang araw ng linggo) tila sa paulit-ulit na tularan ni Hesus na nagpapakita sa kanila ng mga gabi ng Linggo pagkatapos ng muling pagkabuhay.

D. Sa una ang naunang iglesya ay nagkikita araw-araw (Gawa 2:46), ngunit ito ay tila napunta sa pribadong pagsamba sa loob ng isang linggo at pangkalahatang pagsamba tuwing araw ng Linggo.

VII. Konklusyon

A. Ang pagsamba sa Diyos ay hind ilang bagay na inimbento o itinayo. Ang Pagsamba ay nararamdamang pangangailangan.

B. Ang pagsamba ay isang pagtugon sa kung sino ang Diyos at ano ang Kanyang ginawa para sa atin kay Kristo.

C. Ang pagsamba ay nagsasangkot ng nag-iisang persona. Ito ay parehong anyo at saloobin. Ito ay kapwa pampubliko at pribado. Ito ay kapwa nakatakda at biglaan.

D. Ang tunay na pagsamba ay bunga ng personal relasyon. Ang pinakanakatutulong na NT teolohikal na sipi ng pagsamba ay marahil ang Juan 4:19-26

▣ **“ginawa”** Ito ang literal “ginagawa.” Ang malikhaing mga akto ng Diyos ay nagpapatuloy (BDB 793 I, KB 889, *Qal* PAWATAS NA BANGHAY). Ang Diyos ay naglikha ng organikong nilalang na mahubog. Ang paulit-ulit na pariralang “maging mabunga at magpakarami at punuin ang mundo” ay nagpapakita ng desinyo at plano ng Diyos. Ang nilikhang nilalang Diyos (kasama na mga tao) na nagpaparami sa kanilang mga sarili ayon sa kanilang mga uri. Ang pinaka akto ng nagsasanhi ng mga pagkakaiba.

# GENESIS 2:4-25

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paglikha sa Lalake at Babae | (1:1-2:7) | Ang Paglikha sa Lalake at Babae | Ang Hardin ng Eden | Paraiso , at ang Pagsubok sa Malayang Pagpasya |
| 2:4-9 | | 2:4b-9 | 2:4b-6 | 2:4b-7 |
| | Buhay sa Hardin ng Diyos | | 2:7 | |
| 2:10-14 | 2:10-14 | 2:10-14 | 2:10-14 | 2:10-14 |
| 2:15-17 | 2:15-17 | 2:15-17 | 2:15-17 | 2:15-17 |
| 2:18-25 | 2:18-25 | 2:18-25 | 2:18-20 | 2:18-23 |
| | | | 2:21-24 | (23) |
| | | | 2:7 | |
| (23) | (23) | | (23) | 2:24 |
| | | | 2:25 | 2:25 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Abpa.

## KALIGIRAN

A. Ako personal na itinakwil ang J (YHWH), E (Elohim), D (Deutronomio), P (mga Saserdote) na teorya ng pinagmulang kritisismo na nagsasaad ng hiwalay sa mga may-akda para sa ilang mga aklat ng OT sa Pentetuch (cf. Panimula sa Genesis, Moderno Iskolarsip, D.). Para sa mas higit na impormasyon sa paksang ito basahin Josh McDowell's *More Evidence that Demands a Verdict* or H. C. Leupold's *Exposition of Genesis*, vol. 1.

B. Genesis 2:4-25 ay isang parikular na teolohikal na pagpapallaki ng Genesis 1:1-2:3. Ito ay karaniwan sa Hebreon pampanitikan pamamaraan. Sa teolohikal ang kabanata ikalawa ay naglalatag ng dalawang entablado para sa kabanata tatlo.

C. Genesis 1:31 ay pinutungan ang pagsisimula ng ating mundo sa intensyon ng Diyos, "kabutihan"; 2:1-3 ay dapat umayon sa kabanata 1 sapagkat ang 1:1-2:3 na isang pampanitikan yunit.

D. Sa teolohikal ang 2:4-25 ay mas kaugnay sa kabanata 3 kaysa sa kabanata 1. Ito ay naglalatag ng pampanitikan yugto para sa pagtukso kay Eba at kasalanan kasama ang nagwawasak na konsekuwensya para sa buong planeta (cf. Roma 5:12-21; 8:18-23).

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 2:4-9

**[4]Ito ang pinangyarihan ng langit at ng lupa, nang likhain noong araw, na gawin ng Panginoong Diyos ang lupa't langit. [5]At wala pa sa lupang kahoy sa parang, at wala pang anomang pananim na tumutubo sa parang: (sapagka't hindi pa pinauulanan ng Panginoong Diyos ang lupa) at wala pang taong magbukid ng lupa. [6]Nguni't may isang ulap na napaitaas buhat sa lupa at dinilig ang buong ibabaw ng lupa. [7]At nilalang ng Panginoong Diyos ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay. [8] At naglagay ang Panginoong Diyos ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang. [9]At pinatubo ng Panginoong Diyos sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.**

**2:4 "Ito ang pinangyarihan"** Sa literal ito ay "ito ang mga henerasyon" (BDB 41 plus 410). Ang pariralang ito ay paraan ng may-akda sa paghahati ng Genesis sa ilang pampanitikan mga bahagi (cf. 5:1; 6:9; 10:1; 11:10,27; 25:12,19; 36:1,8; 37:2, i.e. ito ang paraan ng may-akda sa pagbabalangkas ng kanyang aklat). Ilang mga iskolar ay tinitignan ito bilang pagpapasimula sa isang seksyon (i.e. Derek Kidner) habang ang iba ay tinitignan ito bilang pagsasara sa isang seksyon (i.e. R. K. Harrison at P. J. Wiseman). Ito ay tila ay gumagawa ng pareho. Posible na ang 1:1-2:3 tumatalakay sa paglikha ng kosmos at 2:4- 15 nakapokus sa paglikha ng sangkatauhan na kontekstwal na kaugnay sa mga kabanata 3 at 4.

▣ **"araw"** Ang Hebreong termino *yom* (BDB 398) ay madalas na ginamit sa isang 24-oras na periyod ng panahon. Gayunpaman, ito rin ay ginamit sa mas mahabang panahong itinagal bilang isang metapora (cf. 2:4; 5:2; Ruth 1:1; Isaias 2:11,12,17; 4:2; Awit 90:4). Posibleng ang v. 4a ay isang pangalawang pamagat na pamuhatan at ang 4b ang nagsisimula ng diskusyon. Tignan Natatanging Paksa sa 1:5.

▣ **"ang Panginoong Diyos"** Ito ay ang literal na YHWH Elohim na nagsasama sa dalawang pinaka karaniwang mga pangalan para sa Diyos. Ito ang unang pagkakataon na sila ay ginamit ng magkasama. Maraming modernong mga iskolar ay nagpalagay sa dalawang mga may-akda para sa Genesis 1 at 2 dahil sa paggamit ng banal na pangalan. Gayunpaman, ang mga rabiay nagsasabi na sila ay tumutukoy sa mga katangian ng diyos: (1) Elohim bilang manlilikha, tagatustos at tagatukod ng lahat ng buhay sa planetang ito (cf. Awit 19:1-6) at (2) si YHWH bilang tagapagligtas, manunubos

at tipanang Diyos (cf. Awit 19:7-14). Sa teolohikal ito ay nagpapahiwatig ng laging nabubuhay, tanging nabubuhay na Diyos. Ang mga Hudyo ay naging takot sa pagpapahayag ng banal na pangalan na ito kundi masisira nila ang kautusan patungkol sa paggamit nila sa pangalan ng Diyos ng walang kaparararakan. Kaya, inihalili nila ang Hebreong termino Adon (asawang lalake, may-ari, maestro, panginoo) sa tuwing binabasa nila ang teksto ng malakas. Ito ang dahilan kung bakit ang Englis na YHWH ay isinalin sa PANGINOON.

**NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKADIYOS**

A. *El* (BDB 42, KB 48)

1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
2. Sa Canaanite napanteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
    a. *El-Elyon* (Diyos na Kataas-taasan, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
    b. *El-Roi* ("Diyos na nakakakita" o "Diyos na ipinahayag ang Sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
    c. *El-Shaddai* ("Diyos na Makapangyarihan" o "Diyos ng Lahat ng Pakikiramay" o "Diyos ng mga Bundok," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
    d. *El-Olam* (ang Walang Hangang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay teolohikong naiuugnay sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
    e. *El-Berit* ("Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46
4. *El* katumbas sa
    a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
    b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
    c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
    d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
    e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
    f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
    g. "kaalaman" in I Samuel 2:3
    h. "ang aking matibay na kanlunagan" sa II Samuel 22:33
    i. "ang aking tagapaghigante" sa II Samuel 22:48
    j. "nag-iisang banal" in Isaias 5:16
    k. "malakas" sa Isaias 10:21
    l. "ang aking tagapagligtas" sa Isaias 12:2
    m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
    n. "pagganti sa masama" sa Jeremias 51:56
5. Ang kombinasyon ng lahat ng OT na pangalan ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)

1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay ginamit na kahanay na kahulugan sa ilang mga ibang pangalan/titulo ng Diyos.
    a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
    b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
    c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
    d. *El* – Bilang 24:16
    e. *Elah* – ginamit ng madalas sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, inugnay sa illair (Aramaic para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay madalas na ginamit ng hindi mga Israelita.
    a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
    b. Balaam, Bilang 24:16
    c. Moses, nagsasalita patungkol sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
    d. Ang Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumusulat sa mga Hentil, ay gumagamit din ng mga Griyego katumbas na Hupsistos (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), ginamit ng unang-una sa mga tula (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Old Testament.
2. Ang salitang ito ay maaring magtalaga sa Diyos ng Israel o ang Diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang pamilya ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua. 24:2).
3. Ito ay maaring tumutuko sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang mga esperitwal na nilalang (mga anghel, ang mga demonyo) gaya sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya ito ang unang titulo/pangalan para sa pagkaDiyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay pansariling ginamit hanggang sa Genesis 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay pangunahing (teolohikal) na tumutukoy sa Diyos bilang manlilikha, tagapag-alalay, at tagapagtustos sa lahat ng buhay sa planetang ito (cf. Awit 104).

    Ito ay kasingkahulugan sa El (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito ay maaring kahanay sa YHWH gaya ng sa Awit 14 (*Elohim*) ay saktong kagaya ng sa Awit 53 (YHWH), maliban sa pagababago sa mga banal na pangalan.
6. Bagamat PANGMARAMIHAN ang ginamit sa ibang mga diyos, ang salitang ito ay madalas na nagtatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit madalas ito ay mayroong PANG-ISAHANG PANDIWA nagpapahayag ng monoteistik na paggamit.
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita bilang pangalan ng diyos.
    a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
    b. Balaam, Bilang 24:2
    c. Moses, nang nakipagusap sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Isang hindi pangkaraniwan na ang pangunahing pangalan para sa nagiisang Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagamat wala katiyakan, narito ang mga teorya.
    a. Ang Hebreo ay maraming mga PANGMARAMIHAN, madalas na ginagamit upang magbigay diin. Ang malapit na may relasyon dito ay ang huling Hebreong gramatikal na katangian tinawag na "ang pangmaramihan ng katas-taasan," na kung saan ang

PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palitawin ang isang konsepto.

b. Ito ay maaring tumutukoy sa konseho ng mga anghel, na siyang kinakatagpo ng Diyos sa langit at siyang Kanyang pinananahanan (cf.I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).

c. Maaring posible rin na ito ay nagpapakita ng NT na kapayahagan ng isang Diyos sa tatlong mga persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; sa Genesis 1:2 ang Espiritu ay broods, at mula sa NT si Hesus ay Diyos ang ahente ng Ama sa paglilikga (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ang pangalan na nagpapakita ng pagkadiyos bilang tipanang Diyos; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang mga nilalang ay bumabali sa mga kasunduan, ngunita ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga salita, pangako, at kasunduan (cf. Awit 103).

Ang pangalan na ito ay unang binanggit sa kombinasyon ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Mayroon hindi dalawang pagtala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagdidiin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng sanlibutan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang espesyal na manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay nagsimula sa espesyal na kapahayagan patungkol sa isang importanteng posisyon at layunin ng tao, gayundin ang problem ng kasalanan at rebelyon na sinamahan ng naiibang posisyon.

2. Sa Genesis 4:26 sinabi na “ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalang ng Panginoon” (YHWH). Gayunman, sa Exodo 6:3 nagpapahiwatig ng maagang tipanan tao (ang mga Patriarka at ang kanilang mga pamilya) ay kilala lamang ang Diyos bilang isang *El–Shaddai*. Ang pangalangYHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exodo 3:13-16, esp. v. 14. Gayunman, ang mga kasulatan ni Moses ay madalas nagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng popular na paglalaro ng salita, hindi ang pinagmulan ng salita (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng salitang ito (kinuha mula sa IDB, vol. 2, pp. 409-11).

a. mula sa Arabic na ugat, “magpakita ng taos na pagmamahal”

b. mula sa Arabic na ugat “ihipan” (YHWH gaya ng sa bagyong diyos)

c. mula sa Ugartic (Canaanite) na ugat “magsalita”

d. sumusunod sa isang Phoenician na inskripsyon, isang PANDAHILANANG PANDIWARI na nangangahukgang “ang Nag-iisang nagpapanatili,” o “ang Nag-iisang nagtatayo”

e. mula sa ang Hebrew *Qal* na porma “ang Nag-iisa na Siyang,” o “ang Nag-iisang na pangkasalukuyan” (sa panghinaharap na kahulugan, “ang Nag-iisa na magiging”)

f. from the Hebrew *Hiphil* anyo “the One who causes to be”

g. mula sa Hebreong ugat “ang mabuhay” (e.g., Genesis 3:20), na ang ibig sabihin ay “ang nananatiling buha magpakailanman, o “ang Nag-iisang buhay kailanman”

h. mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro sa DI-GANAP na anyo na ginamit sa GANAP na pakahulugan, “Ako ay mananatili sa kung ano Ako” o “Ako ay mananatili sa kung ano meron Ako sa simula pa lang” (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalan naYHWH ay madalas na ipinapakita sa pagdadaglat o posible ay isang orihinal na anyo.

(1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16;

Awit 89:8; 104:35)

(2) *Yahu* ("iah" huling ng mga pangalan, e.g., Isaiah)

(3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Josueo Joel)

3. Sa huling mga Judaismo ang tipanang pangalan na ito ay naging napakabanal (ang tetragrammaton) na ang Hudyo ay natatakot na sabihin sa kadahilanang sila ay makalalabag sa kautusan ng. 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "pinuno," "asawa," "panginoon"—adon o adonai (aking panginoon). Kung lalapit sila kay YHWH sa kanilang pagbabasa ng OT na maga teksto sinasalita nila ang "panginoon." Ito ang dahilan kung bakit ang YHWH ay naisulat sa Panginoon sa Ingles na mga salin.
4. At sa *El*, ang YHWH ay madalas na isanasama sa ibang mga salita upang magbigay diin sa ilang mga katangian ng Tipanan Diyos ng Israel. Habang mayroon namang maraming posibleng kombinasyon na mga salita, narito ang mga ilan.
   a. *YHWH – Yireh* (YHWH ay magtutustos, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH – Rophekha* (YHWH ang iyong mangagamot, BDB 217 & 950, *Qal* KATAGA), Exodo 15:26
   c. *YHWH – Nissi* (YHWH ang aking damdana, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (YHWH ang Siyang nagpapabanal sa iyo, BDB 217 & 872, *Piel* KATAGA), Exodo 31:13
   e. *YHWH – Shalom* (YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH – Sabbaoth* (YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; madalas sa mga Propeta
   g. *YHWH – Ro'I* (YHWH ang aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal* KATAGA), Awit 23:1
   h. *YHWH – Sidqenu* (YHWH ang aking katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
   i. *YHWH – Shammah* (YHWH ay naroon, BDB 217 & 1027), Ezek. 48:35

▣ **"lupa't langit"** Ang pagkakaayos ng mga salitang ito ay pabaliktad mula sa v. 1 ngunit bakit hindi tiyak.

**2:5 "lupang kahoy"** Ito ay tumutukoy sa mga halamang ligaw (cf. Genesis 21:15; Job 30:4,7).

▣ **"tumutubo sa parang"** Ito ay tumutukoy sa sinaka, at domestikadong mga halaman.

**2:6 "isang ulap"** Ito ang (BDB 15, KB 11) Akkadian termino para sa (1) baha o (2) daloy ng tubig sa ilalim ng lupa. Ito ay posibleng nangangahulugan na ang pagpapatubig ay naganap sa pamamagitan ng pagbaha ("ginamit upang tumaas," BDB 748, KB 828, *Qal* DI-GANAP). Ang Arabic na kahanay ay ang ulap na ang pinagmulan ng salin na "ambon." Maarin nating sabihing mabigat na hamog.

Muli ito ay maaring nagpakita ng mga kalagayan sa Harden ng Eden lamang. Ang Heolohiya ay tila nagkokompirma ng sinauang resulat ng tubig sa ibabaw ng mundo bago paman ang espesyal na paglikha kina Adan at Eba.

**2:7 “nilalang”** Sa literal ito ay nangangahulugang “molidihin ang putik” (BDB 427, KB 428, *Qal* DI-GANAP, cf. Jeremias 18:6). Ito ang ikatlong termino na ginamit upang ilarawan ang malikhaing aksyon ng Diyos kaugnay sa malikhaing aksyon na may kinalaman sa sangkatauhan (“gumawa,” 1:26 (BDB 793, KB 889); “nilalang,” 1:27 (BDB 135, KB 153) at “binuo,” 2:7). Ang NT ay nagpapahayag na si Hesus ang kinatawan ng Diyos sa paglikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2).

▣ **“tao sa alabok ng lupa”** Ang tao ay ang Hebreong termino, Adam (BDB 9), na ibig sabihin ay (1) isang patudyong gamit sa termino “pula” (cf. Exodo 25:5; 28:17; Bilang 19:2; Isaias 63:2; Zacarias 1:8) or (2) “lupa” (*adamah*, cf. 6), Posibleng ipinahiwatig sa “pulang putik ng tigkal na lupa.” Ito ay nagpapakit ng pagkababa at kahinaan ng sangkatauhan. Mayroong dyalektikal na tensyon sa pagitan ng pinataas na lugar ng mga tao (ginawa ayon sa imahe at wangis ng Diyos) at mababang mahinang kondisyon! Ang mga hayop ay nabuo sa parehong paraan ng v. 19. Posible na ito ay tumutukoy sa pinagmulan ng sangakatauhan s lupa (cf. Genesis 3:19; Awit 103; Eccl. 12:7). Ito ay nagpapakita sa tao bilang putik at ang Diyos bilang mampapalayok (cf. Isaias 29:16; 45:9; 64:8; Jeremias 18:6; Roma 9:20-23).

▣ **“hiningahan. . . hininga ng buhay”** Ang PANDIWA “hiningahan” (BDB 655, KB 708) ay isang *Qal* DI-GANAP. Ang PANGALAN “hininga” (BDB 675) ay nagpapakita na ang Diyos gumawa ng epsesyal na pag-aarugi sa paglikha ng sangkatauhan. Gayunpaman, ang mga tao ay pisikal parin gumaganap na gaya ng lahat ng mga hayop sa planeta (i.e. huminga, kumain, dumumi, at magparami). Ang mga tao ay natatanging nakaugnay sa Diyos, ngunit tayo masalimuot na nakagapos sa planetang ito. Mayroong dalawahang aspeto ng ating kalikasan (espiritwal at pisikal).

▣ **“ang tao ay naging kaluluwang may buhay”** Ang mga tao ay naging isang *nephesh* (BDB 659, KB 711-713), ngunit gayundin sa mga baka (cf. 1:24; 2:19). Ang pagkakatangi ng sangkatauhan ay ang personal na pagbubuo at paghihinga ng Diyos. Ang mga tao ay walang mga kaluluwa, sila ay isang kaluluwa! Tayo ay pagkakaisa ng pisikal at espirtwal. Tayo ay laging mayroong isang katawang ekspresyon maliban sa intermediyang estado sa pagitan kamatayan at muling pagkabuhay (cf. I Tesalonica 4:13- 15).

Si Adan ba ay isang sinaunang tao o isang modernong tao? Paano siya nauugnay sa ibang mga hominids ng unang panahon? Mga tao sa panahon ng bato ay naroroon sa rehiyon ng Bundok Carmel 200,000 mga taon ang nakalipas. Kailan si Adan nalalang? Siya ba ang huli sa pagunlad o siya ang una sa espesyal na paglikha?

**2:8 “harden”** Ang terminong ito (BDB 171) ay ginamit sa pakahulugan ng isang binakurang parke. Ang Septuagint ay isinasalin ito sa isang Persianong salita, “paraiso.”

▣ **“sa Eden”** Sa Hebreo ang *Eden* ay nangangahulugang “kaluguran” o “masayang lupain” (BDB 727 III, KB 792 II). Pansinin na ang harden ay hindi tinawag na “Eden,” ngunit makikita sa Eden. Ito ay halatang sa isang heograpikal na lokasyon, isang lugar na pangalan. Ang kaugnay na Sumeriang termino ay maaring ibig sabihin na “matabang talampas.” Ang paglalarawan sa vv. 8, 10-14 ay napakadetalyado na ibig sabihin ay dalhin ang kanyang eksaktong lokasyon ngunit ang kanyang heograpikal na lokasyon ay di-nalalaman. Karamihan ng mga komentarista ay inilagay ito sa (1) sa bunganga ng makabagong Tigris at Euphrates na mga Ilog o (2) sa ulong mga tubigan sa mga ilog na ito.

Gayunpaman, ang mga pangalan ng lahat ng mga ilog ay hindi tumugma sa modernong heograpiya. Gaano kadami sa mundo ang nabago ng Pagbaha ay hindi tiyak. Ang pagkakahawig ng

Mesopotamian at biblikal na mga pinangyarihan ay maaring maglalagay sa harden sa Mesopotamia ngunit ito lamang ay espekulasyon. Tignan *Who was Adam?* ni Fazale Rana at Hugh Ross, p. 46.

**2:9 "punong kahoy ng buhay. . . punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama"** Ang huling sugnay na ito ay maaring panaklong (cf. NET Bible, p. 7). Ang Genesis 3:3 ay nagpapahiwatig na mayrooon lamang iisang punong kahoy, habang ang 3:22 ay nagpapahiwatig ng dalawang mga punong kahoy. Ang punong kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama ay walang kahanay sa sinaunang Near Eastern na literatura. Ang punong kahoy na ito ay hindi sa may mahika, ngunit warit ito ay nag-aalok sa mga tao ng isang daan na maging independente mula sa kanilang manlilikha ang Diyos o di kaya nangangako na sila ay maaring makakuha ng kaalaman at karunungan na kapantay o kakumpetensiya sa Diyos. Ito ang diwa ng kasalanan. Posible rin na ito ay nag-alay kay Eba ng isang daan na maging dominante kay Adan, na nagsuway sa nilikhang tulungan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:10-14

**[10]At may isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa halamanan; at mula roo'y nabahagi at nagapat na sanga. [11]Ang pangalan ng una ay Pison: na siyang lumiligid sa buong lupain ng Havilah, na doo'y may ginto; [12]At ang ginto sa lupang yao'y mabuti; mayroon din naman doong bedelio at batong onix. [13]At ang pangalan ng ikalawang ilog ay Gihon; na siyang lumiligid sa buong lupain ng Cush [14]At ang pangalan ng ikatlong ilog ay Hiddecel, na siyang umaagos sa tapat ng Asiria. At ang ikaapat na ilog ay ang Eufrates.**

**2:10 "mga ilog"** Ang mga ito ay "sangay na daluyan" (BDB 625).

**2:11 "Pishon"** Sa literal ito ay "gush" (BDB 810). Ito ay maaring tumutukoy sa sinaunang daanang tubig o kanal sa timog Mesopotamia tinawag na "Pisanu."

▣ **"lumiligid sa buong lupain"** Sa literal ito ay nangangahulugang "mga hangin na tuloy-tuloy" (BDB 685, KB 738, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI).

▣ **"Havilah"** Sa literal ito ay nangangahulugang "mabuhanging lupain" (BDB 296). Hindi ito ang isang matatagpuan sa Ehipto ngunit nakadugtong sa Cush sa 10:7. Ang termino ay ginamit muli sa 10:29 para sa isang mabuhangin na lupain sa Arabia.

**2:12 "bdellium"** Ito ay posibleng isang masamyong goma ng punong kahoy (BDB 95). Ang kahulugan para sa terminong ito at ang kasunod na isa ay hindi tiyak. Ilan ay may mga suhestyon na ito ay dapat na naisalin sa mga "mga perlas" (cf. Helen Spurrell at James Moffatt na salin).

▣ **"onyx"** Lahat ng sinaunang mga termino para sa mga alahas ay napaka hindi tiyak (BDB 995). Ang bato na ito ay isa sa labindalawang bato na nasa baluti ng Punong Saserdote (cf. Exodo 28:9,20). Ang mga alahas sa Eden ay ginamit ng metaporikal sa Ezekiel 28:13.

**2:13 "Gihon"** Sa literal ito ay "bumulubok" (BDB 161). Ito ay maaring tumutukoy sa isang sinaunang daanang tubig o kanal sa timog Mesopotamia tinawag na "Guhana."

▣ **"Cush"** Ang terminong ito ay ginamit ng tatlong mga kaparaanan sa OT: (1) dito at sa 10:6ff upang tumukoy sa Kassites sa silangan ng Tigris Valley; (2) Habakkuk 3:8; II Cronico 14:9ff; 16:8; 21:16 upang tumukoy sa hilagang Arabia; at (3) madalas na ginamit upang tumukoy sa Ethiopia o Nubia sa hilagang Africa (BDB 468).

**2:14 "Tigris"** Sa literal ito ay ang "Hiddekel" (BDB 293).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV, TEV** **"Assyria"**
**NJB** **"Ashur"**
**JPSOA, NIV** **"Asshur"**

Ang termino (BDB 78) ay maaring tumutukoy sa (1) mga tao (e.g. Bilang 24:22,24; Hosea 12:2; 14:4) o (2) isang lupain (cf. Genesis 2:14; 10:11; Hosea 5:13; 7:11; 8:9; 9:3; 10:6). Sa konteksto #2 mas tumutugma ng buong inam.

▣ **"Euphrates"** Sa literal ito ay "perath." Ito ay madalas na tawaging "Ang Ilog" (cf. Genesis 15:18; I Hari 4:21,24).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:15-17

**15At kinuha ng Panginoong Diyos ang lalake at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan. 16At iniutos ng Panginoong Diyos sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan: 17Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka"**

**2:15 "alagaan at ingatan"** Ang trabaho ay ang tungkulin ng sangkatauhan bago paman ang pagbagsak at hindi resulta ng kasalanan. Ang terminong "alagaan" ay nangangahulugang "maglingkod" (BDB 712, KB 773, *Qal* PAWATAS NA BANGHAY), habang "ingatan" ay "protektahan" (BDB 1036, KV 1581, isa pang *Qal* PAWATAS NA BANGHAY). Ito ay bagagi ng reponsibilidad ng dominyon ng tao. Tayo ay dapat na mga tagapamahala, hindi taga-pagsamantala, ng mga likas yaman sa planetang ito.

Sa Sumerian at Babylonian na mga alamat ang sangkatauhan ay laging nilalang upang maglingkod sa mga diyos ngunit sa Bibliya sina Adan at Eba ay ginawa sa imahe ng Diyos, upang magkaroon ng dominyon sa nilikha. Ito ang tanging trabaho na nakalaan sa kanila na gawin at ito ay walang kinalaman sa pangangailangan ng Diyos!

**2:16 "Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan"** Ito ay isang *Qal* PAWATAS TIYAK NA PINAGSAMA na may kasamang *Qal* DI-GANAP ng kaparehong ugat (BDB 37, KB 40), ginamit para sa pagbibigay diin. Ang kautusan ng Diyosay hind pabigat. Ang Diyos ay sumusubok (cf. Genesis 22:1; Exodo 15:22-25; 16:4; 20:20; Deutronomio 8:2,16; 13:3; Hukom 2:22; II Cronico 32:31) Sa katapatan at pagsunod ng Kanyang pinakamataas ng nilikga.

**2:17 "kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama"** Hindi ito isang punong kahoy na may mahika. Ito ay hindi naglalaman ng sekretong pisikal na kasangkapan sa kanyang bunga upang paganahin ang utak ng tao. Ito ay pagsubok ng pagsunod at pagtitiwala.

Pansinin na ang punong kahoy ay humahawak ng mga kalakasan at kahinaan. Nakamamangha sa akin na ang sangkatauhan ay nakagawa mula sa pisikal na mga likas yaman sa planetang ito. Ang sangkatauhan ay isang kahanga-hangang nilikha na may potensyal sa parehong mabuti at masama. Ang kaalaman ay nagdadala ng responsibilidad.

▣ **"masama"** Ito ay ang Hebreong termino na *ra* na ibig sabihin ay "na maputol" o "masira" (BDB 948). Ito ay nagsasama sa akto at sa kanyang konsekuwensiya (cf. Robert B. Girdlestone's *Synonyms of the Old Testament*, p. 80.)

▣ **"ang araw"** Sa liwanag ng pagpapatuloy ng pamumuhay nina Ebe at Adan pagkatapos ng pagkain nila sa bunga, ito ang gamit ng "araw" bilang periyod ng panahon,hind 24 na oras (BDB 398).

▣

**NASB** **"walang pagsalang mamamatay ka"**
**NKJV** **"ikaw ay tiyak na mamamatay"**
**NRSV** **"ikaw ay mamamatay"**
**TEV** **"ikaw ay mamamatay sa araw na yaon"**
**NJB** **"ikaw ay nakatakdang mamatay"**

Ito ay ang SUKDULANG TIYAK at isang MAGKAUGNAY AKUSATIBO, "namamatay upang mamatay" (BDB 559, KB 562) na isang Hebreo gramatikal na paraan upang ipkaita ang pagbibigay diin. Ito ang kapareho sa v. 16. Ang istrukturang ito ay nagdadala ng ilang psoibleng mga salin (cf. *Twenty-Six Translations of the Old Testament*). Halatang ang kamatayan ay tumutukoy sa espiriwal na kamatayan dito (cf. Efeso 2:1), na nagreresulta sa pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5). Sa Bibliya tatlong mga yugto ng kamatayan ang inilarawan: (1) espiritwal na kamatayan (cf. 2:17; 3:1-7; Isaias 59:2; Roma 5:12- 21; 7:10-11; Efeso 2:1,5; Colosas 2:13a; Santiago 1:15); (2) pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5); at (3) eternal na kamatayan, tinawag "ang ikalawang kamatayan" (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8). Sa tunay na pakahulugan ito ay tumutukoy sa lahat tatlo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:18-25

**18At sinabi ng Panginoong Diyos, "Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y**
**ilalalang ko ng isang katulong niya" 19At nilalang ng Panginoong Diyos sa lupa ang lahat ng**
**hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at pinagdadala sa lalake upang**
**maalaman kung anong itatawag niya sa mga iyon: at ang bawa't itinawag ng lalake sa**
**bawa't kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon. 20At pinanganlan ng**
**lalake ang lahat ng mga hayop, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawa't ganid sa**
**parang; datapuwa't sa lalake ay walang nasumpungang maging katulong niya. 21At**
**hinulugan ng Panginoong Diyos ng di kawasang himbing ang lalake, at siya'y natulog: at**
**kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang laman sa dakong yaon. 22At**
**ang tadyang na kinuha ng Panginoong Diyos sa lalake ay ginawang isang babae, at ito'y**
**dinala niya sa lalake..**

**23At sinabi ng lalake,**
**" Ito nga'y buto ng aking mga buto,**
**at laman ng aking laman;**
**siya'y tatawaging Babae,**
**sapagka't sa Lalake siya kinuha."**

**24Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman. 25At sila'y kapuwa hubad, ang lalake at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkakahiyaan.**

**2:18 "Hindi mabuti na ang lalake ay magisa"** Ito ang tanging lugar sa pambungad na mga kabanata ng OT kung saan ang "hindi mabuti" ay ginamit. Ang Diyos ay ginawa tayo upang mangailangan ng ibang mga tao, maging higit na pakikisama sa Kanya! Ang tao ay hindi magagawa

ang kanyang tungkulin na mamuno sa mga nilikha na walang kasamang babae, o magagawa niya na gampanan ang kautusan na magparami at punin ang mundo.

▣

**NASB "isang katulong niya."**
**NKJV "isang katulong na kapareho niya"**
**NRSV "isang katulong bilang kanyang kapareha"**
**TEV "isang nababagay na kasama para makatulong sa kanya"**
**NJB "isang katulong"**

Ito ay nangangahulugang "isa na siyang pumupuno at nagkokompleto" (BDB 740 I, KB 811 I). Ang NET Bible ay may "hindi maaring mawala na kasama" (p. 8). Ang terminong ito ay madalas na ginamit upang ilarawan ang tulong ng Diyos (cf. Exodo 18:4; Deutronomio 33:4, 7, 29; Awit 33:20; 115:9-11; 121:2; 124:8; 146:5). Pansinin ang tulungan sa pagitan lalake at babae gaya ng sa 1:26-27 at ang PANGMARAMIHANG PAUTOS ng 1:28. Ang pagpapasakop ay hindi dumating hanggang sa pagkatapos ng Pagbagsak sa kasalanan (cf. 3:16). Ang partikular na tala na ito ng paglikha ng babae ay natatangi sa sinaunang Near Eastern panitikan.

Isang nakakaaliw na salitang pag-aaral ay matatagpuan sa *Hard Sayings of the Bible*, pp. 92-94, kung saan si Walter Kaiser ay nagsasaad na salin ng "isang kapangyarihan (o kalakasan) naaayon sa lalake" (o kapantay ng lalake).

**2:19 "nilalang ng Panginoong Diyos sa lupa ang lahat ng hayop"** Ang ilang ay kinuha ito upang ipahayag na ang Diyos nilikha ang mga hayop pagkatapos ni Adan sa tinawag nila na ikalawang paglikhang tala (cf. Genesis 2:4-25). Ang PANDIWA (BDB 427, KB 428, *Qal* DI-GANAP) ay maaring maisalin na "nagawa" (cf. NIV). Ang panahong elemento sa Hebreo PANDIWA ay sa kontekstowal.

Si Dr. Rich Johnson, Professor ng Relihiyon sa East Texas Baptist University, ay nagkomento sa akin sa komentaryong ito:

> "Ang kahulugan ng DI-GANAP na may kasamang isang waw na pananlungat, na nag PANDIWA na ito ay, ay ang simpleng pangnagdaang panahunan. Ito ang paraan ng Hebreo sa pagsasaayos ng pagkakasunod sunod ng mga pangyayari. Isang serye ng uri ng PANDIWA ito ang nagsasabi ng mga pangyayari sa pagkakaayos kung saan sila naganap. Ikaw ay tumutukoy dito ng mga pre-suposisyon ng mga interpreter na nakakaapekto sa pagsasalin. Dito, ito ay ang pre-suposisyon ng NIV tagasalin na nagdala sa kanila sa maling pagsalin talata ito at gayundin ang 2:8, 'Ngayon ang Panginoong Diyos ay nagtanim ng isang hardin...'. Ang NIV na tagasalin ay nagpalagay na ang kabanatang ito ay dapat na tugma sa kabanata isa at nangibabaw sa normal na mga alituntunin sa pagbabasa Hebreo kasaysayan upang makibagay sa palagay na iyan. Ang madalian na katanungan ay kung saan sila kumuha ng pagpapalagay na iyan. Ang PANDIWA ay isinalin bilang simpleng nakalipas ng KJV, ASV, ERV, RSV, NRSV, NASB, ESV, NEB, REB, ang NET salin, Youngs' Literal na salin, ang Jewish Publication Society salin, ang TANAKH, ang New American Bible, at ang New Jerusalem Bible. Ang NIV ay ang isang walang kaparis."

▣ **"upang maalaman kung anong itatawag niya sa mga iyon"** Ang PANDIWA "tumawag" (BDB 894, KB 1128) ay ginamit ng tatlong beses sa vv. 19 at 20. Ang mga Pangalan ay napakahalaga sa Hebreo. Ito ay nagpapakita ng pagkamay-akda ng sangkatauhan at dominyon sa mga hayop.

Ito ba ay tumutukoy sa (1) lahat ng magkakaibang mga hayop sa buong mundo, (2) orihinal ng mga pasimulang mga tipo ng mga hayop o (3) ang mga hayop sa Mesopotamia?

**2:21** Ang talatang ito ay nagpapalakas sa natatanging relasyon sa pagitan lalake at babae, Adan at Eba (cf. v. 23). Ito ay maaring isang Hebreong idyoma para sa pagkakalapit at pagkamalapit. Ang Hebreong salita ay para sa "tadyang" ay isinalit sa kung saan na gaya ng "gilid" (BDB 854, KB 1030 I).

Nakakaaliw na sa kanyang aklat, *Introduction to the Old Testament*, pp. 555-556, R. K. Harrison ay nagsasaad na ang Hebreong termino para "tandyang" dito ay nangangahulugang "isang aspeto ng personalidad" na magbubuo ng isang analohiya na kay Adan na ginawa ayon sa imahe at wangis ng Diyos at magsasama rin sa mga aspeto ng personalidad.

Nakakaaliw rin na ang isang "tadyang" ay bahagi ng paglikha ng babae sa Sumeriang paglikha pinangyarihan: mula sa *enki* dumating *nin-ti* (cf. D. J. Wiseman's *Illustrations from Biblical Archaeology*). Sa kontekstong ito ang Sumeriang salita para sa tadyang (i.e. ti) ay nangangahulugang rin na "gawing buhay." Si Eba ay magiging ina ng lahat ng may buhay (cf. 3:20).

Dapat na tandaan na si Moses ay sumusulat (nagpapatnugot at naglilista) ng mga kabanatang ito sa mas huling petsa. Ang mga ito ay Hebreong salitang paglalaro, ngunit ang Hebreo ay hindi orihinal na wikang ginamit.

**2:22 "at ito'y dinala niya sa lalake"** Ang mga rabi ay nagsasabi na ang Diyos ay umakto bilang abay na lalake.

**2:23 "Babae. . .Lalake"** Ang talata na ito ay patula. Sa literal ito ay *Ishah* (BDB 35). . .*ish* (BDB 35), isang halatang tunog na paglalaro (lalo na "kanyang pangalan *Ishah*"). Si Adan ay pinangalanan rin (o kahit kunti ay inilirawan si Eba na kahawig ng kanyang sarili) si Eba. Ang etimolohiya ay di-tiyak. Madalas ang *adam* ay tumutukoy sa sangkatauhan at ang ish sa isang partikular na indibidwal.

**2:24 "Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina"** Ang PANDIWA na ito (BDB 736, KB 806) ay isang *Qal* DI-GANAP, Posible na ginamit ito sa JUSSIVE na pakahulugan. Ang kahalagahan ng pamilya ang nagdulot sa komento na basahin pabalik sa unang tala na ito. Si Moses ay nagpapakita ng kanyang sariling panahon at ang kahalagahan ng pamilyang yunit sa pinahahabang pamilyang pamumuhay na sitwasyon. Ang pag-aasawa ay nauuna sa mga pinagbyenan!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"sasama"** |
| **NRSV** | **"kumakapit sa"** |
| **TEV** | **"ay nakikiisa kasama ng"** |
| **NJB** | **"naging kalakip sa"** |
| **REB** | **"nakakabit"** |

Ito ay ang Hebreong idyoma ng katapatan, maging pagkamatalik (BDB 179, KB 209, Qal GANAP, cf. Ruth 1:14; Mateo 19:5-6; Efeso 5:31).

▣ **"iisang laman"** Ito ay nagpapakit ng kumpletong unyon at priyoridad na relasyon ng mag-asawang pares. Ang PANG-ISAHAN anyo "isa" ay nagsasalitang ng nagsasama ng dalawang mga persona.

**2:25 "sila'y kapuwa hubad, ang lalake at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkakahiyaan."** Ito ay dapat kasama ng kabanata 3. Ang implikasyon ng pariralang ay si Adam ay walang kinalaman sa pagtatago mula sa kanyang sarili, kaniyang asawa, kanyang Diyos (BDB 101, KB 161, *Hithpolel* DI-GANAP). Samakatuwid ito ay isang idyoma ng pagkainosente. Ang mga bagay ay magbabago rin!

Ang katotohanan na ang lalake at babae ay nakahubad (BDB 736, PANG-URI) ay nagpapahiwatig ng isang napakakontrolado na kapaligiran. Ito ay magpapahiwarin sa sarili na tignan ang Hardin ng

Eden na pinotrektahan at sa kalaunay, espesyal na nilikha, kakaiba mula sa ibang mga planeta (i.e. progresibong paglikha).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Mayroong bang pagkakaiba na ginawa sa Genesis 1 sa pagitan Diyos paglilikha at sa mga bagay na Kanyang ginawa na nagpaparami? Kung magkagayon, ano ang ipinapahiwatig nito?
2. Paano nahahawig ang tao sa mga hayop? Paano nahahawig ang tao sa Diyos?
3. Ang mga babae ba ay ginawa ayon sa imahe ng Diyos o tanging sa imahe ni Adan?
4. Ano ang ipinahihiwatig na ang tao ay maggupo at mamuno sa nilikhang kalagayam?
5. Paano ang parirala “Maging mabunga at magparami” nauugnay sa pagdami ng populasyon?
6. Ang kalooban ba ng Diyos na maging kumain lamang ng gulay?
7. Hindi ba nararapat para sa isang tao na magsamba sa Linggp sa halip na sa Sabado ayon sa Genesis 2:2,3?
8. Bakit ang mga kabanata 1 at 2 ay napakapareho, ngunit magkaiba?
9. Bakit isinalin ni Adan ang parehong pantangi at pangkalahatang pangalan?
10. Bakit ang heograpikal na lugar ng Eden ay ibinigay ng labis na detalyado?
11. Pangalanan ang tatlong anyo ng biblikal na kamatayan.
12. Ano ang sinasabi ng talata 18 patungkol sa sekswal na nilalang?
13. Ang “katulong” ba ay nagpapahiwatig ng tulungan?

# GENESIS 3:1-24

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS4 | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagbagsak sa Kasalanan ng Tao | Ang Pagtukso at Pagbagsak sa Kasalanan ng Tao | Ang Kasaysayan ng Pagtukso | Ang Hindi Pagsunod ng Tao | Ang Pagbagsak sa Kasalanan |
| 3:1-7 | 3:1-8 | 3:1-7 | 3:1<br>3:2-3<br>3:4-5<br>3:6-7 | 3:1-7 |
| 3:8-19 | 3:9-19 | 3:8-19 | 3:8-9<br>3:10<br>3:11<br>3:12<br>3:13a<br>3:13b | 3:8-13 |
| (14-16) | (14-16) | (14-16) | Ang Pagpapahayag ng Diyos ng Hatol | |
| (17b-19) | (17b-19) | (17b-19) | 3:14-15<br>3:16<br>3:17-19 | 3:14-16<br>(14-16) |
| 3:20-21 | 3:20-24 | 3:20-21 | 3:20-21 | 3:17-19<br>(17-19)<br>3:20-24 |
| | | | Si Adan at Eba ay Pinalayas sa Hardin | |
| 3:22-24 | | 3:22-24 | 3:22-24 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## PANIMULA

A. Ang Genesis 3 ay ang pibotal sa pag-uunawa sa problema ng kasamaan at pagdurusa sa ating mundo. Nakakabigla na ang karamihan sa mga rabi ay hindi ginagamit ang teksto ito sa kanilang mga diskusyon ng kasamaan, kasalanan, at rebelyon ng mga tao.

B. Ang epekto ng tahasang rebelyon ng sangkatauhan laban sa mapagmahal, mag-aruga, mapagbigay, nakikisamang Diyos ay hindi lamang nakaapekto sa kanilang relihiyosong pamumuhay kundi na rin sa kanilang sariling pagkatao, kanilang pamilya at kanilang mundo.

Pansinin ang mataas na presyo na personal mismong binayaran ng Diyos para ang mga tao na maisagawa ang kanilang kalayaan. Ang kagalakan ng Diyos at orhinal na layunin para/nang ang nilikha ay radikal na maapektuhan (ngunit hindi permanente) ng rebelyon ng tao. Kung ating ipapalagay na ang kabutihan at mapagmahal na probisyon ng Diyos, ang rebelyon ng sangkatauhan (at posibleng ng mga anghel) ay makikita sa radikal na di-pahrespeto at pansariling interest nito. Ang nagpapatuloy na pagmamahal ng Diyos at pangako ng kaligtasan (cf. 3:15) ay naging mas radikal na rin sa kanyang mapagbiyayang karakter!

C. Bagamat ang kabanatang ito ay may karaniwang mga paksa kasama ng ibang sinaunang Near Eastern mga teksto, ang presentasyon nito ay monotiestiko at dualistiko.

## PINAGMULAN AT LAYUNIN NG KASALANAN

A. Biblikal na materyal
   1. Ito ay aking teolohikal na pagpapalagay na ang nilikhang layunin ni Satanas ay (1) mag-alay sa Diyos- sa mga may malay na nilikha ng isang opsyon na magdadala sa pagsasarili at pagkatapos ay akusasyon, Job 1-2; Zacarias 3; o (2) ang Genesis 3 ay nagsapantaha ng isang naunang makaanghel na rebelyon sa nilikha ng Diyos o kahit konti ng isang malinaw na panlalait sa Diyos tungo sa mga tao sa pamamagitan ng malaanghel na kinatawan.
   2. Sangkatauhan ay apektado ng pagtukso.
   3. Ang Bibliya ay hindi partikular na tinalakay ang pinagmulan at layunin ng “kasamaan.”
      a. Ilang mga huling Hudyong mga kasulatan ay nagsaad na ang kasalanan ay nagsimula mula sa Genesis 3 (kay Satanas, pagkatapos ay sa humanidad)
      b. Ibang mga Hudyong inter-biblikal na mga kasulatan ay nagsasaad na ang kasalanan ay nagsimula sa Genesis 6 (sa “ang mga anak ng Diyos”)
      c. Pagkatapos ng panahon ni Hesus ang mga huwad na guro ay pinagsama ang Judaismo kasama ng (i.e. Griyegong gnostik na kaisipan, cf. Colosas; Efeso; I Timoteo; II Timoteo; at Tito)
   4. Ipinagpalagay na ang kasamaan ay may layunin o dapat hindi ito lumitaw. Ngunit mayroong halatang pagpapatindi ng kasamaan at kay Satanas mula sa OT hanggang sa NT (cf. *The Theology of the OT* ni B. Davidson, pp. 300-306). Sa OT si Satanas ay hindi kaaway ng Diyos (maliban sa posibleng kabanatang ito) ngunit laging isang kaaway ng humanidad. Ang mga rabi ay nagsasabi na ang demonyo ay minsan na nag-imbot sa pag-aaruga at pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan.

5. Ang kasalanan ni Adan ay nakaapekto sa lahat ng nilikha (i.e. na siyang Hebreong konsepto ng pangkalahatan cf. Genesis 3:14-24; Roma 5:12-21; 8:18-23).

B. Makaysayan-Teolohikal na pag-unlad (kinuha mula sa Systematic Theology ni L. Berkhof).

1. Ang mga rabi ay itinanggi ang orihinal na kasalanan at mas pinili ang dalawang mga intensyon (kabutihan laban sa kasamaan). Ang OT ay hindi tinalakay ang Genesis 3 na mahaba (o maging ang mga rabi).
2. Si Irenaeus (A.D. 130-202) ay ang unang ama ng iglesya na nagtalakay sa kasalanan ni Adan at sa kinahihinatnan nito. Ang pananaw na ito ng pagbagsak sa kasalanan ng sangkatauhan sa pamamagitan ng kasalanan ni Adan ang naging dominante sa Kanluraning Iglesya (i.e. Augustine). Ito ay tila ginamit upang labanan ang gnostisismo na naglalagay ng problema ng kasamaan sa mismong bagay.
3. Si Origen (A.D. 182-251) ay pinanatili na ang bawat tao ay nagkasala ng kusang-loob sa naunang pag-iiral (Platonic).
4. Ang Griyegong mga ama (Silanganing Iglesya) ng ikatlo at ikaapat na mga siglo inalis ang pagbibigay diin sa bahagi ni Adan sa problema ng kasamaan sa ating mundo. Ito ay nahubog tungo sa Pelagianismo (mula sa Englis na monghe) na nagpabulaanan sa anumang pagkakadugtong ng lahat.
5. Ang mga Latinong mga ama (i.e. ang silanganing iglesya), sumusunod kay Augustine, ay pinagdiinan ang lugar ni Adan sa problema ng kasamaan, kasalanan, at pagdurusa sa mundo.
6. Sa panahon ng Protestanteng Repormasyon ang pangunahing mga repormers ay sinundan si Augustine, habang si Armenius pinaunlad ang semi-Pelagian reaksyon sa dogmatikong Calvinism.
7. Ang mga pilosopo at mga teolohiyo ay nagsaad ng ilang mga teorya patungkol sa kasalanan:
   a. Kant—ilang di-kilala, di-maipaliwanag na bagay sa lubos na nalalamang globo
   b. Leibnitz—dahil sa namanang mga limitasyon ng materyal na kosmos
   c. Schleiermacher—dahil sa nararamdamang kalikasan ng tao
   d. Ritschl—dahil sa pagkaignaorante ng tao
   e. Barth—kasangkot sa misteryo ng predistinasyon
   f. Whitehead—ang kasalanan ay likas sa sistema ng mundong ito. Ito ay gumaganap upang hubugin ang parehong Diyos at tao.
8. Ang pangunahing malakas na puwersa ng Bibliya ay ang pagtutubos sa sangkatauhan mula sa kasalanan at kasamaan, na ibinigay ng personal, nagmamahal na Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Ang pinagmulan ng kasalanan ay kailanman hindi tinalakay.

## NATATANGING PAKSA: BAGONG TIPAN NA TEOLOHIKAL NA PAG-UNLAD SA PAGBAGSAK SA KASALANAN

1. Ang Pagbagsak sa Kasalanan ay nakaapekto sa lahat ng sangkatauhan na malinaw na ipinahayag sa talakayan ni Pablo ng Roma 5:12-21.

   Ang Roma 5:12-21 ay isang talakayan kay Hesus bilang ang ikalawang Adan (cf. I Corinto 15:21-22, 45-49; Felipos 2:6-8). Ito ay nagbibigay diin sa teolohikal na konsepto sa parehong indibdiwal at pangkalahatang kasalanan. Ang paghubog ni Pablo sa sangkatauhan (at nilikha) sa pagbagsak kay Adan ay natatangi at naiiba mula sa mga mga rabi habang ang kanyang pananaw sa pangkalahatang ay higit na nakalinya sa mga rabinikal na katuruan. Ito ay nagpakita ng abilidad ni Pablo sa ilalim ng inspirasyon na gumamit, o punan, ang katotohanan na naituro sa kanya habang siya ay nasa kanyang

pagsasanay sa Jerusalem sa ilalaim ni Gamaliel (cf. Gawa 22:3).

Ang doktrina ng orihinal na kasalanan mula Genesis 3 ay hinubog ni Augustine at Calvin. Ito ay nagsasaad na ang mga tao ay ipinanganak na makasalanan. Madalas ang Awit 51:5; 58:3; at Job 15:14; 25:4 ang ginamit bilang OT na mga pruwebang-teksto. Ang alternatibong teolohikal na posisyon na ang mga tao ay moral at espiritwal na responsable para sa kanilang sariling mga pagpili at tadhana ay unang hinubog ng mga rabi at pagkatapos ay sa iglesya nina Pelagius at Arminius. Mayroong ilang mga ebidensya para sa kanilang pananaw sa Deutronomio 1:39; Isaias 7:15; at Jonah 4:11; Juan 9:41; 15:22,24; Acts 17:30; Roma 4:15. Ang malakas na puwersa teolohikal positsyon na ito ay ang mga bata ay inosente hanggang sa edad ng moral responsibilidad (para sa mga rabi ito ay ang 13 taon para sa mga batang lalake at 12 taon para sa mga batang babae).

Mayroong pumapagitnang posisyon na kung saan parehong likas na kasamaan gawi ay ang edad na responsibilidad ay parehong totoo! Ang kasamaan ay hindi lamang panlahatan, ngunit isang lumalagong na kasamaan ng sarili at kasalanan (buhay ng hiwalay sa Diyos). Ang kabuktutan ng mga tao ay hindi ang isyu (cf. Genesis 6:5,11-12,13; Roma 3:9-18,23), ngunit ang kailan, sa pagkanganak o sa kalaunan sa buhay ba?

2. "Ang bagong langit at ang bagong mundo" ang naging NT eskatolohikal na tema.

"Ang bagong langit at ang bagong mundo." Ang Griyegong termino na ito para sa "bago," *kainos*, ay nagbibigay diin ng kalidad, hindi kronolohikal na panahon (cf. Pahayag 2:17; 3:12; 5:9; 14:3; 21:1,2,5). Ito ay ang OT na tema, ang muling nilikha na mundo (cf. Isaias 11:6-9; 65:17; 66:22; Roma 8:18-25; II Pedro 3:10,12). Lahat ng mga mananampalataya ay mga mamamayan ng bagong Kaharian na ito (cf. Felipos 3:20; Efeso 2:19; Hebreo 12:23) at nakikibahagi sa bagong nilikha (cf. II Corinto 5:17; Galacia 6:15; Efeso 4:24). Isang kahanay na teolohikal na konsepto ay ang "bayan ng Diyos hindi ginawa ng mga kamay ng tao" ng Hebreo 11:10,16; 12:22; 13:14.

Ang bagong nilikha ay gaya ng panimulang paglikha. Ang langit ay muling mapapanumbalik sa Hardin ng Eden. Ang Diyos, sangkatauhan, ang mga hayop at lahat ng likas na nilikha ay makikisama at magdidiwang mula! Ang Bibliya ay nagsisimula sa Diyos, sangkatauhan at mga hayop sa perpektong pakikisama sa hardin (cf. Genesis 1-2). Ang Bibliya ay nagtatapos kasama ang Diyos at sangkatauhan sa hardin na tagpuan (cf. Pahayag 21-22) at sa pamamagitan ng hulang implikasyon, ang mga hayop din (cf. Isaias 11:6-8; 65:25). Ang mga mananampalataya ay hindi pupunta sa langit; ang bagong Jerusalem ay bababa mula sa langit (cf. Pahayag 21:2) at dadating upang muling maglikha at maglinis sa mundo. Ang Diyos at sangkatauhan ay magkakasamang muli (cf. Genesis 3:15; Isaias 7:14; 8:8,10; Pahayag 21:3).

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 3:1-7

**[1]Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Diyos. At sinabi niya sa babae, " Tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan'?" [2]At sinabi ng babae sa ahas, " Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami; [3]Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.'" [4]At sinabi ng ahas sa babae, " Tunay na hindi kayo mamamatay! [5]Sapagka't talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay**

**madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama."** [6]**At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang *magpapantas* sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.** [7]**At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.**

**3:1 "Ngayon"** Hindi ito temporal ngunit nagpahiwatig ng isang pampanitikan technique para sa pagpapakilala ng isang panibagong yugto sa drama ng paglikha. Hindi natin alam kung gaano kahaba si Adan at Diyos ay magkasama o gaano kahaba sina Adan, Eba, at Diyos na magkasama bago ang pagtala na ito.

▣ **"ang ahas"** Tignan Natatanging Paksa na sumusunod. Ang ahas ay kaaway rin sa Gilgamesh Epic (cf. 11:287-289) na nagnanakaw sa halaman na nagbibigay na walang hanggan buhay.

## NATATANGING PAKSA: ANG AHAS O SERPYENTE

A. Ang terminong "ahas" ay ang Nachash (BDB 638). Ito ay may ilang posibleng mga etimolohiya:
   1. *Kal Stem* - "sumagitsit"
   2. *Piel Stem* - "ang bumulong" gaya ng sa pangkukulam o panghuhula
   3. Mula 4:22 -"ang kuminang" posibleng kaugnay sa termino "bronse"
   4. Mula Arabic na ugat -"ang kakisayan"

B. Ang malinaw na pantukoy ay presente na nagpapakita ng isang partikular na ahaw o binigyan katauhang na entidad.

C. Ang pagiging literal ng ahas ay pinabolster sa pamamagitan:
   1. Ito ay inilista na gaya ng isa sa mga hayop sa parang na nilikha ng Diyos.
   2. Ito ay kaparusahan sa 3:14 bilang ang literal na hayop.
   3. Ito ay isang pahiwatig sa partikular na NT, II Corinto 11:3 at I Timoteo 2:13-14.

D. Ang ahas ay partikular na kinilala kasama ni Satanas sa:
   1. Ang inter-testamental na aklat ng "Karunungan," 2:23-24. "Dahil nilikha ng Diyos na;
      …gayunpaman, dahil sa inggit ng Kaaway dumating ang kamatayan sa mundo."
   2. Irenaeus (mahigit A.D. 130-202)
   3. Kapahayagan 12:9; 20:2
   4. Ang pagkakakilanlan na ito ay nawala mula sa OT mismo dahil hindi ito tinalakay ng Genesis 3 sa anumang haba. Hindi man lang binanggit o binigyan kahulugan sa anumang OT na aklat.

E. Bakit si Satanas ay hindi partikular na pinangalanan ang pagbibigay diin sa teksto ay sa responsibilidad ng sangkatauhan, hindi supernatural na pagtukso. Sa Roma 1-3 kung saan ang pagiging makasalanan ay ipinakita at ang 4-8 kung saan ito ang mga epekto nito ay inilista, si Satanas ay kailanman hindi binanggit.

▣ **"lalong tuso"** Mayroong dalawang posibleng patudyong gamit na mga salita (ang terminong

ito ay malapit na katunog ng "hubad" of 2:25) kaugnay sa terminong ito (BDB 791, KB 886): (1) "tuso" o "marunong" at (2) "maalam" (e.g. Kawikaan 1:4; 8:5,12; 12:16,23; 13:16; 14:8,15,18; 22:3; 27:12). Hindi ito tila isang negatibong termino inilagay sa ahas ngunit simpleng isang pagkilala sa kanyang mga katangian (cf. Mateo 10:16). Posibleng ito ang dahilan kung bakit ang kaaway ay piniling magkatawan sa ganitong partikular na hayop.

▣ **"kay sa alin man sa mga hayop sa parang"** Ito ay nagpapakita na ang ahas ay simpleng isa sa maraming nilikhang anyo ng mga hayop.

▣ **"ang Panginoong Diyos"** Ang unang termino "Panginoon" ay tipanang pangalan ng Diyos, YHWH, mula sa Hebreong PANDIWA "maging" (cf. Exodo 3:14). Ang ikalawang termino "Diyos" ay ang Hebreong termino *Elohim* na ang PANGMARAMIHAN anyo ng pangkalahatang termino para sa Diyos sa sinaunang Near East, El. Ang mga rabi ay nagsabi na ang YHWH ay kumakatawan sa tipanang awa ng Diyos habang ang *Elohim* at tumatayo para sa Diyos bilang manlilikha. Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 2:4.

▣ **"At sinabi niya"** Mayroong labis na espekulasyon patungkol sa nakapagsasalitang ahas (pansinin ang personal na PANGHALIP). Hindi natin alam ang relasyon sa pagitan ng mga tao at mga hayop bago pa ang pagbagsak sa kasalanan bagamat ito ay dapat na isang pakikipagkaibigan. Gayunpaman, aking ipinapalagay na ang pagsasalita ay bahagi ng imahe ng Diyos sa sangkatauhan at ang, samakatuwid, hindi normal para sa mga hayop. Ang kaparehong pakikisama ay muling mapapanumbalik sa eskatolohikal na tagpuan (cf. Isaias 11:6-11). Aking ipinapalagay na ang ahas ay pinanahanan ni Satanas at samakatuwid ito ay kanyang boses na narinig. Ang teolohikalna nakakabigla ay si Eba ay hindi nabigla!

▣ **"ang babae"** Mayroong matinding espekulasyon sa mga komentarista sa kung paano si Eba ay nahiwalay mula kay Adan, bagamat ang mga PANDIWA ay ginamit para kay Satanas ay PANGMARAMIHAN. Sa 3:6 ito ay nagpapahiwatig na si Adan ay maaring naroroon sa buong bahagi ng pag-uusap. Ang ilan ay nagsaad na ito ay simboliko ng paghahanap ni Eba ng kanyang sarili. Ang mga iba ay naniwala na si Satanas ay tinukso siya sapagkat hindi niya narinig ng direkta ang kautusan ng Diyos (cf. 2:16-17). Lahat ng mga ito ay espekulasyon.

▣ **"Tunay bang sinabi ng Diyos"** Ang mga rabi ay nagsabi na si Satanas ay hindi makagamit ng termino YHWH sapagkat hindi siya pamilyar sa awa ng Diyos. Gayunpaman, tila mayroon isang pagpapaptindi ng kasamaan sa persona ni Satanas sa Bibliya (cf. *The Theology of the Old Testament* ni A. B. Davidson, pp. 300-306).

## NATATANGING PAKSA: PERSONAL NA KASAMAAN

Ito ay isang napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay hindi inihayag bilang pangunahing kaaway ng Diyos, ngunit isang lingkod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng isang alternatibo at nag-aakusa sa sangkatauhan ng kawalang katuwiran.
2. Ang konsepto ng isang personal na pangunahing kaaway ay nahubog sa inter-biblikal (di-kanonikal) na panitikan sa ilalim ng impluwensya ng relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa pagkakataon, ay higit na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo.
3. Ang NT ay naghuhubog ng OT mga tema na labis na nakakabigla, ngunit piniling, mga kategorya.

Kung lalapitan ng isa ang pag-aaral ng kasamaan mula sa perspektibo ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra na pinag-aralan at binalangkas ng magkahiwalay) magkagayon mga napakamagkakaibang mga pananaw ng kasamaan ay mabubunyag.

Kung, gayunpaman, kung lalapitan ng isa ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag-biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon magkagayun higit sa mga pagbabago sa NT ay pagbababala sa Persianong dualismo at Greco-Romanong espiritismo.

Kung ang isa ay nakapangakong presuposisyonal sa banal na awtoridad ng Kasulatan, magkagayon ang NT na pag-unlad ay dapat na tignan sa progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapahintulot sa Hudyong alamat o Englis na panitikan (Dante, Milton) upang mas higit na malinawan ang konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. Ang Diyos ay pinili na huwag ipakita ang lahat ng mga aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang layuninin nito, ngunit ipinahayag Niyat ang pagkatalo nito!

Sa OT ang terminong Satanas o tagaakusa ay wari nakaugnay sa tatlong magkakahiwalay na mga grupo:

1. taong taga-akusa - I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6
2. malaanghel na taga-akusa - Num. 22:22-23; Zacarias 3:1
3. malademonyong taga-akusa - I Cronico 21:2; I Hari 22:21; Zacarias 13:2

Tanging sa kalaunang inter-testamental na periyod ay ang ahas ng Genesis 3 ay kinilala na si Satanas (cf. Book of Wisdom 2:23-24; II Enoch 31:3), at maging sa kinalaunay ito ay naging rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh*. 29a). Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa I Enoch 54:6. Aking binanggit ito, hindi upang magsaad ang teolohikal na ganap na kawastuhan nito, upang ipakita ang paghubog nito. Sa NT ang OT na mga aktibidad ay ipinaparatang sa malaanghel, binigyan katauhan na kasamaan (cf. I Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

Ang pinagmulan ng binigyan katauhan na kasamaan ay napakahirap o imposible (depende sa iyong puntong pananaw) upang madetermina mula sa OT. Isang dahilan para sa malakas na monteismo na ito ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Eccliasiastes 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng kadahilanan ay ipinaratang kay YHWH upang ipakita ang Kanyang pagkakaiba at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Isang daan ng posibleng impormasyon ay nakapokus sa (1) Job 1-2 kung saan si Satanas ay isa sa "mga anak ng Diyos" (i.e. mga anghel) sa presensya ng Diyos (cf. Zacarias 3) o (2) Isaias 14; Ezekiel 28 kung saan ang mayabang na mga hari ng near eastern (Babylonia at Tyre) ay ginamit upang ilarawan ang kayabang ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Ako ay may pinaghalong mga emosyon patungkol sa paglapit na ito. Ang Ezekiel ay gumagamit sa Hardin ng Eden na mga metapora hindi lamang sa hari ng Tyre bilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunin gayundin para sa hari ng Ehipto bilang ang Punong kahoy ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, partikular ang vv. 12-14, ay wari upang maglarawan ng malaanghel na pag-aklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na ipahayag sa atin ang partikular ba kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay ang napakakakaibang paraan at lugar upang gawain ito. Dapat nating bantayan ang kalakran ng sistimatikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga bahagi ng mga testament, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsamahin sila bilang mga piraso ng isang banal na palaisipan.

Si Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, dagdag pabalat XIII (pp. 748- 763) at XVI (pp. 770-776) ay nagsasabi na ang Rabinikal Judaismo aay sobrang naimpluwensyahan ng Persianong dualismo at makademonyong espekulasyon. Ang mga

rabi ay hindi mabuting pinagkukunan para sa katotohanan sa bahagi na ito. Si Hesus ay radikal na humiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga sa bahagi na ito. Sa aking pag-iisip na ang rabinikal konsepto ng malanaghel na pamamagitan at pagsasalungat sa pagbibigay ng kautusan kay Moses sa Mt. Sinai ay nagbukas ng pinto sa konsepto ng isang pangunahing malaanghel bilang pagsalungat kay YHWH gaya ng sa sangkatauhan. Ang dalawang mataas na mga diyos ng ng Iranianang dualismo, *Ahura Mazda* (ang mabuting diyos) vs. *Angra Mainyu* (ang masamang diyos), ay naglaban para sa pangunguna ay ginamit ang mundo para sa lugar labanan. Mula sa alitang ito ay maaring nahubog sa loob ng Judaismo ang dualismo sa pagitan ni YHWH at Satanas.

Mayrooong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT patungkol sa pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hingi pinalawak na gaya ng mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang “labanan sa langit.” Ang pagkatalo ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging ang anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanas ay natalo na at pinatapon sa mundo, siya ay gumaganap parin bilang lingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating kuryusidad sa lugar na ito. Mayroong isang personal na puwersya ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon parin tanging nag-iisang Diyos at ang sangkatauhan ay repsonsable parin para sa kanyang mga pagpili. Mayroong esperitwal na labanan, pareho sa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay dadarating lamang at mananatili sa pamamagitan ng Triune Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggal na!

▣ **“Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan”** Ang Hebreong parirala na ito ay napakapartikular ngunit ito ay tila maiugnay sa paninindigan, hindi isang patanong. Ang ahas ay simpleng nagpapasimula ng isang dyalogo sa babae na may koneksyon sa pagbabawal ng Diyos sa punong kahoy sa gitna ng hardin.

**3:2** Si Eba ay nagpahayag ng probisyon ng Diyos ng lahat ng ibang mga punong kahoy bilang pagkain (cf. 2:16). Ngunit ang ahas isinantabi ang mga ito at magpokus sa pagbabawala ng Diyos sa punong kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama.

**3:3 “Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan”** Mula sa Genesis 2:9 ating natutunan na mayroong dalawang mga punong kahoy sa gitna ng hardin, ang punong kahoy buhay at ang punong kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Tila sa naangkop na panahon ang bunga ng parehong mga punong kahoy na ito ay ibibigay sa sangkatauhan, ngunit ang inagaw ng sangkatauhan at ang makasariling pagpupumilit nila ay kinuha ito ng labas sa plano ng Diyos (gaanong kasalungat sa reaksyon ni Hesus sa Felipos 2:6-11). Ang punong kahoy ng buhay ay karaniwan sa lahat ng sinaunang ancient Near Eastern paglikhang mga tala, gayunpaman, ang punong kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama ay natatangi sa Bible. Walang mahika patungkol sa bunga. Ito ay ang paraan lamang ng Diyos ay sa paggamit nito, walang likas sa pisikal na mga katangian ng ng bunga, ang gumawa nito na mahalaga.

▣ **“baka kayo'y mamatay.”** Ang terminong ito (BDB 559, KB 502) ay ginamit ng tatlong beses sa vv. 3 at 4. Hindi tiyak sa ano ang naunawaan ni Eba patungkol sa kamatayan dahil wala sa mga hayop ang namatay. Gayunpaman, ito ay marahil naipagbigay alam sa lalake at babae. Ang Bibliya ay nalalaman ang tatlong uri ng kamatayan: (1) ang espiritwal na kamatayan na nangyari sa Genesis 3; Isaias 59:2; Roma 7:10-11; Efeso 2:1; Santiago 1:15; (2) ang pisikal na kamatayan na nagreresulta, Genesis 5; at (3) ang walang hanggang kamatayan bilang kunsekwensya ng pagiging matigas ang ulo ng tao, at pusong rebelyon (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8).

**3:4 "At sinabi ng ahas sa babae, 'Tunay na hindi kayo mamamatay!' "** Ito ay ang PAWATAS SUKDULAN at isang *Qal* DI-GANAP mula sa parehong ugat (BDB 559, KB 562) ay ginamit para sa pagbibigay diin. Si Satanas ay una sa lahat ay inatake ang pagkamatapat ng Diyos; ngayon inaatake niya ang katotohanan ng salita ng Diyos. At, sa v. 5, aatakihin niya ang kabaitan at kabutihan ng Diyos sa sangkatauhan. Ang Hebreong anyo ng pangungusap na ito ay kapansin-pansin pinatinding anyo. Si Satanas ay itinatanggi ang pananalita ng Diyos.

**3:5 "Sapagka't talastas ng Diyos na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata"** Mayroong limitadong katotohanan sa kung ano ang sinabi ni Satanas, ngunit ito ay isang kalunos-lunos na hating -katotohanan (cf. Titus 1:15). Ito ay wari na isang tagapag bigay kahulugan na pampanitikan (metaporikal) paggamit ng "araw," sa kahulugang "sa tuwing." Sa literal ang Hebreong parirala ay "kapag nangyari."

Ang PANDIWA "nabuksan" (BDB 824, KB 959, *Niphal* GANAP, cf. v. 7) ay nagpapahiwatig ng isang kinatawan, posibleng ang kapangyarihan ng punong kahoy o ang kaaway.

▣ **"at kayo'y magiging parang Diyos"** Ang salita na ito ay para sa Diyos ay ang terminong *Elohim*. Tignan Natatanging Paksa sa 2:4. Ito ay ginamit sa kontekstong ito para sa Kanyang sarili ng Diyos at ganito karami mga tagasalin ang naginterpret sa pariralang ito. Gayunpaman, ang terminong ito ay magagamit rin sa mga anghel (cf. Awit 8:5,6; 82:1,6 [sinipi sa Hebreo 2:7]; 97:7); ito ay magagamit rin sa "espiritung nilalang" (cf. I Samuel 28:13) at ito ay magagamit rin sa mga hukom ng Israeli (cf. Exodo 21:6; 22:8-9). Ito ay wari mas higit na lohikal na ang pangako ng pagiging kagaya ng mga anghel, ang mga espiritwal na mga nilalang na na sa presensya ng Diyos o posibleng ang makalangit na konseho (cf. 3:22). Ito ay isang pabalintuna na ang sangkatauhan sinubukang sunggaban mula sa Diyos ang anomang bagay na nasa kanya na. Ang humanidad ay nasa mas mataas na espiritwal na pagkakaayos kaysa sa mga anghel (cf. Hebreo 1:14; 2:14-16; I Corinto 6:3).

**3:6 "At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang *magpapantas* sa tao"** Dito ay makikita natin ang tatluhang paghubog mula sa pagtukso hanggang sa aktwal na paggawa ng kasalanan. Ang mga rabi ay nagsabi na ang mga mata at tainga ay mga bintana ng kaluluwa at ano man ang ating pinapapasok sa lumalaki sa ating mga puso hanggang sa magagawa ang pagkakasala.

▣ **"ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain"** Mayroong matinding espekulasyon patungkol sa talatang ito. Ang mga rabi nagsasaad na si Adan ay kumain upang makahiwalay siya sa kanyang asawa. Ito rin ang sinabi ni Milton sa *Paradise Lost*. Gayunpaman, ito ay tila mula sa konteksto, na si Eba ay umakto patungo kay Adan na gaya ng pag akto ng ahas tungo sa kanya, kasama ng pangkaranasang ebidensya na siya ay nakakain na at hindi namatay. Ang mga rabi ay nagsabi na ang ahas ay ginamit ang kaparehong pamamaraan kay Eve; na pinilit niya na hawakan ni Eba ang bunga at sinabi, "Tignan mo, hindi ka namatay." Posibleng sinabi niya kay Adan, "Tignan mo, hindi ako patay."

**3:7 "at kanilang nakilalang sila'y mga hubad"** Ito ay ginamit ng maraming mga komentarista upang panindigan ang sekswal na kalikasan ng pagtukso (cf. II Corinto 11:3, "ang ahas ay inakit si Eba"). Ang mga rabi nagsabi pa na ang ahas sekswal na inakit si Eba, ngunit ito ay tila pagbabasa

ng pagkiling sa teksto. Ang kanilang panibagong kaalaman ay hindi isang pagpapala na inaasahan nila (cf. Tito 1:15).

▣ **"at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos"** Ang tradisyonal na pagkakatayo ni Eba sa pagkain ng mansanas ay labis na haka-haka. Ang mga rabi ay nagsabi na kinain niya ang ubas na kaparehong punong kahoy kung saan kinuha nila ang mga dahon upang itakip sa kanilang mga sarili. Gayunpaman, "ang bunga" ay maaring isang petsa o ibang uri ng bunga na simpleng hindi nating alam. Ang uri ng bunga ay hindi ang isyu.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:8-13

**8At narinig nila ang tinig ng Panginoong Diyos na lumalakad sa halamanan sa kulimlim ng araw: at nagtago ang lalake at ang kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Diyos sa pagitan ng mga punong kahoy sa halamanan.**
**9At tinawag ng Panginoong Diyos ang lalake at sa kaniya'y sinabi," Saan ka naroon?"**
**10At sinabi niya, "Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago"**
**11At sinabi Niya, "Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko sa iyong huwag mong kanin?"**
**12At sinabi ng lalake, "Ang babaing ibinigay mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong kahoy at aking kinain"**
**13At sinabi ng Panginoong Diyos sa babae," Ano itong iyong ginawa?" At sinabi ng babae," Dinaya ako ng ahas, at ako'y kumain."**

**3:8 "narinig nila ang tinig ng Panginoong Diyos na lumalakad sa halamanan"** Ang King James ay may "ang tinig ng Panginoong Diyos" ngunit ang Hebreong salita ay nagpapahiwatig ng tunog ng Kanyang paglakad (BDB 229, KB 246, *Hithpael*I). Ang istrukutra ng Hebreo at ang konteksto ay tila nagpahiwatig na ito ay isang regular na aktibidad kung saan ang Diyos at ang unang mag-asawa ay nakikipagtagpo sa Diyos para sa pakikisama. Ito ay isang napaka antromorpikong parirala para sa Diyos na isang espiritwal na persona at walang katawan. Ang ilan ay naghaka-haka na ang Diyos ay binihisan ang Kanyang sarili sa taong anyo para sa pakikisama sa orihinal na mag-asawa. Ito ay maaring totoo, ngunit tanging bahagi ng Triune Diyos na may pangkalahatang pag-iiral ay ang Anak. Ang ilang ay nagespekula na dahil ang NT nagsasaad ng paglikha sa kinatawan ng Anak (cf. Juan 1:3,10; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2), at ang madalas ay mayroong pisikal na mga manipestasyon ng Diyos (i.e. Anghel ng Panginoon, e.g. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11, 15; 48:15-16; Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19) ito ay maaring tumutukoy sa pre-incarnate na Kristo.

### NATATANGING PAKSA: INILARAWAN ANG DIYOS BILANG ISANG TAO
### (ANTROPOMORPIK NA WIKA)

I. Ito ay tipo ng wika na napakaraniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
   A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
      1. mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteromonio 11:12; Zacarias 4:10
      2. kamay – Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteromonio 2:15
      3. braso– Exodo 6:6; 15:16; Deuteromonio 4:34; 5:15
      4. tainga – Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
      5. mukha – Exodo 33:11; Bilang 6:25; Deuteromonio 34:10; Awit 114:7

6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteromonio 9:10; Awit 8:3
7. boses – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteromonio 26:17; 27:10
8. paa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
9. taong anyo – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23;13:3-22

B. Pisikal na mga aksyon
1. pagsasalita bilang mekanismo ng paglilikha – Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
2. paglalakad (i.e., tunog ng) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Lv. 26:12; Deuteromonio 23:14
3. pagsasara ng pinot sa Noah's ark – Genesis 7:16
4. pagsasamyo ng sakripisyo – Genesis 8:21; Levitico 26:31; Amos 5:21
5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
6. paglilibing kay Moses – Deuteromonio 34:6

C. Pantaong emosyon (ilang mga halimbawa)
1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteromonio 6:15; 7:4; 29:20
3. pagseselos – Exodo 20:5; 34:14; Deuteromonio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Josue 24:19
4. pananawa/masuklam – Levitico 20:23; 26:30; Deuteromonio 32:19

D. Pampamilyang mga salita (ilang mga halimbawa)
1. Ama
   a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteromonio 14:1; Isaias 1:2; 63:16; 64:8; Jeremias 31:9; Osea 11:1
   b. ng king – II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
   c. metapora para sa makaamang pag-aksyon – Deuteromonio 1:31; 8:5; 32:6-14; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Hosea 11:1-4; Malakias 3:17
2. Magulang – Hosea 11:1-4
3. Ina – Isaias 49:15; 66:9-13 (analogy to nursing mother)
4. Batang tapat na mangingibig – Hosea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng ganitong tipo ng wika

A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!

B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)

C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)

D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan1:1-18)

▣ **"sa kulimlim ng araw**" Ang Hebreong parirala ay may kaugnayan sa termino para sa hangin (BDB 398). Ito ay nagsasalita sa malamig na simoy alinman sa umaga o sa gabi.

▣ **"at nagtago ang lalake at ang kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Diyos"** Ang PANDIWA (BDB 285, KB 284) na ito ay *Hithpael* DI-GANAP. Ang trahedya ng kasalanan ay maari nang makita sa emosyonal at gaya na rin sa pisikal paghihiwalay sa pagitan Diyos at ng Kanyang nilikha (cf. Awit 139; Pahayag 6:16).

**3:9 "Saan ka naroon?"** Halatang hindi ito ang hinahanap na impormasyon ng Diyos, ngunit pagbibigay ng katanungan upang maunawaan nila kung ano ang kanilang nagawa (cf. v. 11). Ang mga tipong ito ng retorikal na mga katanungan sa OT ay ginamit upang panindigan ang umuunlad na aspeto ng karakter ng Diyos, tinawag na "Bukas na Teismo" (i.e. Clark Pennock, *The Most Moved Mover*).

**3:10 "at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago"** Anong trahedya! Si Adan ay natakot sa mapagmahal na Diyos na naglikha sa kanya at nagnais na makilala siya. Ang tindi ng kasamaan ay malinaw na makikita dito habang ang tao ay patuloy na nagtatago sa Diyos, sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya at sa natural na pagkakaayos. Ang katotohanan na siya ay nakahubad ay simpleng pagtakip sa tunay na problema na isang bukas sa matang rebelyon sa kalooban ng Diyos.

**3:12 "At sinabi ng lalake"** Dito mayroon tayong pagbibigay diin sa katotohanan na si Adan ay responsible bagamat sinubukan niyang sisihin si Eba, maging ang Diyos mismo. Maging sa gitna ng maraming mga pagpapaumanhin, ang pagsisisi alinman kina Eba o sa Diyos, ang tao ay responsable para sa kanyang sariling mga aksyon. Flip Wilson na teolohiya, "Ang Demonyo ang dahilan sa pag gawa ko nito!" ay hindi higit na pagpapamumanhin kaysa "Kultural na kapaligiran ay naggawa sa akin na gawin ito" o "Genetikong predosposisyon ang nagudyok sa akin na gawin ito," atbp.

**3:13 "Dinaya ako ng ahas, at ako'y kumain"** Si Eba ay mabilis na natuto mula kay Adan at siya ay nagsimulang gumawa ng mga dahilan. Ang terminong "dinaya" ay wari na ibig sabihin ay "Magdulot na makalimot" (BDB 674, KB 728, *Hiphil* GANAP). Ito ay maaring isang onomatopoeia sa pagsagitsit ng ahas (i.e. *hissi'ani*). Ang NT ay binanggit ang mga aksyon ni Eba sa II Corinto 11:3 at I Timoteo 2:14.

## KONTEKSTWAL NA KAUNAWAWAAN SA GENESIS 3:14-24

## PANIMULA

A. Ang sipi na ito, gaya ng 3:1-12, ay krusyal sa ating pag-uunawa sa pangkasalukuyang kondisyon ng ating mundo ang mga kasalanan, sakit, pighati, kawalan ng katarungan, at kasamaan. Hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos.

B. Ang siping ito, lalo na ang v. 15, ay nagbibigay sa atin ng unang salita patungkol sa kung ano ang kahihinatnan ng ating mundo dahil sa pagtutubos na pakikiaalam ng Diyos! Ito ang dakilang pangako ng Diyos sa pagtutubos sa makasalanan, mapaghimagsik na tao at ito ay magmumula sa pamamagitan "ang babae."

C. Ang kunsekwensya ng rebelyon laban sa persona at salita ng Diyos ay malinaw na ipinakita! Si Satanas ay malinaw na nakkita bilang isang sinulanging at kasalanan ay lubusang tumatakbo sa kanyang sarili kurso sa mga buhay nina Adan at Eba at kanilang

mga anak.

D. Ang relasyon sa pagitan lalake at babae ay malinaw maglarawan sa v. 16 (cf. II Timoteo 2:9-15; Efeso 5:22; Colosas 3:18; I Pedro 3:1). Ang pinagdiinang mga relasyon sa ating mundo ay direktang resulat ng orihinal pinagmulan, tahasang pagsuway. Kung mayroong isang etiolohiya sa OT, ito ay maaring isang halimbawa. Gayunpaman, sila man din ay naapektuhan ng biyaya ng Diyos kay Kristo (cf. I Corinto 11:11; Galacia 3:28).

E. Ang mga rabi ay nagtakwil sa orihinal na kasalanan at nagpapalagay sa dalawang "yetzers" (mga intensyon). Gayunpaman, mayroong tila isang na maging koroborasyon ng OT Adan sa orihinal na pagkakasala sa Job 14:4; 15:14; 25:4; Awit 51:5 at sa klasikal NT na sipi ng Roma 5:12-21.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:14-19**

**14 At sinabi ng Panginoong Diyos sa ahas, "**
**Sapagka't ginawa mo ito, ay sumpain ka**
**ng higit sa lahat ng hayop,**
**at ng higit sa bawa't ganid sa parang;**
**ang iyong tiyan ang ilalakad mo,**
**at alabok ang iyong kakanin**
**sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;**
**15 At papagaalitin ko**
**ikaw at ang babae,**
**at ang iyong binhi at ang kaniyang**
**binhi; ito ang dudurog ng iyong ulo,**
**at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong."**
**16 Sinabi niya sa babae,"**
**Pararamihin kong lubha ang iyong**
**kalumbayan at ang iyong paglilihi,**
**manganganak kang may kahirapan;**
**at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban,**
**at siya'y papapanginoon sa iyo."**
**17 At kay Adan ay sinabi, "Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, 'Huwag kang kakain niyaon';**
**sumpain ang lupa dahil sa iyo;**
**kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal**
**sa lahat ng mga araw ng iyong buhay.**
**18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag;**
**at kakain ka ng pananim sa parang;**
**19 Sa pawis ng iyong mukha**
**ay kakain ka ng tinapay,**
**hanggang sa ikaw ay mauwi sa**
**lupa, sapagka't diyan ka kinuha;**
**sapagka't ikaw ay alabok,**
**at sa alabok ka uuwi."**

**3:14 "Panginoong Diyos"** Ito ang kombinasyon ng dalawang pangunahing mga salita para sa

Diyos sa OT, YHWH at Elohim. Tignan puna sa 2:4.

▣ **"sinabi sa ahas"** Ang Diyos ay hindi nanghihingi ng mga katungan ng ahas na gaya ng ginaya Niya kina Adan at Eba. Ang ahas ay hinatulan bilang isang kasangkapan ng kaaway.

▣ **"sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop"** Ang PANDIWA (BDB 76, KB 91) ay isang *Qal* PABALINTIYAK PANDIWARI. Hindi ito nagpahiwatig na ang lahat ng mga baka (mas malawak na kahulugan ng mga baka, posibleng mga hayop sa lupa) ay nasumpa na. Ang pariralang "higit" ay maaring mangahulugan "mula sa lahat ng mga baka." Ang mga rabi ay nagsasabi na ito ay tumutukoy sa pagbubuntis sa peritod ng mga baka laban sa ahas, na sinasabi sa Talmud sa pitong taon.

▣ **"ang iyong tiyan ang ilalakad mo"** Anumang mga gumagapang sa kanyang tiyan ay itinuturing na marumi ng mga Hebreo (cf. Levitico 11:42). Ang mga rabi ay nagsabi na ang Diyos ay pinutol ang mga paa ng ahas upang siya ay gumapang, ngunit marahil ito ay kapareho sa tanda ng bahaghari ng Genesis 9:13 na posibleng laging umiiral ngunit ngayon ay nagdadala ng karagdagang kahulugan kapag ginamit ng Diyos sa isang espesyal na paraan.

▣ **"alabok ang iyong kakanin"** Ito ay ipinahiwatig sa Isaias 65:25. Mayroon tila isang aspeto ng pagsusumpa ng Diyos sa literal na ahas. Ang pariralang ito ay marahil isang metapora sa Bibliya na tumutukoy sa pagkatalo at kahihiyan (cf. Awit 79:9; Isaias 49:23; Micah 7:17). Pareho sa mga DI-GANAP sa talatang ito ay ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan.

**3:15 "At papagaalitin Ko"** Ang alitan ay (BDB 33) isang salita na ginamit sa pagitan ng mga persona. Ito ay tila isang transisyon kung saan ang paghatol ng Diyos ay ibinigay kay Satanas, hindi sa literal na ahas (cf. Pahayag 12:9; 20:2). Tignan "The Presence of God Qualifying our Notions of Grammatical-historical Interpretation: Genesis 3:15 bilang Kasong Pagsusulit" ni Vern S. Poythress, JETS, vol. 50.1, pp. 87-103).

▣ **"ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi"** Mayroong matinding talakayan sa mga komentarista patungkol sa talata. Sa mas malaking kanonikal na konteksto ito ay wari tumutukoy sa mga anak (i.e. "Binhi," BDB 282) ng kaaway (cf. Mateo 13:38; Juan 8:44) at ang mga anak ng Mesyas (cf. Irenaeus). Ngunit dahil ang kasunod na talata ay gumagamit ng PANG-ISAHAN anyo "siya" at "ikaw" ito ay wari tumutukoy sa tensyon sa pagitan Diyos at sa Kaaway na sinimbulo ng pagtutubos na gawa ng paparating na Mesyas (cf. Irenaeus). Halata na sina Adan at Eba ay hindi naunawaan ang pagsasanga nito, o marahil si Moses din, bagamat si Moses kinilala sa Deutronomio 18:18 na isang propeta mas higit ang siya na paparating. Aking naisip na ito marahil ay hindi alusyon sa birheng kapanganakan, bagamat ito ay tiyak na di-kilala ng orihinal na taong may-akda, ngunit kilala ng banal na may-akda (Banal na Espiritu). Habang sangkatauhan ay nahuhulog sa biglaang pagdedesisyon ng babaen, ang sangkatauhan ay matutubos sa pamamagitan ng pagsunod ng isang babae sa supernatural na pagbubuntis sa Mesyas sa pamamagitan ng Banal na Epsiritu (cf. Isaias 7:14; Mateo 1:18-25; Lucas 1:26- 38, tignan *A Guide To Biblical Prophecy*, pp. 78 at 80). Ang Vulgate ay binabago ang "siya" sa kasundo na parirala sa "siya na babae," na lubusang hindi naangkop, ngunit ito ay maaring makakuha ng buong diwa sa mas higit na kahalagahan.

Yamang ang propesiya na ito ay hindi lubusang naunawaan hagngga sa makasaysayang katuparan nito sa birheng kapanganakan ni Hesus, ang kapareho ay sinasabi patungkol sa interpretasyon ng Genesis 1 at 2. Ang kasaysayan ay nagpapakita ng pagkakatotoo ng kapahayagan bilang nagpapatuloy na siyentipikong pag-aaral sa ating mundo ay nagpapakita ng

kasalimuutan at pagkakaugnay ng mga malikhaing mga gawa ng Diyos! Walang alitan, kundi isang mas higit na kaalaman sa bahagi ng sangkatauhan patungkol sa mga aktibidad ng Diyos!

▣
**NASB** **"Ito ang magpapadurog ng iyong ulo"**
**NKJV** **"ito ang dudurog ng iyong ulo"**
**NRSV** **"ito ang hahampas sa iyong ulo"**
**TEV** **"Ang kanyang binhi ang dudurog ng iyong ulo"**
**NJB** **"Ito ay magpapasa sa iyong ulo"**

Ang terminong "durog" ay maaaring mangahulugan na "piniga," "dinurog," "kiniskis," "pinulbos," o "hinampas" (BDB 1003, KB 1446, *Qal* DI-GANAP, ginamit ng dalawang beses, cf. Job 9:17). Pansinin ang PANG-ISAHAN PERSONAL PANGHALIP (cf. Roma 16:20). Ang labanan ay sa kalaunan ay bababa patungo sa mga indibidwal.

▣
**NASB** **"At ikaw ang magdudurog sa kanyang sa sakong"**
**NKJV** **"at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong"**
**NRSV** **"at ikaw ang hahampas sa kanyang sakong"**
**TEV** **"at ikaw ang kakagat sa sakong ng kanyang binhi"**
**NJB** **"at ikaw ang hahampas sa kanyang sakong"**

Ang kaparehong PANDIWA (BDB 1003, KB 1446, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit para sa parehong, ngunit halata na si Satanas ay tatanggap ng pinakamasaklap na katapusan. Ito ay tila tumutukoy sa pagpapapako sa krus kapag inunawa mula sa perspektibong NT.

**3:16 "Sinabi Niya sa babae"** Mayroon tila apat na mga pangunahing mga elemento rito: (1) pinaraming sakit sa panganganak (*Hiphil* PAWATAS TIYAK at isang *Hiphil* DI-GANAP ng parehong PANDIWA, BDB 915, KB 176); (2) labis na maraming mga anak na itataguyod; (3) mga problema na may kinalaman sa pagpapalaki ng mga anak; at (4) ang pagiging dominante ng asawang lalake. Nakikita natin kung paano ito nakadugtong sa rebelyon ni Eba: (a) ninais na magsarili, ngunit ngayon siya ay lubos na nakadepende sa kanyang asawa na lalake (at hindi sa Diyos); (b) naghahanap siya ng kagalakan at kaligayahan sa ipinagbawal na bunga, ngunit ngayon siya ay may pait sa normal na aspeto ng kanyang buhay. Halata na ang NT nauunawaan nito bilang isang teolohikal na kahalagahan sa pagitan mga lalake at babae (cf. I Timoteo 2:9-15). Dapat nating damhin ang balanse sa pagitan kung sino tayo kay Kristo, I Corinto 11:11; Galacia 3:28, at ano ang ating ipinapapatuloy na maging, sa ilang mga bagay, kay Adan, Efeso 5:22; Colosas 3:18; I Pedro 3:1.

Mayroong ilang mga kalituhan sa Hebreo teksto sa puntong ito. Ang termino ay isinalin dito na "sa panganganak" ay binaybay ng kakaiba. Ang Hebreo mga katinig ay maaring mangahulugan "nakahigang naghihintay para sa," tumutukoy sa kasamaan ng pagtutukso sa mga anak (cf. *Hard Sayings of the Bible*, pp. 90-99).

▣ **"at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban"** Ang Hebreong salita ay isinalin dito "pagnanasa" o "pananabik" (BDB 1003, KB 1801). Si Walter Kaiser ay nagsasabi na ito ay maaring mangahulugan na "magpapaikot," posibleng sa pakahulugan na "maging dominante" (cf. Genesis 4:7). Si Eba ay lumiko palayo mula kay YHWH. Ang kanyang kaparusahan ay ang kanyang patuloy na pagliko sa kanyang asawa, na madalas na kumukuha ng pagkakataon sa

sitwasyon (cf. *Hard Sayings of the Bible*, IV p.97-98).

▣ **“siya'y papapanginoon sa iyo”** Ang PANDIWA (BDB 605, KB 647) ay isang *Qal* DI-GANAP. Ito ay wari isang resulta ng pagbagsak sa kasalanan at, ang Diyos ay tumutulong sa atin, ang likas na pagkamakasalanan ng lalake at dumating sa sukdulang antas. Pagseselos, panghahalay, paghihiwalay at walang diyos na pagdodomina ay pawang mga katangian ng sekswal na pagnanasa ng sangkatauhan! Tayo ay naging kagaya ng mga hayop ngunit may kasamang yabang na idinagdag sa sekswal na pagnanasa!

**3:17 “Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa”** Si Adan ay dapat na sumusunod sa salita ng Diyos, ngunit siya ay sumunod sa salita ng kanyang asawa at sinira ang partikular na salita Diyos (cf. 2:15-17).

▣ **“sumpain ang lupa dahil sa iyo;”** Ang PANDIWA (BDB 76, KB 91, *Qal* PASSIVE PANDIWARI) ay nangangahulugang ang kabaliktaran ng pinagpala. Ang lupa ay hindi na muling magbubunga ng malaya at masagana. Ang kasalukuyang mundo ay hindi na ang siyang ginusto ng Diyos!

Mayroong paglalaro sa salita na “Adan” (*Adan*, BDB 9) at ang salita “lupa” (*Adamah*, BDB 9). Kapwa ay may kaparehong ugat. Makikita natin ang kunsekwensya ng pagbagsak sa kasalanan ng sangkatauhan at kalikasan sa Roma 8:18- 23.

Iminumungkahi na ito ay nagpapakita ng kalagayan ng kalikasan sa labas ng Hardin ng Eden. Pagkatapos ng kanilang rebelyon sina Adan at Eba ay pinalayas ng Diyos sa mula sa espesyal na lugar tungo sa realidad ng pangangaso/paglilikom, ngipin-at-kuko na mundo.

▣ **“kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay”** Si Adan ay binigyan ng tungkulin na pangalagaan ang hardin bago pa ang Pagbagsak sa Kasalanan (cf. 2:15), na isang tandan ng kanyang dominyon, ngunit ang tungkulin ay mas nakakapagod, paulit-ulit, sapilitan at hindi matatapos (i.e. “mabigat na trabaho” BDB 781). At maging sa trabaho ng sangkatauhan, ang lupa ay mamumunga ng kaunting mga ani (cf. v. 18).

Pansinin ang bilang ng ulit ang PANDIWA “kumain” (BDB 37, KB 46) ay ginamit sa mga pambukas na mga kabanatang ito (cf. 2:16,17; 3:1,2,3,6,11,12,13,14,17[dalawang beses],18,19,22)! Ito ay naguugnay sa parehong kasaganaan at sumpa.

**3:19 “hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha”** Ito ay isang direktang komnesyon sa pagitan ng pagbagsak sa kasalanan ni Adan, espiritwal na kamatayan (kab. 3) at pisikal na kamatayan (kab. 5). Ang Diyos ay mapagtitiwalaan. Sinabi Niya na sila ay makakaranas ng kamatayan sa lahat ng kanilang mga bahagi at tunay na sila ay nakaranas!

▣ **“sapagka't ikaw ay alabok”** (cf. Genesis 2:7).

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 3:20-21

**20At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay. 21At iginawa ng Panginoong Diyos si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan.**

**3:20 “At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay”** Ang dominyon ng asawang lalake sa kanyang asawang babae ay

sinisimbolo ngayon sa pamamagitan ng pagpapangalanan sa kanya. Sa Etimolohikal, ang mga salitang “Eba” (*hawwa*) at “ang nabubuhay” (*haya*) ay napakapareho at ito marahil ay isang popular na Hebreong salitang paglalaro. Ang mga salitang paglalaro kina Adan, Eba, Cain-Nod ay nagpakita ng pampanitikang kalikasan ng mga sinaunang mga tala na ito. Isang pabalintuna na siya ay tinawag na “Eba” na nangangahulugang “nabubuhay” na sa halip na buhay, siya ay nagdala ng kamatayan.

**3:21** Hindi palagian na ang mga tao ay nangangailangan ng damit na ito maliban sa ang klima at/o ibang mga radikal na mga pagbabago ang naghihintay sa mga tao sa labas ng hardin ng Eden.

Ang unang kamatayan na ito, na itinalaga ng Diyos para sa pangangailanagan ng sangkatauhan, ay malinaw na nagpapakita ng pag-aaruga at probisyon ng Diyos bilang realidad ng paghahatol at kunsekwensya! (Tignan Natatanging Paksa sa ibaba)

## NATATANGING PAKSA: BAKIT BINIHISAN NG DIYOS SINA ADAN AT EBA NG MGA BALAT NG HAYOP

A. Bilang isang probisyon para sa bagsik ng buhay sa labas ng Eden

B. Upang takpan ang kanilang pinaramdam na kahihiyan ng kahubaran

C. Upang ipakita ang pagkabatas sa paggamit sa mga hayop para sa pangangailangan ng sangkatauhan

D. Upang ipakita ang pagkakaiba sa mga probinsyon sa pagitan ng sangkatauhan(mga dahon) at sa Diyos (mga balat)

E. Upang paalahanan sila sa kanilang sariling papalapit na kamatayan (cf. Genesis 5)

F. Upang magbigay babala sa pagbibihis bilang ipinaratang na katuiwiran ni Kristo na ibinigay sa atin bilang panibagong kasuutan (cf. Roma 13:14; Galacia 3:27; Efeso 4:24; Colosas 3:8,10,12,14; Santiago 1:21 I Pedro 2:1)

G. Upang ipakita ang nagpapatuloy na pagmamahal at probisyon ng Diyos para sa sangkatauhan, bagamat sila ay makasalanan

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:22-24

**22 At sinabi ng Panginoong Diyos, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man"**
**23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya. 24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay**

**3:22 “Diyos, Narito't ang tao'y naging parang isa sa Atin”** Mayroong matinding talakayan patungkol sa PANGMARAMIHANG ito sa Genesis (cf. 1:26; 3:22; 11:7). Ang talata 22 ay nagsisimula sa PANG-ISAHAN at naghuhubog tungo sa PANGMARAMIHAN. Kung ating paapahintulutan ang

Kasulatan na iinterpret ang Kasulatan, ito ay halatang tunay tumutukoy sa triune Diyos, hindi sa Hebreong gramatikal na anyo na tinawag na PANGMARAMIHAN ng maharlika. Gayunpaman, ito ay maaring tumutukoy sa (1) ang malaanghel na konseho (cf. I Hari 22:19), (2) ang dalawang banal na mga persona sa Awit 110:1, o maging (3) ang pagbibigay katauhan ng pagkadiyos sa kilala bilang ang anghel ng Panginoon; para sa isang halimbawa sa marami, tignan ang nagaapoy na palumpong sa Exodo 3:2,4.

▣ **"ang punong kahoy"** Ating napansin sa simula na ang punong kahoy ng buhay ay karaniwan sa karamihan sa sinaunang Near Eastern paglikhang mga teksto. Dito, ang sangkatauhan ay inalis, hindi dahil sa pagseselos ng mga diyos, ngunit dahil ito ay isang sumpa para sa sangkatauhan upang mabuhay ng walang hanggan sa kanyang kasalukuyang makasalanan kalagayan.

▣ **"mabuhay magpakailan man"** Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: *'OLAM* (Magpakailanman)

Ito ay napakakaraniwan (ginamit ng mahigit 400 na beses) termino *'olam* (BDB 761, KB 798). Ito ay ginamit sa durasyon ng panahon sa ilang mga pakahulugan, bawat isa ay dapat na idugtong sa kalikasan ng isang bagay kung saan ito tumutukoy.

A. Nakalipas na panaho (mga halimbawa lamang)
  1. "mga bayani ng nakalipas," Genesis 6:4
  2. "mga bundok at burol," Genesis 49:26
  3. "henerasyon ng nakalipas," Deutronomio 32:7
  4. "mga ninuno," Josue 24:2
  5. "panahon ng nakalipas," Isaias 51:9

B. Nagpapatuloy sa buong buhay (mga halimbawa lamang)
  1. "naniniwala sa iyo magpakailanman" (i.e., Moses), Exodo 19:9
  2. "alipin magpakailanman," Deutronomio 15:17; I Samuel 27:12
  3. "sa lahat ng iyong panahon," Deutronomio 23:6
  4. Samuel "manatili ka doon magpakailanman," I Samuel 1:22
  5. Hari "mabuhay magpakailanman," I Hari 1:31; Neh. 2:3; Awit 21:4
  6. "purihin ang Panginoon magpakailanman," Awit 115:18; 145:1-2
  7. "umawit magpakailanman," Awit 89:1; 115:18; 145:1-2
  8. "buntis magpakailanman (metaphor), Jeremias 20:17
  9. posibleng Kawikaan 10:25

C. Patuloy na pag-iiral (ngunit may halatang limitasyon)
  1. ang mga tao ay mabubuhay magpakailanman, Genesis 3:22
  2. ang mundo, Awit 78:69; 104:5; 148:6; Eccliasiastes 1:4 (cf. II Pedro 3:10)
  3. Aaronic na pagkasaserdote, Exodo 29:9; 40:15 (cf. I Samuel 2:30)
  4. ang Sabbath, Exodo 31:16-17
  5. ang mga araw ng kapistahan, Exodo 12:14,17,24; Levitico 16:29,31,24; 23:14,21,41
  6. pagtutuli, Genesis 17:13 (cf. Roma 2:28-29)
  7. ang bayan na ipinangako, Genesis 13:15; 17:18; 48:4; Exodo 32:13 (cf. Exiles)
  8. winasak na mga bayan, Isaias 25:2; 32:14; 34:10

D. Kondisyonal na mga Tipanan
  1. Abraham, Genesis 17:7,8,13,19

2. Israel, Deutronomio 5:29; 12:28
3. David, II Samuel 7:13,16,25,29; Awit 89:2,4
4. Israel, Hukom 2:1 (cf. Galatians 3)

E. Walang Kondisyon na mga Tipanan
1. Noah, Genesis 9:12,16
2. Bagong Tipan, Isaias 55:3; Jeremias 32:40; 50:5 (i.e., Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-30)

F. Diyos ang Kanyang Sarili
1. Kanyang Pag-iiral, Genesis 21:33; Deutronomio 32:40; Awit 90:2; 93:2; Isaias 40:28; Daniel 12:7
2. Kanyang pangalan, Exodo 3:15; Awit 135:13
3. Kanyang paghahari, Exodo 15:18; Awit 45:6; 66:7; Jeremias 10:10; Micah 4:7
4. Kanyang salita, Awit 119:89,160; Isaias 40:8; 59:21
5. Kanyang mapagkandiling-pagmamahal, Awit 25:6; 89:2; 103:17; 118:1-4,29; Jeremias 33:1

G. Kanyang Mesyas
1. Kanyang pangalan, Awit 72:17,19
2. Pinagpala magpakailanman, Awit 45:2,17; 89:52
3. paghahari, Awit 89:36,37; Isaias 9:7
4. sasredote, Awit 110:4
5. pre-eksistens, Micah 5:2

H. Buhay ng Bagong Panahon
1. Walang hanggang buhay, Daniel 12:2
2. Walang hanggang pag-alipusta, Daniel 12:2
3. Wala ng mga luha, Isaias 65:19 (Pahayag 21:4)
4. Walang araw, Isaias 60:19-20 (Pahayag 21:23)

Pansinin kung gaano karami ang magkakaibang mga Englis na salita ang ginamit upang isalin ang Hebreong salita na ito sa NIV

1. magpakailanman
2. sinauna, na nakalipas
3. walang katapusan
4. walang hanggan
5. nagtatagal
6. lagi
7. pang habangbuhay
8. patuloy
9. regular
10. permanente
11. anumang oras
12. sinauna, sinaunang panahon
13. walang patid
14. magpakailanman

15. hanggang sa kahuli-hulihan
16. isang mahabang panahon
17. noong unang panahon

**3:23 "Kaya pinalayas siya ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden"** Ito ay isang malakas na PANDIWANG anyo (BDB 1081, KB 1511, *Piel* DI-GANAP) na may negatibong mga konotasyon. Sa Deutronomio 21:14 ito ay tumutukoy sa paghihiwala, at sa I Hari 9:7 ito tumutukoy sa paghuhukom sa bayan ng Israel.

**3:24 "ang mga Querubin"** Ito ang mga may pakpak na malanghel na nilalang (BDB 500) na nagbabantay sa hardin ng Diyos upang manatili ang sangkatauhan sa labas. Sila sa kalaunay lumitaw sa tabernakulo/templong mga sining. Ang katotohanan na ang Hardin ay binantayan ay nagpapakita na ito ay isang espesyal na lugar, isang prinotektahan na kapaligiran, na ngayon ay bawala na sa mga tao. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: QUERUBIN

A. Isa sa mga ilang mga tipo ng mga malaanghel na nilalang. Ang partikular na tipong ito ang nagbabantay sa sagradong lugar (cf. Exodo 25:18-22; I Hari 8:6-7).
B. Etimolohiya ay di-tiyak:
   1. Mula sa Akkadian "manananggol" o "tagapamagitan" sa pagitan Diyos at tao
   2. Mula sa Hebreo ito ay posibleng salitang paglalaro, "kalesa" at querub" (cf. Ezekiel 1; 10)
   3. Ang ilay ay nagsasabi na ito ay nangangahulugang "maningning na pagpapakita"
C. Pisikal na anyo-Ito ay naging napakahirap na matiyak sapagkat sa ibat-ibang mga paglalarawan sa loob ng Bibliya at nag iibang hayop-tao na mga anyo na matatagpuan sa sinaunang Near East. Ilan ay inuugnay sila sa:
   1. May pakpak na toro ng Mesopotamia
   2. May pakapk na agila-leon ng Ehipt na tinawag na "griffins"
   3. May pakpak na nilalang sa Hiram, trono ng Hari ng Tyre
   4. Sphinx ng Ehipto at kaparehong mga anyo na matatagpuan sa garing na palasyo ni Haring Ahab sa Samaria
D. Pisikal na Deskripsyon
   1. Ang anyo ng querubin ay nakadugtong sa Seraphim ng Isaias 6.
   2. Mga halimbawa ng ibat-iabng mga anyo
      a. Bilang ng mga mukhaber of faces
         (1) Dalawa-Ezekiel 41:18
         (2) Apat-Ezekiel 1:6, 10; 10:14,16,21,22
         (3) Isa-Pahayag 4:7
      b. Bilang ng mga pakpak
         (1) Dalawa-I Hari 6:24
         (2) Apat-Ezekiel 1:6,11; 2:23; 10:7,8-21
         (3) Anim (gaya ng Seraphim ng Isaias 6:2)- Pahayag 4:8
   3. Ibang mga katangian
      a. Mga kamay ng tao-Ezekiel 1:8; 10:8,21
      b. Mga Paa
         (1) Diretso, walang tuhod-Ezekiel 1:7

(2) Paa ng guya-Ezekiel 1:7

4. Si Flavius Josephus ay inaamin na walang nakakaalam kung ano ang hitsura ng querubin (cf. *Antiquities of the Jews*, VIII:3:3).

E. Mga lugar at layuning matatagpuan sa Bibliya
   1. Tagapagbantay ng punong kahoy ng buhay, Genesis 3:24 (posibleng ginamit na metaporikal kay Satanas sa Ezekiel 28:14,16)
   2. Tagapagbantay ng Tabernakulo
      a. Sa ibabaw ng Arko ng Tipan; Exodo 25:18-20; Bilang 7:89; I Samuel 4:4
      b. Inilarawan sa telon at mga kurtina; Exodo 26:1,31; 36:8,35
   3. Tagapagbantay sa Templo ni Solomon
      a. Dalawang nililok na mga querub sa Dakong Kabanal banalan; I Hari 6:23-28; 8:6-7; II Cronico 3:10- 14; 5:7-9
      b. Sa mga pader ng panloob templo; I Hari 6:29,35; II Cronico 3:7
      c. Sa mga panel na nauugnay sa ilang mga patong; I Hari 7:27-39
   4. Tagapbantay sa Templo ni Ezekiel
      a. Nililok sa pader at mga pintuan; Ezekiel 41:18-20, 25
   5. Konektado sa trasnportasyon ng pagkadiyos
      a. posibleng isang metapora para sa hangin; II Samuel 22:11; Awit 18:10; 104:3-4; Isaias 19:1
      b. tagapagbantay sa trono ng Diyos; Awit80:1; 99:1; Isaias 37:16
      c. tagapagbantay sa portatil na trono ng kalesa ng Diyos; Ezekiel 1:4-28; 10:3-22; I Cronico 28:18
   6. templo ni Herodes
      a. Pinintura sa mga pader (i.e. tagapagtanggol cf. Talmud “Yoma” 54a)
   7. Kapahayagan tronong senaryo (i.e. tagapagtanggol cf. Pahayag 4-5)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ito ba ay alegorya, alamat, o historikal na pagsasalaysay?
2. Ang ahas ba ay literal at ito ba ay nagsalita?
3. Ang ahas ba ay pinalakas at sinapian ng Kaaway? Kung magkagayon, paano at bakit?
4. Alam ba ng Diyos na gagawin nila Adan at Eba? Kung magkagayon, bakit Niya pinahintulutan ito?
5. Ilarawan sa iyong sariling mga termino ang antas ng pagunlad ng pagtukso ng ahas at ang partikular na mga pag-atake laban sa Diyos.
6. Paanong ang Diyos, na isang espiritwal, ay magkakaroon ng katawan?
7. Ang kabanata 3 ay nagpapaliwanag sa presensya ng kasamaan sa ating mundo at ang presensya ng pagkakasala sa puso ng sangkatauhan? Kung magkagayon, bakit hindi ito tinalakay ng mas higit na kumpleto sa OT?

8. Ang ahas ba ay nagsisilbing lingkod ng Diyos upang subukin ang sangkatauhan o siya ay nagrebelde na laban sa Diyos (cf.Job 1-2 at Zacarias 3)?
9. Bakit hinatulan ng Diyos ang hayop na simpleng ginamit lang ni Satanas?
10. Ang talata 15 ba ay isang alusyon sa paparating na Mesyas o simpleng pagkatakot sa pagitan babae at sa ahas?
11. Halata na ang ating modernong lipunan ay nagbibigay diin sa pagkakapantay-pantay sa pagitan mga lalake at mga babae ay nagtatakwil sa talata 16 bilang isang pangkalahatang prinsipyo. Bakit ka naniniwala na ang talata ito o hindi pa rin balido?
12. Ang talata 20 ba ay isang akot ng pagsisisi at pananampalataya sa bahagi ni Adan o isang tahasang paninindigan na siya at si Eba ay magagawa ito sa sarili nila?
13. Ipaliwanag ang gamit ng mga PANGMARAMIHAN na ginamit ng Diyos sa talata 22. Ito ba ay isang babala ng doktrina ng Trinidad o ibang bagay lang? Bakti o bakit hindi?

# GENESIS 4:1-26

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Cain at Abel | Si Cain Pinatay si Abel | Cain, Abel at Seth | Cain at Abel | Cain at Abel |
| 4:1-8 | 4:1-8 | 4:1-7 | 4:1-7 | 4:1-8 |
| | | 4:8-16 | 4:8 | |
| 4:9-15 | 4:9-15 | | 4:9a | 4:9-16 |
| | | | 4:9b | |
| | | | 4:10-12 | |
| | | | 4:13-14 | |
| | Ang Pamilya ni Cain | | | |
| | | | 4:15-16 | |
| 4:16 | 4:16-18 | | Ang mga Lahi ni Cain | |
| 4:17-22 | | 4:17-22 | 4:17-22 | 4:17-22 |
| | 4:19-24 | | | |
| 4:23-24 | | 4:23-24 | 4:23-24 | 4:23-24 |
| (23-24) | (23-24) | (23-24) | (23-24) | (23-24) |
| | Isang Bagong Anak | | Seth at Enos | Si Seth at ang Kanyang Salinlahi |
| 5:25-26 | 5:25-26 | 5:25-26 | 5:25-26 | 5:25-26 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## PANIMULA

A. Sinasabi ng maraming mga komentarisya na ang 4:1-24 ay naglalarawan ng pag-unlad ng mapaghimagsik na binhi ni Cain, habang ang 4:25-5:32 ay naglalarawan ng paghubog ng makadiyos na binhi ni Seth. Bagamat ito ay makatutulong sa pagtingin sa mga kabanata ito, ito ay lubusang pagkasira sa kasamaan ng lahat ng tao na nakikita sa 6:5-6, 11-12,13.

B. Marami ang nagsabi na ang kabanata 4 ay hindi detalyadong kanluraning talaangkanan ngunit isang silanganing Hebreong talaangkanan na simpleng tumatama sa matataas na mga punto. Kung iyong pagsasamahin ang mga petsa ng Genesis 4 sila ay tila nagpapatong-patong at sumasakop lamang ng mahigit na 2,000 taong sakop. Samakatuwid, ako ay naniniwala na sila ay kinatawang mga halimbawa o simbolikong mga bilang (gaya ng yaong Hesus sa Mateo atLucas), hindi puspusang mga talaangkanan.

C. Ang kabanata 5 ay inilarawan bilang ang kamatayang kabanata, ngunit ang mga talata 21-24 humahawak sa dakilang pag-asas para sa pagtutubos ng sangkatauhan sa salin ni Enos. Ang kaparehong mga termino ay ginamit para sa Elijah sa II Hari 2:3,5,9,10.

D. Ang Genesis 3:8-11:9 ay nagpapahayag ng teribleng mga kunsekuwensya ng kasalanan na nagpapatuloy mula sa henerasyon sa henerasyon.

E. Ang mga angkan ni Cain ay hindi dokumentado gaya ng sa mga angkan ni Seth (i.e. hindi mga petsa o mga edad ang ibinigay). Ang linya ni Cain ay namatay sa lahat sa baha. Posibleng dahil sa kung sino ang kanyang napangasawa. Lahat ng bi- pedal, gumagawa ng kasangkapan, malalaking mga bungo na nilalang ay hindi nasa imahe ng Diyos.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 4:1-8

**[1]At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, "Nagkaanak ako ng lalake sa *tulong* ng Panginoon." [2]At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa. [3] At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon. [4]At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng Panginoon si Abel at ang kaniyang handog; [5]Datapuwa't hindi nilingap si Cain at ang kaniyang handog. At naginit na mainam si Cain, at namanglaw ang kaniyang mukha. [6]At sinabi ng Panginoon kay Cain, "Bakit ka naginit? at bakit namanglaw ang iyong mukha? [7]"Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan; at sa iyo'y pahihinuhod ang kaniyang nasa, at ikaw ang papanginoonin niya." [8]At yao'y sinabi ni Cain sa kaniyang kapatid na kay Abel. At nangyari, nang sila'y nasa parang ay nagtindig si Cain laban kay Abel na kaniyang kapatid, at siya'y kaniyang pinatay.**

**4:1 "nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa"** Sa literal, "nakilala ni Adan si Eba." Ang Hebreong termino "nakilala" ay nagsasalita sa matalik na personal relasyon (BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP, cf. Jeremias 1:5). Maging ito ay unang sekswal na pagsasama sa pagitan ni Adan at Eba ay hindi isinaad. Ang Bibliya ay tahimik patungkol sa kung gaano kadami ang naging anak nila at kailan nila nagawa iyon. Ang alam lang natin ay mahigit sa tatlo ang pinangalanan. Ito ay napakahalaga sa

pagbibigay kahulugan sa mga salita sa NT para sa "pagkilala" ang Diyos na nagpakita ay hindi lamang ito katotohanang nilalaman, ngunit isang personal na pakikipagrelasyon ang binigyan diin. Pangkaraniwan ang pagtugon ng sangkatauhan sa Diyos ay nagsasangkot ng (1) mga katotohanan na paniniwalaan, (2) isang persona na tatanggapin, at (3) isang nararapat na buhay na ipamumuhayt! Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: KINILALA (paggamit ng madalas sa Deutronomio bilang isang paradaym)**

Ang Hebreong salita na "kinilala" (BDB 393) ay may ilang mga pakahulugan (semantikong mga larangan) sa *Qal*.

1. Upang maunawaan ang mabuti at masama - Genesis 3:22; Deutronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonah 4:11
2. Upang makilala sa pamamagitan ng pag uunawa - Deutronomio 9:2,3,6; 18:21
3. Upang makilala sa pamamagitan ng karanasan - Deutronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Josue 23:14
4. Upang ikonsidera - Deutronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. Upang makilala ng personal
   a. Ang isang tao - Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deutronomio 22:2; 28:35,36; 33:9
   b. Ang Diyos - Deutronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
   c. si YHWH - Deutronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
   c. pakikipagtalik - Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman - Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong - Deutronomio 29:4; Pro. 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. kaalaman ng Diyos
   a. kay Moses - Deutronomio 34:10
   b. kay Israel - Deutronomio 31:21,27,29

▣ **"Cain"** Ang pangalan na "Cain" (*qayin*, BDB 884 III, KB 1097, at BDB 888-89) ay isang tunog na paglalaro sa Hebreong salita "kinuha" (*qaniti*). Ito ay tila sumasang ayon na si Cain ay isang espesyal na kaloob sa tulong ni YHWH (posibleng maging isang katuparan ng 3:15).

▣ **"Nagkaanak ako ng lalake *sa tulong* ng Panginoon"** Ang salin, "lalakeng-bata," ay wari saluhin ang pagbibigay diin. Ilan ay nagsasabi na si Ebe ay may mga naunang mga anak na babae at ito ang unang anak na lalake, ngunit ito ay haka-haka lamang. Ang nagsasarang parirala ng v. 1, "sa *tulong* ng Panginoon," (BDB 86) ay nagpapahiwatig ito ay pahayag ng pananampalataya ni Eba batay sa Genesis 3:15-16. Ito ang unang paggamit na pangalang YHWH sa sarili mismo. Ang kasunod na ito ay lumitaw ng mag-isa ay sa pagsamba ng mga lahi ni Seth sa 4:26.

**4:2 "At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel."** Ang mga rabi ay nagsabi na dahil ang parirala na "at Adan kinilala si Eba" ay nawawala sa v. 2 na si Cain at Abel ay kambal, ngunit hindi ito pwede na mangyari.

▣ **"Abel"** Ang Hebreong termino ay nangangahulugang "hininga," "singaw," o "banidad" (BDB 211 II, cf. Ecclesiastes 1:2). Mayroong tatlong posibleng mga implikasyon sa pangalan na ito: (1) ito ay maaring magpakita ng (a) panghihina ng loob ni Eve patungkol sa kanyang makasalanang kondisyon o (b) isang prediksyon patungkol sa kaiklian ng kanyang buhay; (2) isang posibleng dugtong sa salitang Akkadian na "anak na lalake" (*ibil*); at (3) ibang ay nagsabi na ito ay may

kinalamang salita na “kahinaan” dahil sa panghihina ng loob ni Eba patungkol sa sumpa sa maraming mga anak (cf. Genesis 3:16).

**4:3 “nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon”** Pansinin na si Cain ay ang unang nagdala ng alay sa Panginoon (BDB 97, KB 112, *Hiphil* DI-GANAP). Walang likas na pagkababa sa butil na sakripisyo laban sa hayop na sakripisyo. Ang kahalagahan ay sa pananampalataya ng nag-aalay mismo. Possibleng sila ay nagdala ng alay sa pasukang daanan ng hardin ng Eden.

**4:4 “At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon”** Ang susi ay tila ay nasa terminong “mga panganay” (BDB 114). Si Cain ay nagdala ng ilang mga agrikultural na mga produkto, ngunit si Abel ay nagdala ng pinakamainam sa kanyang mga kawan, na nagpapakita ng isang saloobin ng pananampalataya at pagrespeto. Ngunit dapat tandaan na ang teksto mismo ay napakalabo at maikli. Maging maingat tayo sa pagbabasa ng labis sa mga naunang tala na ito.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“at ang mga tabang bahagi nila”** |
| **NKJV** | **“ng mga taba ng mga yaon”** |
| **NRSV** | **“kanilang mga tabang mga bahagi”** |
| **TEV** | **“ang pinakamainam na mga bahagi nito”** |
| **NJB** | **“at ilang sa kanilang mga taba”** |
| **SEPT** | **“maging ilan sa mga pinakamatataba sa kanila”** |
| **JPSOA** | **“ang pinakapipili”** |
| **NET** | **“maging ang pinakamataba sa kanila”** |

Tila dito at sa nakalipas na Judaismo, ang pagpapatindi ay sa taba na konektado dito na inalay sa altar: (1) sila ay tinignan bilang luklukan ng mga damdamin o (2) ang taba ay isang simbolo ng kasaganaan at kalusugan.

Ang SEPT, JPSOA, at NET Bible ay naunawaan ang pariralang ito bilang tumutukoy sa hindi sa taba ng mga laman loob na inalay sa altar, ngunit bilang ang pinakamainam na kawan. Ito ang mas mahusay na tumutugma sa konteksto.

▣ **“at nilingap ng Panginoon si Abel at ang kaniyang handog”** Sa literal ito ay nangangahulugang “tinignan ng maiigi” na may positibong konotasyon (BDB 1043, KB 1609, *Qal* DI-GANAP, cf. TEV at NJB). Ang paano ay di-tiyak bagamat mayroong maraming mga haka-haka. Halata na ang Diyos ay ipinagbigay alam ang Kanyang kagalakan para sa isa at ang Kanyang pagkayamut sa iba. Napansin ng mga komentarista, kapwang sinauna ay moderno, na nag Diyos ay tinanggap si Abel ng una at pagkatapos ang kanyang alay. Ito lagi ang pagkakasunod-sunod (cf. Hebreo 11:4). Ang problema kay Cain ay ang kanyang ugali. Posibleng ipinapakita ng Diyos ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagmamahal sa mas bata hindi sa mas matanda. Ito ang nakikita sa buong Genesis.

**4:5 “At naginit na mainam si Cain**” Ang Hebreong mga salita ay napakatindi rito na naglarawan sa damdamin ni Cain (BDB 354, KB 351, *Qal* DI-GANAP plus ang PANG-ABAY “napaka,” BDB 547). Pansinin na siya ay nagalit sa Diyos ngunit inilabas niya ang kanyang galit sa kanyang kapatid. Ang konteksto rito ay galit sa gitna ng pagsamba. Posibleng siya ay labis na nabahala sapagkat dinala niya ang kanyang alay ng una, subalit ang kay Abel ang tinanggap at ang kanya ay hindi.

▣ **“namanglaw ang kaniyang mukha”** Mayroong isang salitang paglalaro sa pagitan “namanglaw” sa vv. 5 at 6 (BDB 656, KB 709) at “di ba ikaw mamarapatin” sa v. 7. Ang terminong “mamarapatin” ay maaring mangahulugan na “tinanggap” (BDB 669, KB 724, *Qal* PAWATAS NA BANGHAY, cf. NKJV, NRSV, TEV).

**4:6 “Bakit ka naginit”** Muli dito ang Diyos ay nagtatanong ng ilang mga katanungan, hindi para sa impormasyon, ngunit upang tumulong sa tao na maunawaan ang kanyang sariling mga damdamin at motibo (cf. v. 9 at 3:9,11,13).

**4:7 “nahahandusay ang kasalanan sa pintuan”** Sa talatang ito ang kasalanan ay binigyan katauhan na gaya ng mabangis na hayop na ang nais ay mangwasak (cf. I Pedro 5:8). Mayroong posibleng Akkadian na koneksyon sa salitang “nahahandusay”na ginamit sa mga makademonyo (BDB 918, KB 1181, *Qal* PANDIWARI). Ito ay nagpapakita na tunay na kalikasan ng kasalanan sa ating mundo.

▣ **“sa iyo'y pahihinuhod ang kaniyang nasa”** Ang kaparehong termino “nasa” (BDB 1003, KB 1802) ay ginamit sa Genesis 3:16. Ito ay nagpapakita na ang layunin ng kasamaan ay para sa ating pagkawasak (i.e. “magkontrol” at “magdomina”).

▣ **“ikaw ang papanginoonin niya.”** Ang PANDIWA (BDB 605, KB 647) ay ang *Qal* DI-GANAP. Ito ay nagpapakita na tayo ay hindi isang malamanyika sa kamay ng kaaway, ngunit mayroon tayong kakayahan, sa tulong ng Diyos, na labanan ang demonyo (cf. Efeso6:13; Santiago. 4:7; I Pedro 5:9), upang magsisi at mapanumbalik! Si Cain ay hindi saklaw ng kasalanan ni Adan (cf. Ezekiel 18:2-4). Tayo ay apektado sa pamamagitan ng rebelyon nina Adan at Eba, ngunit tayo ay responsible sa ating mga sariling pagpili.

**4:8 “sinabi ni Cain sa kaniyang kapatid na kay Abel.”** Mayroong labis na diskusyon patungkol sa pariralang ito. Ang ilan ay nagsabi na si Cain ay sinabihan si Abel patungkol sa kung ano ang sinabi ng Diyos sa vv. 6 at 7. Ang mga iba ay nagsabi, kasama ng Samaritan Pentateuch, Septuagint, Syriac, Vulgate, at RSV na mga salin, na si Cain ay nilansi si Abel patungo sa parang upang patayin niya ito (i.e. pinag-isipang pagpatay).

▣ **“nagtindig si Cain laban kay Abel”** Ang kabanata 3 ay binigyan diin ang supernatural na pagtukso; kabanata 4 ay binigyan diin ang paghubog ng Adan na makasalanang kalikasan ng sangkatauhan. Walang manunukso rito, tanging ang puno at sumibol na kasalanan na nagresulta mula sa kasalanan nina Adan at Eba na nagpatuloy pa hanggang sa kanilang mga angkan (cf. Roma 8:9-18,23; I Juan 3:12). Ang mga PANDIWA “nagtindig” (BDB 877, KB 1086, *Qal* DI-GANAP) at “pinatay” (BDB 246, KB 255, *Qal* DI-GANAP) ay nagpakita ng progresibong karahasan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:9-15

**9 At sinabi ng Panginoon kay Cain, "Saan naroon si Abel na iyong kapatid?" At sinabi niya, "Aywan ko: ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid?" 10 At sinabi niya, "Anong iyong ginawa? ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa akin mula sa lupa. 11 "At ngayo'y sinumpa ka sa lupa na siyang nagbuka ng bibig na tumanggap sa iyong kamay ng dugo ng iyong kapatid. 12 "Pagbubukid mo ng lupa, ay di na ibibigay mula ngayon sa iyo ang kaniyang lakas; ikaw ay magiging palaboy at hampas-lupa sa lupa." 13 At sinabi ni Cain sa Panginoon, "Ang aking kaparusahan ay higit kaysa mababata ko! 14 "Narito, ako'y iyong itinataboy ngayon mula sa ibabaw ng lupa, at sa iyong harapan ay magtatago ako; at ako'y magiging palaboy at hampaslupa; at mangyayari, na sinomang makasumpong sa akin ay**

**papatayin ako." [15]At sinabi sa kaniya ng Panginoon, "Dahil dito'y sinomang pumatay kay Cain ay makapitong gagantihan." At nilagyan ng Panginoon ng isang tanda si Cain, baka siya'y sugatan ng sinomang makakasumpong sa kaniya.**

**4:9 "ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid?"** Ang matinding problema kay Cain ay ang kanyang di-nagsisising puso. Ang terminong "tagabantay" ay maaring mangahulugan na "pastol" (BDB 1036, KB 1581, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI), na maaring isang paglalaro sa trabaho ni Abel (cf. v. 2).

**4:10 "ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa Akin mula sa lupa"** Ang pariralang ito ay napakahalaga ("dumadaing" BDB 858, KB 1042, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI). Para sa mga Hebreo, ang buhay na puwersa ay nasa dugo (cf. Levitico 17:11; Pahayag 6:9,10). Ang salitang "dugo" ay PANGMARAMIHAN sa Hebreo. Si Rashi ay nagsasabi na ang PANGMARAMIHAN ay tumutukoy kay Abel at sa kanyang potensyal na binhi. Ang PANGMARAMIHAN ay nagpapakita rin ng katindihan.

**4:11 "At ngayo'y sinumpa ka sa lupa"** Ito ang unang direktang sumpa sa tao. Dahil sa kasalanan ni Adan ang lupa ay isinumpa rin. Napakahalaga na si Cain, na isang magsasaka, au hindi na ito gagamitin bilang kanyang hanapbuhay. Siya ay ipinatapon sa disyerto na tahanan ng mga demonyo at kasama nito, ang pagkawala ng agrikultural na aktibidad.

**4:12 "mula ngayon sa iyo ang kaniyang lakas"** Ito ay isang *Hiphil* JUSSIVE na anyo (BDB 414, KB 418). Maraming mga komentarista ay nagsabi na ito ang dahilan kung bakit ang lahi ni Cain ay pinaunlad ang tagasiyudad na buhay kaysa sa pambukid na buhay (cf. vv. 16-24).

▣ **"ikaw ay magiging palaboy at hampas-lupa sa lupa"** Ang dalawang mga magkaparehong tunog na mga termino (BDB 631, KB 681 at BDB 626, KB 678, cf. v. 14) naglarawan sa lagalag na buhay ni Cain. Sila ay mga salitang paglalaro sa lupain ng Nod (BDB 627 II). Ang mga salitang paglalaro na ito ay nagpapakita ng panitikang paghugis ng mga naunang mga kabanata.

**4:13 "Ang aking kaparusahan ay higit kaysa mababata ko!"** Si Cain ay hindi nagsisi sa kanyang akto ngunit siya ay nagsisi sa kunsekuwensya nito.

**4:14 "ko'y iyong itinataboy ngayon mula sa ibabaw ng lupa"** Ito ang pangtrabaho na resulta sa kasalanan ni Cain habang ang kasunod na parirala "mula sa Kanyang mukha ako ay magtatago" ay ang pangespiritwal na resulta (cf. 3:8) sa kasalanan ni Cain.

▣ **"na sinomang makasumpong sa akin ay papatayin ako"** Si Cain ay natakot para sa kanyang buhay. Ang mga rabi ay nagsabi na siya ay natakot sa mga hayop. Gayunpaman, ang konteksto ay tila nagpapahiwatig na ang kanyang mga sariling mga kamag-anak, na maghahayo upang "paparoon'els" (tagapaghigante ng dugo) para kay Abel, ay maaring papatay sa kanya. Ito ay maaring magpahiwatig na si Adan at Eba ay may maraming mga di-pangalang mga anak.

Mayroong napakanakakaliw na talakayan sa relasyon nina Adan at Eba sa ibang pre-historikong mga tao sa Kidner's *The Tyndale Commentary on Genesis* and Bernard Ramm's talakayan sa antroplohiya sa *The Christian's View of Science and Scripture*. Ang talatang ito ay nagpapahiwatig maraming ibang nag-iisip na nilalang. Para sa talakayan ng humanoids at kanilang mga petsa ng pananahan sa sinaunang Near East tigna R. K. Harrison's *Introduction to the Old Testament*, pp. 147-163 at *Who was Adam?* ni Fazale Rana at Hugh Ross.

Kung si Cain ay nag-asawa ng di-homosapien ng wala ang Espiritu ng Diyos, samakatuwid Genesis 6:1-4 ay paghahalo ng espesyal na taong nilikha ng Diyos at sa mga dalawang paang mga hayop sa halip na mga anghel.

**4:15 "ay makapitong gagantihan"** Ang termino "makapitong" ay wari nangahulugan na kumpletong paghihigante (BDB 988). Tila ang Diyos ay iniwan si Cain ng buhay na isang matinding tanda ng kasalanan. Ang mga rabi ay nagsabi na ang Diyos ang maghihigante sa kanya hanggang sa pitong henerasyon at ito ay si Lamec. Mayroong isang rabinikal na alamat na ang talata 23 ay tumutukoy kay Lamec at sa kanyang anak, Tubal-Cain, pagpatay kay Cain ng aksidente.

▣ **"nilagyan ng Panginoon ng isang tanda si Cain,"** Ito ay alinmang tanda (BDB 16, "isang marka") ng (1) awa ng Diyos sa gitna ng paghuhukom o (2) pagtutukod ng Diyos sa Kanyang paghahatol sa buong panahon. Ang mga rabi ay nagsabi na ang Diyos ay naglagay ng sungay ng hayop sa gitna ng ulo ni Cain. Gayunpaman, ito ay tila mas posible na ito ay marka sa kanyang noo (cf. Ezekiel 9:4,6).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:16

**[16]At umalis si Cain sa harapan ng Panginoon at tumahan sa lupain ng Nod, sa silanganan ng Eden**

**4:16 "At umalis si Cain sa harapan ng Panginoon"** Ito ay tila isang pisikal na resulta na ipinapakita sa espiritwal na resulta ("umalis" BDB 422, KB 425, *Qal* DI-GANAP). Ang mga talata 16-24 ay tunay na nagpakita ng nawalang sangkatauhan na nagsisimula ng sistema ng mundo ng hiwalay sa Diyos. Ang laban kay-YHWH na sistema ng mundo ay makikita sa mga kaharian sa mga pangitain Daniel. Ito ay naging tipo sa dakilang patutot ng Babylonia sa aklat ng Pahayag at sa pagagmit ni Juan ng terminong "mundo."

▣ **"sa lupain ng Nod"** "Nod" ay ang Hebreo termino para sa "paglalagalag" o "ang lupain ng mga lagalag" (BDB 627 II). Ito ay halatang paglalaro sa pangalan ni Cain. Hindi natin alam kung saan ang lugar na ito makikita ngunit ito ay halatang sa mas silangan ng Eden ng higit sina Adan at Eba ay lumisan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:17-22

**[17]At nakilala ni Cain ang kaniyang asawa, at siya'y naglihi at ipinanganak si Enoc: at siya'y nagtayo ng isang bayan at tinawag ang bayan ayon sa pangalan ng kaniyang anak, Enoc. [18]At naging anak ni Enoc si Irad; at naging anak ni Irad si Mehujael; at naging anak ni Mehujael si Metusael; at naging anak ni Metusael si Lamec. [19]At si Lamec ay nagasawa ng dalawa; ang pangalan ng isa'y Ada, at ang pangalan ng ikalawa ay Zilla. [20]At naging anak ni Ada si Jabal: na siyang naging magulang ng nangagsisitahan sa mga tolda at may mga hayop. [21]At ang pangalan ng kaniyang kapatid ay Jubal: na siyang naging magulang ng lahat na tumutugtog ng alpa at ng flauta. [22]At tungkol kay Zilla, ay ipinanganak naman niya si Tubal-Cain na mamamanday ng lahat na kagamitang patalim na tanso at bakal: at ang kapatid na babae ni Tubal-Cain ay si Naama**

**4:17 "At nakilala ni Cain ang kaniyang asawa"** Sino ang kanyang napangasawa? Karamihan sa konserbatibong mga iskolar ay nagpalagay na siya ay nag asawa sa isa sa kanyang kapatid na babae, ngunit ito ay hindi kailanman binanggit sa Bibliya. Ang Genesis 5:4 ay hindi binanggit na sina Adan at Eba ay may iba pang mga anak na lalake at babae. Ang isa ay magtataka patungkol sa mga tao sa labas ng hardin kung saan si Cain ay natakot sa 4:14 (tignan puna sa 4:14).

▣ **“at siya'y naglihi at ipinanganak si Enoc”** Lahat ng mga etimolohiya ng mga pangalan na ito ay napakapagaalinlangan. Ang pangalan na Enos ay maaring ibig sabihin ay “baguhan” o “tagapanguna” (BDB 335). Mayroong halatang pagkakapareho sa pagitan ang listahan mga anak ni Cain at listahan ng mga anak ni Seth sa kabanata 5 (ex. Enos at Lamec). Ang eksaktong dahilan para sa etimolohikal na pagkakapareho ay hindi tiyak, ngunit ito ay nagpapakita na (1) ang dalawang mga pamilya ay may maraming sosyal na koneksyon, o (2) ang espiritwal na mga pagkakaiba ng dalawang Enos.

Pansinin rin na ang haba ng mga buhay ng lahi ni Cain ay hindi ibinigay. Ito ay maaring magpahiwatig na ang pinahabang mga edad ng lahi ni Seth ay simbolo ng pagkilala o pagpuri (gaya ng listahan ng sampung mga hari ng Sumerian na nagkaroon ng mga pinahabang buhay bago at pagkatapos ng pagbaha. Ang haba ng buhay ay binawasan pagkatapos ng pagbaha ngunit napakahaba parin kumpara sa pamantayan sa panahon na ito).

▣ **“siya'y nagtayo ng isang bayan”** Ito ay tila direktang pagsuway sa kautusan ng o Diyos na siya ay magiging lagalag (cf. vv. 12,14). Ang mga iba ay nakita ito bilang halimbawa sa takot ni Cain’s fear na isang tao ang papatay sa kanyan; Samakatuwid, siya ay nagtayo ng isang kuta upang protektahan ang kanyang sarili at kanyang pamilya (kapareho sa layunin ng Tore ng Babel).

**4:18 “At naging anak ni Enoc si Irad”** Posibleng mga etimolohiya ng terminong ito ay: (1) palamuti ng bayan; taong-bayan; o (3) mabilis ang paa (BDB 747).

▣ **“Mehujael”** Ang posibleng mga etimolohiya ng terminong ito ay (1) “Diyos ay tagapag-bigay ng buhay”; (2) “Ang Diyos ay tagapagbigay ng balon ng buhay”; (3) “binigyan ng sakit ng Diyos”; o (4) “hinugis ng Diyos” (BDB 562).

▣ **“Methushael”** Ang posibleng mga etimolohiya ng terminong ito (1) “Lalake ng Diyos”; (2) “malakas na kabataan”; o “hari” (BDB 607).

**4:19 “At si Lamec ay nagasawa ng dalawa”** Ito ang unang tala ng poligamya at ito ay nagsimula sa makasalanang lahi ni Cain. Ang pangalang Lamec ay di-tiyak sa pinagmulan (BDB 541).

▣ **“Adah. . .Zillah”** Ang dalawang mga pangalan ng babae na ito ay isang paglalaro sa mga termino para sa pisikal na kagandahan. Ang mga rabi ay nagsabi na isa sa kanyang asawa ay magdadala ng mga anak at ang isa ay kanyang kerida para sa kaligayahan. Ang pangalan “Adah” ay maaring mangahulugan na “palamuti” o “umaga” (BDB 725) ,habang ang pangalan “Zillah” ay tila nangahulugan na “lilim” o “kanlungan,” “kalansing” o “musikal na manunugtog” (BDB 853).

**4:20 “Jabal: na siyang naging magulang ng nangagsisitahan sa mga tolda at may mga hayop.”** Ang terminong ito ay waring nangahulugan na “lagalag” (BDB 385 II), na naglalarawan ng lagalag na buhay na kanyang pina-unlad.

**4:21 “Jubal: na siyang naging magulang ng lahat na tumutugtog ng alpa at ng flauta”** Ang ilan ay nagsasaysay na ang kanyang pangalan nangangahulugang “tunog.” Ito ang pasimula sa ilang mga kaloob ng musikal na mga kasanayan. Ang panlipi na grupo ay nahubog hindi lamang ang may kuwerdas na mga instrumento ngunit ang mga hanging instrumento.

**4:22 “si Tubal-Cain na mamamanday ng lahat na kagamitang patalim na tanso at bakal”** Ang tao (BDB 1063) ay ang unang gumawa ng mga armas na pandigma. Posibleng ito na ang tatlong mga tao na binanggit sa vv. 21-22 ay pinangalanan upang magpakita ng kanilang mga trabaho.

▣ **"Naamah"** Ang pangalan na ito nangangahulugang "nakakawili" o "maganda" (BDB 653 I). Ang mga rabi ay nagsabi na siya ay napangasawa si Noah ngunit ito ay napakahindi pwedeng mangyari.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:23-24**

**[23]At sinabi ni Lamec sa kaniyang mga asawa,**
**"Ada at Zilla,**
**pakinggan ninyo ang aking tinig,**
**Kayong mga asawa ni**
**Lamec, makinig ng aking**
**salaysay,**
**Sapagka't pumatay ako ng isang tao, dahil sa ako'y**
**sinugatan; At ng isang binata, dahil sa ako'y hinampas;**
**[24]Kung makapitong gagantihan si Cain, tunay na si**
**Lamec ay makapitong pung pito."**

**4:23 "sinabi ni Lamec sa kaniyang mga asawa"** Ito ay isa sa unang mga gamit ng patula na itinala sa Bibliya (mahigit 40% ng OT ay nasa patula na anyo). Ito ay gramatikal na konektado sa talata 22. Ang Rabinikal na alamat ay nagsasabi na ang kanyang dalawang mga babae ay iniwan siya dahil pinatay niya si Cain ng di sadya at ganun din ang kanyang anak, si Tubal-cain, habang nangangaso. Ito ay tila lubhang imanihatibo. Ang binibigyan diin nito ay ang paghuhubog ng kasalanan sa puntong na si Lamec ay nagmamayabang sa kahigpitan ng kanyang paghihigante. Ilan ay nagpahayag na hinawakan niya ang unang sandatang pandigma ni Tubal-cain at ginawa itong retimikong pagmamayabang. Mayroong matinding talakayan ng mga komentarista patungkol sa elementong panahon (nakaraan, hinaharap). Karamihan ay nagpalagay na sila ay tumutukoy sa isang bagay na mangyayari, hindi isang bagay na nangyari na.

**4:24 "makapitong pung pito"** Ito ay nagpapakita ng kabagsikan ng paghihiganti ni Lamec (cf. 4:15). Ilang mga komentarista ay tinignan ito bilang pagsasalungat sa pagitan nito at sa mga salita ni Hesus patungkol sa kapatawaran sa Mateo 18:21,22.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 4:25-26**

**[25]At nakilalang muli ni Adan ang kaniyang asawa; at nanganak ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan na Set, sapagka't *aniya'y*, "binigyan ako ng Diyos ng ibang anak na kahalili ni Abel; sapagka't siya'y pinatay ni Cain." [26]At nagkaanak naman si Set ng isang lalake; at tinawag ang kaniyang pangalan na Enos. Noon ay pinasimulan ng mga tao ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon.**

**4:25-26** Ang konteksto ay dapat na umayon sa kabanata 5. Ang kabanata at talatang paghahati ay hindi bahagi ng orihinal na teksto ng alinman sa Hebreo OT o ang Griyegong NT.

**4:25** Ito ay isang salitang paglalaro sa pagitan ang Hebreong termino "tinawag" (*shat*, BDB 1011, KB 1483, *Qal* GANAP) at Seth (shet, BDB 1011 I). Ang nagpapatuloy na panitikan (tunog) paglalaro sa mga pangalan sa Genesis 1-11 ay nagpapakita ng pampanitikang karakter nito.

**4:26 "inawag ang kaniyang pangalan na Enos"** Ito ang isa sa mga Hebreong termino para sa "tao" (BDB 60), kasingkahulugan ng Adan (cf. Job 25:6; Awit 8:4; 96:3; 144:3; Isaias 51:12; 56:2).

▣ **"Noon ay pinasimulan ng *mga tao* ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon."** Ito ay awari nagpapahiwatig ng regular pampublikong pagsamba sa paggamit ng banal na tipanang pangalan ng YHWH (tignan Natatanging Paksa sa 2:4). Marami ang nakakita sa kontradiksyon sa pagitan ito ay ang talata at Exodo 6:3. Posibleng, ang mga tao ay ginamit ang pangalan ng YHWH ng hindi nalalaman ang buong kahalagahan nito hanggang sa panahon ni Moses. Ito ang pasimula sa Makamesya na lahi (cf. Lucas 3:38).

# GENESIS 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Lahi ni Adan | Ang Pamilya ni Adan | Ang Henerasyon Mula kay Adan hanggang kay Noah | Ang mga Lahi ni Adan | Ang mga Patriyarka Bago ang Pagbaha |
| 5:1-2 | 5:1-5 | 5:1-2 | 5:1-5 | 5:1-2 |
| 5:3-5 | | 5:3-5 | | |
| 5:6-8 | 5:6-8 | 5:6-8 | 5:6-8 | 5:6-8 |
| 5:9-11 | 5:9-11 | 5:9-11 | 5:9-11 | 5:9-11 |
| 5:12-14 | 5:12-14 | 5:12-14 | 5:12-14 | 5:12-14 |
| 5:15-17 | 5:15-17 | 5:15-17 | 5:15-17 | 5:15-17 |
| 5:18-20 | 5:18-20 | 5:18-20 | 5:18-20 | 5:18-20 |
| 5:21-24 | 5:21-24 | 5:21-24 | 5:21-24 | 5:21-24 |
| 5:25-27 | 5:25-27 | 5:25-27 | 5:25-27 | 5:25-27 |
| 5:28-31 | 5:28-31 | 5:28-31 | 5:28-31 | 5:28-31 |
| 5:32 | 5:32 | 5:32 | 5:32 | 5:32 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:1-2**

**[1]Ito ang aklat ng mga lahi ni Adam. Nang araw na lalangin ng Diyos ang tao, sa wangis ng Diyos siya nilalang. [2]Lalake at babae silang nilalang; at sila'y binasbasan, at tinawag na Adam ang kanilang pangalan, nang araw na sila'y lalangin.**

**5:1 "ng mga lahi ni"** Ang terminong ito (BDB 410) ay inulit ng sampung bess sa Genesis (cf. 2:4; 5:1; 6:9; 10:1; 11:10,27; 25:12,19; 36:1; 37:2). Ito ay tila nagpapahiwatig ng isang isinulat na dokumento (posibleng putik mga tableta o mga balat na balumbon). Sa sinaunang Mesopotamiang kyuniporm mga tableta ng termino o parirala ang ginamit upang idugtong ang ilang mga putik na tableta na magkasama bilang isang pangkalahatang panitikan (i.e. kolopon). Ako ay naniniwala na si Moses ay ginamit (1) mga oral na tradisyon, (2) mga naisulat na mula sa mga Patriyarka, gaya ng sa (3) direktang kapahayagan upang isulat ang Pentateuch.

Ang pariralang ito ay inulit ng maraming beses sa Genesis. Ito ay laging nagsasara sa isang konteksto. Ito ay gumaganap bilang pagsasara sa pampanitikang pananda.

▣ **"Nang araw na lalangin ng Diyos ang tao"** Ito ay maaring isa na namang kahiwalay na kyuniporm na bato sapagkat ito ay nagbubuod sa Genesis 1-2.

**5:2 "tinawag ang kanilang pangalan"** Pansinin na ito ay pangkalahatang paggamit ng adam, bilang v. 3 ay ang partikular na gamit. Ang pangkalahatang gamit ay isang paninindigan sa pagkakapantay, na gaya ng sa 1:26-27.

▣ **"nang araw"** Ito ang gamit ng "araw," hindi gaya ng sa dalamput-apat na oras na periyod ng panahon, ngunit isang panahon o periyod ng panahon. Ang parehong pagkakagamit nito ay makikita sa Genesis 2:4; Awit 90:4. Tignan Natatanging Paksa sa 1:5.

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:3-5**

**[3]At nabuhay si Adam ng isang daan at tatlong pung taon, at nagkaanak ng isang lalaking kaniyang wangis na hawig sa kaniyang larawan; at tinawag ang kaniyang pangalan na Set. [4]At ang mga naging araw ni Adam, pagkatapos na maipanganak si Set, ay walong daang taon: at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [5]At ang lahat na araw na ikinabuhay ni Adam ay siyam na raan at tatlong pung taon; at siya'y namatay.**

**5:3 "Adam . . . at nagkaanak ng isang lalaking kaniyang wangis na hawig sa kaniyang larawan"** Mayroong dalawang mga posibleng mga interpretasyon ng pariralang ito: (1) gaya ng ibang mga hayop sa mundo, si Adan ay nakagawa ng kanyang anak ayon sa kanyang uri (cf. 1:11) o (2) ito ay nagpapakita ng imahe ng Diyos (cf. 1:26-27) ay nasa sangkatauhan parin maging pagkatapos ng pagbagsak.

**5:5 "At ang lahat na araw na ikinabuhay ni Adam ay siyam na raan at tatlong pung taon"** Mayroong matinding talakayan patungkol sa haba ng buhay ng tao bago at kagyat na pagkatapos ng matinding baha (i.e. ang antediluvian na periyod). Ang ilan ay nagpahayag na (1) ito ay patalinghaga; (2) sila ay magkaibang nagkalkula ng mga taon; ay ang kasalanan ay hindi simpleng kumalat sa mundo na gaya ng sa panahon ngayon; o (4) Ang malaking bilang ay hindi ginamit upang ipakita ang karalangalan para sa nakaraang mga pinuno gaya ng sa listahan ng mga sampung sinaunang mga hari ng Sumeria. Sa listahan n ayaon, ang mga hari bago ng pagbaha ay nabuhay ng higit kaysa sa mga hari pagkatapos ng pagbaha, higit sa mga talaangkanan sa Bibliya.

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:6-8**

**[6]At nabuhay si Set ng isang daan at limang taon at naging anak niya si Enos. [7]At nabuhay si Set pagkatapos na maipanganak si Enos ng walong daan at pitong taon; at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [8]At ang lahat na naging araw ni Set ay siyam na raan at labing dalawang taon: at siya'y namatay**

Ito ay tinukoy ng una sa 4:26.

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:9-11**

**[9]At nabuhay si Enos ng siyam na pung taon, at naging anak si Cainan. [10]At nabuhay si Enos, pagkatapos na maipanganak si Cainan, ng walong daan at labing limang taon; at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [11]At ang lahat na naging araw ni Enos ay siyam na raan at limang taon, at siya'y namatay**

**5:10 "Kenan**" Ito ay maaring mangahulugan na: (1) "nag-aangkin"; (2) "batang anak"; (3) "nilikhan bagay"; (4) "batang lalake"; o (5) "tagasibat na lalake" (BDB 884). Halata na sa maraming opsyon na ito (na madalas ay ito ang kaso) na hindi natin simple alam ang kahulugan.

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:12-14**

**[12]At nabuhay si Cainan ng pitong pung taon, at naging anak si Mahalaleel. [13]At nabuhay si Cainan, pagkatapos na maipanganak si Mahalaleel, ng walong daan at apat na pung taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [14]At ang lahat na naging araw ni Cainan, siyam na raan at sangpung taon, at namatay.**

Halata na ito ay mga kahanay o pinagbatayang mga pampanitikang pahayag.

**TALATA SA NASB (BINAGO:15-17**

**[15]At nabuhay si Mahalaleel ng anim na pu't limang taon, at naging anak si Jared. [16]At nabuhay si Mahalaleel, pagkatapos na maipanganak si Jared, ng walong daan at tatlong pung taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [17]At ang lahat na naging araw ni Mahalaleel ay walong daan at siyam na pu't limang taon: at namatay.**

**5:15 "Mahalalel"** Ito ay nangangahulugang "pagpuri ng Diyos" (BDB 239).

▣ **"Jared"** Ito ay nangangahulugang "angkan" (BDB 434).

**TALATA SA NASB (BINAGO):5:18-20**

**[18]At nabuhay si Jared ng isang daan at anim na pu't dalawang taon, at naging anak si Enoc. [19]At nabuhay si Jared, pagkatapos na maipanganak si Enoc, ng walong daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [20]At ang lahat na naging araw ni Jared ay siyam na raan at anim na pu't dalawang taon: at namatay.**

**5:18 "Enoc"** Ito ay nangahulugan na (1) "baguhan"; (2) "dedikado"; o (3) "tagapanguna" (BDB 335). Tignan puna sa 4:17b para sa pagkakapareho sa mga pangalan sa sa pagitan ng mga lahi ni Cain (i.e. kabanata 4) at lahi ni Seth (i.e. kabanata 5).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:21-24**

**[21]At nabuhay si Enoc na anim na pu't limang taon, at naging anak si Matusalem. [22]At lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem na tatlong daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [23]At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at anim na pu't limang taon. [24]At lumakad si Enoc na kasama ng Diyos: at di siya nasumpungan, sapagka't kinuha ng Diyos.**

**5:21 "Matusalem"** Ito ay nangangahulugang alinman sa (1) "lalake ng dyabelin" o (2) "lalake ng mga sandata" (BDB 607). Sinasabi na siya ay nabuhay ng mas mahaba kaysa sa sinomang tao sa Bibliya Bible ngunit walang dahilan o pagbibigay diin sa katotohanang ito. Ang mga rabi ay nagsabi na ang pagbaha ay dumating sa araw ng namatay si Matusalem.

**5:22 "lumakad si Enoc na kasama ng Diyos"** Ang Hebreo terminong ito ay (BDB 229, KB 246) ang Hithpael na sanga na nagpapakita ng matalik na pakikisama na halos dumating sa punto ng "mabuhay ng kasama ang." Patungkol sa mga sinanaung mga Hebreo pangalan na ito, tayo simpleng hindi sigurado sa tumpak na kahulugan (BDB 335). Ang mga Hebreo 11:5 ay naglalarawan sa paglakad ni Enos sa pananampalataya. Ang tanging ibang tao sa pariralang na pinaggamitan nito ay si Noah sa 6:9.

**5:24 "sapagka't kinuha ng Diyos"** Ang mga kaparehong mga salitang ito (BDB 542, KB 534, Qal GANAP) ay ginamit upang ilarawan si Elijah sa II Hari 2:3,5,9,10. Ito ay nagpapahiwatig na paglisan patungo sa presensya ng Diyos ng hindi hinaharap ang pisikal na kamatayan. Ang relasyon ni Enos sa Diyos ay nagresulta sa matalik na pakikiasama. Sa isang kabanata na puno ng pariralang "at siya ay namatay" ito ay sariwang halimbawa ng pag-asa (1)ng pag-ibig ng Diyos at (2) para sa lahat ng sinomang magtitiwala sa Kanya.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:25-27**

**[25]At nabuhay si Matusalem ng isang daan at walong pu't pitong taon; at naging anak si Lamec. [26]At nabuhay si Matusalem pagkatapos na maipanganak si Lamec, ng pitong daan at walong pu't dalawang taon; at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [27]At ang lahat na naging araw ni Matusalem ay siyam na raan at anim na pu't siyam na taon: at siya'y namatay.**

**5:26 "Lamec"** Ang pangalan na ito ay posibleng nangangahulugang" (1) "malakas" (2) "kabataan"; (3) "mandirigma"; o (4) "manlulupig" (BDB 541). Ang KB ay nagbabanggit ng isang Arabic na ugat na ibig sabihin ay "ay napakamakapangyarihang tao." Ang pangalan na ito ay matatagpuan sa lahi ni Cain (cf. 4:18ff). Ito ay nagpapahiwatig (1) ang pangalan ay karaniwan o (2) mayroong ilang koneksyon sa pagitan ng dalawang mga talaangkanan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:28-31**

**[28]At nabuhay si Lamec ng isang daan at walong pu't dalawang taon, at nagkaanak ng isang lalake. [29] At tinawag ang kaniyang pangalan na Noe, na sinabi, "Ito nga ang aaliw sa atin tungkol sa ating gawa at sa pinagpagalan ng ating mga kamay, dahil sa lupang sinumpa ng Panginoon." [30]At nabuhay si Lamec, pagkatapos na maipanganak si Noe, ng limang daan at siyam na pu't limang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae. [31]At ang lahat na naging araw ni Lamec ay pitong daan at pitong pu't pitong taon: at namatay.**

**5:28** Ang isang pagkakasalungat ay dalawang mga Lamech. Ang isa ay mayabang sa marahas na paghihigante (lahi ni Cain); ang iba ay puno ng pag-asa sa awa ng Diyos (lahi ni Set)!

**5:29 "Noah. . .aaliw**" Ito ay isang popular, hindi isang pilolohiko, etimolohiya na termino "kaaliwan" (BDB 629). Ito ay tila na nagpapahayag sa pananampalataya ni Lamec, hindi sa pamamagitan ni Noah, isang mahalagang pagpapalit ng sumpa sa Genesis 3:17 ay magaganap. Ito ang pahayag na pananampalataya ni Lamec.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:32

**32 At si Noe ay may limang daang taon: at naging anak ni Noe si Sem, si Cham, at si Japhet.**

**5:32 "Shem"** Ang terminong ito ay nangahulugan na "kilala" o "pangalan" (BDB 1028).

▣ **"Ham"** Ang terminong ito ay maaring mangahulugan na "maging mainit" o "maging madilim" (BDB 325).

▣ **"Japheth"** Ang terminong ito ay maaring mangahulugan na "maganda" o "pagpapakalat" (BDB 834).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang teolohikal na relasyon sa pagitan Genesis 4 at 5?
2. Bakit ang talaangkanan ni Cain ay naghubog at sa kalaunay tinanggal ng lubusan mula sa Bibliya?
3. Bakit ang mga pangalan ng Cainites at ang Sethites ay labis na magkapareho?
4. Ano ang nangyari sa Enos?

# GENESIS 6:1-22
## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Korupsyon at ang Sangkatauhan | Ang Kasamaan at ang Paghahatol sa Tao | Ang Pagsilang ng mga Nephilim | Kasamaan ng Tao | Ang mga Anak na Lalake ng Diyos at mga Babae |
| 6:1-4 | 6:1-4 | 6:1-4 | 6:1-4 | 6:1-4 |
| | | Ang Matinding Pagbaha<br>(6:5-8:22) | | Ang Korupsyon ng Sangkatauhan |
| 6:5-8 | 6:5-8 | 6:5-8 | 6:5-8 | 6:5-8 |
| | Napalugod ni Noe ang Diyos | | Si Noe | |
| 6:9-10 | 6:9-10 | 6:9-10 | 6:9-12 | 6:9a<br>6:9b-12 |
| 6:11-12 | 6:11-13 | 6:11-22 | | Paghahanda Para sa Pagbaha<br>(6:13-7:16) |
| 6:13-22 | Ang Arko ay Inihanda | | 6:13-22 | 6:13-16 |
| | 6:14-21 | | | |
| | | | | 6:17-22 |
| | 6:22 | | | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 6:1-4

**[1]At nangyari, nang magpasimula na dumami ang mga tao sa balat ng lupa, at mangagkaanak ng mga babae, [2]na nakita ng mga anak ng Diyos, na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao; at sila'y nangagsikuha ng kanikaniyang asawa sa lahat ng kanilang pinili. [3]At sinabi ng Panginoon, "Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man, sapagka't siya ma'y laman: gayon ma'y magiging isang daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw." [4]Ang mga higante ay nasa lupa ng mga araw na yaon, at pagkatapos din naman na makasiping ang mga anak ng Diyos sa mga anak na babae ng tao, at mangagkaanak sila sa kanila: ang mga ito rin ang naging makapangyarihan nang unang panahon na mga lalaking bantog.**

**6:1 "mga tao"** Ito ay pangkalahatang gamit ng termino (cf. 5:2). Kung ito ay ginamit sa pangkalahatang pakahulugan sa v. 2 na wari ay totoo magkagayon ang malaanghel na teorya ay pinalakas.

▣ **"mangagkaanak ng mga babae"** Hindi ito nagpapahiwatig na ang mga ito ang unang panganak ng mga anak na babae (cf. 5:4) ngunit isang pangkalahatang pahayag sa pagpapalawig sa lahi ng tao (BDB 408, KB 411, *Qal* BALINTIYAK GANAP).

**6:2 "mga anak ng Diyos"** Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

### NATATANGING PAKSA: "ang mga anak na lalake ng Diyos" sa Genesis 6

A. Mayroong matinding kontrobersiya patungkol sa pagkilala sa pariralang "ang mga anak na lalake ng Diyos." Mayroong naging tatlong pangunahing mga interpretasyon
   1. ang parirala ay tumutukoy sa makadiyos na lahi ni Seth (cf. Genesis 5, tignan puna sa 4:14)
   2. ang parirala ay tumutukoy sa isang grupo ng malaanghel na mga nilikha
   3. ang parirala ay tumutukoy sa mga hari o punong manunupil sa lahi ni Cain (cf. Genesis 4)

B. Ebidensya para sa parirala na tumutukoy sa lahi ni Seth
   1. Ang kagyat na panitikang konteksto ng Genesis 4 at 5 ay nagpapakita ng pag-unlad ng mapanghimagsik na lahi ni Cain at ang piniling lahi ni Seth. Samakatuwid, ang kontekstwal na ebidensya ay tila pumapabor sa makadiyos na lahi ni Seth
   2. Ang mga rabi ay naghahati-hati patungkol sa pagkakaunawa sa siping ito. Ang ilan ay nagpahayag na ito ay tumutukoy kay Seth (ngunit karamihan ay sa mga anghel).
   3. Ang pangmaramihan na parirala "ang mga anak na lalake ng Diyos," bagamat na madalas na ginamit para sa mala anghel na nilalang, ay madalang na tumutukoy sa mga tao
      a. Deutronomio 14:1 – "mga anak na lalake ni YHWH ang inyong Diyos"
      b. Deutronomio 32:5 – "Kanyang mga anak na lalake"
      c. Exodo 21:6, 22:8-9 (posibleng Levitical na hukom, cf. Awit 82:1)
      d. Awit 73:15 – "Iyong mga anak"
      e. Hosea 1:10 – "mga anak na lalake ng buhay na Diyos"

C. Ebidensya para sa pariralang tumutukoy sa mala-anghel na nilala

1. Ito ang naging pinaka-karaniwang tradisyonal na pagkakaunawa sa sipi. Ang mas malaking konteksto ng Genesis ay makakasuporta sa pananaw na ito na isang halimbawa sa supernatural na kasamaan na nagnanais na hadlangan ang kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan (ang mga rabi ay nagsabi na bunga ng pagseselos)
2. ang pangmaramihanng parirala("mga anak na lalake ng Diyos") ay ginamit ng labis labis sa OT para sa mga anghel
   a. Job 1:6
   b. Job 2:1
   c. Job 38:7
   d. Awit 29:1
   e. Awit 89:6,7
3. ang inter-testamental na aklat ng I Enoch (cf. I Enoch 6:1-8:4; 12:4-6; 19:1-3; 21:1-10) at Jubilees (cf. Job 5:1), na napakapopular sa mga mananampalataya sa NT na periyod, kasama ng *Genesis Apocryphon* mula sa Dead Sea Scrolls, ay ininterpret ang mga ito bilang mga mapanghimagsik na mga anghel
4. ang kagyat na konteksto ng kabanata 6 ay tila nagpapahiwatig na "ang malalakas na lalake ay yaong mga matatanda, mga kilalang lalake" nagmula sa di-nararapat na paghahalo ng mga ayos ng nilikga
5. ang Septuagint ay isinalin ang parirala "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anghel ng Diyos"
6. I Enoch ay nagpahayag na ang pagbaha sa panahon ni Noe ay dumating upang wasakin ang malanghel/tao na paghahalo na ito na naging pasaway kay YHWH at sa Kanyang plano para sa nilikha (cf. I Enoch 7:1ff; 15:1ff; 86:1ff)
7. sa Ugaritic panitikan "ang mga anak na lalake ng Diyos" ay tumutukoy sa mga miyembro ng pantheon (i.e. mas mababang espiritwal na nilalang)

D. Ebidensya para sa pariralang tumutukoy sa mga hari o punong manunupil sa lahi ni Cain

1. Mayroong ilang mga sinaunang mga salin na sumusuporta sa pananaw na ito
   a. Targum ng Onkelos (ikalawang siglo A.D.) isinasalin ang "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anak na lalake ng karangalan"
   b. Symmachus (ikalawang siglo A.D.) Griyegong salin ng OT, isinalin ang "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "ang mga anak na lalake ng mga hari"
   c. Ang terminong *"elohim"* ay ginamit sa Israelite na mga pinuno (cf. Exodo 21:6; 22:8; Awit 82:1,6), pansinin NIV at NET Bible
   d. *Nephilim* ay ikinabit sa *Gibborim* sa Geneses 6:4, *Gibborim* ay mula sa *Gibbor* ibig sabihin ay " isang malakas na lalake ng tapang; lakas; kayamanan o kapangyarihan
   e. ang interpretasyon na ito at ebidensya nito ay kinuha mula sa <u>Hard Sayings of the Bible</u> pp. 106- 108.

E. Historikal na ebidensya ng mga tagapagtangkilik ng parehong pagkakagamit

1. ang parirala ay tumutukoy sa mga Sethites

| | |
|---|---|
| a. Cyril ng Alexandria | e. Calvin |
| b. Theodoret | f. Kyle |
| c. Augustine | g. Gleason Archer |
| d. Jerome | h. Watts |

2. ang parirala ay tumutukoy sa mala-anghel na nilalang

a. Mga manunulat ng Septuagint
b. Philo
c. Josephus (*Antiquities* 1:3:1)
d. Justin Martyr
m. Irenaeus
n. Clement of Alexandria
e. Tertullian
f. Origen
g. Luther
h. Ewald
o. Delitzsch
p. Hengstenberg
i. Olford
j. Westermann
k. Wenham
l. NET Bible

F. Paanong ang mga "Nephilim" ng Genesis 6:4 ay nauugnay sa "mga anak na lalake ng Diyos" at "ang mga anak na babae ng mga tao" ng Genesis 6:1-2? Pansinin ang mga teoryang ito:

1. Sila ay ang naging mga higante (cf. Bilang 13:33) ng bunga ng pagsasama sa pagitan ng mga anghel at mga babaeng tao.
2. Wala silang kinalaman sa isat-isa. Sila ay simpleng binanggit bilang nasa mundo sa mga panahon ng mga pangyayari sa Genesis 6:1-2 at gayundin pagkatapos.
3. R. K. Harrison sa *Introduction to the Old Testament*, p. 557, ay may sumusunod na misteryosong sipi, "ang magmintis ng lahatan sa napakahalagang antropolohikal na kaalaman sa pagrerelasyon ng *Homo sapiens* at pre-Adamic na mga uri na nilalaman ng sipi, at siyang palasunod doon sa mga eskolar na may kakahayang tugisin sila."

   Ito ay pagpapahiwatig para sa akin na nakikita niya ang dalawang grupong ito bilang mga kumakatawan sa magkaibang mga grupo ng humanoids. Ito ay maaring magpahiwatig na isang kahulihan ay isang espesyal na paglikha kina Adan at Eba, ngunit siya ring ebolusyonaryong pag-unlad ng *Homo erectus*.

G. Makatarungan lamang na ilabas ang aking sariling pagkakaunawa sa kontrobersyal na tekstong ito. Una, nais kong paalahanan tayong lahat na ang teksto sa Genesis ay maikli at may kalabuan. Ang unang tagapakinig ni Moses ay dapat na mayroong karagdagang historikal na kabatiran o si Moses ay gumamit ng pasalita o isinulat na tradisyon mula sa Patriyarkal na periyod na siya mismo ay hindi lubusang naunawaan. Ang isyung ito ay hindi isang krusyal na teolohikal na paksa. Tayo ay madalas na mausisa patungkol sa mga bagay na tanging ang Kasulatan lamang ang nagparamdam ngunit may mga kalabuan. Napakasaklap na magtayo ng pinahabang teolohiya mula dito at sa mga kahawig na kaputol ng biblikal na impormasyon. Kung kailangan nating ang impormasyon na ito ang Diyos ay magtutustos ng isang mas malinaw at kompletong anyo. Ako ay personal na naniniwala ito ay mga anghel at mga tao sapagkat:

1. Ang di-nagbabago, ngunit hindi eksklusibo, na paggamit sa pariralang "mga anak na lalake ng Diyos" para sa mga anghel sa OT
2. Ang Septuagint (Alexandrian) ay isinalit (huling unang siglo B.C.) "mga anak na lalake ng Diyos" bilang "mga anghel ng Diyos"
3. Ang palsipikadong aklat ng I Enoch (posibleng naisulat noong 200 B.C.) ay napakapartikular na ito tumutukoy sa mga anghel (cf. mga kabanata 6-7)
4. the teolohikal na kaugnayan sa II Pedro 2 at Judas ng mga anghel na nagkasala at hindi napanatili ang kanilang nararapat na kalalagyan. Alam ko na ilan sa mga ito ay tila kumukontra sa Mateo 22:30, ngunit ang mga partikular na mga anghel ay hindi alinman sa langit o lupa sa isang epesyal na kulungan (*Tartarus*).
5. Naisip ko na isa sa dahilan ng maraming pangyayari ng Genesis 1-11 ay matatagpuan sa ibang mga kultura (i.e. kaparehong talang paglikha, kaparehong pagbahang mga tala, kaparehong mga tala ng mga anghel sa pagkuha ng mga babae) ay sapagkat lahat mga tao ay magkasama at mayroong kaalaman kay YHWH sa panahon ng periyod na

ito, ngunit pagkatapos ng pagpapakalat sa tore ng Babel ang kaalaman na ito ay naging narumihan at nahango sa poliyestikong modelo. Isang magandang halimbawa ng Griyegong mitolohiya na ito kung saan kalahating tao/kalahating mas mahigit sa tao na tinawag na Titans ay ikinulong sa Tartarus, ang pinakapangalan na ito ay ginamit lamang ng isang beses sa Bibliya (cf. II Pedro 2) para sa lugar ng pananatili ng mga anghel na hindi napanatili ang kanilang nararapat na kalalagyan. Sa rabinikal na teolohiya ang Hades ay hinati sa isang seksyon para sa mga matuwid (paraiso) at isang seksyon para sa mga masasama (*Tartarus*).

▣ **"na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao"** Ang terminong "maganda" ay sa literal na "mabuti " o "mainam" (BDB 373). Ito ang naging susing teolohikal na konsepto mula sa kabanata 1 (lalo na 1:31). Anomang nakita ng Diyos bilang mabuti nakikita Niya ngayon na masama (cf. vv. 5-6).

▣ **"at sila'y nangagsikuha ng kanikaniyang asawa sa lahat ng kanilang pinili"** Ang unang pariralang nagpapahiwatig na kasal na maaring humadlang laban sa pananaw na ito ay mga anghel (BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP). Gayunpaman, ang ikalawang parirala ay nagpapahiwatig na sila ay kumuha ng may-asawa at/o walang asawa na mga babae, kung sino man ang piliin nila (BDB 103, 119, *Qal* GANAP). Ito ay maaring magpahiwatig (1) mala-anghel na mga nilalang o (2) makapangyarihang taong pinuno ng lahi ni Cain (i.e. punong manunupil) na nagsasagawa ng poligamya.

**6:3 "Ang aking Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa tao magpakailan man"** Ang terminong "magpunyagi" ay maaring maisalin "nanatili" (BDB 192, KB 220, *Qal* DI-GANAP, cf. NRSV "manatili"). Ito ay alinman na tumutukoy sa (1) pasensya ng Diyos (i.e Pinagpaliban Niya ang pagbaha hanggang sa ang arko ay natapos cf. I Pedro 3:20) o (2) binawasan ang haba ng buhay ng sangkatauhan.

Paanong ang 6:3 nauugnay sa 6:1-2 at 6:4? Napakahirap na sundan ang orihinal na intensyon ng may-akda sa pamamagitan ng kontekstong ito. Posibleng maging ang mga tao ay nakihalo sa mga anghel sila parin ay mamamatay. Yabang si Eba "nakita" at kumuha kaya ngayon "ang mga anak na lalake ng Diyos" "nakita" at kumuha, na nagpapahiwatig ng kaparehong tipo ng rebelyon (i.e. posibleng pagkamkam ng buhay na walang hanggan o pagsasarili).

▣ **"sapagka't siya ma'y laman"** Ito ay wari nagdadagdag ng bgat sa interpretasyon na ang ibang mga tao na pinagusapan sa sipi ay mga mala-anghel na nilalang sa kasalungat sa mortal na mga tao. Ang Today's English Version ay isinalin "sila ay mortal."

▣ **"gayon ma'y magiging isang daan at dalawang pung taon ang kaniyang mga araw"** Ito ay tila nagpapahiwatig ng isang panahong periyod ng biyaya (cf. II Pedro 2:5) kung saan ito ay nagpapahayag na si Noe ay nangaral para sa pumapagitan na mga taon, samakatuwid, ito ay tumutukoy sa panahon hanggang sa pagdating ng baha. Ito rin ay maaring magturo sa pinaikling haba ng buhay pagkatapos dumating ang pagbaha.

**6:4 "Ang mga higante"** Ito ay nagpapahiwatig "ang mga bumagsak" (mula sa Hebreong *naphal*, BDB 658, KB 709). Ito ay tila para sa akin na sila ay analogo sa mga higante (cf. Bilang 13:33; gayundin Deutronomio 2:10-11; 9:2; at ang Septuagint, ang Vulgate at Peshitta na mga salin). Gayunpaman, ibang mga interpreter gaya ni Martin Luther at H.C. Leupold ay nagphayag na ang terminong ito ay dapat na iinterpret na "mga punong manunupil" na nagpapahiwatig ng

makapangyarihan na mga hari ng lahi ni Cain na mayroong mga malalaking harem.

Si J. Wash Watts sa *Old Testament Teaching,* pp. 28-30, ay nagsasabi na "ang Nephilim ay tumutukoy kay Noe at kanyang pamilya at yaong mga inihiwalay ang kanilang mga sarili mula sa lahi ni Cain at lahi ni Seth na nakipagasawan. Sa interpretasyong ito ang Nephilim ay ang mga anak na lalake ng "Isang tunay na Diyos" (cf. "ang Diyos" 5:22,24; 6:9). Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: MGA TERMINO GINAMIT PARA SA MATATAAS O MALALAKAS NA MANDIRIGMA O GRUPO NG MGA TAO**

Ang malalaki/matataas/malalakas na mga tao ay tinawag sa ilang mga pangalan:

1. *Nephilim* (BDB 658) - Genesis 6:4; Bilang 13:33
2. *Rephaim* (alinamn BDB 952 o BDB 952 II) - Genesis 14:5; Deutronomio 2:11,20; 3:11,13; Josue 12:4; 13:12; II Samuel 21:16,18,20,22; I Cronico 20:4,6,8
3. *Zamzummin* (BDB 273), *zuzim* (BDB 265) - Genesis 14:5; Deutronomio 2:20
4. *Emim* (BDB 34) - Genesis 14:5; Deutronomio 2:10-11
5. *Anakim* (mga anak na lalake ni Anak, BDB 778 I) - Bilang 13:33; Deutronomio 1:28; 2:10-11,21; 9:2; Josue 11:21-22; 14:12,15

▣ **"ay nasa lupa ng mga araw na yaon"** Yaong mga naniwala sa mga anghel na nakihalubilo sa mga babae tao ay ginamit ang ikalawang kalahati ng v. 4 bilang isang pruwebang teksto upang ipakita na ang mga higante ay lumabas mula sa pakikipagrelasyon na ito. Gayunpaman, ang iba ay ginamit ang unang kalahati ng v. 4 upang panindigan na ang mga higante ay narito na sa mundo sa mga panahon na yaon.

Ang inter-testamental apokaliptikong aklat ng I Enoch ay nagpapahayag na ang mga higante ay resulta ng pagsasama ng mga anghel at mga tao at ang paghahalo ng mga ayos ng nilikha ay ang dahilan sa pagpapadala ng baha ng Diyos. Ang I Enoch ay nagpapahayag rin na ang mga higanteng ito na nawala ang kanilang pisikal na mga katawan sa pagabaha ay mga demonyong naghahanap na panahanan ang mga katawan ng mga tao para sa kanilang pansariling mga kadahilanan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"makapangyarihan"** |
| **NRSV, NJB** | **"ang mga bayani"** |
| **TEV** | **"ang dakilang mga bayani"** |

Ito ang Hebreong termino *gibbor* (BDB 150), na nangangahulugang espesyal na pinalakas na tao, hayop, o bagay. Ito ay ginamit sa (1) kay Nimrod sa Genesis 10:8-9; (2) mga punong manunupil Awit 52:1; Ezekiel 32:27; at (3) mga anghel sa Awit 103:20 (gayundin din sa Thanksgiving Hymns 8:11 at 20:34 mula sa Dead Sea Scrolls)

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | |
| **NJB, NIV** | **"mga lalaking bantog"** |
| **NRSV** | **"mga mandirigmang bantog"** |
| **TEV** | **"kilalang mga lalake"** |

Ang unang pagsasalin ay ang pagsasalin ng karamihang modernong Englis na mga Bibliya na gaya ng sa Septuagint. Gayunpaman, sa literal ito ay "lalake ng may pangalan" (BDB 1027). Ito ay nagresulta sa tatlong mga teorya:

(1) Ito ay tumutukoy sa makadiyos na lahi nito Seth na sumamba kay YHWH (i.e. ang pangalan ng Diyos, cf. J. Wash Watts)

(2) Ito ay tumutukoy sa Nephilim bilang makapangyarihang mga anak ng mga anghel at mga tao (i.e. ang mga higante cf.TEV)
(3) Ito ay tumutukoy sa mga hari na walang diyos na lahi ni Cain na naging pinunong manunupil (cf. NRSV); sila ay kumuha ng maraming babae bilang mga asawa (i.e. maharlikang poligamya cf. NJB)

Ito ay isang napakaikli at malabong talataan. Ang pangunahing malakas na puwersya nito ay ang nagpapatuloy at paulit-ulit na kasamaan na naglatag ng yugto para sa radikal na paghuhukom ng Diyos. Gayunpaman, ang kasamaan ay nagpatuloy maging kay Noe at sa kanyang pamilya.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:5-8

**5At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati. 6At nagsisi ang Panginoon na kaniyang nilalang ang tao sa lupa, at nalumbay sa kaniyang puso. 7At sinabi ng Panginoon, " Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa; ang tao at gayon din ang hayop, at ang mga umuusad at ang mga ibon sa himpapawid; sapagka't pinagsisisihan ko na aking nilalang sila." 8Datapuwa't si Noe ay nakasumpong ng biyaya sa mga mata ng Panginoon**

**6:5 "At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa"** Ang seksyon na ito ng Kasulatan ay nagbibigay diin sa pag-unlad ng kasamaan sa puso ng sangkatauhan (BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP, cf. Genesis 6:11- 12,13b; 8:21; Awit 14:3; 51:5) na isang direktang kabalintunaan ng kabutihan ng nilikha sa Genesis 1:31.

▣ **"at ang buong haka ng mga pagiisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati"** Ang resultang ito ng pagbagsak sa kasalanan nina Adan at Eba ay naabot ang pangkalahatang proporsyon. Lahat maliban sa walong tao ay walang pag-asang naapektuhan ng kasamaan. Sila ay nanahan sa masamang pag-iisip gabi at araw!

Ang konsepto ng "masamang intensyon" (*ysr,* BDB 428) ay naging rabinikal na pag-uunawa sa moral na kalikasan ng sangkatauhan. Nakita nila ang sangkatauhan bilang nagsasagawa ng isa sa dalawang intensyon (mabuti o masama). Ang sikat na kasabihan na ito, "sa bawat puso ng tao ay isang itim at puting aso; ang isa na itong pakakainin ay nagiging pinakamalaki" (paraphrase), ay naglalarawan sa sangkatauhan. Ang pananaw na ito ng sangkatauhan ay pinalakas ng 4:7. Ang mga Hudyong mga teolohiyo ay hindi binigyan diin ang Genesis 3 ngunit ang Genesis 6 bilang pinagmulan ng kasamaan sa mundo. Ang mga bata ay hindi masama sa pagkapanganak sapagkat ang moral na responsibilidad ay dumating lamang kasama ang karunungan (*bar mitzvah*, *bat mitzvah*). Ang kasamaan ay binubuo ng mga pagpipili!

**6:6 "At nagsisi ang Panginoon. . . nalumbay sa Kaniyang puso"** Ang mga ito ay antromorpikong mga parirala. Ang una ay nainterpret "ang Panginoon ay naglabas ng isang buntong hininga" (BDB 636, KB 688, *Niphal* DI-GANAP). Ang ikalawa ay nainterpret "Ang Panginoon ay nalumbay sa Kanyang puso" (BDB 780, KB 864, *Hithpael* DI-GANAP). Ang mga ito ay matinding mga Hebreong parirala (cf. 34:7; 45:5; I Samuel 2:33; 20:34; II Samuel 19:2; Awit 78:40; Isaias 54:6). Ang Diyos ay madalas na binabanggit sa Bibliya na naglungkot o nagsisi (cf. Genesis 6:6-7; Exodo 32:14; I Samuel 15:11; II Samuel 24:16; Jeremias 18:7,8; 26:13,19; Jonah 3:10). Gayunpaman, ibang mga sipi ay nagpahayag na ang Diyos ay kailanman ay hindi nagsisisi o nagbabago ang Kanyang isip (cf. Bilang 23:19; I Samuel 15:29; Jeremias 4:28; Awit 132:11). Ito ang tensyon na laging lumalabas kapag ginamit natin ang pantaong mga termino upang ilarawan ang Diyos. Ang Diyos ay hindi isang tao, ngunit ang tanging mga salita na mayroon tayo upang ilarawan Siya at Kanyang damdamin ay mga pantaong mga termino. Dapat na panindigan na ang Diyos ay hindi pabagu-bago. Siya ay walang pagbabago at mapagbata sa Kanyang nagtutubos na layunin para sa sangkatauhan, ngunit ang

pagtugon ng sangkatauhan sa pagsisisi sa kasalanan ay madalas ang nagdedetermina sa mga aksyon ng Diyos sa isang partikular na sitwasyon (cf. Awit 106:45; Jonah).

Sa teolohikally ang Diyos ang nagbabago, hindi ang sangkatauhan. Ang Diyos ay pinili na gumawa kasama ang makasalanang mga tao. Ang Kanyang tunguhin ay pareho—isang matapat na mga tao na nagpapakita ng Kanyang karakter. Ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng panibagong puso, isang panibagong tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:26-38). Ang Diyos ay pinili ang biyaya higit sa kahatulan!

**6:7 "Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa"** Ang terminong "lilipulin" ay nangangahulugang "hugasan" (BDB 562, KB 567, *Qal* DI-GANAP, i.e. ang baha). Ang mga hayop ay nagdusa dahil sa kasalanan ng sangkatauhan (cf. Roma 8:19-22). Ang mga isda ay hindi kasama sa paghuhukom na ito. Ang paghahatol na ito ay hindi batay sa sumupunging mga aksyon ng mga diyos sa Mesopotamiang mga tala ngunit ayon sa moral na kasamaan ng mga tao. Ang kasamaan na ito ay nanatili maging sa loob ng pamilya ng matuwid na si Noe (cf. 8:21-22) ngunit ang biyaya ng Diyos ay pinipili na takpan ang nagpapatuloy na masamang tao hanggang sa pagdating ni Kristo (cf. Galacia 3).

**6:8 "sa mga mata ng Panginoon"** Ito ay isa na namang halimbawa ng antromorpikong mga parirala upang ilarawan ang Diyos. Wala Siyang mga mata, Siya ay isang Espiritu. Ito ay isang metaporikal para sa pangkalahatang-kaalaman ng Diyos (i.e. walang hanggang karunungan).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:9-10

**[9]Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at sakdal noong kapanahunan niya: si Noe ay lumalakad na kasama ng Diyos. [10]At nagkaanak si Noe ng tatlong lalake: si Sem, si Cham, at si Japhet.**

**6:9 "Si Noe ay lalaking matuwid at sakdal noong kapanahunan niya"** Ang dalawang mga naglalarawang mga salitang ito ay napakahalaga. Ang una ay nagpapahiwatig na si Noe ay nakiayon sa pamantayan ng kanyang pagkakaunawa patungkol sa kalooban ng Diyos. Ang ikalawa ay (BDB 1070) nagpapahiwatig na siya ay may buong puso tungo sa Panginoon (e.g. 17:1; Awit 18:23). Ang ikalawang termino ay sa kalaunay ginamit para sa walang bahid dungis na mga sakripisyo. Ang dalawang mga terminong ito ay hindi nagpapahiwatig ng kawalang kasalanan ni Noe, na ipinapakita ng 9:21.

## NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

"Katuwiran" ay lubhang krusyal na paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamiang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit bilang konstruksyong kagamitan upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinuhusgahan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay

nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20)

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. pagdedeklara na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinintang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong literatura. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay konektado sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan it ay laging nakaistruktura sa tipanang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang karakter. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay nagreresulta ng bagong makadiyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakapokus sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng sekular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado ( kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa English na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan ay muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay libreng pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na umusbong sa pagiging makadiyos (ang posisyon ni Augustine, na nagpapakita ng parehong

pagbibigay diin ng Repormasyon at sa kawalang bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay diin ng Romano Katoliko sa binagong buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga Repormers ang salita "ang katuwiran ng Diyos" ay isang OBHEKTIBO DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALI DYENITIBO, na proseso ng pagiging mas katulad ng Diyos [pangkaranasang progresibong pagpapaging-banal]. Sa realidad ito ay parehong totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa kaparehong tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang imahe ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang isadokumento ang nasa itaas na talakayan pansinin ang mga sumusunod na piniling sipi ng NT na nagpapakita ng Griyegong grupong salita.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas iuugnay sa Diyos bilang Hukom)
   a. Roma 3:26
   b. II Tesalonica 1:5-6
   c. II Timoteo 4:8
   d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid esus is righteous
   a. Mga Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (title of Mesyas)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
   a. Levitico 19:2
   b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran ay
   a. Roma 3:21-31
   b. Roma 4
   c. Roma 5:6-11
   d. Galacia 3:6-14
   e. Ibinigay ng Diyos
      1) Roma 3:24; 6:23
      2) I Corinto 1:30
      3) Efeso 2:8-9
   f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
      1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
      2) I Corinto 5:21
   g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
      1) Roma 5:21-31
      2) II Corinto 5:21
      3) Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
   a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
   b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23

c. I Timoteo 6:11
d. II Timoteo 2:22; 3:16
e. I Juan 3:7
f. I Pedro 2:24

6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
   a. Mga Gawa 17:31
   b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. kautusan ng Diyos
2. regalo ng Diyos
3. isang pagkilos ni Kristo

Ngunit ito rin ay proseso ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*!

Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa IVP

> "Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pangrelasyong aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang sala. Si Calvin ay nagbibigay diin sa kamangha manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto..

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay diin ni Augustine at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga problema ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating tugisin ang pagiging wangis ni Kristo!

▣ **"lumalakad na kasama ng Diyos"** Ang (BDB 229, KB 246, *Hithpael* GANAP)ay napakapareho sa parirala 5:21-24 (*Hithpael* DI-GANAP) kung saan ang parirala ay ginamit kay Enoch.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:11-12

**11At sumama ang lupa sa harap ng Diyos, at ang lupa ay napuno ng karahasan.**
**12At tiningnan ng Diyos ang lupa, at, narito sumama; sapagka't pinasama ng lahat ng tao ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa.**

**6:11-12** Ang kalooban ng Diyos ay para sa sangkatauhan at mga hayop na punuin ang mundo ngunit ang kasalanan ay pinuno (BDB 569, KB 583, *Niphal* DI-GANAP) ang mundo ng karahasan at kasamaan (cf. v. 13; Awit 14:1-3; Roma 3:10-18). Hindi na naging ang "napakainam" ng Genesis 1:31 ang nararapat na deskripsyon. Hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos na maging!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:13-22**

**[13]At sinabi ng Diyos kay Noe, "Ang wakas ng lahat ng tao ay dumating sa harap ko; sapagka't ang lupa ay napuno ng karahasan dahil sa kanila; at, narito, sila'y aking lilipuling kalakip ng lupa. [14]Gumawa ka ng isang sasakyang kahoy na gofer; gagawa ka ng mga silid sa sasakyan, at iyong sisiksikan sa loob at sa labas ng sahing. [15]At ganitong paraan gagawin mo: tatlong daang siko ang haba ng sasakyan, limang pung siko ang luwang, at tatlong pung siko ang taas. [16]Gagawa ka ng isang durungawan sa sasakyan; at wawakasan mo ng isang siko sa dakong itaas; at ang pintuan ng sasakyan ay ilalagay mo sa tagiliran; gagawin mong may lapag na lalong mababa, pangalawa at pangatlo [17]At ako, narito, ako'y magpapadagsa ng isang baha ng tubig sa ibabaw ng lupa, upang lipulin sa silong ng langit ang lahat ng laman na may hininga ng buhay; ang lahat na nasa lupa ay mangamamatay. [18]Datapuwa't pagtitibayin ko ang aking tipan sa iyo; at ikaw ay lululan sa sasakyan, ikaw, at ang iyong mga anak na lalake, at ang iyong asawa, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. [19]At sa bawa't nangabubuhay, sa lahat ng laman ay maglululan ka sa loob ng sasakyan ng dalawa sa bawa't uri upang maingatan silang buhay, na kasama mo; lalake at babae ang kinakailangan. [20]Sa mga ibon ayon sa kanikanilang uri, at sa mga hayop ayon sa kanikanilang uri, sa bawa't nagsisiusad, ayon sa kanikanilang uri, dalawa sa bawa't uri, ay isasama mo sa iyo, upang maingatan silang buhay. [21]At magbaon ka ng lahat na pagkain na kinakain, at imbakin mo sa iyo; at magiging pagkain mo at nila." [22]Gayon ginawa ni Noe; ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ng Diyos, ay gayon ang ginawa niya**

**6:14 "Gumawa ka ng isang sasakyang kahoy"** Ang PANDIWA (BDB 793 I, KB 889) ay ang *Qal* PAUTOS. Ang terminong ito ay para sa "arko" maaring Ehiptong hirap na salita para sa "baul" o "kahon" (BDB 1061). Ang tanging ibang gamit ng terminong ito ay para sa basket kung saan si Moses ay inilagay (cf. Exodo 2:3,4).

▣ **"kahoy na gofer"** Wala tayong katiyakan patungkol sa etimolohiya ng salitang ito (BDB 781 at 172). Ilang mga nagkakaibang mga interpretasyons ay: (1) ang Septuagint ay may "parisukat na kahoy"; (2) ang Vulgate ay "makinis na kahoy"; (3) karamihan ng komentarista ay naniniwala na ito ay tumutukoy sa ilang tipo ng mga puno, maaring pinakamalapit ay cypress (NRSV, REB) sapagkat karamihan ng mga sasakyang pandagat sa sinaunang Near East ay gawa mula sa mga punong at binalutan ng resin.

▣ **"gagawa ka ng mga silid sa sasakyan"** Ito ay tila humahati sa mga hayop at gayundin upang suportahan ang istruktura ng arko (at saka tatlong mga lebel).

**6:15 "cubits"** Mayroong dalawang mga cubits (BDB 52) sa Bibliya. Ang regular na cubit ay ang layo sa pagitan ng karaniwang pinakamahahabang daliri at siko ng isang tao, kadalasan nasa mahigit 18 pulgada (cf. Deutronomio 3:11; II Cronico 2:3). Mayroon din mas mahabang cubit (royal cubit) ay ginamit sa konstruksyon (i.e. templo ni Solomon), na karaniwang sa Ehipto, Palestino, at minsan sa Babylonia. Ito ay 21 puldadang haba (cf. Ezekiel 40:5; 43:13). Ang pisikal na dimensyon ng arko ay posibleng sa mahigit 450 talampakan ng 75 talampakan ng 45 talampakan. Ito ay mahigit kalahati sa sukat ng Queen Elizabeth II. It has been surmised that it was square but it posibleng had slanted sides to help control wave pressure against the hull.

Ang mga taga sinauna ay gumamit ng mga bahagi ng katawan ng tao para sa pagsukat. Ang mga tao sa sinanunang Near East ay gumamit ng:

1. lapad sa pagitan ng nakabuka na mga bisig

2. haba mula sa siko at sa panggitnang daliri (cubit)
3. lapad mula sa nakabukang hinlalake hanggang sa pinakamaliit na daliri (dangkal)
4. haba sa pagitan ng lahat ng apat na mga daliri sa nakasaradong kamay (dapal)

Ang cubit (BDB 52, KB 61) ay lubusang naging pamantayan, ngunit mayroong dalawang mga pangunahing mga haba.

a. normal na siko ng lalake hanggang sa panggitnang daliri (mahigit 18 mga pulgada, cf. Deutronomio 3:11)
b. royal cubit ay mas mahaba ng kaunti (mahigit 21 na mga pulgada, cf. II Cronico 3:3; Ezekiel 40:5; 43:13)

**6:16 "Gagawa ka ng isang durungawan sa sasakyan"** Hindi ito ang kaparehong salita para sa bintana na ginamit sa 8:6. Marami ang nagpalagay na ito ay tumutukoy sa pang-ilaw at bentilasyon na sistema sa paligid ng itaas ng arko, sa  ilalim lang ng bubong.

**6:17 "isang baha ng tubig"** Mayroong naging ilang mga haka-haka na ang terminong ito (BDB 550) ay may kaugnayan sa Assyrian termino "na wasakin."

Ang pagbaha ba sa panahon ni Noe ay pangbuong mundo o tanging sa sinaunang ancient Near East lang? Ang terminong "mundo" (*eres*) ay madalas na isinalin sa "lupain" sa lokal na pakahulugan (cf. Genesis 41:57). Kung ang mga tayo ay hindi kumalat sa lahat ng bahagi ng mundo na tiyak na ipinahiwatig sa karanasan sa Babel ng mga kabanata 10-11, magkagayon ang lokal na pagbaha ang gumawa ng trabaho. Ang pinamahusay na aklat na aking narinig patungkol sa rasyonal na ebidensya para sa isang lokal na pagbaha ay kay Bernard Ramm's *The Christian View of Science and Scripture.*

▣ **"hininga ng buhay"** Ito ang Hebreong termino *ruach*. Ito ay maaring gamitin para sa hangin,buhay, hininga, o espiritu. Kapwa mga tao at mga hayop ay sinasabing mayroong nephesh ngunit tanging ang mga tao lamang ang ginawa ayon sa imahe ng Diyos (cf. 1:26-27) at mayroong "espesyal" paglikha (cf. 2:7). Sa kontekstong ito <u>lahat</u> na humihinga–mamatay (cf. 7:22, mga hayop at mga tao)!

**6:18**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "pagtitibayin ko"**
**TEV "gagawa ako"**
**NET "patotohanan ko"**

Ang PANDIWA (BDB 877, KB 1086, *Hiphil* GANAP) na pangunahing kahulugan ay "bumangon" o "tumayo." Ang *Hiphil* na sanga ay ginamit "itatag," "upang pagtibayin" (cf. 6:18; 9:9,11,17; 17:7,19,21; Exodo 6:4; Ezekiel 16:62). Ito ay hindi tiyak kung pangako/tipan ay tumutukoy ba dito. Marahil ito ay isang babala ng 9:9,11,17. Ang susi ay ang Diyos Mismo ang nagpatunay at nagpanatili sa Kanyang mga pangako sa mga makasalanan, mapanghimagsik na sangkatauhan. Maging sa gitna ng kanilang kasamaan ang walang hanggang mga plano ng Diyos para sa pakikisama ay nanatili!

▣ **"ang Aking tipan sa iyo"** Ito ang unang gamit ng terminong ito na *berith* (BDB 136). Ito ay ipinaliwanag at pinalakas sa Genesis 9:8-17. Ito ay bumubuo ng isang sentral na paksa para sa parehong OT at NT pagkakaunawa sa relasyon sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan. Mayroong palitang mga responsibilidad, mga obligasyon, at mga pangako sa parehong panig. Ito ang nagtatakda para sa ating pagkaunawa sa dyalektikal na tensyon sa pagitan ng walang kondisyon na tipan sa bahagi ng Diyos, subalit sa kondisyonal na aspeto nito ay sa pagtugon ng tao sa bawat henerasyon. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: TIPAN

Ang OT terminong *berith* (BDB 136), covenant, is not easy to define. There is no matching VERB in Hebrew. Lahat ng mga pagtatangka upang tuklasin ang etimolohikal na kahulugan ay napatunayang hindi kumbinsido. Gayunpaman, ang halatang sentrong konsepto ay nagtulak sa mga mangangaral na suriin ang pagkakagamit ng salita upang tangkaing malamang ang gumaganang kahulugan nito.

Ang tipan ay siyang pamamaraan na kung saan ang isang tunay na Diyos ay nakikitungo sa Kanyang taong nilikha. Ang konsepto ng tipan, kasunduan, o pagkakasundo ay krusyal sa pag-uunawa sa biblikal na kapahayagan. Ang tensyon sa pagitan ng dakilang kapangyraihan ng Diyos at malayang pagpili ng tap ay malinaw na makikita sa konsepto ng tipan. Ilang mga tipan ay batay sa karakter, aksyon at mga layunin ng Diyos.

1. sa nilikha mismo (cf. Genesis 1-2)
2. ang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. ang tipanan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9) Gayunpaman, ang pinaka kalikasan

ng tipan ay naghahangad ng isang pagtugon

1. sa pamamagitan ng pananampalataya si Adan ay dapat tumalima sa Diyos at hindi kakain ng bunga ng puno sa gitna na Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya si Abraham ay dapat na iwanan ang kanyang, sundin ang Diyos, at maniwala sa panghinaharap na lahi
3. sa pamamagitan ng pananampalataya si Noah ay dapat magtayo ng isang malaking bangka malayo sa tubig at mangalap ng mga hayop (cf. Genesis 6-9)
4. sa pamamagitan ng pananampalataya si Moises ay dinala ang mga Israelita palabas sa Ehipto at tumanggap ng mga partikular na mga alituntunin para sa panrelihiyon at panglipunang pamumuhay na may kasamang mga pangako ng pagpapala at sumpa (cf. Deutronomio 27-28)

Ang kaparehong tensyon na ito na nagsasangkot sa pakikipagrelasyon ng Diyos sa sangkatauhan at binanggit sa "bagong tipan." Ang tensyon ay malinaw na makikita sa pagkukumpara sa Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37. Ang tipan ba ay nakabatay sa mapagbiyayang aksyon ng Diyos o sa inutos na pagtagun ng tao? Ito ang nagliliyab na isyu ng Lumang Tipan at ang Bago. Ang mga tunguhin ng dalawa ay pareho: (1) ang pagpapanumbalik ng pakikisama nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng matuwid na bayan na nagpapakita ng karakter ng Diyos.

Ang bagong tipan ng Jeremias 31:31-34 ay lumulutas sa tensyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng pagsasagawa ng tao bilang mga paraan ng pagkamit ng pagtanggap. Ang batas ng Diyos ay nagiging panloob na pagnanasa sa halip na panlabas na pagsasagawa. Ang tunguhin ng makadiyos, matuwid na tao ay nanatiling pareho, ngunit ang metodolohiya ay nagbabago. Ang makasalanang sangkatauhan ay napatunayan sa kanilang mga sarili ay kakulalangan ng pagpapakita ng imahe ng Diyos. Ang problema ay hindi ang tipan, kundi ang pagiging makasalanan at kahinaan ng mga tao (cf. Roma 7; Galatia 3).

Ang kaparehong tensyon sa pagitan ng OT walang kondisyon at kondisyonal na mga tipan ay nanantili sa NT. Ang kaligtasan ay tiyak na libre ayon sa natapos na gawa ni Hesuskristo,ngunit ito ay nangangailangan ng pagsisisi at pananampalataya (parehong pasimula at nagpapatuloy). Ito ay parehong isang legal na prolamasyon at isang pagtawag tungo sa pagiging wangis ni Kristo, isang indikatibong pananalita ng pagtanggap at isang pautos patungo sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtasa sa pamamagitan ng kanilang mga pagsasagawa, ngunit tungo sa pagtalima (cf. Efeso 2:8-10). Ang makadiyos na pamumuhay ay nagiging ebidensya ng kaligtasan, hindi paraan ng kaligtasan pamumuhay.

▣ **"ikaw ay lululan sa sasakyan, ikaw, at ang iyong mga anak na lalake, at ang iyong asawa"** Ang kawalang kasalanan ni Noe ay napaabot sa kanyang pamilya (cf. I Corinto 7:14).

**6:19 "maglululan ka"** Ito ay maaring nagpahiwatig na ang mga hayop (maging lokal o pangbuong-mundo ay hindi tiyak) ay dumating kay Noe, ngunit si Noe ay ipinosisyon sila sa arko. Siya marahil ay nagsimulang gawin ang mga ito bago ang huling linggo. Paanong ang mga hayop ay nabuhay ng magkasama at kumain sa arko ay misteryo, ngunit hindi ito nag-aalis ng posibilidad na alinman sa natural na tagpuan o isang supernatural na tagpuan.

**6:21** Mayroong pagkain sa arko para kina Noe at mga hayop (BDB 542, KB 534, Qal PAUTOS). Gayunpaman, ang mga partikular ay hindi naitala. Ang tala ay teolohikal higit kaysa sa impormasyon.

**6:22 "Gayon ginawa ni Noe"** Ang susing tema ay si Noe ay sumunod sa Diyos (cf. 7:5,9,16), na siyang nararapat na pagtugon, Gayunpaman, sina Adan at Eba at lahat ng sangkatauhan ay hindi sumunod (e.g. 6:5,11-12,13).

# GENESIS 7

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagbaha | Ang Matinding Pagbaha | Ang Matinding Pagbaha<br><br>(6:5-8:22) | Ang Pagbaha | Ang mga Paghahanda Para sa Pagbaha<br>(6:13-7:16) |
| 7:1-<br><br>5 | 7:1-12 | 7:1-5 | 7:1-5 | 7:1-5 |
| 7:6-12 | | 7:6-10 | 7:6-10 | 7:6 |
| | | 7:11-16 | 7:11-16 | 7:11-12 |
| 7:13-16 | 7:13-16 | | | 7:13-16a |
| | | | | 7:16b |
| 7:17-24 | 7:17-24 | 7:17-24 | 7:17-24 | Ang Pagbaha<br>7:17-24 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talat

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-5

**1At sinabi ng Panginoon kay Noe, "Lumulan ka at ang iyong buong sangbahayan sa**
**sasakyan; sapagka't *ikaw* ay aking nakitang matuwid sa harap ko sa panahong ito. 2Sa bawa't**
**malinis na hayop ay kukuha ka ng tigpipito, ng lalake at ng kaniyang babae; at sa mga hayop**
**na hindi malinis ay dalawa, ng lalake at ng kaniyang babae; 3gayon din naman sa mga ibon**
**sa himpapawid tigpipito, ng lalake at ng babae; upang ingatang binhing buhay sa ibabaw ng**
**buong lupa. 4Sapagka't pitong araw pa, at paulanan ko na ang ibabaw ng lupa ng apat na**

**pung araw at apat na pung gabi, at aking lilipulin ang lahat ng may buhay na aking nilikha sa balat ng lupa." [5]At ginawa ni Noe ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ng Panginoon.**

**7:1 "sinabi ng Panginoon kay Noe"** Ito ang tipanang pangalan para sa Diyos, YHWH, dito ngunit sa talata 16 Siya ay tinawag na *Elohim*. Ang rabinikal na pagkakaunawa sa mga terminoinong ito na tumutukoy sa Diyos bilang tagapagligtas (YHWH) at bilang Manlilikha (*Elohim*) ay tila tumutugma sa pagkakagamit sa Pentateuch. Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 2:4.

▣ **"Lumulan ka"** Ang PANDIWA na ito (BDB 92, KB 112) ay ang *Qal* PAUTOS.

▣ **"sapagka't *ikaw* ay aking nakitang matuwid sa harap ko sa panahong ito"** Ang terminong "matuwid" dito ay ginamit sa kaparehong pakahulugan na tumutukoy kay Job bilang "walang kapintasan" (cf. 6:9). Ito ay hindi nagpapahiwatig ng kawalang kasalanan ngunit isa na tumalima at nagsagawa ng lahat ng kanilang naunawaan o isang kultural na ekspresyon ayon sa relasyon sa Diyos. Pansinin na ang katuwiran ni Noe ay nakaapekto sa kanyang pamilya. Ito ay isang biblikal na katotohanan. Hindi ito nangangahulugan na ang isang tao ay magiging ayos sa harap ng Diyos batay sa merito ng ibang tao, ngunit ito ay tunay na nagpahiwatig na ang espiritwal na mga pagpapala ay dadaloy para doon sa nakakakilala sa Diyos at para doon sa mga nakasalamuha nila at doon sa kanilang matalik na nakakasama (ikumpara Deutronomio 5:9-10; 7:9 at I Corinto 7:14).

**7:2 "malinis na hayop ay kukuha ka ng tigpipito, ng lalake at ng kaniyang babae"** Pansinin ang pagkakaiba sa pagitan ng malinis at di-malinis sa kontekstong ito sapagkat ito ay nasa pre-Mosaik na sakripisyal na tagpuan (cf. Lev. 1-7). Walang sinabi patungkol sa pamantayan o layunin ng malinis na mga hayop. Halata na si Moses ay hinubog ang pagkakaibang ito sa kalaunan sa Levitico (cf. kabanata 11) sa koneksyon sa mga batas sa pagkain at sakripisyal na sistema. Mayroong matinding diskusyon patungkol sa pitong pares (cf. NRSV, NJB, JPSOA). Ito ba ay nangangahulugang pitong indibidwal na mga hayop o pitong mga pares ng mga hayop?

**7:4 "Sapagka't pitong araw pa, at pauulanan ko na ang ibabaw ng lupa"** Si Rashi ay nagsasabi na ito ay ang periyod ng pagdadalamhati para sa matuwid na si Methuselah na kakamamatay lang. Ang mga rabi ay naniniwala na ang Diyos ay hindi nagpadala ng baha hanggang si Methuselah ay namatay.

Ang pitong araw kada linggo ay napakasinauna na ang pinagmulan nito ay kailanman hindi natunton. Parehong ang buwan at taon ay mahihinuha mula sa mga hugis ng buwan at pagbabago ng mga panahon, ngunit hind ang linggo. Para sa mga mananampalataya Genesis 1 ay nagtatakda ng tulrana.

▣ **"apat na pung araw at apat na pung gabi,"** Ang terminong "apat na pu" ay ginamit ng medyo madalas sa Bibliya (tignan ang concordance). Sa ilang mga pagkakataon ito ay ay dapat na kunin ng literal ngunit sa ibang mga pagkakataon ito ay simpleng isang mahabang panahon ng walang tiyak na oras (mas mahaba kaysa sa isang lunar na siklo na dalawamput walo at isat kalahating mga araw, ngunit mas maikli kaysa sa isang pagbabago ng panahon). Sa ilang Mesopotamiang mga tala ang panahong balangkas ng pagbaha ay pitong araw.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:6-12

**[6]At may anim na raang taon si Noe nang ang baha ng tubig ay dumagsa sa ibabaw ng lupa. [7]At lumulan sa sasakyan si Noe at ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, at ang mga asawa ng kaniyang mga anak, dahil sa tubig ng baha. [8]Sa mga hayop na malinis, at sa mga hayop na hindi malinis, at sa mga ibon at sa bawa't umuusad sa ibabaw ng lupa,**

**[9]ay dalawa't dalawang dumating kay Noe sa sasakyan, na lalake at babae ayon sa iniutos ng Diyos kay Noe. [10]At nangyari na pagkaraan ng pitong araw, na ang tubig ng baha ay umapaw sa ibabaw ng lupa. [11]Sa ikaanim na raang taon ng buhay ni Noe, nang ikalawang buwan, sa ikalabing pitong araw ng buwan, nang araw ding yaon, ay nangasira ang lahat ng bukal ng lubhang kalaliman, at ang mga durungawan ng langit ay nabuksan. [12]At umulan sa ibabaw ng lupa ng apat na pung araw at apat na pung gabi**

**7:11 "lahat ng bukal ng lubhang kalaliman, at ang mga durungawan ng langit ay nabuksan"** Ang pagpepetsa sa talata 11 ay napaka partikular sa talatang ito (na nagpapahiwatig ng isang makasaysayang pangyayari) gayundin ang sa PANDIWA na naglalarawan ng pisikal na malaking sakuna na nangyari sa daigdig (dalawang *Niphal* mga GANAP, BDB 131, KB 149 at BDB 834, KB 986). Makikita natin ang antas ng pagkawasak sa vv. 18 at 19 sa Hebreong teksto. Marami sa pisikal na mga katangian ng mundo ay nabago lalo na sa near east. Mayroong dalawang mga pinanggalingan ng tubig: (1) ang mga paunten sa kalaliman at (2) pantigil ng tubig (i.e. mga bintana, cf. Awit 78:23ff; Malakias 3:10) ng kaulapan. Ito ang halatang pagbabaligtad sa kung ano ang ginawa ng Diyos sa Genesis 1. Ang kaguluhang tubig ay bumalik.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:13-16

**[13]Nang araw ding yaon, ay lumulan sa sasakyan si Noe, at si Sem, at si Cham, at si Japhet, na mga anak ni Noe, at ang asawa ni Noe, at ang tatlong asawa ng kaniyang mga anak na kasama nila, [14]sila, at ang bawa't hayop gubat ayon sa kanikanilang uri, at lahat ng hayop na maamo ayon sa kanikanilang uri, at bawa't umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikanilang uri, at bawa't ibon ayon sa kanikanilang uri, lahat ng sarisaring ibon. [15]At nagsidating kay Noe sa sasakyan na dalawa't dalawa, ang lahat ng hayop na may hinga ng buhay. [16]At ang mga nagsilulan, ay lumulang lalake at babae, ng lahat na laman, gaya ng iniutos sa kaniya ng Diyos: at kinulong siya ng Panginoon.**

**7:14** Ito ay nagsasaklaw ng lahat ng mga kategorya ng lupang hayop na binanggit sa Genesis1 di-kasama ang lahat ng may buhay sa dagat.

**7:16 "at kinulong siya ng Panginoon"** Si YHWH (i.e. ang tipan, Tagapagligatas na diyos) ay isinara ang pinto ng Siya mismo. Ang mga rabi ay nagsasabi na ginawa Niya ito upang mapanatili ang mga masasama sa labas ng arko. Sila ay mas lumayo pa sa puntong nagsasabi na pinalibutan ng Diyos ang arko ng mga leon at oso upang mapalayo ang mga tao. Para sa akin, ang arko ay isa na namang akto ng awa ni YHWH sa sangkatauhan upang maipagpatuloy ang Makamesyas na lahi, maging sa gitna ng paghahatol, na sa kalaunay ay magtutustos ng pagtutubos (cf. Genesis 3:15).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:17-24

**[17]At tumagal ang baha ng apat na pung araw sa ibabaw ng lupa; at lumaki ang tubig at lumutang ang sasakyan, at nataas sa ibabaw ng lupa. [18]At dumagsa ang tubig at lumaking mainam sa ibabaw ng lupa; at lumutang ang sasakyan sa ibabaw ng tubig. [19]At dumagsang lubha ang tubig sa ibabaw ng lupa: at inapawan ang lahat na mataas na bundok na nasa silong ng buong langit. [20]Labing limang siko ang lalim na idinagsa ng tubig; at inapawan ang mga bundok. [21]At namatay ang lahat ng lamang gumagalaw sa ibabaw ng lupa, ang mga ibon at gayon din ang hayop, at ang hayop gubat, at ang bawa't nagsisiusad na umuusad sa ibabaw ng lupa, at ang bawa't tao; [22]ang bawa't may hinga ng diwa ng buhay sa kanilang ilong, lahat na nasa lupang tuyo ay namatay. [23]At nilipol ang bawa't may buhay na nasa ibabaw ng lupa, ang tao at gayon din ang hayop, at ang mga umuusad at ang mga ibon sa**

**himpapawid; at sila'y nalipol sa lupa: at ang natira lamang, ay si Noe at ang mga kasama niya sa sasakyan. [24]At tumagal ang tubig sa ibabaw ng lupa, ng isang daan at limang pung araw.**

**7:19** Ang wika sa talatang ito ay tiyak na nagpapahiwatig ng pangdaigidigang pagbaha (cf. 8:21; II Pedro 3:6). Ngunit ito ba? Ang terminong “mundo” (*eres*, BDB 75) ay maaring mangahulugan na “lupain” (cf. 41:57). Ito ay marahil isang idyoma na kahawig sa Lucas 2:1 at Colosas 1:23 (cf. *Hard Sayings of the Bible*, IVP pp. 112-114). Kaugnay sa teolohiya ng pagbaha, ang saklaw nito ay hindi mahalaga. Walang kasang-ayun na deposito ng pagbaha sa Mesopotamia lalo pa kaya sa buong mundo! Ang mga pagbaha ay karaniwan sa Mesopotamia dahil sa dalawang malaking mga sistemang ilog na nagsasama sa kanilang mga bukana. Para sa isang magandang diskusyon tignan Bernard Ramm, *The Christian's View of Science and Scripture.*

**7:22 “may hinga ng diwa ng buhay”** (cf. puna sa 1:30). Ang buhay pantubig ay napalagpas.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ay iyong pagkakaunawa sa pariralang “ang mga anak na lalake ng Diyos” at bakit?
2 Ano sa iyong palagay ang pagkuha ng mga anghel ng mga taong babae?
3. Sino ang mga Nephilim?
4. Paano ang Diyos ay nagsisi?
5. Ano ang ibig sabihin ng lumakad kasama ang Diyos?
6. Bakit ang mga isda ay hindi hinatulan kasama ng mga hayop sa lupa?
7. Ano ang malinis at di-malinis na hayop sa tagpuan ni Noe?
8. Ang pagbaha ba ay lokal o unibersal? Bakit?

# GENESIS 8:1-22

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagbaha ay Tumila | Ang Pagpapalaya kay Noe | Ang Matinding Pagbaha | Ang Katapusan ng Pagbaha | Ang Pagbaha ay Tumila |
| | | (6:5-8:22) | | |
| 8:1-5 | 8:1-5 | 8:1-5 | 8:1-5 | 8:1-5 |
| 8:6-12 | 8:6-12 | 8:6-12 | 8:6-12 | 8:6-12 |
| 8:13-19 | 8:13-14 | 8:13-19 | 8:13-14 | 8:13 |
| | | | | 8:14 |
| | | | | Sila ay Lumunsad |
| | 8:15-19 | | 8:15-19 | 8:15-19 |
| | Ang Tipan ng Diyos sa Nilikha | | | |
| | (8:20-9:17) | | | |
| 8:20-22 | 8:20-22 | 8:20-22 | 8:20-22 | 8:20-22 |
| (22) | (22) | (22) | (22) | (22) |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talat

4. Atbp.

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

A. Mayroong halatang paghahanay sa pagitan ng Genesis 1 at Genesis 7 sa pagbabalik ng matubig na kaguluhan. Mayroong halatang paghahanay sa pagitan ng Genesis 1 at Genesis 8 sa pagpapanumbalik ng Diyos sa nagbibigay-buhay na lupain
   1. ikumpara 1:2 sa 8:1

2. ikumpara 1:6-7 sa 8:2
3. ikumpara 1:22,24 sa 8:17
4. ikumpara 1:28 sa 9:1-2

B. Ang Genesis 8:1-19 ay isang pagbabaligtad sa 7:11-24. Ito ay tunay na pampanitikang pagiistruktura.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 8:1-5

**[1]At naalaala ng Diyos si Noe, at ang lahat ng may buhay, at ang lahat ng hayop na kasama niya sa sasakyan: at nagpahihip ang Diyos ng isang hangin sa ibabaw ng lupa, at humupa ang tubig. [2]Natakpan din ang mga bukal ng kalaliman at ang mga dungawan ng langit, at napigil ang ulan sa langit; [3]at humupang patuloy ang tubig sa lupa; at kumati ang tubig pagkaraan ng isang daan at limang pung araw. [4]At sumadsad ang sasakyan nang ikapitong buwan, nang ikalabing pitong araw ng buwan, sa ibabaw ng mga bundok ng Ararat. [5]At ang tubig ay nagpatuloy ng paghupa hanggang sa ikasangpung buwan: nang ikasangpung buwan, nang unang araw ng buwan, ay nakita ang mga taluktok ng mga bundok.**

**8:1 "Diyos"** Ito ang termino ng *Elohim*. Tignan mga puna sa Genesis 1:1 o Natatanging Paksa sa 2:4.

▣ **"naalaala"** Ang terminong ito ay (BDB 269, KB 269, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit sa pakahulugan sa pagkuha ng nararapat at personal na aksyon ng Diyos tungo sa isang tao (cf. 8:1; 9:15; 16; 19:29; 30:22). Ang tipanang Diyos ay muling aakto dahil sa kung sino Siya. Si Noe ay magiging pagmumulan ng bagong sangkatauhan.

▣ **"Noe"** Ang pangalan na ito (BDB 629) ay maaring ibig sabihin na "kapahingahan," isang popular na etimolohiya batay sa tunog, hindi pilolohiya.

▣ **"nagpahihip ang Diyos ng isang hangin"** Ang PANDIWA (BDB 716, KB 778) ay isang *Hiphal* DI-GANAP. Ang Diyos ay ginamit ang natural na mga kaparaanan sa mas pinabilis na paraan upang patuyuin ang baha ng tubig, v. 2, gaya ng Kanyang ginawa sa Exodo (cf. Exodo 14:21).

Posible rin makita ang mga gawa ng Diyos sa kabanata 8-9 bilang panghahanay sa mga gawa ng Diyos sa kabanata 1. Ito ang panibagong simula para sa sangkatauhan. Kung magkagayon, ang hangin dito ay kahanay ng "ang Espiritu ay lumilipad-lipad" ng 1:2.

▣ **"humupa"** Ang kaparehong terminong ito (BDB 1013, KB 1491, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit para sa galit ng Hari sa Esther 2:1.

**8:4 "ng mga bundok ng Ararat"** Ito ay naipaliwanag sa tatlong mga paraan: (1) isang bundok sa Turkey/Russia na hangganan; (2) isang bundok sa hilaga ng Mesopotamia malapit sa Lawa ng Van; at (3) ang termino mismo ay tumutukoy sa buong hanay ng mga bundok (Assyria *urartu*, BDB 76), hindi partikular na isang tuktok (pansinin ang pangmaramihan na "mga bundok").

### TALATA SA NASB (BINAGO): 8:6-12

**[6]At nangyari, pagkaraan ng apat na pung araw, na binuksan ni Noe ang dungawan ng sasakyan na kaniyang ginawa; [7]at siya'y nagpalipad ng isang uwak, at ito'y nagparoo't**

**parito hanggang sa natuyo ang tubig sa lupa. [8]At nagpalipad siya ng isang kalapati, upang tingnan kung humupa na ang tubig sa ibabaw ng lupa; [9]datapuwa't hindi nakasumpong ang kalapati ng madapuan ng talampakan ng kaniyang paa, at nagbalik sa kaniya sa sasakyan, sapagka't ang tubig ay nangasa ibabaw pa ng buong lupa: at iniunat ang kaniyang kamay at hinawakan, at ipinasok niya sa sasakyan. [10]At naghintay pa ng muling pitong araw; at muling pinalipad ang kalapati sa labas ng sasakyan. [11]At ang kalapati ay nagbalik sa kaniya ng dakong hapon; at, narito't may dalang isang dahong sariwa ng olivo sa tuka: sa gayon ay naunawa ni Noe na humupa na ang tubig sa lupa. [12]At naghintay pang muli siya ng pitong araw; at pinalipad ang kalapati; at hindi na muling nagbalik pa sa kaniya**.

**8:6 "apat na pung araw"** Ang pariralang ito ay madalas na nangangahulugan na "isang mahaba, di-tiyak na periyod ng panahon." Sa kontekstong ito, ang mga petsa ay napaka partikular ito ay maaring mangahulugan ng eksaktong apat na pu.

▣ **"dungawan"** Ito ay magkaibang termino (BDB 319) mula sa may kalabuan na mga termino ng 6:16 (sa literal "bubungan" BDB 844 I). Ang sukat at lokasyon nito ay di-tiyak ngunit posibleng nasa bubungan mismo.

**8:6-12** Maging maingat na huwag mag-alegorya sa mga ibon na ito! Mayroong itong eksaktong kahanay sa panitikan ng Mesopotamia. Ang Gilgamesh Epic 11:145-55), na tila napakapartikular para sa pagkakataon. Mayroong pampanitikang relasyon sa pagitan ng Bibliya (i.e. Genesis 1-11) at Mesopotamiang literatura.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:13-19

**[13]At nangyari, nang taong ikaanim na raan at isa, nang unang buwan, nang unang araw ng buwan, ay natuyo ang tubig sa ibabaw ng lupa: at inalis ni Noe ang takip ng sasakyan at tumanaw siya, at, narito't ang ibabaw ng lupa ay tuyo. [14]At nang ikalawang buwan nang ikadalawang pu't pitong araw ng buwan, ay natuyo ang lupa. [15]At nagsalita ang Diyos kay Noe, na sinasabi, [16]"Lumunsad ka sa sasakyan, ikaw at ang iyong asawa, at ang iyong mga anak, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. [17]Ilabas mong kasama mo ang bawa't may buhay na kasama mo sa lahat ng laman, ang mga ibon, at ang mga hayop, at ang bawa't nagsisiusad na umuusad sa ibabaw ng lupa; upang magsipanganak ng sagana sa lupa, at magpalaanakin, at mangagsidami sa ibabaw ng lupa." [18]At lumunsad si Noe, at ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, at ang mga asawa ng kaniyang mga anak na kasama niya. [19]Ang bawa't hayop, bawa't umuusad, at bawa't ibon, anomang gumagalaw sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikaniyang angkan ay nangagsilunsad sa sasakyan.**

**8:13 "inalis ni Noe ang takip ng sasakyan"** Ito ay tila nagpapahiwatig na inalis niya ang bahagi ng bubungan (BDB 492). Bagamat sa kalaunay ang kaparehong terminong ito ay tutukoy sa balat ng hayop na tumatakip sa tabernakulo, napakahirap na suportahan ang kahulugan na iyan dito.

**8:15 "nagsalita ang Diyos kay Noe"** Ang kabuuang kontekstong ito ay nagpapahayag ng pagtitiis at pagsunod ni Noe. Ang mga kautusan ng Diyos (i.e. 8:15-19) kahanay sa 7:1-5.

**8:16 "Lumunsad ka"** Ito ang una sa ilang mga kautusan sa vv. 16-17.

1. "lumabas," *Qal* PAUTOS (BDB 422, KB 425), v. 16
2. "ilabas," *Hiphil* PAUTOS (BDB 422, KB 425), v. 17
3. "magparami ng masagana," *Qal* GANAP ay ginamit sa PAUTOS na pakahulugan (BDB 1056, KB 1655),v. 17

4. "maging mabunga," *Qal* GANAP ay ginamit sa PAUTOS pakahulugan (cf. 9:1,7 BDB 826, KB 953),v. 17
5. "magparami," *Qal* GANAP used in an PAUTOS sense (cf. 9:1,7 BDB 915, KB 1176), v.17

Ang mga kautusan na ito ay kahanay sa Genesis 1:22,24. Sa pakahulugan na ang Diyos ay nagpapasimula muli. Ang mga tubig ng kagulugan ay winasak ang lahat ng buhay sa lupa maliban na lang ng kung ano ang nasa arko. Ang orihinal na layunin ng Diyos ay nagpatuloy (cf. 6:18).

**8:17** Ang mga kautusang ito ng Diyos (also 9:1) ay kahanay sa Genesis 1:22,24. Tignan mga Kaunawaan ayon sa Konteksto sa kabanatang ito.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:20-22

**[20]At ipinagtayo ni Noe ng isang dambana ang Panginoon; at kumuha sa lahat na malinis na hayop, at sa lahat na malinis na ibon, at nagalay ng mga handog na susunugin sa ibabaw ng dambana. [21]At sinamyo ng Panginoon ang masarap na amoy; at nagsabi ang Panginoon sa sarili, " Hindi ko na muling susumpain ang lupa, dahil sa tao, sapagka't ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kaniyang pagkabata; ni hindi ko na muling lilipulin pa ang lahat na nabubuhay na gaya ng aking ginawa.**

**[22] Samantalang ang lupa ay lumalagi,**
**ang paghahasik at pagaani,**
**at ang lamig at init,**
**at ang tagaraw at taginaw,**
**at ang araw at gabi**
**ay hindi maglilikat."**

**8:20 "At ipinagtayo ni Noe ng isang dambana"** Ang Kanyang gawa ay yaong sa pagsamba at pasasalamat. Ang sakripisyo ay sinaunang pagtatalaga (cf. 4:3; 12:7,8; 13:18; 22:19). Ito rin ang unang gawa ni Gilgamesh sa Gilgamesh Epic pagkatapos ng pagbaha (cf. 11:156-158).

▣ **"lahat na malinis na hayop"** Ang kriteria sa pagdedetermina ng malinis at di-malinis ay di-tiyak (cf. 7:2), ngunit tila may kaugnayan sa sakripisyo, hindi pagpangdiyeta na panuntunan (cf. Levitico 11; Deutronomio 14).

**8:21"At sinamyo ng Panginoon ang masarap na amoy"** Ang pariralang ito ay ginamit sa Bibliya sa pakahulugan na ang Diyos ay tinanggap ang handog (lalo na ang Levitico at Bilang). Hindi ito nangangahulugan na ang karne ay pagkain para sa Diyos na gaya ng sa Gilgamesh Epic (cf. 11:159-161). Ang Bibliya ay kailanman hindi tinitignan ang sakripisyal na sistema sa pagkain para sa banal na nilalang na gaya ng ginagawa ng mga nakapaligid na mga bansa.

▣ **"Hindi ko na muling susumpain ang lupa. . . hindi ko na muling lilipulin pa ang lahat na nabubuhay"** Ang mga kahanay na mga pananalitang ito ay nagpapakita ng tensyon sa pagitan ng puso ng Diyos at Kanyang pag-ibig (cf. Isaias. 54:9) para sa Kanyang nilikha at Kanyang katarungan. Ang sangkatauhan ay masama at madungis ngunit pinili ng Diyos na gumawa sa atin sa panahon at itinakda ito ng diretso hanggang sa hinaharap (i.e. huling mga araw). Sa paghahatol na ito ang saloobin ng Diyos tungo sa makasalanang mundo ay nagbago. Ang mga tao ay masama parin. Ang saloobin ng Diyos ay muling magbabago kapag ang Kanyang mga tao ay hindi magawang matupad ang Mosaik na tipan. Ang Diyos ay magtatalaga ng bagong tipan (cf. Jeremias 31:31-34 at Ezekiel 36:27-38). Ang mga tao ay magiging tuwid sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasagawa at sakripisyal ng kamatayan ng Mesyas.

Bagamat ito ay tiyak na totoo na ang Diyos ay nangangako na hindi kailanman dadalhin ang sinoman sa baha, II Pedro 3:10 ay nagsasaad na Siya ay maglilinis sa mundo sa pamamagitan ng apoy.

Ang Diyos ay magsasagawa sa mga makasalanang tao ngunit ang Kanyang tunguhin ay katuwiran (cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48).

▣ **"ang haka ng puso ng tao ay masama mula sa kaniyang pagkabata"** Ang kasamaan ay nakapahalata bago ang pagbaha (cf. 6:5,11,12,13) ay nanatili parin sa makasalanang tao, na malinaw na ipapakita ni Noe at ng kanyang pamilya!

**8:22** Kung ito ay kasigasigan sa kalikasan na nagbigay daan sa pagsibol ng modernong kanluraning agham. Ang Diyos ay nagtatag ng unipormitaryanismo (i.e. ang regular, uniporm na mga aktibidad ng kalikasan). Gayunpaman, pansinin na nag panimulang parirala "habang ang mundo ay nananatili." Ang talata 22 ay nailimbag sa Englis na mga salin sa patula na sipi.

# GENESIS 9:1-29

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Tipanan ng Bahaghari | Ang Tipan ng Diyos sa Nilikha | Ang Tipan ng Diyos kay Noe | Ang Tipan ng Diyos kay Noe | Ang Bagong Pagkakaayos ng Mundo |
| | (8:20-9:17) | | | |
| 9:1-7 | 9:1-7 | 9:1-7 | 9:1-6 | 9:1-7 |
| (6-7) | (6-7) | (6) | 9:7 | (6) |
| 9:8-17 | 9:8-17 | 9:8-17 | 9:8-17 | 9:8-11 |
| | | | | 9:12-16 |
| | | | | 9:17 |
| | Si Noe at ang Kanyang mga Anak na Lalake | Ang Sumpa kay Canaan | Si Noe at ang Kanyang mga Anak na Lalake | Si Noe at ang Kanyang mga Anak na Lalake |
| 9:18-19 | 9:18-19 | 9:18-19 | 9:18-19 | 9:18-19 |
| 9:20-27 | 9:20-23 | 9:20-27 | 9:20-27 | 9:20-27 |
| (25-27) | 9:24-27 | (25-27) | (25-27) | (25-27) |
| | (25-27) | | | |
| 9:28-29 | 9:28-29 | 9:28-29 | 9:28-29 | 9:28-29 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-7

**[1]At binasbasan ng Dios si Noe at ang kaniyang mga anak, at sa kanila'y sinabi, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami at inyong kalatan ang lupa. [2]At ang takot sa inyo at sindak sa inyo ay mapapasa bawa't hayop sa lupa, at sa bawa't ibon sa himpapawid; lahat ng umuusad sa lupa, at lahat ng isda sa dagat, ay ibinibigay sa inyong kamay. [3] Bawa't**

**gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay ko sa inyo. [4]Nguni't ang lamang may buhay, na siya niyang dugo, ay huwag ninyong kakanin. [5] At tunay na hihingan ko ng sulit ang inyong dugo, ang dugo ng inyong mga buhay: sa kamay ng bawa't ganid ay hihingan ko ng sulit; at sa kamay ng tao, sa kamay ng bawa't kapatid ng tao ay hihingan ko ng sulit ang buhay ng tao.**

**[6]Ang magbubo ng dugo ng tao,**
**sa pamamagitan ng tao ay**
**mabububo ang kaniyang**
**dugo, sapagka't sa larawan**
**ng Dios**
**nilalang ang tao.**

**[7] At kayo'y magpalaanakin at magpakarami; magsilago kayo ng sagana sa lupa, at kayo'y magsidami riyan."**

**9:1 "magpakarami at inyong kalatan ang lupa"** Pansinin ang tatlong *Qal* PAUTOS: "maging mabunga" (BDB 826, KB 963), "magpakarami" (BDB 915, KB 1176), "kalatan ang lupa" (BDB 569, KB 583). Ito ay ikalawang panimula para sa sangkatauhan (cf. 1:28), ngunit pansinin na ang kasalanan ay nagdulot ng isang pagbabago sa kautusan, "pasukuin at magkaroon ng dominyon" ay naalis.

**9:2 "takot. . . sindak"** Ang sangkatauhan ay may panibagong relasyon sa mga hayop, hindi kapayapaan at pakikipagkaibigan gaya ng sa Eden at ang eskaton (Isaiah 11), ngunit takot (BDB 432) at sindak (BDB 369). Ang Septuagint ay nagdaragdag "baka" sa talata ngunit ang mga maamong mga hayop ay hindi apektado.

**9:3 "Bawa't gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo"** Ang sangkatauhan ay orihinal na hindi kumakain ng karne (kahit na sa hardin ng Eden) ngunit simula ng pagbagsak sa kasalanan at dahil sa walang mga pananim na nagawa sa ilang panahon, ang karne ay ginawang nakalaan. Pansinin rin an walang pagkakaiba sa pagitan ng malinis at di-malinis na mga hayop kung ang paggamit lang ang paguusapan (napakaiba mula sa Levitico 11), ngunit mayroong pagkakaiba sa sakripisyo (cf. 7:2ff).

**9:4 "Nguni't ang lamang may buhay, na siya niyang dugo, ay huwag ninyong kakanin"** Ito ang teolohikal na pundasyon para sa sakripisyal na sistema (cf. Levitico 17:10-16; Deutronomio 12:16,23; Gawa 15:29) at ang kahalagahan ng kamatayan ni Kristo. Ang kasalanan ay naggugol ng buhay. Ang Diyos ay buong awa na naghalili ng hayop.

**9:5-6 "sa pamamagitan ng tao ay mabububo ang kaniyang dugo"** Ito ang unang pananalita ng "mata sa mata" na katarungan. Ito ay nagpapakita ng nagtatalagang pamahalaan ng Diyos ang karapatang ng kapital na kaparusahan. Sa OT, ito ay nakamit sa pamamagitan ng ang "go'el" (kamag-anak na manunubos). Para sa posibleng NT mga reperensiya tignan Gawa 25:11 at Roma 13:4.

Ang talata 5 ay prosa habang ang v. 6 ay inilimbag sa patulang kahanay na mga linya.

Mayroong posibleng Hebreong salitang paglalaro na maaring makaapekto maging sa etimolohiya sa pagitan ng dugo (*dam*) at tao (*adam*). Sa Assyrian ang terminong tao (adamu) ay kaugnay sa santwaryo (*adman*). Samakatuwid, mayroong marahil isang kawing sa pagitan ng dugong-pagsamba ng sangkatauhan (cf. Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, p. 45).

▣ **"sapagka't sa larawan ng Dios nilalang ang tao"** Ito ay nagpapakita ng priyoridad sa mga tao (cf.

1:26,27; 5:1,3). Anong kamangha-manghang pribiliheyo at responsibilidad.

**9:7 "magsilago kayo ng sagana sa lupa"** Ito ay kahilera sa 1:22,24,28. Ang mga kabanata 8-9 ay nagbubuo ng muling-pagsisimula ng inihayag na kalooban at mga gawa ng Diyos Genesis 1. Ang talatang ito ay may apat na *Qal* PAUTOS, habang ang v. 1 ay may tatlo. Ang mga rabi ay nagsabi na dahil ang konteksto sa pagpatay (vv. 5-6) yaong mga tumangging magka-anak ay hindi sinunod ang kautusan na ito.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:8-17

**8At nagsalita ang Dios kay Noe, at sa kaniyang mga anak na kasama niya, na sinasabi,**
**9"At ako, narito, aking pinagtitibay ang aking tipan sa inyo, at sa inyong binhi na susunod**
**sa inyo; 10At sa bawa't nilikhang may buhay na kasama ninyo, ang mga ibon, ang hayop at bawa't ganid sa lupa na kasama ninyo; sa lahat ng lumunsad sa sasakyan pati sa bawa't ganid**
**sa lupa. 11At aking pagtitibayin ang aking tipan sa inyo; ni hindi ko na lilipulin ang lahat ng laman sa pamamagitan ng tubig ng baha; ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba ng**
**lupa." 12At sinabi ng Dios,, "Ito ang tanda ng tipang ginawa ko sa inyo, at sa bawa't kinapal**
**na may buhay na kasama ninyo sa buong panahon; 13Ang aking bahaghari ay inilalagay ko**
**sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan ko at ng lupa. 14At mangyayari, pagka ako'y magbababa ng isang alapaap sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahaghari sa alapaap,**
**15At aalalahanin ko ang aking tipan, na inilagda ko sa akin at sa inyo, at sa bawa't kinapal na may buhay sa lahat ng laman; at ang tubig ay hindi na magiging bahang lilipol ng lahat**
**ng laman. 16 At ang bahaghari ay pasa sa alapaap, at aking mamasdan, upang aking maalaala, ang walang hanggang tipan ng Dios at ng bawa't kinapal na may buhay sa lahat ng lamang**
**nasa ibabaw ng lupa." 17At sinabi ng Dios kay Noe, "Ito ang tanda ng tipang inilagda ko sa akin at sa lahat ng laman na nasa ibabaw ng lupa."**

**9:9 "Aking pinagtitibay"** An g tipanang ito ay walang kondisyon at lubusang mula sa biyaya ng Diyos. (cf. 9,11,12,17). Ibang mga tipanan ay naglalaman ng Adamik at ang Abrahamik na mga tipan na may mga kondisyon. Tignan Natatanging Paksa: Tipan sa 6:18.

**9:12 "sa buong panahon"** "Lahat" (*olam)*, gaya ng sa v. 16, ay ibig sabihin "panghabang panahon." Tignan Natatanging Paksa sa 3:22. At saka si Rashi ay nagbanggit na ang "henerasyon" ay namaling baybay sa Hebreong teksto. Nagbigay kahulugan siya na habang ang kahulugan ng tipanan ay para lamang sa henerasyon na may depektong pananampalataya.

**9:13 "bahaghari. . . tanda"** Ang bahaghari ay maaring unang lumitaw dito. Ang Genesis 2:5-6 ay nagpapahiwatig na ang paunang pagpapatubig ay unang nangyari sa ibang paraan kaysa sa ulan (i.e. hamog mula sa lupa). Posible lamang na ang panghilis (BDB 905) ay isang sandata na ibinaba ng Diyos (i.e. hindi na muling wawasakin ang sangkatauhan sa paghahatol). Sa sinaunang panahon ang pagsusuko ng panghilis ay simbolo ng kapayapaan. Posible rin na ang Diyos ay naglagay ng panibagong kahulugan sa karaniwang pisikal na pangyayari.

**9:15 "aalalahanin ko"** Ang panghilis ay tanda para sa Diyos at sangkatauhan. Ito ay isang pisikal na bagay na nagsisimbolo ng katotohanan na ang Diyos ay hindi nakakalimot (kahawig sa konsepto ng "ang aklat ng buhay" at "aklat ng mga gawa").

▣ **"at ang tubig ay hindi na magiging bahang lilipol ng lahat ng laman"** Hindi ito nangangahulugan na wala ng pagbaha, ngunit wala ng unibersal na pagbaha na wawasak sa lahat ng sangkatauhan at uri

ng mga hayop.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:18-19**

**[18]At ang mga anak ni Noe na nagsilunsad sa sasakyan ay si Sem, at si Cham at si Japhet: at si Cham ay siyang ama ni Canaan. [19]Ang tatlong ito ay mga anak ni Noe: at sa mga ito'y nakalatan ang buong lupa.**

**9:18 "Shem"** Ang etimolohiya ng pangalan na ito ay maaring "kilala" o "pangalan" (BDB 1028 II).

▣ **"Ham"** Ang pangalan na ito ay maaring mangahulugan na "mainit" (KB 325II). Ito ay maaring magpakita ng isang sinaunang pangalan para sa Ehipto (i.e. "mainit na lupa").

▣ **"Japheth"** Ang etimolohiya ng pangalan na ito ay maaring "tagapaghaba" o "pinalaki" (BDB 834, tignan Hebreong salitang paglalaro sa v. 22).

▣ **"Canaan"** Siya (BDB 488) ay binanggit para sa posibleng dalawang mga dahilan: (1) ang pagkalasing ni Noe at ang resultang pagsumpa ay nakaapekto kay o (2) ang mga Canaanites ay naging pangunahing teolohikal na problema ng Israel sa kalaunang mga taon (i.e. sa buong buhay ni Moses).

**9:19** Ito ang paulit-ulit na inilahad na layunin ng Diyos (i.e. kalatan ang mundo). Ang tore ng Babel ay ang direktang pagsuway dito.

Nakakawili na ang modernong mitochondrial DNA mga pag-aaral ay naghinuha na nag orihinal na mga tao ay nagmula sa hilagang Africa habang ang modernong pilolohiya ay nadetermina na ang lahat ng mga wika ng tao ay nagsimula sa hilagang India. Pansinin kung paanong heorapikal na magkalapit ito sa biblikal na tala.

Tila lahat ng mga magkakaibang mga lahi ng mga tao ay direktang mga inapo ng tatlong magkakkapitd na ito. Ang modernong DNA pagsasaliksik ay nagpakita na ang mga tao ng lahat ng lahi ay genetikal na magkapareho.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:20-27**

**[20]At nagpasimula si Noe na maging mangbubukid, at naglagay ng isang ubasan [21] At uminom ng alak at nalango; at siya'y nahubaran sa loob ng kaniyang tolda. [22]At si Cham na ama ni Canaan ay nakakita ng kahubaran ng kaniyang ama, at isinaysay sa kaniyang dalawang kapatid na nangasa labas. [23]At kumuha si Sem at si Japhet ng isang balabal, at isinabalikat nilang dalawa, at lumakad ng paurong, at tinakpan ang kahubaran ng kanilang ama; at ang mukha nila ay patalikod, at hindi nila nakita ang kahubaran ng kanilang ama. [24]At nagising si Noe sa kaniyang pagkalango sa alak, at naalaman ang ginawa sa kaniya ng kaniyang bunsong anak.**

**[25]At sinabi,**
**"Sumpain si Canaan!**
**iya'y magiging alipin ng mga alipin**
**sa kaniyang mga kapatid."**
**[26] At sinabi niya,**
**"Purihin ang Panginoon,**
**ang Dios ni Sem;**

At si Canaan ay maging alipin niya..
[27] **Pakapalin ng Dios si Japhet,**
**At matira siya sa mga tolda ni Sem;**
**At si Canaan ay maging alipin niya."**

**9:20 "At nagpasimula si Noe na maging mangbubukid"** Ang NASB at RSV mga salin ay tila nagbasa ng labis sa Hebreo pananalita; si Noe ay hindi ang unang magsasaka—paano si Cain (4:2) o si Lamech (5:29)? Ang NRSV ay may "Noe, ang lalake ng lupa."

**9:21 "At uminom ng alak at nalango"** Ang pagkalango (BDB 1016 I, KB 1500) ay ikinalungkot ng paulit-ulit sa Kasulatan (cf. Prov. 23:29-35). Subalit ang alak ay hindi ang problema, ngunit ang maling paggamit nito ng sangkatauhan (cf. Deutronomio 14:26; Awit 104:15; Kawikaan 31:6-7).

## NATATANGING PAKSA: ALAK AT MALAKAS NA INUMIN

I. Biblikal na mga Salita
   A. Lumang Tipan
   1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
   2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
   3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
   4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).
   B. Bagong Tipan
   1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng of *yayin*
   2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
   3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Pagpapaasim
   A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.
   B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."
   C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang linggo.
   D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar

(*Edhuyyoth* 6:1).

E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.

F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.

G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

III. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblical*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

IV. Teolohikong na pagkakaunawa
   A. Diyalektikong tensyon
      1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
      2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
      3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).
   B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan
      1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
      2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.
   C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

**9:22 "nakakita ng kahubaran ng kaniyang ama, at isinaysay sa kaniyang dalawang kapatid na nangasa labas"** Ang kasalanan ni Ham ay ang (1) kanyang kawalang paggalang sa kanyang ama o (2) ilang tipo ng sekswal na akto (cf. Levitico 18:6,7). Ang mga Hebreo ay napakamalayin sa kahubaran.

Sa teolohikal na pakahulugan, ito ay nagpapakita ng nagpapatuloy na pababang paghatak ng pagbagsak sa kasalanan. Si Noe ay lasing! Si Ham masidhing naligayahan sa kapwa kahangalan at kahubaran ng kanyang ama! Ang likas na pagkahilig tungo sa kawalang paggalang at pag-abuso sa sekswalidad ay nagiging maliwanag sa mga inapu ni Canaan! Ang mga inklinasyon ay naging malinaw kay Noe na nagsumpa kay Canaan, hindi si Ham.

Bilang pahabol, ang eposodyong ito ay wala, walang kinalaman sa biblikal na pagpapababa sa lahi ng mga itim. Ang mga Afrikano ay tiyak na nagmula kay Ham ngunit ang mga Canaanites ay hindi mga itim (i.e. mga larawan sa haligi ng Ehipto)!

**9:24 "Noe. . . naalaman"** Posibleng alam niya sapagkat siya ay nagtanong, ngunit posibleng ito ay isang takip na inilagay nina Shem at Japheth sa kanya.

▣ **"bunsong anak"** Si Ham ay laging ikalawa sa listahan sa mga anak na lalake ni Noe. Ang Hebreong salita na ito ay panukdulang "pinakabata" o nagkukumparang "mas nakababata."

**9:25 "At sinabi"** Tandaan na ang Hebreong konsepto ng kapangyarihan ng binigkas na salita, Genesis 1, ay kasinghalaga ng pangmagulang na pagpapala, Genesis 49.

▣ **"Sumpain si Canaan"** Ang PANDIWA na ito (BDB 76, KB 91) ay isang *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang mga rabi ay nagsabi na nakita ng una ni Canaan ang kahubaran ni Noe at pinagsabihan ang kanyang ama, Ham, ngunit marahil nakita ni Noe na ito ay malinaw na pag-iinsulto sa karaketer ng pinakabatang anak na lalake ni Ham, o Canaan, ang pinakabatang anak na lalake, ay isang paraan ng pagtutukoy sa lahat ng mga inapu ni Ham. Pansinin na ito ay hindi isang sumpa ng Diyos ngunit ng isang gumon sa alkohol na si Noe!

Ito ay halatang mula sa nakalipas na kasaysayan ng Israel na nakita ng mga Canaanites bilang masama at mapangalunyang mga tao na dapat lubusang wasakin. Nasa kanilang mga lupain ang mga higante ay nananatiling namumuhay. Ang kanilang pagkamayabong na pagsamba ang ipinagbabawal sa aklat ng Levitico.

## NATATANGING PAKSA: KAPOOTANG PANLAHI

I. Panimula

A. Ito ay isang pangkalahatang ekspresyon ng makasalanang sangkatauhan sa loob ng kanyang lipunan. Ang kayabangang ito ng mga tao, na sinusuportahan ang kanyang sarili laban sa iba. Kapootang Panlahi ay, sa madaming paraan, ay modernong phenomena, habang ang nasyonalismo ( o pantribu) ay mas sinaunang ekspresyon.

B. Nasyonalismo ay nagsimula sa Babel (Genesis 11) at orihinal na nauugnay sa tatlong mga anak ni Noah na kung saan nagmula ang pagkakaroon ng tatlong mga lahi (Genesis 10). Gayumpaman, kapuna-puna mula sa Kasulatan na ang mga tao ay nagmula sa iisang pinanggagalingan (cf. Genesis 1-3; Mga Gawa 17:24-26).

C. Ang Kapootang Panlahi ay isa lamang sa maraming paunang paghahatol. Ang ilang iba pa ay (1) edukasyonal na di pagpansin; (2) sosyo-ekonimikal na paga-arogante; (3) pansariling pagmamatuwid legalismong panrelihiyon; at (4) dogmatikong politkal na pakikisama.

II. Biblikal na Materyal

A. Lumang Tipan

1. Genesis 1:27 –Ang sangkatauhan, lalake at babae, ay ginawa sa imahe at wangis ng Diyos, kung bakit sila natatangi. Ito rin ay nagpapakita ng kanilang indibidwal na kahalagahan at dignidad (cf. Juan 3:16).
2. Genesis 1:11-25 – Ay nagtala ng talatang, “. .pagkatapos ng kanilang sariling uri. . ” ng sampung beses. Ito ay ginamit upang suportahan ang makalahing segregasyon. Gayumpaman, ito’y kapuna-puna mula sa konteksto na ito ay tumutukoy sa mga hayop at mga halaman hindi sa sangkatauhan.
3. Genesis 9:18-27 – Ito ay ginagamit upang suportahan ang makalahing pagdodomina. Dapat na tandaan na ang Diyos ay hindi isinumpa ang Canaan. Si Noah, ang kanyang lolo, ang nagsumpa sa kanya matapos siyang gisingin nito sa kanyang kalasingan. Ang Bibliya ay kailanman hindi nagtala na ang Diyos ay nagkompirma sa pangako/sumpang ito. Kung sakali man na ginawa Niya ito, hindi ito nakakaapekto sa lahi ng mga maiitim. Ang Canaan ay ang ama ng lahat ng nakatira sa Palestina at Ehipto at ang mga sining sa mga haligi ay nagsasabi na hindi sila mga maiitim.
4. Joshua 9:23 – Ito ang ginagamit upang patunayan na ang isang lahi ay maglilingkod sa isang lahi. Gayumpaman, sa konteksto, ang mga Gibeonites ay nasa parehong lahing pinagmulan gaya ng sa mga Hudyo.
5. Ezra 9-10 at Nehemiah 13 – Ito ay madalas na ginamit sa makalahing pakahulugan, ngunit ang konteksto ay nagpapakita na ang pag-aasawa ay kinokundina, hindi dahil sa lahi (sila ay nagmula sa parehong anak ni Noah, Genesis 10), hindi sa pangrelihiyong mga kadahilanan.

B. Bagong Tipan

1. Ang mga Ebanghelyo
   a. Si Hesus nagawang gamitin ang galit sa pagitan ng mga Hudyo at mga Samaritas sa ilang mga sitwasyon, na nagpapakita na ang makalahing galit ay hindi nararapat.
      (1) ang parabola ng Mabuting Samaritano (Lucas 10:25-37)
      (2) ang babae sa balon (Juan 4)
      (3) ang mapagpasalamat na ketongin (Lucas 17:11-19)

b. Ang Ebanghelyo ay para sa sangkatauhan
   (1) Juan 3:16
   (2) Lucas 24:46-47
   (3) Hebreo 2:9
   (4) Pahayag 14:6
c. Ang Kaharian ay magsasama sa lahat ng sangkatauhan
   (1) Lucas 13:29
   (2) Pahayag 5

2. Mga Gawa
   a. Ang Mga Gawa 10 ay isang mapagpaliwanag na talata sa pangkalahatang pag-ibig ng Diyos at sa pangkalahatang mensahe ng Ebanghelyo.
   b. Si Pedro ay kinutya ng kanyang mga aksyon sa Mga Gawa 11 at ang problemang ito ay hindi naresolba hanggang sa konseho ng Herusalem ay nagpulong at dumating sa isang solusyon (Mga Gawa 15). Ang tension sa pagitan ng unang siglong Hudyo at Hentil ay napakatindi.
3. Pablo
   a. Walang nakahadlang na pagitan kay Kristo
      (1) Galacia 3:26-28
      (2) Efeso 2:11-22
      (3) Colosas 3:11
   b. Ang Diyos ay walang tinatanging mga tao
      (1) Rom 2:11
      (2) Efeso 6:9
4. Pedro at Santiago
   a. Ang Diyos ay walang tinatanging mga tao, I Pedro 1:17
   b. Dahil sa ang Diyos ay hindi nagpapakita ng pagkakampi, gayundin dapat ang kanyang mga tao, Santiago 2:1
5. Juan
   a. Isa sa mga malalakas na mga pananalita sa responbsibilidad ng mga mananampalataya ay matatagpuan sa I Juan 4:20

III. Konklusyon

A. Ang Kapootang Panlahi, o kung anuman yang bagay nay an, paunang paghahatol sa anumang bagay, ay buong tahasang hindi nararapat para sa mga anak ng Diyos. Narito ang isang sipi mula kay Henlee Barnette, na nagsalita sa isang porum, sa Glorieta, New Mexico, para sa Komisyon ng Kristyanong Pamumuhay noong 1964. "Ang Kapootang Panlahi ay isang kasinungalingan sapagkat ito ay hindi Biblikal at hindi makaKristyano, huwag nang banggitin na hindi ito siyentipiko."
B. Ang problemang ito ay nagbibigay sa mga Kristyano ng oportunidad na maipakita ang kawangis ni Kristong pagmamahal, pagpapatawad at pag-uunawa sa naliligaw na mundo. Ang pagtanggi ng Kristyano dito ay pagpapakita ng pagiging imatyur at isang oportunidad sa Diablo na guluhin ang pananampalataya, katiyakan, at paglago. Ito rin ang pagsisilbing hadlang sa mga naliligaw na tao na lumapit kay Kristo.
C. Anu ang magagawa ko? (Ang seksyon na ito ay kinuha mula sa tracts ng Komisyon ng Kristyano Pamumuhay na pinamagatang "Relasyon ng Lahi"

"SA PERSONAL NA LEBEL"

- * Tanggapin ang iyong responsibilidad sa paglulutas ng mga problema na may kinalaman sa mga lahi.
- * Sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng Bibliya, at pakikipagsalamuha sa ibang mga lahi, pagsumikapang alisin sa buhay mo ay paunang paghahatol.
- * Ipahayag ang iyong paninindigan patungkol sa lahi, partikular na yaong mga nagpaapsimulka ng hidwaan sa mga lahi na hindi nasusubukan.

"SA BUHAY PAMILYA"

- * Kilalanin ang kahalagahan ng impluwensiya ng pamilya sa pagbabago ng saloobin sa ibang mga lahi.
- * Sikaping linangin ang mga Kristyano pag-uugali sa pamamagitan ng pakikipag-usap patungkol sa mga naririnig na mga isyu sa ibang mga lahi ng mga anak at magulang sa labas ng kanilang tahanan.
- * Ang mga magulang ay dapat na maging maingat sa pagtatalaga ng Kristyano halimbawa sa pakikipag-ugnayan sa mga tao ng ibang mga lahi.
- * Hanapin ang mga oportunidad sa pagkikipagkaibigan ng pamilya sa ibang mga lahi.

"SA IYONG IGLESYA"

- * Sa pamamagitan ng pangangaral at pagtuturo ng mga Biblikal na katotohanan na may kinalaman sa lahi, ang kongregasyon ay maaring maingyanyo na magpakita ng halimbawa sa buong komunidad.
- * Siguraduhin na ang pagsamba, pagtitipon, at serbisyo sa pamamgitan ng iglesya ay bukas para a lahat, maging ang NT na mga iglesya ay nagpapakita ng kawalang hadlang sa mga lahi (Efeso 2:11-22; Galacia 3:26-29).

"SA PANGARAW-ARAW NA BUHAY"

- * Tulungan mapagtagumpayan ang lahat ng panlahing diskriminasyon sa mundo at sa trabaho.
- * Gumawa sa pamamagitan ng mga organisasyon sa komunidad para masiguro ang lahat ng uri pantay na karapatan at oportunidad, sa pag-aalala na ang problema ng lahi ang dapat atakihin, hindi ang tao. Ang layunin ay upang mapalaganap ang unawaan, hindi gumawa ng kapaitan.
- * Kung sakaling mabuti, magbuo ng espesyal na komite ng mga mapag-arugang mamayan, para sa naising buksan ang linya ng komunikasyon sa komunidad para sa edukasyon ng pangkalahatang publiko at para sa partikular na mga aksyon sa pagsasaayos ng relasyon ng lahi.
- * Suportahan ang legislasyon at mga legislator sa pagpasa ng mga batas sa pagpapataas ng panlahing katarungan at pagsalungat sa mga taong nag-aabuso ng paunang paghahatol para sa politikal na hangarin.
- * Purihin ang mga nagpapatupad ng batas ng walang diskriminasyon.
- * Iwaksi ang kaguluhan, at palaganapin ang respeto sa batas, ginagawa ang lahat ng posibleng bagay bilang isang mamayang Kristyano upang masiguro na ang mga legal na istruktura ay hindi maging instrumento at mapasakamay ng mga taong nagpapalaganap ng diskrimiasyon.
- * Gawing halimbawa ang espiritu at isipan ni Kristo sa lahat ng pantaong relasyon.

▣ **"alipin ng mga alipin"** Ito ay isang Hebreong panukdulang kahulugan "pinakamababang alipin." Ito ay natupad sa pananakop ni Josue sa Palestina!

**9:26-27** Ang "hayaan natin" ng dalawang mga talatang ito ay JUSSIVES, tatlong partikular ba na mga anyo at isang pangkontekstong ipinahiwatig.

**9:26 "ang Panginoon"** "YHWH" ay wari nasa espesyal na pagkakagamit ng tipanang pangalan (tignan puna sa 2:4) upang kilalanin si Shem bilang Makamesyas na lahi (cf. Lucas 3:36).

▣ **"ang Dios ni Sem"** Ang Shem ay nangangahulugang "pangalan" at maaring isang paglalaro sa espesyal na pangalan ng Diyos, YHWH (BDB 1028 II). Ang lahi ni Shem ay ang Makamesyas na lahi. Ito ay kasalungat ng 11:4!

**9:27 "At matira siya sa mga tolda ni Sem"** Ang ilang ay tinitignan ito na (1) sa politikal na pakahulugan gaya ng dominasyon ng Roma o Europang kultura o (2) sa espiritwal na pakahulugan ng pagsasama ng mga Hentil sa pagpapala sa mga Hudyo, na kabahagi rin sa makaAbraham na tipan (cf. 12:3; Efeso. 2:11-3:13).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:28-29**

**28 At nabuhay si Noe pagkaraan ng bahang gumunaw, ng tatlong daan at limang pung taon. 29 At ang lahat ng naging araw ni Noe ay siyam na raan at limang pung taon: at namatay.**

**9:29** Ang kamatayan ay umiiral pa rin (cf. kabanata 5)!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang pagbagsak sa kasalanan ay nakaapekto sa tipan ng Diyos kay Noe?
2. Ang kapital na kaparusahan ba ay biblikal na panuntunan (cf. v. 6)?
3. Isinumpa ba ni Noe ang lahi ng itim?
4. Saan tumutukoy ang talata 27?

# GENESIS 10:1-32

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Inapo ni Noe | Mga Bansang Nagmula Kay Noe | Ang Talaan ng mga Bansa | Ang mga Inapo ng mga Anak na Lalake ni Noe | Ang Pagpapatao sa Mundo |
| 10:1 | 10:1 | 10:1 | 10:1 | 10:1 |
| 10:2-5 | 10:2-5 | 10:2-5 | 10:2-5 | 10:2-5a |
| | | | | 10:5b |
| 10:6-14 | 10:6-14 | 10:6-14 | 10:6-12 | 10:6-7 |
| | | | | 10:8-12 |
| | | | 10:13-14 | 10:13-14 |
| | | | | 10:13-14 |
| 10:15-20 | 10:15-20 | 10:15-20 | 10:15-20 | 10:15-19 |
| | | | | 10:20 |
| 10:21-31 | 10:21-31 | 10:21-31 | 10:21-31 | 10:21 |
| | | | | 10:22-23 |
| | | | | 10:24-30 |
| | | | | 10:31 |
| 10:32 | 10:32 | 10:32 | 10:32 | 10:32 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## PANIMULA

A. Ano ang teolohikal na layunin ng detalyadong kalikasan ng kabanata 10?
   1. Ito ay nagpapakita na ang Diyos ay may malasakit sa lahat ng mga bansa. Ang kabanata 11 ay kronolohikal na wala sa ayos. Ito ay tila nagpapakita na ang 10 ay hindi lamang

paghahatol (cf. 11:1-9), ngunit una sa lahat ay katugunan sa 1:28 at 9:1,7 (i.e. maging mabunga at kalatan ang mundo).

2. Ang kaparehong mga bansa na ito ay tinukoy sa mga (cf. Isaias 7-23; Jeremias 46-51; Ezekiel 27-30; 38-39) bilang grupo na hinatulan ng Diyos.
3. Ito ay naglalatag ng yugto para sa pagtawag kay Abraham at sa kanyang binhi bilang kaharian ng mga saserdote na magdadala sa buong mundo kay YHWH (cf. 12:3; Exodo 19:5-6).
4. Ito ay sumusundo sa desenyo ng Genesis sa lumiliit na pokus sa lahi ng Mesyas (cf. 9:26).
5. Tila mayroong mahigit 70 mga grupo ang binanggit. Ang mga rabi ay nagsabi na mayroong 70 mga wika sa mundo, posibleng mula sa Deutronomio 32:5. Maraming ang nag-uugnay sa Lucas 10:1 dito na nagsasaad ng pandaigidigang puwersya ng misyon ng Ebanghelyo.

B. Paano at bakit ito sumasalungat sa makabagong etnolohikal na pananalikisik?

1. Ang makabagong pananaliksik ay batay sa makawikang prinsipyo habang ang biblikal na tala ay nakapokus sa heograpikal na datos. Ang heograpikal na impormasyon ay apektado ng (1) petsa at (2) paggalaw ng mga tao mula sa kapwa migrasyon at labanan (cf. Ezekiel 16:3; Hosea 12:7).
2. Dapat tignan ng isa ang teolohikal na kalikasan ng tala na ito
   a. Selektibong lawak
   b. Pagkakaisa ng sangkatauhan (Adan at Noe)
   c. Yaong mga bansa na pinakamalayo mula sa pakikisalamuha sa Israel ay itinuturing na pinakamababa (o wala na)
3. Ang kabanatang ito ay nagtataglay ng pangmaramihan na mga pangalan. Ito ay nagpapakita na madalas ang ninuno ang tumatayo para sa grupo. Madalas, ang mga grupo umoukupa na higit sa isang heograpikal na lokasyon.
4. Hindi ito kanluranin, detalyado, siyentipikong tala. Madalas nating nakakalimutan na ito ang unang pagtatangka sa listaha sa ganitong tipo. Ang kawastuhan nito ay sinigurado sa pamamagitan ng ating paunang pag-aakala sa pangako sa Kasulatan. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na magbigay impormasyon sa atin ng lubusan sa lahat ng bahagi o tumalima sa ating kanluraning isipan. Para sa kanyang panahon ito ay nakakagimbal na tumpak!
5. Ang listahan na ito, gaya ng lahat ng Torah, ay napailalim sa eskribong pagrerebisa at pagpapaunlad. Ilang mga pangalan sa listahang ito (i.e. Cimmerians, Scythians, Philistines, at Medes) ay hindi natagpuan sa ibang mga sinaunang Near Eastern literatura hanggang sa until 1500-1000 B.C.
6. Posibleng dahil sa mga tao sa Asya at Polynesia (at samakatuwid ang mga Amerikano) at maraming tao sa Africa ay pinakitunguhan, na ang listahang ito ay maaring naglalaman ng mga bahagi ng panlahing pagkakaiba na maoobserbahan sa panahon ngayon. Kung ito ay totoo magkagayon ito ay teolohikal na pagmamalabis na pananalita na ang mga lahi ay direktang nagmula sa tatlong anak ni Noe.

   Hindi ito nagpapaliit sa pagigiing isa ng mga tao (na nag DNA mga pag-aaral ay nakumpirma) na malinaw na isinaad sa orihinal na pares ng tao sa Genesis 1 at 2.

C. Ang Istruktura nito

1. Japheth, vv. 2-5, ang nagookupa sa rehiyon ng hilagang Mesopotamia mula Espanya hanggang sa dagat ng Caspian.
2. Ham, vv. 6-20, ang nagookupa sa rehiyon ng timog ng Mesopotamia mula sa Africa

hanggang sa India

3. Shem, vv. 21ff, ay nakitungo sa pag-ookupa ng mga Semites sa Mesopotamia mula sa dagat ng Mediterranean hanggang India.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1

**[1]Ito nga ang sali't saling lahi ng mga anak ni Noe: si Sem, si Cham, at si Japhet: at sila'y nangagkaanak pagkaraan ng bahang gumunaw**.

**10:1 "Ito nga ang sali't saling lahi ng mga anak"** Ang bahagi na ito ay inulit ng tatlong beses sa konteksto ng mga kabanata 10 at 11 (10:1; 11:10,27). Ito marahil ang paraan ng may-akda na ibalangkas ang aklat o isang Babylonian kolopon upang markahan ang kyuniporm na mga tableta na magkasama.

▣ **"Sem, Cham, at Japhet"** Ang pagkakasunod na listhan sa kanilang mga pangalan ay hindi unang-una may kinalaman sa kanilang mga edad ngunit sa teolohikal na pagkakaayos, paglilista una ayon sa Makamesyas na lahi, at pinakamalayo ay inihuli.

### TALATA SA NASB (BINAGO): 10:2-5

**[2]Ang mga anak ni Japhet; si Gomer, at si Magog, at si Madai, at si Javan, at si Tubal, at si Meshech, at si Tiras. [3]At ang mga anak ni Gomer: si Azkenaz, at si Rifat, at si Togarma. [4]At ang mga anak ni Javan; si Elisa, at si Tarsis, si Cittim, at si Dodanim. [5]Sa mga ito nangabahagi ang mga pulo ng mga bansa, sa kanilang mga lupain, na bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang wika; ayon sa kanikanilang angkan, sa kanikanilang bansa.**

**10:2 "Gomer"** Ito ay tila tumutukoy sa mga Cimmerians (BDB 170), na binanggit sa Homer's Iliad, kabanata 11:13-19. Sila ay nanirahan sa hilagang Asya Minor. Sila ay posibleng dumayo sa hilaga at naging Europeyong panlipi na mga grupo. Ito ay makikita sa pamamagitan ng parehong termino para sa kanila sa hilagang hilaga Germany, "Cimbi" at sa Wales, "Cymri."

▣ **"Magog"** Mayroong matinding talakayan patungkol sa mga pangalang ito dahil sa koneksyon nito sa Ezekiel 38-39 at sa pagtatapos ng panahong mga tagpuan. Gayunpaman, dapat na panindigan na ang Magog (BDB 156), kasama ni| Meshech at Tubal, na binanggit rin sa v. 2, ay unang-una mga tribu na konektado sa Asya Minor at ang baybayin ng Black Sea. Medyo posible na sila ay dumayo sa hilaga at naging panlipi na mga grupo ng makabagong Russia. Ngunit, sa sinaunang panahon, sila ay mas higit na malapit sa Lupang Pangako. Karamihan ay nagsasaad na ang Magog ay konektado sa Scythians, timog-silangan ng Black Sea. Ang impormasyon na ito ay nagmula kay Josephus.

▣ **"Madai"** Karamihan ay nagsasabi na ito ay tumutukoy kay Medes (BDB 552), na nabuhay sa timog at timog-kanluran ng dagat ng Caspian, na naging napakahalaga sa Israel sa kanilang pagsasama sa Persia upang patalsikin ang Neo- Babyloniang Emperyo (Nebuchadnezzar).

▣ **"Javan"** Ito ay (BDB 402) tila tumutukoy sa Ionian (katimugan) mga Griyego (cf. Daniel 8:21; 10:20; 11:2). Ang grupong ito ay binabay na "Javana" sa Sanskrit; "Juna" sa lumang Persia at "Jounan" sa Rosetta stone. Sila sa kalaunay naging, hindi lamang kaharian ng Greece, ngunit posibleng isang bahagi ng tao sa dagat sa lugar ng Aegean (i.e. Phoenicians at Philistines).

▣ **"Tubal"** Marami ang nagsasaysay na ito ay (BDB 1063) tumutukoy sa mga Tiberenian ng gitnang Asya Minor. Parehong Tubal at Meshech ang lumitaw sa Ezekiel 38-39 na nanirahan sa Asya Minor.

▣ **"Meshech"** Marami ang nagsasaysay na ito ay isang panliping grupo (BDB 604) na nanirahan sa timog at timog-kanluran ng Black Sea (cf. Ezekiel 27:13; 32:26; 38:2; 39:1). Ang impormasyon na ito ay nagmula kay Herodotus.

▣ **"Tiras"** Mayroong naging ilang posible pagkakakilanlan para sa grupong ito (BDB 1066), na karaniwan sa ilang mga komentarista. Marami sa mga pangalan at tagalokal ay simpleng di-tiyak. Ang mga posible ay naglalaman ng (1) ang mga Etruscan; (2) ang piratang bansa ng Aegean tinawag na Pelasgian; (3) si Josephus ay nagsasabi na ang Thracian; o (4) si Rashi nagsasabi na ito ay tumutukoy sa Persia.

**10:3 "Ashkenaz"** Ito ang pangalan (BDB 79) na inampon ng kalaunang mga Hudyo ng Europa (i.e. Germany). Ang kasalukuyang mga teorya ay (1) Scythians sa lugar ng Germany; (2) mga tao na malapit sa Lake Urumia; o (3)isang panliping grupo ng Bithynia sa Asya Minor.

▣ **"Riphath"** Ito ang naging pinaninindigang isang panliping grupo (BDB 937) malapit sa ilog ng Rhebas o isang panliping grupo malapit sa Bosphorus.

▣ **"Togarmah"** Ang mga ito (BDB 1062) ay (1) panliping grupo sa lugar ng Cappadocia sa Asya Minor; (2) malapit sa sinaunang bayan ng Carchemish; o (3) isang panliping grupo sa Phrygia. Lahat ng tatlong mga posibilidad na ito ay nasa makabagong Turkey.

**10:4 "Elishah"** Karamihan ay nagsasaysay na ito ay tumutukoy (BDB 47) sa mga katutubong populasyon ng Cypress. Sila ay binanggit sa Ezekiel 27:7.

▣ **"Tarshish"** Bagamat ang Albright ay nakatayo sa Sardinia, karamihan ng makabago mananaliksik ay itinuro ito sa katimugang Espanya (i.e. Tartessos). Ito ay binanggit sa II Cronico 9:21; Awit 48:7; 72:10; Jonah 1:3; 4:2).

▣ **"Kittim"** Mayroong hindi nagbabagong opinyon na ito ay tumutukoy sa mga naninirahan sa silangang baybayin ng Cypress (BDB 1076 II).

▣ **"Dodanim"** Marami ang nagsasaysay na ang pagkakapareho sa pagitan ng Hebreeong mga titik, D (r) at R (t), ay nakalito at ito tumutukoy sa panliping naninirahan sa Isla ng Rhodes (cf. NIV salin). Gayunpaman, ang iba ay nagsasaysay na ito ay hilaga ng Greece at ang iba pa rin ay nagsasabi na katimugang Italya. Halata na ito ay simpleng di-mapagkikilanlan (BDB 187).

**10:5 "ang mga pulo ng mga bansa"** Ang pariralang ito ay ginamit ng metaporikal para sa malalayong mga tao, ngunit dito, ito ay tila tumutukoy sa mga naninirahan sa baybayin ng Mediterranea at Black Sea na sumusunod sa pandarayuhan ng mga anak ni Japheth.

▣ **"kanilang mga lupain… kanikaniyang wika… kanikanilang angkan… kanikanilang bansa."** Ito ay tila makaapat na pagbabahagi sa kung paano ang kabanatang ito ay hinati: (1) heograpikal; (2) pangwika; (3) etnikal; at (4) politikal.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:6-14

**[6]At ang mga anak ni Cham; si Cush, at si Mizraim, at si Phut, at si Canaan. [7]At ang mga anak ni Cush; si Seba, at si Havila, at si Sabta, at si Raama, at si Sabtech: at ang mga anak ni Raama; si Sheba, at si DeDaniel [8]At naging anak ni Cush si Nimrod: siyang napasimulang maging makapangyarihan sa lupa. [9]Siya'y makapangyarihang mangangaso sa harap ng Panginoon kaya't karaniwang sabihin, "Gaya ni Nimrod, na makapangyarihang mangangaso sa harap ng Panginoon." [10]At ang pinagsimulan ng kaniyang kaharian ay ang Babel, at ang Erech, at ang Accad, at ang Calneh, sa lupain ng Shinar. [11]Buhat sa lupaing yaon ay napasa Asiria at itinayo ang Ninive, at ang Rehobotir, at ang Calah, [12]At ang Ressen, sa pagitan ng Ninive at ng Calah (na siyang malaking bayan). [13]At naging anak ni Mizraim si Ludim, at si Anamim, at si Lehabim, at si Naphtuhim. [14]At si Pathrusim, at si Casluim (na siyang pinagbuhatan ng mga Filisteo), at ang Caphtorim.**

**10:6 "si Cush, at si Mizraim, at si Phut, at si Canaan."** Ang mga anak na lalake ni Ham ay tinalakay ng mas higit sa sumusunod na mga talata: Cush (BDB 468) sa vv. 7-12; Mizraim (BDB 595) sa vv. 13-14; at Canaan (BDB 488) sa vv. 15-19. Si Phut (BDB 806), bagamat hindi tinalakay, ay tila tumutukoy sa aliman sa East Africa (Somalia), katimugang Arabia, Libya o Cyrene. Halata mula rito ang maraming posibleng mga lokasyon na tayo ay walang katiyakan.

**10:7 "Seba"** Ito ang lugar ng itaas ng Nile tulad ng masasabi natin mula sa impormasyon na nakalaan ngayon (BDB 685). Ito ay binanggit sa Isaias 43:3.

▣ **"Havilah"** Sa literal ito ay "lupang buhangin" (BDB 296), posibleng makikita saan man sa Ehipto.

▣ **"Sabtah"** Ito ay (BDB 688) alinman sa lugar ng makabagong Ethiopia, na maaring nasa silangan ng Africa, o isang bayan sa Arabia.

▣ **"Raamah"** Ito ay tila sa Sabateans ng timog-kanluran ng Arabia (BDB 947).

▣ **"Sabteca"** Ito rin ay tumutukoy sa Ethiopia (BDB 688).

▣ **"Sheba"** Ito ay (BDB 985) tila isang kilalang lugar sa Reyna ng Sheba, timog-kanluran ng Arabia (cf. I Hari 10:1-10; Job 1:15; 6:19; Awit 72:10,15; Isaias 60:6; Jeremias 6:20).

▣ **"Dedan"** Ito ay tila saan man sa Arabia (BDB 186). Halata na ang mga anak na lalake ni Cush ay matatagpuan sa silangan ng Africa at sa peninsula ng Arabia. Ito ay binanggit sa Isaias 21:13; Jeremias 25:23; 49:8; Ezekiel 25:13; 27:20.

**10:8 "ama ni Nimrod"** Si Nimrod (BDB 650) ay partikulara na pinangalanan sapagkat siya ang tagapagtatag ng unang pangunahing sibilisasyon. Ito ay maaring mangahulugan na ang mga inapo ni Ham ang nagpaunlad sa Babylonia. Siya ay idinugtong sa mga anak na lalake ni Cush dahil sa pangwika na pagkakahawig sa mga pangalang Kassites. Mayroong dalawaang mga grupo mula sa Cush, isa sa v. 7 sa silanganing bahagi ng Red Sea at ang isang ito sa v. 8 sa kanlurang bahagi ng Red Sea.

▣ **"Nimrod"** Ang termino ay tila nangahulugan na "mag-aklas" ayon kay Rashi at Leupold. Kung iisipin ito ang kasunod na dalawang pangunahing mga parirala, "makapangyarihang isa" at"makapangyarihan mangangaso," ay binigyan kahulugan ng negatibo bilang "punong manunupil" o "mananakop" o "mamamatay tao." Gayunpaman, tayo ay walang katiyakan kung ito ay ang

konotasyon, ngunit ito ay tila tumutugma sa konteksto. Ang lalakeng ito ay magtatatag ng ilang mga pangunahing mga bayan ng Mesopotamia at siya ay wari nagsimula sa unang pandaigidig na kapangyarihan. Marami ang nagsaysay na ito ay tumutukoy sa Tukuli-ninurta I, ngunit siya ay hindi nabuhay hanggang sa ikalabintatlong siglo B.C. nang kinontrol niya ang Assyria at Babylon. Siya ay tinawag na Ninus, ngunit ang kanyang panahon mas higit na huli upang tumugma kay Nimrod. Ang iba ay nagsasaysay na ito ay tumutukoy kay Sargon I, pinuno ng bayan ng Akkad.

**10:9 "makapangyarihang mangangaso sa harap ng Panginoon"** Ilang mga komentarista ang nagsasaysay na ang Diyos ang napansin na ang isang mangangaso ay nasa ilalim ng Kanyang dignidad, ngunit ang parirala ay tumutukoy unang mananakop at tagapag-unlad ng pantaong pandaigdig sa sistema(cf. Mic. 5:6), magkagayon ang Diyos sa pagpansin sa kanya ay kauna-unawa.

**10:10 "Babel"** Ang mga Babylonian ay nagsabi na ang terminong ito (*bab-ili*) ay nangahulugan "ang tarangkahan ng mga diyos." Gayunpaman, sa Genesis 11, ang mga Hudyo ay binigyan kahulugan ito bilang (*balil*), "siya ay nalito" (BDB 93).

▣ Lahat ng mga bayan na nakalista sa talatang ito ay pangunahing mga bayan sa Shinar sa isang punto o iba pa.

▣ **"Calneh"** Ilan ang nagsasabi na ito (BDB 484) ay tumutukoy sa isang bayan ng Nippur, habang ang iba ay muling binigkas ito na ibig sabihin ay "lahat sila."

▣ **"sa lupain ng Shinar"** Ito ay lingguwestikang may kinalaman sa terminong "Sumer" o "Sumeria" (BDB 1042). Ito tumutukoy sa ilang katimugan ng Mesopotamia.

**10:11 "ay napasa Asiria"** Ang ilan ay nagsasabi na ito ay tumutukoy sa Nimrod at ito ay tila sukat sa pinakamainam sa konteksto (cf. Mica 5:6). Gayunpaman, ang iba, kasama ang Septuagint, ang Vulgate, ang Syriac, Martin Luther, at si John Calvin, ay sinasabing ito ay tumutukoy kay Asshur.

▣ **"Nineveh"** Ito (BDB 644) ay ang pangunahing kapitolyo ng Assyrian Empire na matatagpuan sa Tigris River (cf. II Hari 19:36; Isaias 37:37; Jonah 1:2; 3:2-7; 4:11; Nahum 1:1; 2:8; 3:7; Zephania 2:13).

▣ **"Rehoboth-Ir"** Sa literal ito ay nangangahulugan "malawak na lansangan ng bayan" o "malawak na lugar ng bayan" at posibleng isang deskripsyon ng Nineveh (BDB 944 II).

▣ **"Calah"** Ito ay isang pangunahing bayan ng Assyrian (BDB 480 II). Ang makabagong pangalan nito ay Nimrud na halatang konektado sa pangalan ng, Nimrod.

**10:13 "Mizraim"** Marami ang nagpahayag na ito tumutukoy sa itaas at mababang Ehipto (BDB 595).

▣ **"Ludim"** Ito ay maaring tumutukoy sa Lydians sa Asya Minor (BDB 530).

▣ **"Anamim"** Ito ay maaring isang panliping grupo naninirahan sa oasis kanluran ng Ehipto (BDB 777).

▣ **"Lehabim"** Ito ay tila tumutukoy sa panliping tagadesyerto sa hilagang baybayin ng Africa

(BDB 529).

▣ **"Naphtuhim"** Ito ay tila isang panliping grupo malapit sa bayan ng Memphis (BDB 661). Lahat ng binanggit sa v. 13 ay halatang konektado sa Ehipto at sa nakapaligid na lugar.

**10:14 "Pathrusim"** Ito ay nangangahulugang lupaing timog at posibleng tumutukoy sa itaas ng Ehipto (BDB 837).

▣ **"Casluhim (na siyang pinagbuhatan ng mga Filisteo)"** Mayroong naging matinding talakayan patungkol mula sa Amos 9:7 ito ay tila ay nagpapahiwatig na ang mga Philistines ay nagmula sa Crete. Ito ang isa doon sa mga lugar na kung saan ito ay tinukoy maaring heograpikal. Ang nagpapatuloy na alon ng pananakop ay pandarayuhan ng mga taong dagat ng Aegean ay nakaapekto ng higit sa mga baybaying mga lupaon ng mundo ng Mediterranean, kasama na ang Ehipto at Palestina. Para sa Casluhim tignan BDB 493.

▣ **"Caphtorim"** Ito ay tila tumutukoy sa mga naninirahan sa isla ng Crete kilala bilang Caphtor (BDB 499).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:15-20

**15 At naging anak ni Canaan si Sidon, na kaniyang panganay, at si Heth**
**16 at ang Jebuseo, at ang Amorrheo, at ang Gergeseo**
**17 at ang Heveo, at ang Araceo, at ang Sineo**
**18 at ang Aradio, at ang Samareo at ang Amatheo: at pagkatapos ay kumalat ang mga angkan ng Cananeo.**
**19 At ang hangganan ng Cananeo ay mula sa Sidon, kung patungo sa Gerar, hanggang sa Gaza; kung patungo sa Sodoma at Gomorra, at Adma, at Zeboim hanggang Lasa.**
**20 Ito ang mga anak ni Cham, ayon sa kanikanilang angkan, ayon sa kanikanilang wika, sa kanikanilang mga lupain, sa kanilang mga bansa.**

**10:15 "Sidon"** Ito ang sikat na daungan ng Phoenicia at orihinal na kapitolyo nito, ang hilagang Palestina (BDB 850).

▣ **"Heth"** Ito ay (BDB 366) tila ay maging di-Semitik na pangalan. Posibleng ito ang pasimula ng grupo ng Hittite. Sa Bibliya sila ay matatagpuan sa dalawang mga lugar: (1) sa palibot ng bayan ng Hebron at (2) hilaga ng Palistina sa gitnang Turkey. Dominado nila ang kabuuang rehiyon sa pagitan ng 1800-1200 B.C. Ang panliping grupo tinawag na Hivites ay maaring konektado rin sa terminong Heth.

**10:16 "ang Jebuseo"** Sila ang mga nag-ookupa sa bayan ni Salem o Jebus, kalaunay Jerusalem (BDB 101).

▣ **"Amorrheo"** Ang terminong (BDB 57) Amorite ay maaring sama-samang termino (cf. Genesis 15:16) gaya ng terminong Canaanite. Naisip natin na ito ay may konotasyon ng "taga-bundok" (ang literal na pangalan ay nangahulugan na "kanluranin") habang ang Canaanite ay may konotasyon na "taga-patag" (ang literal na pangalan ay nangahulugan na "lupain ng murado"). Sa Bibliya ang mga naninirahan sa Canaan ay inilista sa ilang mga lugar: (1) sa pamamagitan ng dalawang panliping mga grupo sa Genesis 13:7, 34:30;Hukom 1:4,5; (2) sa pamamagitan ng pitong mga bansa sa Deutronomio 7:1; Josue 3:10; 24:11; (3) sa pamamagitan ng sampung mga bansa sa Genesis 15:19-20; at (4) ang pinakakaraniwang pagkakagamit ay ang ikaanim na bansa na pagkakatalaga na ginamit ng karamihan sa panahon ng Pentateuch.

▣ **"Girgashite"** Ito ay ang Canaanite tribo madalas ay pinangalanan sa ilang mga listahan ng mga tribu ng Canaan (BDB 173, cf. Genesis 10:16; 15:21; Deutronomio 7:11; Josue 3:10; 24:11; Nehemias 9:8; I Cronico 1:14), ngunit ang lokalidad ay hindi nakilala.

**10:17 "ang Heveo"** Sila ay tila mga naninirahan sa gitnang Palistina (BDB 295). Ang ilan ay kinilala sila kasama ng Hurrians. Ang Bilang 13:29 ay isang mabuting heograpikal na buod sa paghahati ng mga tribung ito sa Palistina.

▣ **"Arkite"** Ito ay tila mga naninirahan sa baybaying bayan at isla sa hilagang Sidon (BDB 792).

▣ **"Sinite"** Ito ay tila mga naninirahan sa isang bayan malapit sa Arke (BDB 696).

**10:18 "Arvadite"** Ito ay tila tumutukoy sa mga naninirahan sa isang isla sa baybaying hilaga ng Palistina (BDB 71). Gaya ng mga naunang dalawa ito ay nasa hilagang hilaga ng Tripolis.

▣ **"Zemanites"** Ang mga ito ay inapo ni Canaan. Isang bayan ng kaparehong pangalan ay binanggit sa mga tableta ng Amarna. Ito ay binanggit rin ni Tiglath Pileser I (1116-1078 B.C.) na matatagpuan sa teritoryo ng Phoenicia (AB, Vol. 6, p. 1074).

▣ **"Hamathite"** Ito ay tumutukoy sa mga naninirahan sa isang bayan sa Orontes River (BDB 333).

**10:19 "Sodoma at Gomorra, at Adma, at Zeboim"** Ang mga bayan na ito ng talampas na sa kalaunan ay winasaka ng Diyos. Sila ay matatagpuan sa katimugang hangganan ng Dead Sea.

▣ **"Lasha"** Si Jerome ay nagsasabi na ito ay ang silangan ng Dead Sea (BDB 546).

**10:20** Ito ang buod ng paghahati gaya ng v. 5.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:21-31

**21 At nagkaroon din naman ng mga anak si Sem, na ama ng lahat ng mga anak ni Heber, na siya ring lalong matandang kapatid ni Japhet. 22 Ang mga anak ni Sem; si Elam, at si Assur, at si Arphaxad, at si Lud, at si Aram. 23 At ang mga anak ni Aram: si Uz, at si Hul, at si Gether, at si Mas. 24 At naging anak ni Arphaxad si Sala; at naging anak ni Sala si Heber. 25 At nagkaanak si Heber ng dalawang lalake; ang pangalan ng una'y Peleg; sapagka't sa mga araw niya'y nahati ang lupa; at ang pangalan ng kaniyang kapatid ay Joctan. 26 At naging anak ni Joctan si Almodad, at si Sheleph, at si Hazarmavet, at si Jerah 27 At si Hadoram, at si Uzal, at si Dicla 28 at si Obal, at si Abimael, at si Sheba 29 At si Ophir, at si Havila, at si Jobad: lahat ng ito ay mga naging anak ni Joctan. 30 At ang naging tahanan nila ay mula sa Mesa, kung patungo sa Sephar, na siyang bundok sa silanganan. 31 Ito ang mga anak ni Sem, ayon sa kanikanilang angkan, ayon sa kanikanilang wika, sa kanikanilang lupain, ayon sa kanikanilang bansa.**

**10:21 " Shem"** Ito ay ang Hebreong termino "pangalan" (BDB 1028 II). Ang kanyang kahalagahan ay nakikita sapagkat siya ay bianggit kapwa dito at sa 11:10-26. Ang mga mapanghimagsik na mga tao sa mga kabanata 10-11 ay nais na magtayo ng "pangalan" para sa kanilang mga sarili. Ang kanyang pangalan ay nakadugtong sa 4:26 (i.e. YHWH's pangalang niluwalhati). Siya ay kakatawan sa piniling lahi ng pagpapala (cf. 12:2).

▣ **"Heber"** Ang etimolohiya ng pangalang ito ay napakapareho sa terminong "Hebreo" (BDB 720 II), na tumutukoy sa mas malawak na grupo higit sa simpleng mga Hudyo. Mayroong matinding espekluasyon patungkol sa koneksyon sa pagitan ni Eber at ang pariralang natagpuan sa maraming mga dokumento at stele(s) sa Ehipto tinawag na "Habirv" (cf. Genesis 14:13). Isang posibleng etimolohiya ng pangalang Eber ay "dumaan sa ibabaw at pagitan," na tila nagpapahiwatig ng lagalag na grupo.

▣ **"lalong matandang kapatid ni Japhet"** Si Rashi nagsasabi na ang Hebreo ay malabo sa kung sino ang mas matandang kapatid na lalake.

**10:22 "Elam"** Ito ay ang pangunahing kaharian sa silangan ng Ilog Tigris na ang kapitolyo ay ang Shushan (Susa). Ito marahil ang ang pinakasilanganing mga grupo binanggit sa kabanatang ito (BDB 743).

▣ **"Asshur"** Ito ay (BDB 78) maaring tumukoy sa (1) isang tao; (2) isang bayan; o (3) isang bansa (i.e. Assyria).

▣ **"Arpachshad"** Ito ay (BDB 75) tila isang panliping grupo sa hilaga ng Nineveh (isa na namang kapitolyo ng Assyria). Ang NIV na salin ay may Arphaxad.

▣ **"Lud"** Ito ay posibleng tumutukoy sa mga taga Lydiang bansa ng Asya Minor (BDB 530). Si Heroditus ay nagsasaysay na <u>inangkin nila ang pagiging orihinal</u> mula sa Nineveh, isang Semite na bayan.

▣ **"Aram"** Ito ay tumutukoy sa lugar ng makabagong Syria (BDB 74).

**10:25 "Peleg"** Ito ang partikular na lahi mula na kung saan si Abraham ay darating at lubusang tinalakay ng inangkan sa 11:18-27. Ito ay maaring mangahulugan na "hinati" (BDB 811 II).

▣ **"sapagka't sa mga araw niya'y nahati ang lupa"** Ang Hebreong termino ay literal na nangahulugang "irigasyong mga kanal" na tumutugma sa katimugang Mesopotamia, ngunit ang popular na etimolohiya ay "paghahati" (BDB 811, KB 928, *Niphal* GANAP). Mayroong tunog na paglalaro sa pagitan ng Peleg at hinati (niplega). Ito ay maaring tumutukoy sa paghahati ng mga wika na binanggit sa kabanata 11. Samaktuwid, ang pagpapakalat sa kabanata 10 ay bunga ng kronolohikal na pagkakaayos kapag ikinumpara sa kabanata 11.

**10:26-29** Ito ay isang guhit-balangkas ng mga lipi ng Arabia.

**10:28-29 "Sheba. . .Havilah"** Ito, kasama ng Asshur sa v. 22, ay tila ay tila kasama sa parehong mga listahan ng Hamite at Semite. Ito ay alinman dahil sa (1) heograpikal na pandarayuhan; (2) mga tagumpay sa labanan; o (3) ang pagsasama ng dalawang mga pamilya sa pamamagitan ng pag-aasawa. Ang listahang ito ay hindi partikular sa maraming mga paraan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:32

**32 Ito ang mga angkan ng mga anak ni Noe, ayon sa kanikanilang lahi, sa kanikanilang bansa: at sa mga ito nangabahagi ang mga bansa pagkatapos ng bahang gumunaw.**

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan

sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang layunin ng Genesis 10?
2. Bakit si Nimrod inihiwalay para sa espesyal na pakikitungo?
3. Bakit ang Israel, Moab, at Edom ay hindi binanggit sa listahan ng mga bansa?

# GENESIS 11:1-32
## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NASB | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pangkalahatang Wika, Babel, Pagkalito | Ang Tore ng Babel | Ang Tore ng Babel | Ang Tore ng Babel | Ang Tore ng Babel |
| 1:1-9 | 11:1-9 | 11:1-9 | 11:1-9 | 11:1-4 |
| | | | | 11:5-9 |
| Ang mga Angkan ni Shem | Ang mga Inapo ni Shem | Ang mga Talaangkanan ni Abraham | Ang mga Angkan ni Shem | Ang mga Patriyarka Pagkatapos ng Pagbaha |
| 11:10-11 | 11:10-11 | 11:10-11 | 11:10-11 | 11:10a |
| | | | | 11:10b-11 |
| 11:12-13 | 11:12-13 | 11:12-13 | 11:12-13 | 11:12-13 |
| 11:14-15 | 11:14-15 | 11:14-15 | 11:14-15 | 11:14-15 |
| 11:16-17 | 11:16-17 | 11:16-17 | 11:16-17 | 11:16-17 |
| 11:18-19 | 11:18-19 | 11:18-19 | 11:18-19 | 11:18-19 |
| 11:20-21 | 11:20-21 | 11:20-21 | 11:20-21 | 11:20-21 |
| 11:22-23 | 11:22-23 | 11:22-23 | 11:22-23 | 11:22-23 |
| 11:24-25 | 11:24-25 | 11:24-25 | 11:24-25 | 11:24-25 |
| 11:26 | 11:26 | 11:26 | 11:26 | 11:26 |
| | Ang mga Angkan ni Terah | | Ang mga Angkan ni Terah | Ang mga Angkan ni Terah |
| | 11:27-30 | 11:27-30 | 11:27-30 | 11:27a |
| 11:27-30 | | | | 11:27b-30 |
| 11:31-32 | 11:31-32 | 11:31-32 | 11:31-32 | 11:31 |
| | | | | 11:32 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)
*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbp.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

A. Ang mga kabanata 10-11 ay pabaliktad na kronolohikal na ayos.

B. Bagamat ang pagkalito ng mga wika kasama ang resultang pagpapakalat sa mga tao ay tila isang akto ng paghuhukom, tandaan na ito ay paghubog sa nasyonalismo na hanggang sa puntong ito, ay sumalungat sa poltikal na kilusan tungo sa isahang pandaigidgang pamahalaan. Samakatuwid, ito sa isang pakahulugan ay isa na namang pagpapala ng Diyos. Para sa Kristyano, ang Pentekoste ay ang teolohikal na pagbabaligtad sa Tore ng Babel!

### TALATA SA NASB (BINAGO): 11:1-9

**[1]At ang buong lupa ay iisa ang wika at iisa ang salita. [2]At nangyari, na, sa kanilang**
**paglalakbay sa silanganan, ay nakasumpong sila ng isang kapatagan sa lupain ng Sinar; at**
**sila'y nanahan doon. [3]At nagsangusapang, "Halikayo! tayo'y gumawa ng mga laryo, at ating**
**lutuing mabuti." At inari nilang bato ang laryo at ang betun ay inaring argamasa. [4]At**
**nagsipagsabi, "Halikayo! Magtayo tayo ng isang bayan natin at ng isang moog, na ang taluktok niyaon ay aabot hanggang sa langit, at magtaglay tayo ng isang ngalan; baka tayo'y**
**mangalat sa ibabaw ng buong lupa." [5]At bumaba ang Panginoon upang tingnan ang bayan**
**at ang moog, na itinayo ng mga anak ng mga tao. [6]At sinabi ng Panginoon, "Narito, sila'y**
**iisang bayan at silang lahat ay may isang wika; at ito ang kanilang pinasimulang gawin: at,**
**ngayon nga'y walang makasasawata sa anomang kanilang balaking gawin [7]Halikayo! tayo'y**
**bumaba at diyan din ay ating guluhin ang kanilang wika, na anopa't sila'y huwag**
**magkatalastasan sa kanilang salita.." [8]Ganito pinanabog sila ng Panginoon mula riyan, sa**
**ibabaw ng buong lupa; at kanilang iniwan ang pagtatayo ng bayan. [9]Kaya ang pangalang**
**itinawag ay Babel; sapagka't doon ginulo ng Panginoon ang wika ng buong lupa: at mula roon ay pinanabog sila ng Panginoon sa ibabaw ng buong lupa.**

**11:1 "At ang buong lupa ay iisa ang wika at iisa ang salita"** Halata na ang kabanata 11ay nagpapaliwanag sa pagpapakalat na inilarawan sa kabanata 10.

Ang isang wika na ito, na wari ay nagmula pabalik sa Eden, ay hindi Hebreo. Ang pinakamatandang naisulat na wika na kilala ng mga makabago ay ang kyuniporm Summerian, na may petsa mula 3,000 B.C. (ABD, vol. 1, p. 1213), at ang kultura mula 10,000-8,000 B.C.

**11:2 "paglalakbay sa silanganan"** Ito ay tila upang magpahiwatig ng isang paggalaw palayo mula sa lokasyon ng arko, ang mga kabundukan ng Ararat. Ang literal na parirala ay "naglakbay" ibig sabihin "hinugot ang mga tulos" (BDB 652, KB 704), *Qal* PAWATAS NA BANGHAY). Ang Mesopotamia ay nasa timog-silangan ng mga bundok ng Ararat (na tumatakbo mula modernong Turkey hanggang Iran).

▣ **"sa lupain ng Sinar"** Ito ay tumutukoy sa mas mababang Mesopotamia o Babylonia, tinawag rin na Chaldea (BDB 11042).

**11:3** Ang talatang ito ay may isang *Qal* PAUTOS at dalawang mag-kaugnay na COHORTATIVE na mga anyo. Ito ay naglalarawan sa konstruksyon ng mga pamamaraan na historikal na wasto para sa Mesopotamia (walang tirintas). Walang mga bato sa lugar na ito, kaya ang mga laryo ay inapuyan. Ang King James ay may "putik na malapot," ngunit ito ay halatang tumutukoy sa maitim, malagkit na bagay na kumukulo sa lugar na ito. Tinawag nating itong alkitran, aspalto, o pitch (BDB 330, cf. 6:14).

**11:4** Ang talatang ito ay may isang *Qal* PAUTOS at dalawang magkaugnay na DI-GANAP ginamit bilang COHORTATIVES. Mayroon tila apat na mga elemento na kasangkot sa talang ito: (1) ang pagpapatayo ng

bayan at isang tore; (2) ang sukat na tutunggali sa ibang mga istruktura sa panahon na iyon; (3) nais nila na gumawa ng pangalan para sa kanilang mga sarili; at (4) ayaw nila na sila ay maikalat sa ibat-ibang mga bansa (i.e. buong mundo). Ang eksaktong konotasyon nito ay hindi tiyak. Marami ang nagpahayag na ito ay umuugnay sa Babylonianiang mga ziggurats, ngunit ang Hebreong salita ay migdal na isinalin "pinatibay na tore" (BDB 153, cf. Judg. 8:9-17). Halata na ito ay isang pagtatangka ng sangkatauhan upang magorganisa sa sarili nila ng hiwalay sa Diyos, at magkagayon ay sumalungat sa Kanyang kalooban. Si Philo ay nagsabi na sila ay sumulat ng kanilang pangalan sa bawat laryo upang sila ay hindi mapakalat. Ito ang unang halimbawa ng kapalaluan ng tao, organisado at nabubuhay ng hiwalay sa Diyos (cf. Daniel at Pahayag 18 at 19).

▣ **"na ang taluktok niyaon ay *aabot* hanggang sa langit"** Ang mga tao ng Mesopotamia ay mga astral na mananamba (i.e. mga makalangit na liwanag ay mga diyos). Ang mga ito ay tore ay itinaas sa entablado upang obserbahan ang himpapawid sa langit. Iniligay sila sa lugar upang ang mga diyos ay masamba at maengkwentro.

**11:5** Ito ay napaka antromorpiko (cf. 18:21; Exod. 3:8).

**11:7 "Halikayo! Tayo'y bumaba"** Ang talatang ito ay mayroong rin *Qal* PAUTOS na may kasamang dalawang magkaugnay na COHORTATIVES. Ito ay isang PANGMARAMIHAN anyo, higit na kagaya ng 1:26; 3:22. Bagamat ang siping ito ay tila antromorpiko sa Englis, hindi ito tumutukoy sa kahinaan sa bahagi ng Diyos ngunit ito ay akto ng biyaya kung saan pinigil Niya ang makasalanang sangkatauhan mula sa pagsusubok na patakbuhin ang kanilang mga buhay sa kanilang makasalanang paraan (cf. Roma 1-3).

Ang "Halika Ating" ng banal na aktibidad na sumusalungat sa "halika ating" ng pantaong paghihimagsik (cf. vv. 3,4,7).

**11:9 "Babel"** Nakakawiling pansinin na ang arkeolohiya ay may nabungkal na pampanitikang mga dokumento mula sa kultura ng Sumerian sa Mesopotamia na nagsasaad na sa panahong ito lahat ng mga tao ay nagsalita sa isang dila (i.e. Samuel Noah Kramer sa kanyang artikulo "The Babel of Tongues: A Sumerian Version" sa *Journal of the American Oriental Society*, 88:108-111). Ang popular na Hebreong etimolohiya ay "pagkalito" (i.e. *balal*, BDB 93), na tila naglalarawan sa paglilito ng Diyos sa kanilang iisang wika. Ang Babel ay literal na nangangahulugang "ang tarangkahan ng Diyos" (Akkadian *bab-ilani*), na napakapareho sa ilang mga pangalan ng Ziggurats, na pinalaking istruktura na may templo sa tuktok upang sumamba sa astral na mga diyos. Ang Babylonia ay naging simbolo na pinabagsak na pandaigdigang kapangyarihan, binigyan halimbawa ni Nimrod, sa kalaunan ay kay Nebuchadnezzar, at sa kahulihan ay ang halimaw sa dagat sa aklat ng Pahayag.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:10-11

**[10]Ito ang sali't saling lahi ni Sem. May isang daan taon si Sem at naging anak si Arphaxad, dalawang taon pagkatapos ng bahang gumunaw; [11]at nabuhay si Sem, pagkatapos na maipanganak si Arphaxad, ng limang daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae.**

Ang mga angkan ni Shem ang nagpatuloy sa Makamesyas lahi mula kay Seth mula sa Genesis 5:3-32 at 10:21-31. Ang lahi na ito ay magpapatuloy kay Terah/Abraham sa 11:10-25 (cf. Lucas 3:23-38).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:12-13

**[12]At nabuhay si Arphaxad, ng tatlong pu't limang taon, at naging anak si Sala; [13]at**

**nabuhay si Arphaxad pagkatapos na maipanganak si Sala, ng apat na raan at tatlong taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae**

Ang Masoretic Text ay hindi isinama kay *Kainan* sa v. 13 ngunit ang Septuagint ay nagsasama sa kanya gaya ng sa Lucas 3:36.

▣ **"Shelah"** Tignan BDB 1019 II.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:14-15**

**14 At nabuhay si Sala ng tatlong pung taon, at naging anak si Heber; 15 at nabuhay si Sala pagkatapos na maipanganak si Heber, ng apat na raan at tatlong taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae.**

▣ **"Eber"** Tignan BDB 720.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:16-17**

**16 At nabuhay si Heber ng tatlong pu't apat na taon, at naging anak si Peleg; 17 at nabuhay si Heber pagkatapos na maipanganak si Peleg, ng apat na raan at tatlong pung taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae**

▣ **"Peleg"** Tignan BDB 811 II.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:18-19**

**18 At nabuhay si Peleg ng tatlong pung taon, at naging anak si Reu; 19 at nabuhay si Peleg pagkatapos na maipanganak si Reu, ng dalawang daan at siyam na taon; at nagkaanak ng mga lalake at mga babae.**

▣ **"Reu"** Tignan BDB 946.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:20-21**

**20 At nabuhay si Reu ng tatlong pu't dalawang taon, at naging anak si Serug; 21 At nabuhay si Reu pagkatapos na maipanganak si Serug, ng dalawang daan at pitong taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae.**

▣ **"Serug"** Tignan BDB 974.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:22-23**

**22 At nabuhay si Serug ng tatlong pung taon, at naging anak si Nachor; 23 At nabuhay si Serug pagkatapos maipanganak si Nachor, ng dalawang daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae.**

▣ **"Nahor"** Tignan BDB 637.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na

mayroon tayo.  Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon.  Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat.  Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang tore ng Babel?
2. Ano ang tao na sumusubok na makipaglaban sa Diyos sa Genesis 11?

## PANIMULA SA GENESIS 11:24-13:18

A. Ang seksyo na ito ng Genesis nagsisimula sa lubos na talakayan sa lahi ng Mesyas sa pamamagitan ni Abraham.

B. Ang limampung mga kabanata ng Genesis ay may malasakit sa pagtutubos ng tipanan ng Diyos mga tao, hindi sa nilikha. Pagtawag sa isa upang tawagin ang lahat ay ang pokus ng aklat.

C. Si Abram ay nakita sa kanyang kahinaan at gayundin sa kanyang katapatan. Ang Diyos ng paghirang at awa ay tinawag siya para sa Kanyang sariling pagtutubos na mga layunin.

D. Ang Diyos ay pinili si Abraham upang pumili ng isang mundo (cf. 12:3c; Exodo 19:4-6; II Pedro. 2:5,9; Pahayag 1:6). Nais ng Diyos na ang lahat ng mga tao na ginawa sa Kanyang wangis ay matubos (cf. Genesis 3:15; Ezekiel 18:23,32; I Timoteo 2:4; II Pedro. 3:9)

E. Ang *Talmud* tinitiyak ang pitong mga pagpapala sa pagtawag:
   1. Si Abram ay magiging ama ng dakilang bansa.
   2. Siya ay pagpapalain sa kanyang buong buhay.
   3. Ang kanyang pangalan ay makikilala.
   4. Siya ay magiging isang pagpapala sa ibang mga tao.
   5. Ang iba ay pagpapalain yaong gumagalang sa kanya.
   6. Ang iba ay susumpain kapag siya ay itatakwil.
   7. Ang kanyang impluwensya ay pangkalahatan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 11:24-25

**24 At nabuhay si Nachor ng dalawang pu't siyam na taon, at naging anak si Thare; 25 At nabuhay si Nachor pagkatapos na maipanganak si Thare, ng isang daan at labing siyam na taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae**

**11:24 "Terah"** Si "Terah" ay posibleng nangahulugan na "pagbabagal," "pagpapaliban," o "pagdarayo" (BDB 1076). Mula sa Josue 24:2 halata na siya at kanyang pamilya ay mga sumasamba sa maraming diyos. Ang pangalan ng kanyang pamilya ay nagmumungkahi ng pauna na silay ay sumamba sa diyos ng buwan na si *Zin*.  Siya ay sinamba sa Ur, Tema, at Haran.  Gayunpaman, ang Genesis 31:53 ay nagpapahiwatig ng kilala niya si YHWH.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:26**

[26]**At nabuhay si Thare ng pitong pung taon, at naging anak si Abram, si Nachor at si Haran.**

**11:26 "Abram, Nabor and Haran"** Ito marahil ang pagkakaayos ng kahalagahan hindi ng edad. Ang pangalang Abram ay maaring mangahulugan na (1) "itinaas na ama"; (2) "tagapagtaas ng ama"; o (3) "ang Isang Itinaas ay ang aking ama" (BDB 4). Ang pangalang Nahor nangangahulugang "paghahapo" o isang lugar pangalan sa Assyria (BDB 637), habang ang Haran ay nangangahulugang "mamumundok" (BDB 248).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:27-30**

[27]**Ito nga ang mga lahi ni Thare. Naging anak ni Thare si Abram, si Nachor, at si Haran; at naging anak ni Haran si Lot.** [28]**At namatay si Haran bago namatay ang kaniyang amang si Thare sa lupaing kaniyang tinubuan, sa Ur ng mga Caldeo.** [29]**At nagsipagasawa si Abram at si Nachor: ang pangalan ng asawa ni Abram ay Sarai; at ang pangalan ng asawa ni Nachor, ay Milca, anak ni Haran, ama ni Milca at ama ni Iscah.** [30]**At si Sarai ay baog; siya'y walang anak.**

**11:27 "Lot"** Tignan BDB 532 II.

**11:28 "At namatay si Haran bago namatay ang kaniyang amang si Thare"** Ito ay isang Hebreong idyoma para kay Haran na namamatay sa harap ng kanyang.

▣ **"sa Ur ng mga Caldeo"** Ang kulturang Chaldean ay naghubog (i.e. itinatag sa lakas ng kultura ng Sumerian) at nagtagumpay pagkatapos ng panahon ni Abram (BDB 505).

**11:29 "Sarai"** Tignan BDB 979.

▣ **"Milcah"** Tignan BDB 574.

▣ **"at Iscah"** Ang taong ito (BDB 414) at ang dahilan para sa kanyang presensya sa talatang ito ay hindi nalalaman. Ang mga rabi (gayundin sina Josephus, Jerome, at Augustine)ay nagsabi na ito ay si Sarai, ngunit ang teksto ay nagpahayag na sila ay may magkaibang mga ama.

**11:30 "si Sarai ay baog"** Ang kawalang kakayahan nina Sarai, Rachel, at Rebecca na magkaroon ng anak (BDB 785) ay isa sa mga paraan ng Diyos na ginamit upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan at pagkontrol sa kasaysayan ng tao at talaangkanan. Ang pantaong sekswal na henerasyon ay hindi ang susing aspeto sa lahi ng Mesyas.

Ang kaparehong istilo na ito ng teolohikal na aspeto sa kasaysayan ng Israel ay makikita rin sa katotohanan na ang unang anak ay hindi sa Makamesyas na lahi. Sa kultural ang unang anak o panganay ay ang puno ng lipi, ngunit hindi sa mga tao ni YHWH. Ito ay ang Kanyang pagpili!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:31-32**

[31]**At ipinagsama ni Thare si Abram na kaniyang anak, at si Lot na anak ni Haran, na anak ng kaniyang anak, at si Sarai na kaniyang manugang, asawa ni Abram na kaniyang anak; at samasamang nagsialis sa Ur ng mga Caldeo upang magsipasok sa lupain ng Canaan, at nagsidating sila sa Haran, at nagsitahan doon.** [32]**At ang mga naging araw ni Thare ay dalawang daan at limang taon: at namatay si Thare sa Haran.**

**11:31 "samasamang nagsialis"** Mayroong matinding talakayan sa kung si Terah ay dinala ang kanyang pamilya o si Abram ang kumuha sa kanila. Ang ilan ay naghaka-haka na nag orihinal na pagtawag ng Diyos ay kay Terah ngunit siya ay bumagsak sa idolatrya. Tila para sa akin na si Abraham ay ang pokus ng kabuuang seksyon, hindi si Terah. Sa pag-iwan sa Ur si Abram ay hindi iniwanan ang kanyang kamag-anak, ngunit gayundin ang kanilang pambansang mga diyos. Iniwan niya ang komportable, maayos na buhay upang sumunod sa bagong Diyos na nagsalita sa kanya sa tila misteryosong moda.

**11:32 "ng mga naging araw ni Thare ay dalawang daan at limang taon"** Kung ang isa ay magdadaragdad ng 11:26 kasama ang 12:4 na katumbas ng 145 mga taon at magbabawas mula rito ng 205, ito ay naging halata na si Terah ay nabuhay ng 60 mga taon pagkatapos ng iwanan ni Abraham si Haran. Ito ay tila kasalungat sa sermon ni Stephen sa Gawa 7:4. Ilang mga aspeto ng makasaysayang pagbabalik tanaw ni Stephen ay kasalungat sa ating modernong pagkakaunawa sa kasaysayan ng Lumang Tipan. Posibleng siya ay gumagamit ng rabinikal na pagpapakahulugang kaparaanan. Ibang mga iskolar ay nagpahayag na si Abram, bagamat unang inilista sa in 11:26, ay ipinanganak ng mas huli at si Stephen ay tumpak. Nakakaingganyo na ang Samaritan Pentateuch ay may "144" dito.

# ANG LUMANG TIPAN BILANG KASAYSAYAN

Ang Kristyanismo at Judaismo ay mga makasaysayang pananampalataya. Ibinabatay nila ang kanilang pananampalataya sa makasaysayang pangyayari (sinamahan ng kanilang mga interpretasyon). Ang problema ay dumarating sa pagsusubok na ipaliwanag o ilarawan kung ano ang "kasaysayan" o "makasaysayang pag-aaral." Marami sa problema sa makabagong teolohikal na interpretasyon ay nakalagak sa makabagong panitikan o makasaysayang pagpapalagay na itinuon pabalik sa sinaunang Near Eastern biblikal na literatura. Hindi lamang walang nararapat na pagtanggap sa temporal at kultural na pagkakaiba, ngunit sa pampanitikang pagkakaiba rin. Bilang makabagong kanluraning mga tao tayo ay simpleng hindi nauunawaan ang mga dyanra at pampanitikang mga teknik ng sinaunang Near Eastern na mga kasulatan, kaya iniinterpret natin sila ayon sa kanluraning literal na mga dyanra.

Ang ikalabingsiyam na siglong paglapit sa biblikal na mga pag-aaral at pinaliit at pinababa ang mga aklat ng Lumang Tipan bilang makasaysayan, pinagkaisang mga dokumento. Ang makasaysayan kawalang paniniwala ay nakaapekto sa hermenyutik at makasaysayan imbestigasyon sa Lumang Tipan. Ang kasalukuyang takbo tungo sa "kanonikal na hermenyutik" (Brevard Childs) ay nakatulong na magpokus sa kasalukuyang anyo ng teksto ng Lumang Tipan. Ito, sa akin opinyon, ay isang makatutulong na tulay para sa pagitan ng German mas mataas na kritisismo ng ikalabing-siyam na siglo. Dapat tayong makitungo sa kanonical na teksto na ibinagay sa atin ng di-nalalamang makasaysayang proseso na ang inspirasyon ay ipinalagay.

Maraming mga iskolar ay bumabalik sa pagpapalagay ng pagkamakasaysayan ng OT. Hindi ito tiyak na nangangahulugang itakwil ang halatang pag-eedit at pagpapabago ng OT ng mga kalaunang eskribang Hudyo, ngunit ito ay pangunahing pagbalik sa OT bilang isang balidong kasaysayan at ang dokumentasyon ng tunay na mga pangyayari (kasama ng kanilang teolohikal na mga interpretasyon).

Isang sipi mula kay R. K Harrison in *The Expositor's Bible Commentary*, vol. 1, sa artikulong, "Historical and Literary Criticism of the Old Testament" ay makatutulong.

> "Ang komparatibong makasaysayang-grapikong mga pag-aaral ay nagpakita na, kasama ng mga Hittites, ang sinaunang mga Hebreo ay pinakatumpak, obhektibo, at responsableng tagatala ng Near Eastern na kasaysayan . Ang anyo-kritikal na mga pag-aaral ng mga aklat gaya ng Genesis at Deuteronomy, batay sa partikular na mga tipo ng mga tableta na nakuha mula sa lugar na nagsama sa Mari, Nuzu, at Boghazköy, ay nagpakita na ang kanonikal na materyal ay may tiyak na di-pampanitikang mga katapat sa mga kultura ng ilang mga tao ng Near Eastern. Bilang resulta, posible na tignan ito sa panibagong antas ng kompyansa at respeto doon sa mga naunang mga tradisyon ng mga Hebreo na ipinahiwatig na makasaysayang-grapiko sa kalikasan" (p. 232). Ako ay espesyal na nalulugod sa gawa ni R. K. Harrison sapagkat ginawa niyang priyoridad na bigyan kahulugan ang Lumang Tipan ayon sa pangkasalukuyang mga pangyayari, kultura at dyanra. Sa aking mga sariling mga klase sa naunang mga Hudyong panitikang (Genesis - Deuteronomy at Josue), Sinusubukan kong itatag ang isang mapagkakatiwalaang dugtong sa ibang mga sinaunang Near Eastern literatura at artepakto.

A. Genesis mga pampanitikang mga kahanay mula sa sinaunang Near East
    1. Ang pinakaunang nalalamang pampanitikang kahilera ng kultural na tagpuan ng Genesis 1-11 ay ang Ebla kyuniporm na mga tableta mula sa hilagang Syria na may petsa ng mahigit 2500 B.C., isinulat ni Akkadian.
    2. Paglikha

a. Ang pinakamalapit na Mesopotamiang tala na tumatalakay sa paglikha, *Enuma Elish*, na may petsa na mahigit 1900-1700 B.C., na natagpuan sa silid-aklatan ni Ashurbanipal sa Nineveh at ilang iba pang mga lugar. Mayroong pitong kyuniprom na mga tableta na naisulat sa Akkadian na naglalarawan sa paglikha ni Marduk.
   1) ang mga diyos, *Apsu* (tubig tabang -lalake) at Tiamat (tubig-alat - babae) ay mayroong di-masupil, maiingay na mga anak. Ang dalawang mga diyos na ito ay sinubukang patahimikin ang mas nakababatang mga diyos.
   2) Isa sa mga anak ng diyos, *Marduk*, ay tumulong na malupig si *Tiamat*. Binuo niya ang mundo mula sa kanyang katawan.
   3) Si *Marduk* ay binuo ang mga tao mula sa ibang mga natalo na diyos si, Kingu, na lalakeng konsorte ni *Tiamat* pagkatapos ng kamatayan ni Apsu. Ang sangkatauhan ay nagmula sa dugo ni *Kingu*.
   4) Si *Marduk* ay ginawang pangunahing pinuno ng panteon ng Babylonian.

b. "Ang selyo ng paglikha" ay isang kyunporm na tableta na isang larawan ng nakahubad na lalake at babae katabi ng isang punong-kahoy na may kasamang ahas na nakapulupot sa katawan ng puno at nakaposisyon sa itaas ng balikat ng babae na wari ito ay nakikipagusap sa kanya.

3. Ang Paglikha at Pagbaha– *The Atrahasis Epic* ay nagtatala ng rebelyon ng mas mababang mga diyos dahil sa labis na pagtratrabaho at sa paglikha ng pitong pares n tao upang magsagawa ng mga tungkulin ng mas mababang mga diyos. Dahil sa (1) sobrang populasyon at (2) ingay, ay mga tao ay binawasan ang bilang sa pamamagitan ng salot, dalawang pamilya at sa kahulihan ay isang baha, ang plinano ni *Enlil*. Ang mga ito ang pangunahing mga pangyayari na nakita ng magkasunod sa Genesis 1-8. Ang kyuniporm na mga nilalaman ay may petsa mula sa mahigit na kaparehong beses ng sa *Enuma Elish* at sa *Gilgamesh Epic*, mahigit 1900-1700 B.C. Lahat ay nasa Akkadian.

4. Ang pagbaha sa panahon ni Noah
   a. Isang Summeriang tableta mula sa Nippur, tinawag na *Eridu Genesis*, na may petsa mula 1600 B.C., ay nagsasabi patungkol kay *Zivsudra* at ang paparating na pagbaha.
      1) *Enka*, ang diyos ng tubig, ay nagbabala ng paparating na baha
      2) *Zivsudra*, isang haring-saserdote, iniligtas sa malaking barko
      3) Ang baha ay tumagal ng pitong araw
      4) Si *Zivsudra* ay binuksan ang durungawan ng barko at pinakawalan ang ilang mga ibon upang tignan kung may tuyong lupa na ang lumitaw
      5) Siya rin ay nagsakripisyo ng isang baka at tupa nang siya lumisan sa barko
   b. Isang pinaghalong Babyloniang pagbaha na tala mula sa apat na mga kwento ng Summerian, kilala bilang ang *Gilgamesh Epic*, sa orihinal ay may petsa na mahigit 2500-2400 B.C., bagamat na isinulat ang pinaghalong anyo na kyuniporm na Akkadian, ay mas higit na kalaunan. Ito ay nagsasaad patungkol sa mga naligtas sa pagbaha si, *Utnapishtim*, na nagsasabi kay *Gilgamesh*, ang hari ng *Uruk* kung paano siya nakaligtas sa matinding pagbaha at binigyan ng buhay na walang hanggan.
      1) *Ea*, ang diyos ng tubig, ay nagbabala sa paparating na pagbaha at nagsasabi kay *Utnapishtim* (Babyloniang anyo ng Zivsudra) na gumawa ng isang barko
      2) *Utnapishtim* at kanyang pamilya, kasama ng piniling mga halamang gamot, ay nakaligtas sa pagbaha
      3) Ang baha ay tumagal ng pitong araw

4) Ang barko ay tumigil sa hilagang silangan ng Persia, sa Mt. Nisir
5) Siya ay nagpadala ng tatlong magkakaibang mga ibon upang tignan kung may tuyong lupain ang lumitaw.

5. Ang Mesopotamiang literatura na naglalarawa ng sinauang baha ay kumuha mula sa kaparehong pinanggalingan. Ang mga pangalan ay madalas na nag-iiba, ngunit ang plot ay magkapareho. Isang halimbawa ay ang *Zivsudra*, *Atrahasis*, at *Utnapishtim* lahat ay magkaparehong taong hari.
6. Ang mga makasaysayan kahilera sa mga naunang mga pangyayari ng Genesis ay maaring maipaliwanag ayon sa bago pa na pagpapakalat sa mga tao (Genesis 10-11) na kaalaman at karanasan sa Diyos. Ang mga tunay na makasaysayang kaibuturang mga memorya na ito ay dinitalye at pina-alamat tungo sa pangkasalukuyang mga tala ng pagbaha sa buong mundo. Ang kapareho ay maari rin na sabihin sa paglikha (Genesis 1-2) at ang pagsasama ng mga tao at anghel (Genesis 6).
7. Araw ng Patriyarka (Panggitnang Bronse)
   a. Mari na mga tableta – kyuniporm na legal (kultura ng Ammonite) at personal na mga teksto na naisulat sa n Akkadian mula mahigit 1700 B.C.
   b. Nuzi na mga tableta – kyuniporm na mga arkibos ng tiyak na mga pamilya (Horite o Hurrian na kultura) naisulat sa Akkadian mula mahigit 100 na milya SE ng Nineveh mahigit 1500-1300 B.C. Sila ay nagtala ng pamilya at pangnegosyong pamamaraan. Para sa mas partikular na mga halimbawa, tignan Walton, pp. 52-58.
   c. Alalak na mga tableta – kyuniporm na mga teksto mula sa hilagang Syria mula mahigit 2000 B.C.
   d. Ilang mga pangalan na natagpuan sa Genesis ay pinagalanan bilang lugar sa Mari na mga tableta: Serug, Peleg, Terah, Nahor. Ibang mga biblikal na mga pangalan ay karaniwan rin: Abraham, Isaac, Jacob, Laban, and Joseph.
8. "Komparatibong makasayasayan grapikong pag-aarala ay nagkapita na, kasama ng mga Hittites, ang sinaunang mga Hebreo ay pinakatumpak, obhektibo at responsableng mga tagatala ng Near Eastern kasaysayan," R. K Harrison sa *Biblical Criticism*, p. 5.
9. Ang Arkeolohiya ay nagpatunay na napakanakakatulong sa pagtatatag ng pagkamakasaysayan ng Bibliya. Gayunpaman, isang salita ng pag-iingat ang kinakailangan. Ang Arkeolohiya ay hindi sukdulang mapagkakatiwalaang gabay dahil sa
   a. Mahinang mga pamamaraan ng mga naunang paghuhukay
   b. Ilang, napakasubyektibong mga interpretasyon ng mga artepakto na nadiskobre
   c. Walang napagkasunduang kronolohiya ng Ancient Near East (bagamat may isa na hinuhubog mula sa punong mga singsing)

B. Ang Ehipotng paglikhang mga tala ay matatagpuan sa John W. Walton, *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Context*. Grand Rapids, MI: Zondervan, 1990. pp. 23-34, 32-34.
   1. Sa Ehiptong literatura ang paglikha ay nagsimula sa walang istruktura, magulo, at primeval na tubig. Ang paglikha ay tinignan bilang umuunlad na istruktura mula sa magulong katubigan.
   2. Sa Ehipotng literatura mula Memphis, ay paglikha ay naganap sa pamamagitan ng binigkas na salita ni Ptah.

C. Sa Josue na pampanitikang mga kahilera mula sa sinauang Near East
   1. Ang Arkeolohiya ay nagpakita na ang marami sa malalaking pader ng mga bayan ng Canana ay winasak at dagliang itinayo noong 1250 B.C.

a. Hazor
b. Lachish
c. Bethel
d. Debir (dating tinawag na Kerioth Sepher, 15:15)

D. Ang Arkeolohiya ay hindi nagawang makompirma o maitakwil ang biblikal na tala ng pagbagsak sa Jericho (cf. Josue 6). Dahil sa ang lugar ay nasa pinakamahing kondisyon:
   a. Klima/lokasyon
   b. Mga kalaunang muling pagtatayo ng mga lumang lugar gamit ang mga lumang materyales
   c. Walang katiyakan patungkol sa mga petsa ng mga patong

   Ang Arkeolohiya ay natagpuan ang isang altar sa Mt. Ebal na maaring konektado sa Josue 8:30-31 (Deutronomio. 27:2-9). Ito ay napakapareho sa deskripsyon na natagpuan sa Mishnah (Talmud).

2. Ang Ras Shamra na mga teksto na nagpuan sa Ugarit ay nagpakit ang pamumuhay at relihiyon ng Canaanite noong 1400 B.C.
   a. Politiestikong kalikasan ng pagsamba (kulto ng pagkamayabong)
   b. El ay ang pinunong diyos
   c. Ang konsorte ni El ay si Asherah (sa kalaunan siya ay naging konsorte ni Ba'al) na sinamba sa anyo ng isang nililok na tulos o buhay na puno, na sinisimbolo nag "ang puno ng buhay"
   d. Ang kanilang anak na lalake ay si Ba'al (Haddad), ang diyos ng bagyo
   e. Si Ba'al aynaging "mataas na diyos" ng panteon ng Canaanite. Si Anat ay ang kanyang konsorte
   f. Ang mga seremonya ay kahawig kay Isis at Osiris ng Ehipto
   g. Ang pagsamba kay Ba'al ay nakapokus sa lokal na "mataas na mga lugar" o batong mga entablado (ritwal na prostitusyon)
   h. Si Ba'al ay sinisinmbolo ng isang pinataas na poste (phallic na simbolo)

3. Ang tumpak na paglilista ng mga pangalan ng sinaunang mga bayan ay tumutugma sa isang pangkasalukuyang may-akda, hindi mga kalaunang mga editor(s)
   a. Jerusalem ay tinawag na Jebus, 15:8; 18:16,28 (15:28 sinasabi na ang Jebusites ay nanatili parin sa natitirang bahagi ng Jerusalem)
   b. Hebron tinawag na Kiriath-arba, 14:15; 15:13,54; 20:7; 21:11
   c. Kiriath-jearim ay tinawag na Baalah, 15:9,10
   d. Sidon ay tumukoy bilang pangunahing bayan ng Phoenician, hindi Tyre, 11:8; 13:6; 19:28, na sa kalaunay naging pangunahing bayan.

## LUMANG TIPANG MGA MAKASAYSAYANG SALAYSAY

I. Panimulang mga Pananalita
   A. Ang relasyon sa pagitan ng OT at ibang mga paraan sa pag-uulat mga pangyayari
      1. Ibang sinaunang Near Eastern na panitikan ay mitolohiko
         a. politiyestiko (madalas makataong mga diyos na nagpapakita ng mga kapangyarihan ng kalikasan ngunit gumagamit ng interpersonal na mga hidwaang mga paksa)
         b. Batay sa mga siklo ng kalikasan (kamatayan ang pagsibol ng mga diyos)
      2. Greko-Romano ay para sa pag-aaliw at pagpapalakas ng loob kaysa sa pagtatala ng makasaysayan mga pangyayari per se (Homer sa maraming mga paraan ay nagpapakita ng Mesopotamiang mga paksa)
   B. Posibleng ang gamit ng tatlong German na mga termino ay nagpapakita ng pagkakaiba sa mga tipo o mga depinisyon ng kasaysayan
      1. "Historie," ang pagtatala ng mga pangyayari (lantad na mga katotohanan)
      2. "Geschichte," ang interpretasyon ng mga pangyayari na nagpapakita ng kanilang kahalagahan sa sangkatauhan
      3. "Heilsgeschichte" tumutukoy ng natatagi sa pagtutubos na plano ng Diyos at aktibidad sa loob ng makasaysayang proseso
   C. Ang OT at NT na mga salaysay ay mga "Geschichte" na nagdadala sa isang pagkakaunawa ng Heilgeschichte Sila ay mga pinili na may pagkakakiling na teolohikal sa mga makasaysayan mga pangyayari
      1. piniling mga pangyayari lamang
      2. ang kronolohiya ay hindi kasing halaga ng sa teolohiya
      3. mga pangyayari ay nakibahagi sa ipinahayag na katotohanan
   D. Ang salaysay ay ang pinaka karaniwang dyanra sa OT. Tinatyansa na mahigit sa 40% ng OT ay salaysay. Samakatuwid, ang dyanra na ito ay makakatulong sa Espiritu na ipagbigay-alam ang mensahe at karakter ng Diyos sa makasalanang sangkatauhan. Ngunit, ito ay nangyari na, hindi pangproposisyon (gaya ng sa sulat ng NT), ngunit sa pamamagitan ng pagpapahiwatig, pagbabbalangkas o ilang mga diyalogo/monologo. Dapat na itanong ng sinoman bakit ito naitala. Ano ang nais na ipagbigay-diin nito? Ang ang teolohikal na layunin nito?

      Hindi ito sa anomang paraan ay upang mapababa ang kasaysayan. Ngunit, ang kasaysayan ay tagapaglinggkod at daanan ng kapahayagan.

II. Biblikal na mga Salaysay
   A. Ang Diyos ay aktibo sa Kanyang mundo. Ang mga kinasihang mga may-akda ng Bibliya ay pinili ang mga tiyak na mga pangyayari upang ipahayag ang Diyos. Ang Diyos ay ang pangunahing karakter ng OT.
   B. Ang bawat salaysay ay gumaganap sa ilang mga paraan:
      1. Sino ang Diyos at ano ang Kanyang ginagawa sa Kanyang mundo
      2. Ang sangkatauhan ay ipinahayag sa pamamagitan ng pakikitungo ng Diyos sa mga indibidwal at pangbansang kaluponan
      3. Bilang halimbawa partikular na tignan ang militar na tagumpay ni Josue na kadugtong sa tipanang pagsasagawa (cf. 1:7-8; 8:30-35).
   C. Madalas ang mga salaysay ay pinagtatali ng magkasama upang gumawa ng mas malaking pampanitikang yunit na nagpapahayag ng iisang teolohikal na katotohanan.

III. Mga pakahulugang prinsipyo ng mga OT salaysay
   A. Ang pinakamainam na talakayan na aking nakita patungkol sa pag-iinterpret sa OT na mga salaysay ay kay Douglas Stuart sa *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 83-84

1. Ang OT na salaysay ay madalas ay hindi direktang nagtuturo ng doktrina.
2. Ang OT salaysay ay madalas naglalarawan ng isang doktrina o mga doktrina na itinuro ng iminumungkahi sa ibang lugar.
3. Ang mga salaysay ay natala ng kung ano ang nangyari—hindi kinakailangan kung ano ang dapat na mangyari o ano ang dapat mangyari sa bawat pagkakataon. Samakatuwid, hindi bawat salaysay ay may indibidwal na makikilalang moral ng kwento.
4. Ano man ang ginagawa ng mga tao sa mga salaysay ay hindi kinakailangang magandang halimbawa para sa atin. Kadalasan, ito ay ang kabaligtaran.
5. Karamihan sa mga karakter ng OT na mga salaysay ay napakalayo mula sa pagiging ganap, at ganun din ang kanilang mga aksyon
6. Hindi tayo laging pinagsasabihan sa huli ng salaysay kung ang nangyari ba ay mabuti o masama. Tayo ay inaasahan na may kakayanang manghusga batay sa kung ano ang naituro ng Diyos sa atin ng direkta at may kategorya sa saan mang bahagi ng Kasulatan.
7. Lahat ng mga salaysay at selektibo at di-kompleto. Hindi lahat ng mga may kaugnayang mga detalye ay laging ibinigay (cf. Juan 21:25). Anomang lumitaw sa salaysay ay lahat ng bagay ng ang kinasihang may-akda na nasa isip niya ay mahalaga na malaman natin.
8. Ang mga salaysay hindi isinulat upang sagutin ang lahat ng ating mga teolohikal na mga katanungan. Sila ay may partikular, espisipiko, limitadong mga layunin at tumalakay sa ilang mga isyu, na nag-iiwan sa iba na talakayin, sa ibang mga paraan.
9. Ang mga salaysay ay maaring magturo ng alinman ng hayagan (sa pamamagitan ng malinaw na pagsasaad ng isang bagay) o di-hayagan (sa pamamagitan ng pagpapahiwatig ng isang bagay ng walang aktuwal na pagsasaad nito).
10. Sa huling pag-aanalisa, ang Diyos ay ang bayani ng lahat ng biblikal na mga salaysay.

B. Isang mabuting talakayan sa pag-iinterpret ng mga salaysay ay kay Walter Kaiser na *Toward Exegetical Theology*.

> "Ang natatangin aspeto ng mga porsyon ng salaysay sa Kasulatan ay ang mga manunulat ay madalas ay pinahihintulutan ang mga salita at aksyon ng mga tao sa salaysay upang iparating ang pangunahing puwersya ng kanyang mensahe. Kaya, sa halip na sinasabi sa atin sa pamamagitan ng direktang pananalita, gaya ng matatagpuan sa doktrinal, katuruan na bahagi ng Kasulatan, ang manunulat ay may pagkiling na nanatili sa parang kinaligiran ng napakalayo sa direktang pagtuturo o magpahusgang mga pananalita ang mahalaga. Samakatuwid, ito ay nagiging kritikal na mahalaga na malaman ang mas malaking konteksto sa salaysay ang tumutugma at ang magtanong kung bakit ang may-akda ay gumamit ng partikular na mga seleksyon ng mga pangyayari sa nakapatumpak na pagkakasunod-sunod na pinaglayan sa kanila. Ang kambal na palatandaan sa kahulugan ngayon ay ang *pagsasaayos* ng mga episodyo at *seleksyon* ng mga detalye mula sa isang marahas na paggalaw ng posibleng talumpati, mga tao, o mga episodyo. Higit pa, ang banal na reaksyon sa at pagtyatyanta sa mga tao na ito at sa mga pangyayari ay dapat na madalas na madetermina mula sa paraa na ang may-akda ay nagpahintulot sa isang tao o sa isang grupo ng mga tao upang tumugon sa sukdulan ng piniling sekwensya ng mga pangyayari; yan ay, kung hindi niya ginambala ang salaysay upang ibigay ang kanya (sa pagkakataon na ito, ang Diyos) pagtyatyanta ng Diyos sa kung ang nangyari" (p. 205).

C. Sa mga salaysay ang katotohanan ay matatagpuan sa buong pampanitikang yunit at hindi sa mga detalye. Mag-ingat sa pruwebang-teksto o paggamit ng OT mga salaysay bilang pamarisan sa iyong buhay.

IV. Dalawang mga lebel ng interpretasyon

A. Ang pagtutubos ni YHWH, nagpapahayag na mga akto ng mga binhi ni Abraham
B. Ang kalooban ni YHWH para sa bawat buhay ng mga mananampalataya (sa bawat panahon)
C. Ang una ay nakapokus sa “pagkilala sa Diyos (kaligtasan); ang ikalawa ay sa paglilingkod sa Kanya (ang Kristyanong pamumuhay ng pananampalataya, cf. Roma 15:4; I Corimto10:6,11).

## LUMANG TIPAN ISTORIYOGRAPA IKINUMPARASA PANGKASALUKUYANG NEAR EASTERN NA MGA KULTURA

**Mesopotamiang pinanggagalingan**

1. Gaya ng pinaka sinaunang literatura ang mga paksa ay madalas ang hari o ilang mga pambansang bayani.
2. Ang mga pangyayari ay madalas ginanyakan para sa propagandang mga layunin.
3. Madalas walang negatibo ang itinala.
4. Ang layunin ay upang suportahan ang kasalukuyang status quo na mga institusyon o ipaliwanag ang panibagong mga rehimen.
5. Ang historikal na pagbaluktot ay kasangkot
   a. Ginayakang pag-aangkin ng mga dakilang tagumpay
   b. Mga naunang nakamit ay ipinakita bilang kasalukuyang mga natamo
   c. Tanging positbong mga aspeto ang itinala
6. Ang literatura ay nagsilbi hindi lamang isang pampropagandang tungkulin, ngunit isang didaktikong tungkulin din

**Ehiptong pinanggagalingan**

1. Sila ay sumusuporta sa napaka-statik na pananaw sa buhay, na hindi apektado ng oras o panahon.
2. Ang hari at kanyang pamilya ang layon ng higit ng literatura.
3. Ito, gaya ng Mesopotamiang literatura, ay napaka pampropaganda.
   a. Walang negatibong mga aspeto
   b. Ginanyakang mga aspeto

**Rabinikal na pinanggagalingan (kalaunan)**

1. Ang pagtatangka na gawin ang Kasulatan na kaugnay-ugnay kay Midrash, na gumagalaw mula sa pananampalataya ng interpreter tungo sa teksto at hind nakapokus sa pagkamay-akda na intensyon o historikal na tagpuan ng teksto
   a. *Halakha* ay tumatalakay na may kasamang mga katotohanan o mga alituntunin sa buhay
   b. *Haggada* ay tumatalakay na may kasamang aplikasyon at pagpapalakas ng loob para sa buhay
2. Pesher – kalaunang pagunlad na nakita sa Dead Sea Scrolls. Ito ay gumamit ng isang tipolohikal na paglapit upang tignan ang malapropetang katuparan ng nakalipas na mga pangyayari sa kasalukuyang tagpuan. Ang kasalukuyang tagpuan ay ang hinulang eskaton (paparating na bagong panahon).

Halata na ito ay sinaunang Near Eastern na mga dyanra at kalaunay Hudyong literatura ay magkaiba mula sa Lumang Tipan na Kasulatan. Sa maraming paraan ang mga dyanra ng Lumang Tipan, bagamat madalas na nakikibahagi ng mga katangian sa pangkasalukuyang literatura, ay naiiba unique, lalo na sa kanilang depiksyon sa historikal na mga pangyayari. Ang pinakamalapit sa Hebreo istorigrapiya ay ang Hittite na literatura.


Dapat na kilalanin kung gaano nagkaiba ang sinaunang istoriyograpa is from modern, western istoriyograpa. Dito nakasalalay ang problema para sa interpretasyon. Makabagong istoriyograpa ay nagtatangka na maging obhektibo (walang-propaganda, kung ito ay posible) at upang idokumento at itala ang kronolohikal na sekuwensiya ng kung ano "tunay na nangyari!" Ito ay nagtatangka na idokumento ang "sanhi at bunga" ng historikal na mga pangyayari. Ito ay ipinakikilala pamamagitan ng mga detalye!

Dahil ang Near Eastern na mga kasaysayan ay hindi gaya ng mga makabagong kasaysayan hindi nangangahulugan na sila ay mali, mas mababa, o hindi mapagkakatiwalaan. Ang mga kanluraning makabagong mga kasaysayan ay nagpapakita ng pagkiling (pagpapalagay) ng kanilang

mga manunulat. Ang biblikal na kasaysayan sa kanyang pinaka-kalikasan (inspirasyon) ay magkaiba. Mayroong pakiramdam na ang biblikal kasaysayan ay tinignan sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya ng kinasihang may-akda at para sa mga layunin ng teolohiya ngunit ito ay balido parin bilang makasaysayang tala.

Ang pagkamakasaysayang ito ng Lumang Tipan ay mahalaga para sa akin sa paraan ng pagtatanggol ng aking pananampalataya para sa iba. Kung ang Bibliya ay maaring maipakita na isang historikal magkagayon ang pananampalataya na inaangkin nito ay may mas malakas na pang-akit sa mga di-mananampalataya. Ang aking pananampalataya ay hindi nakasalig sa historikal na kompirmasyon ng arkeolohiya at antropolohiya, ngunit ang mga ito ay nakakatutulong upang ipakilala ang mensahe ng Bibliya, at upang bigyan ito ng kredibilidad na sa ibang banda ay maaring wala.

Sa pagbubuod magkagayon, ang pagkamakasaysayan ay hindi gumaganap sa lugar ng inspirasyon, ngunit sa lugar ng apologetiks at ebanghelismo.


EGYPT
CANAAN
PHILISTIA
SYRIA
ASSYRIA
BABYLON
PERSIA
TIGLATH PILESER III (A)
SHALMANEZAR V (A)
SARGON II (A)
SENNACHERIB (A)
ESARHADDON (A)
ASHURBANIPAL (A)
NABOPOLASAR (B)
NEBUCHADNEZZAR (B)
NABONIDUS (B)
BELSHAZZAR (B)
CYRUS II (P)
CAMBEES II (P)
DARIUS I (P)
XERXES I - AHASUERUS (P)
ARTAXERXES I (P)
JOB
JONAH
AMOS
HOSEA
ELIJAH
ELISHA
ISRAEL
JUDAH
ISAIAH
MICAH
NAHUM
HABAKKUK
ZEPHANIAH
JEREMIAH
EZEKIEL
DANIEL
OBADIAH
JOEL
HAGGAI
ZECHARIAH
EZRA 1-6
EXILE
ESTHER
EZRA 7-10
NEH.
MALACHI
GENESIS 1-11
GEN. 12-50
EX. LEV.
NUM. DEUT.
JOSH.
JD. R.
S (SDS)
I & II SAMUEL
I & II KINGS
I CHRONICLES
II CHRONICLES
1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
CREATION (1)
FALL OF MAN (2)
FLOOD OF NOAH (3)
TOWER OF BABEL (4)
FIRST RETURN - SHESHBAZZAR
SECOND RETURN - ZERUBBABEL
THIRD RETURN - EZRA
WALLS OF JERUSALEM - NEHEMIAH
a - SAUL (UM)
b - DAVID (UM)
c - SOLOMON (UM)
d - REHOBOAM (J)
e - JEROBOAM I (I)
f - AHAB (I)
g - JEROBOAM II (I)
h - UZZIAH (J)
i - HEZEKIAH (J)
j - MANASSEH (J)
k - JOSIAH (P)
l - JEHOAHAZ (J)
m - JEHOIAKIM (J)
n - JEHOIACHIN (J)
o - ZEDEKIAH (J)
p - GEDALIAH (P)
DR. BOB UTLEY
BIBLE LESSONS IN'L '96

# PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na agbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay presente sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Ang Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

"Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."